


U Z. ELISERIO



# KONTRA

Mga Sanaysay sa Metakritisismo





# KONTRA

MGA SANAYSAY SA METAKRITISISMO

U Z. ELISERIO



SENTRO NG WIKANG FILIPINO - UP DILIMAN  
2020

## KONTA: Mga Sanaysay sa Metakritisismo

©2020 U. Z. Eliserio at Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman

Hindi maaaring kopyahin ang anumang bahagi ng aklat na ito sa alinmang paraan – grapiko, elektroniko, o mekanikal – nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may hawak ng karapatang-sipi.

The National Library of the Philippines CIP Data

Recommended entry:

Eliserio, U.Z.

Kontra : mga sanaysay sa metakritisismo / U.Z. Eliserio. --

Quezon City : Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman,

©2020.

pages, cm

ISBN 978-621-8196-15-5

1. Filipino essays. 2. Nationalism. 3. Nationalism in literature

I. Title.

899.2114

PL6058.9.E45

P020200079

U. Z. Eliserio

*May-akda*

Michael Francis C. Andrada

*Pangalahatang Patnugot ng Proyektong Aklatang Bayan*

*Direktor, Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman*

Maria Olivia O. Nueva España

*Tagapamahala ng Patnugot ng Proyektong Aklatang Bayan*

Sidney Valdez

*Disenyo ng Pabalat*

Wenceslao Balanquit

*Disenyo ng Aklat*

Kinikilala ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman ang Opisina ng Tsanselor ng Unibersidad ng Pilipinas para sa pagpopondo ng proyektong ito.

Inilathala ng:

Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman

3/Palapag Gusaling SURP, E. Jacinto St.,

UP Campus, Diliman, Lungsod Quezon

Telefax: 8924-4747

Telepono: 8981-8500 lok. 4583



## Ang Aklatang Bayan Online at ang Paglalathala ng/sa Kasalukuyan

Noong 1989, pinagtibay at ipinatupad sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) ang Patakarang Pangwika na naglalayong gamitin at hustuhin ang wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo, pananaliksik, at paglilimbag. Itinatag ang Sentro ng Wikang Filipino sa parehong taon upang tuparin ang mandatang ito. Bukod sa pagtalima sa probisyong pangwika ng Konstitusyon ng Pilipinas, ang Patakarang Pangwika ng UP ay pagsandig at pagtindig na pinakamabisa at pinakaangkop ang sariling wika upang isulong at palakasin ang makabayan, makatao, siyentipiko, at makatarungang oryentasyon ng edukasyon.

Uhang hakbang ang pagkakaroon ng Patakarang Pangwika sa UP. Sa pamamagitan ng Sentro ng Wikang Filipino, pinagyayaman at pinaunlad ang produksyon at distribusyon ng kaalaman gamit ang wikang Filipino. Noong 1994, sinimulan ang proyektong Aklatang Bayan na naglalayong maglimbag sa wikang Filipino ng mga aklat at pananaliksik sa iba't ibang disiplina.


Sa panunungkulan ng dating direktor na si Dr. Rommel B. Rodriguez, pinalawak ang maaabot ng Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman (SWF-UPD) sa ilalim ng proyektong e-Bahagi o Aklatang Bayan Online. Sinimulan ito bilang pag-a-upload sa seksyong e-Bahagi ng website ng SWF-UPD ng mga PDF (portable document format) na bersiyon ng isina-aklat na mga piling tesis at disertasyon sa UP, anuman ang disiplina, na gumagamit ng wikang Filipino. Malaya rin itong nada-download ng sinumang interesado.

Sa ika-30 taon ng Sentro ng Wikang Filipino noong 2019, sa simula ng panunungkulan ng bagong direktor ng SWF-UPD na si Dr. Mykel Andrada, katuwang ang tagapamahalang pathugot ng proyekto na si Gng. Maria Olivia O. Nueva España at ang iba pang mananaliksik at kawani ng SWF-UPD, higit na ibinukas ang proyektong Aklatang Bayan para sa paglilimbag gamit ang plataporma ng internet. Pormal na tinaguriang Aklatang Bayan Online, inililimbag online ang mga PDF na bersiyon ng mga aklat, pananaliksik, pag-aaral, at malikhaing produksyon para sa libreng pag-download at pamamahagi. Tumugon sa panawagan ang maraming mga guro, iskolar, mananaliksik, at manunulat upang magsumite ng kanilang mga manuskrito sa layuning maibahagi ito sa pinakamalawak na mambabasa. Sinuportahan at

pinondohan ito ng dating Tsanselor ng UP Diliman na si Dr. Michael L. Tan. Ibinukas rin ang nasabing proyekto para sa print-on-demand na posibilidad ng paglilimbag. Nagpapatuloy pa rin sa pangangalap ng mga manuskrito ang SWF-UPD para sa Aklatang Bayan Online.

Bahagi ito ng masidhing paninindigan para sa pagpapalakas at pagsusulong ng wikang Filipino at ng makabayang edukasyon. Dahil naninindigan ang pamunuan at opisina ng SWF-UPD na dapat malaya at mapagpalaya ang kaalaman – na hindi ito dapat nahahadlangan ng elitistang ekonomiya, hindi dapat para sa iilan lamang, at hindi dapat nagsisilbi sa mga diyos-diyosan. Dapat naaabot nito ang pinakamalawak na hanay ng mamamayan. Dahil para saan pa ang kaalaman kung mabubulok lamang ito sa malalamig at inaagiw na espasyo ng kahungkagan.

Ngayong 2020, sa gitna ng pagharap sa pagpaslang sa wikang Filipino sa kolehiyo, sa gitna ng pandemya at sa krisis sa pamahalaan, sa gitna ng banta sa kalayaan at karapatan, at sa gitna ng hindi normal na “new normal,” higit na naninindigan ang Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman na ang wikang Filipino bilang wikang malaya at mapagpalaya ay napakahalaga para sa pagtatanggol at pagpapagaling ng bayan.



# INILALAMAN

## PASASALAMAT

## PAUNANG SALITA

## PAGKILALA

### **1** **E ANO NGAYON?: PAGSASALIN, PAGBABAYBAY, WIKA** **1**

|     |                                      |   |
|-----|--------------------------------------|---|
| 1.1 | Pagsasalin ng Rehiyonal na Panitikan | 1 |
| 1.2 | Paglikha ng Wika                     | 3 |
| 1.3 | Mula sa Wika Tungo sa Wika           | 8 |

### **2** **BAGONG HUMANISMO NI RAMON GUILLERMO** **17**

|     |                           |    |
|-----|---------------------------|----|
| 2.1 | Halaga ng Datos           | 18 |
| 2.2 | Kamo, Kako, Kanya         | 22 |
| 2.3 | Tungo sa Bagong Humanismo | 25 |

### **3** **ANYO AT DIYALEKTIKA: TUNGKOL SA FUTURE FICTION** **33**

|     |                                        |    |
|-----|----------------------------------------|----|
| 3.1 | Formalismo Bilang Pulitikal na Pagbasa | 35 |
| 3.2 | Utopia Bilang Metodo                   | 39 |
| 3.3 | Diyalektika                            | 41 |
| 3.4 | Semiotika                              | 45 |

|          |                                                                                |            |
|----------|--------------------------------------------------------------------------------|------------|
| <b>4</b> | <b>TUNGKOL SA REALISMO SA NOBELANG FILIPINO</b>                                | <b>53</b>  |
| 4.1      | Dominasyon ng Realismo                                                         | 54         |
| 4.2      | Tungo sa Materyalistang Kritisismo ng Kultura                                  | 63         |
| 4.3      | Imbes na Kongklusyon: Tungo sa Pagbabasa                                       | 69         |
| <b>5</b> | <b>ANG MGA BAYAN NI ROSARIO CRUZ-LUCERO</b>                                    | <b>79</b>  |
| 5.1      | Ang Materyal na Basehan ng Kultura                                             | 80         |
| 5.2      | Ang Pagtatanggol sa Iba                                                        | 83         |
| 5.3      | Ang Bayan Laban sa Maynila                                                     | 88         |
| <b>6</b> | <b>KATAWAN NI GUILLERMO</b>                                                    | <b>97</b>  |
| <b>7</b> | <b>TEKSTO AT INTERPRETASYON</b>                                                | <b>119</b> |
| 7.1      | Ilang Pagninilay Tungkol sa Teksto                                             | 120        |
| 7.2      | Paano maging Mabusisi sa Pagbabasa?                                            | 126        |
| 7.3      | Ang Lohikal na Kongklusyon sa Formalismo                                       | 130        |
| <b>8</b> | <b>HINDI SINEMA</b>                                                            | <b>139</b> |
| <b>9</b> | <b>HUMANISMO, EKSPERIMENTAL NA PAGSUSULAT AT MGA RELASYON NG KAPANGYARIHAN</b> | <b>145</b> |
| 9.1      | Althusser vs. Humanismo                                                        | 145        |
| 9.2      | Si Brecht ayon kay Althusser                                                   | 150        |
| 9.3      | Mula Tao tungong Relasyon ng Kapangyarihan                                     | 153        |
| 9.4      | Alburo vs. Macapagal-Arroyo                                                    | 155        |
| 9.5      | David vs. Akademya                                                             | 158        |
| 9.6      | Mga Relasyon ni Michael Andrada                                                | 159        |
| 9.7      | Kongklusyon                                                                    | 163        |

# PASASALAMAT

Salamat kina Nonoy, Mama, Obey, Dedey, at Nini.

Salamat kina Tita Ninang, Anne at Amber, Ninong Joseph, Ninong One, at Nanay Leny.

Salamat kina Maynard Manansala, Elyrah Salanga, Schedar Jocson, Ron Laranjo, Jayson Petras, Gerard Concepcion, April Perez, Marie Talampas, Arlo Mendoza, Tilde Acuña, Vlad Gonzales, at Mykel Andrada.

Salamat kina Sir Bomen, Mam Chari, Sir Nilo, Sir Jun, at Sir Boy.

Salamat kina Mam Miles, Sir Siao, at Sir Omeng.

Salamat sa University of Sto. Tomas at Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, gayundin sa UP College of Mass Communications, at Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman.

Salamat kay Chuckberry Pascual.

Salamat kina Zarina at Morgan. *Ang librong ito ay alay sa inyo*



# PAUING SALITA

Ang tatay ng nanay ko, taga-Pangasinan. Ang nanay ng nanay ko, taga-Aklan. Gayundin ang mga magulang ng tatay ko. Sa matematika ng talaangkanan, kung gayon,  $\frac{3}{4}$ ths Aklanon ako. Sakto naman, tatlong beses pa lang akong nakakapunta ng Aklan.

Unang beses ay noong tatlo o apat na taong gulang lang ako. Wala na akong ibang maalala kundi ang mga kuwento sa akin. Tuwing dadaan daw kami ng tatay ko sa kusina, ituturo ko ang kaldero ng kanin. "A, a," sabi ko raw. Pagbalik daw namin ng Manila, hindi ko na kilala ang nanay ko. Ipinagpalit ko ba ang alaala niya sa sarap ng kanin? O ang tao, pagnalalayo sa isang tao, o lugar, nakakalimot talaga? Baka naman ang sinasabi nating mahal natin ay iyong mga bagay lang na ating naalala.

Pangalawang beses kaming pumunta ng Aklan, nasa 18 o 19 na ako. Ate ko na lang ang nasa Pilipinas, nasa abroad na ang dalawang kuya ko. Mga 1999 o 2000. Bagong-bago ang 3310 na Nokia ng tatay ko, regalo ng kuya ko. Cellphone kapalit ng nadistiyaerong anak. Dahil di naman techie ang tatay ko, ako ang napasahan ng cellphone (ang ate ko kasi mayroon ng sarili niya, ang laos na agad na 3210). Hanap ako nang hanap ng sasaksakan ng charger doon sa narentahan naming kubo sa Boracay, lowbat na kasi ako. Di ko alam kung bakit ako nagmamadaling magkabateria ulit, e wala namang nagtetest sa akin.

Oo, pumunta kaming Boracay. Ang cliché lang. Hindi pa gaanong wasak ang Boracay noon, hindi pa pinagsasamantalahan ng lokal at banyagang elite. Pamilya ng asawa ng pinsan ko ang may-ari ng kapisarong lupa kung saan kami natulog. Kumain kami ng inihaw. Naligo kami sa dagat, na ngayon ay malumot na raw. Ang ate ko, nasa kolehiyo na, naka-tshirt pa rin habang nasa tubig. Iba talaga ang hawak ng konserbatismo. Hindi ko talaga nagustuhan ang Boracay, kasi ang pinakanaalala ko sa pagpunta namin ay ang takot ko sa pagsakay sa bangka. Picture ako nang picture, camera pa ang gamit, hindi cellphone, sa pinsan kong cool na cool. Siya ang bida ng mga araw na iyon. Akala namin lahat ay wala siyang patutunguhan, kasi nang pag-aralin siya sa Manila at nakitira sa amin, hindi naman siya nakapagtapos ng kolehiyo. Pero bumalik siya ng Aklan, nag-asawa, naging seaman. May naipundar na siyang bahay at mayroon na ring

kotse noong dumalaw kami.

Ang ikatlong dalaw ko sa Aklan ang pinakanaalala ko, noong 2005.

Ganoon ko ba talaga kadalang ismolin ang bayan ng aking tatay? Ilang imahen ang nasa isip ko. Ang pagmamalaki sa kanyang mga mata tungkol sa "night life" at "mall" na para sa kanya'y tanda ng pagiging moderno ng Aklan, at ang kanyang kabiguan sa akin nang magtalak ako tungkol sa kahungkagan ng mga ganitong simbolo. Ang pagsundo namin sa nanay ko sa maliit na airport, Caticlan ba ito? Kasi dalawang araw siyang nahuli dahil sa mga obligasyon sa eskuwelahan. Ito 'yong mga panahong mayroon pa siyang kalayaang kumilos nang mag-isa. Nag-van kami mula New Washington hanggang Banga. Hindi pala van, malaking tricycle lang.

Nagbarko kami papunta at pabalik sa Manila, kasi takot na ang tatay ko sa eroplano sa mga panahong ito. Nahilo ako nang tumuntong na kami sa lupa. Talaga namang mahilohin ako, kahit nga sa elevator tinatamaan ako. May kinalaman din siguro ang pagbabasa ko doon sa barko. Nagdala ako ng *Foucault's Pendulum* at *The Unbearable Lightness of Being*, dalawang nobelang hanggang ngayon di pa rin ako makapagdesisyon kung alin ang mas pangit.

Hindi na kami pumuntang Boracay. Di naman talaga ako mahilig sa beach, at sa paglangoy at sa Boracay mismo. Doon lang kami sa Banga. Patay na ang lolo ko sa dalaw na ito, at pinsan ko na ang namamahala ng bahay ng angkan. Umulan isang beses at nabasa ang bagong-bagong iPod shuffle ng kuya ko, na pahiram lang niya. Isang beses lang talaga ang ulan. Buong bisita, mainit. At hindi lang iyon, maalikabok. Nasa harap kasi ng bahay ang isang major na daanan. Puro tricycle tapos hindi sementado. At marami ang kung ano-anong insekto! Sa sahig kami nakahiga ng ate ko, dahil sa mga magulang ko ang kama, at gapang nang gapang ang mga insekto.

Umakyat kami ng Manduyog, isang burol na sinasabi kong bundok para maka-impress ng nakikinig. Mayroon ditong station of the cross, at nagpa-picture ako sa nanay ko, camera pa rin ang gamit kahit may camera na ang cellphone ko, sa bawat estasyon. Sa dulo, sa tuktok, may nag-vandalize: "Kung gusto mong k\*\*\*\*\*t doon tayo sa kabol." Hindi ko na tinanong sa tatay ko kung ano ang kabol.

Kinailangan kong mag-email. Dinala ako ng tatay ko sa isang

computer shop. Itinuro niya ang bantay. "Hindi ako marunong mag-Aklanon," sabi ko sa kanya. Kinausap niya ang babae at dinala ako nito sa isang computer. Nginitian ako ng babae, tangang-tanga sa akin.

Wala na akong masabi tungkol sa Aklan kasi di naman ako dito nakaugat. Saan man ako mapunta, lagi lang akong nasa Quezon City.

Ano bang puwede kong gawin sa Quezon City? Kapag malungkot ako at kailangang maalala kung gaano kahalaga ang buhay, kailangan ko lang sumakay ng jeep sa Philcoa papuntang Cubao, Alimall imbes na Arayat dapat ang nakasulat sa sign board. Sa kanilang pagsirko-sirkong pagtahak sa Elliptical Road at pag-araro sa Kalayaan, naaalala kong hindi ko pa pala gustong pumanaw. Mahusay ding ehersisyo sa pananalig ang pag-akyat sa mga overpass—huwag mong tawaging footbridge!—na iresponsable ang pagkakagawa. Tila ba hangging bridge ang nasa Philcoa, gayundin ang mga Commonwealth, isama mo pa ang nasa tabi ng SM Annex, pati na rin ang dinesenyong maging sapot sa Quezon Avenue-EDSA intersection.

Nabanggit na rin naman ang mga overpass, sino bang hindi matutuwa sa mga tindero't tinderang nakahilera? Hindi ako sarkastiko, dito ako nakabili ng case ng cellphone, pati na rin ng ampaw kapag Pasko. Gusto ko rin na naroon sila kasi nga nalulula ako sa taas, at pag may nag-aalok sa akin ng piratang DVD nakakalimutan ko ang mga rumaragasang bus na dudurog sa akin kapag binuhat ako't ibinalibag ng hangin.

Ang preskong hangin ng Quezon City! Kung hindi ako sinasakal ng usok ng sigarilyo, pinapatay ako ng polusyon mula sa mga jeep, huwag nang banggitin pa ang torture ng mga amoy-ihing kalsada ng Cubao.

Pero ang hindi ko mapapatawad ay ang pagtrato namin sa mga hayop, lalo na sa mga aso. Nitong 2015 ay halos araw-araw kong nadaanan ang isang asong tinawag kong Snoopy, dahil sa haba ng mga tainga nito (hindi siya beagle kundi basset hound). Iniiwan siya ng may-ari sa isang kapisang kongkreto sa harap ng Mataas na Paaralan ng Manuel Roxas, kung saan sapat lang ang espasyo na siya tumayo. Pag napagod siya at umupo, mahuhulog siya at masasakal ng kanyang maigsing tali. Isang araw tumayo lang ako sa harap niya ng ilang minuto, pinapakinggan ang kanyang pagkahol. Wala rin naman

akong nagawa, nagsumbong ako sa isang kakilala kong tambay pero hindi na raw sakop iyon ng Barangay namin, kundi ng Barangay Paligsahan, kaya di na puwedeng sitahin ng mga tanod namin. Nagtanong-tanong ako tungkol sa PAWS pero hindi ako nagkaroon ng lakas ng loob para tumawag sa hotline nila. Alam ko kung sino ang may-ari ng asong ito, kasi ilang beses ko na ring nakikitang pinapaliguan ng boy nila ang basset hound sa tabi ng kanilang carinderia. Hanggang isang araw ay wala na si Snoopy sa kanyang kongkretoong bilangguan, at wala na rin sa kanyang bahay sa gilid ng carinderia. Sana ay namatay siya nang payapa. Humihingi ako ng tawad, hindi kita naipagtanggol.

Araw-araw na ganito sa Quezon City, testigo ako sa paghihirap ng iba. Masakit na nangyayari ito sa mga hayop, at gayundin sa mga tao. Nagi-guilty ako kasi wala akong ibang magawa kundi magsulat tungkol sa kanila. Sapat na ba ang aking testamento? Sapat na ba ang mga salita? At kung ganito kalupit ang aking kinalakhang lungsod, ba't ko ito mahal?

Nagagawa kong mahalin ang Quezon City dahil nagagawa kong mamuhay nang may distansiya mula rito sa loob nito. Samantalang naiipit ang mga tao sa trapik ng EDSA, naiiwasan ko ito. Sige, ngayong 2016 ay isang oras na muli ang biyahe mula sa amin, sa Roxas District (landmark: Pegasus) hanggang Diliman, kung saan ako nagtatrabaho sa UP, bagay na huli kong naranasan noong undergrad pa ako, dahil ala-una nagsisimula ang aking klase, puwede akong umalis ng bahay ng alas-onse y media, o kahit alas-dose, at makakarating pa rin ako nang maaliwalas at may kaunting panahon pa para makapagkuwentuhan sa Departamento. Gayundin, pauwi, kaya kong tumambay sa grocery ng Petron sa Philcoa, Treats, uminom ng Coke at kumain ng Lays habang pinapanood ang mga taong nagmamadali pauwi. Hindi ito elitistang pagmamalaki ng prebiblehiyo, kundi paglalalatag ng aking utopia, o pantasya, ang apat na libre: libreng pagkain, libreng pabahay, libreng medisina, libreng edukasyon.

Sa Maynila ako nag-elementarya, sa Mababang Paaralan ng Benigno Aldana. Bukod sa pagiging pampublikong paaralan, guro pa rito ang nanay ko. Kaso sa Maynila siya nakatayo, kaya hindi puwedeng maging pokus ng aking sanaysay. Imbes, ang babanggitin ko na lang ay ang aking high school, UPIS, at kung saan ako nagtapos ng kolehiyo, UP Diliman.

Ano nga ba ang masasabi ko sa UPIS? Dito ako nasapak ng isang kaibigan doble ang laki sa akin, dahil sa singkuwenta sentimos (ako ang nagsimula ng away). Dito ako biglang sinikmuraan ng kaibigan ng kaibigan dahil sa walang dahilan ("Sinikmuraan ka lang e, naiiyak ka na?"). Dito ako habang kumakain, sinigawan ako nang paulit-ulit ng isang kaklase, "Tae, tae! Tae, tae!" Ang guidance counselor doon, hindi man lang inirekomenda sa aking may kursong Creative Writing sa College of Arts and Letters ng UP Diliman, kahit puro may kinalaman sa pagsusulat ang mga elective na kinuha ko, pati work program. Dito nadurog ang puso ko kasi drinowingan ng isang kaklase ng demonyo ang sketchbook ng aking kaibigan.

Pero lahat naman may drama tungkol sa high school, at hindi na ako magmamaktol pa. Kasi kahit anoman ang puwede kong sabihin tungkol sa UPIS, isa pa rin ang mananatiling totoo tungkol dito: mura ang bayad. Limang daan lang, para sa PTA Donation. At nang sa isang PTA meeting ay nabanggit ng isang magulang, na ayon sa batas ay hindi maaaring mamilit ang eskuwelahan na mag-donate sa PTA, pati ang limang daang ito ay wala sa mga opisyal na sinisingil. Laging tulong sa mga magulang ko, lalo na't sa Catholic school nag-aaral ang ate ko, sa St. Mary's College).

Sa UP Diliman naman, nang pumasok ako noong 1998, 300 piso lang kada yunit (panis pa rin sa ate ko, na sa mga panahong ito'y nasa PUP, kung saan 50 pesos lang kada semestre ang bayad, kabaliktaran ng high school niya). Nagtaas siyempre ang tuition noong 2007, bagay na tinutulan ng mga estudyante at guro, pero nanatiling 300 piso kada yunit ang bayad namin. Ngayon ay lalo pang nagtaas ang tuition, bagay na tinututulan pa rin ng mga estudyante at guro. Buong pagmamalaki noon ng tatay ko sa mga kainuman niya, "Sa UP, mura na, eduk pa." Makukuha pa rin ang "eduk" na ito sa UP magpasahanggang ngayon, pero hindi na ito mura.

Kailangan pa bang ipagtanggol ang idea ng libreng edukasyon? Gumagana ang ganitong uri ng sistema, sa Norway libre nga hanggang PhD e. At sa Slovenia, kahit mga banyaga ay libreng magkolehiyo. Dito sa atin, pag sinabing libre, kunwari "Libre kitang lunch," hindi puwedeng sabihin na "O, wag namang sobra-sobra," o kaya, "Libre kita, pero doon lang sa mura." Hindi na libre iyon. At gayundin ang ipinagtatanggol kong idea ng libre dito, tulad ng libreng edukasyon sa UP. Libre na high class. Libre na mapagpalaya. At walang bayad. Oo, oo, alam kong hindi libre ang 300 kada yunit.

Pero ngayon kasi, 30,000 ang tuition kada semestre, lampas 200% dagdag mula noong nag-aaral ako. Mas mabuti sa mura ang libre. Sino bang nagsusulat ang tatanggi sa libreng edukasyon? Paano mababasa ang mga pangungusap na ito kung ipagkakait ang karunungan? Sa programang K-12, ipagkakait ang kolehiyo sa mga Filipino nang sa gayon ay tumigil na silang mag-aral pagkatapos ng high school (at minsan nga'y di pa ito nangyayari!), nang sa gayon ay hindi sila makahingi ng mataas na sahod.

Samantalang may saysay na humingi ng mataas na sahod, mayroon ding saysay sa hinihiling ko: libre pagkain. Ibig kong sabihin: universal basic income. Simple lang ito: buwan-buwan makakatanggap ang bawat adult ng suweldo, nagtrabaho man siya o hindi, mayaman man siya o mahirap. Nagkaroon na ng ganitong pagtatangka sa Namibia (13 dolyar kada buwan ang ginagarantiya), noong 2008, at nitong 2016 nagbotohan din sa Sweden tungkol dito (2,500 dolyar ang proposal). Hindi ito kabaliwan. Ayon pa nga sa librong *Inventing the Future*, kinakailangan ito para sa parating na panahon kung kailan automated na ang mga gawain, at dahil sa pag-abante ng teknolohiya'y milyon-milyon ang mawawalan ng trabaho.

Simple lang ang dahilan kung bakit gusto ko ang libreng pagkain: tamad ako. At ang katamaran ko, napulot ko sa mga taong nakasalamuha ko sa Quezon City. Mayroon kasi kaming sari-sari store noong bata ako, at araw-araw kong naeengkuwentro ang mga sugarol at lasenggo ng Barangay Roxas. Nariyan si Mang One, sumalangit nawa ang kaluluwa, tubero, at mahilig sa beer. Andiyan si Aling Tasing, na eksperto sa tong-its. At siyempre naroon ang tatay ko, na promotor ng lahat. Hindi sila mga walang kuwentang tao, sa kanilang sariling paraan ay masigasig sila. Pero kung papipiliin, sa pagitan ng pagbabanat ng buto at pagpapakasaya, sasagpangin nila siyempre ang huli. Iyon din ang imahen ko sa tao: hindi tayo nilikha ng Diyos, o nag-evolve, para magpakahirap at magpakasakit. Ano kaya ang nagawa ng mga taong ito kung hindi nila kinailangang magpagod para mabuhay? Anong mga uri ng pag-iral ang kanila napag-eksperimentuhan kung nasigurado na ang kanilang kakainin kinabukasan? Anong uri ng sugal, anong uri ng alak, anong uri ng tao ang puwedeng likhain kung hindi tayo kailangang mag-agawan para hindi magutom?

Siyempre kung bibigyan tayo ng libreng pagkain, kailangan din tayong bigyan ng libreng pagbahay. Kasama na rito ang kuryente,

tubig, at Internet, na nadeklara nang karapatang pangtao. Kakatwa ba ito? Isipin natin ang isa pang karapatang pangtao: kalayaan. Malaya ba ang taong walang matitirhan? Kung gayon, ang karapatang maging malaya ay karapatan sa sariling tirahan. Lalong umiigting ang paniniwala ko sa pagiging tama ng hiling para sa libreng pabahay tuwing makakakita ako ng tinatawag nating "taong grasa." Mula sa Philcoa ay sumasakay ako ng jeep papuntang Quiapo, saka bababa sa tapat ng Capitol Medical Center. Mula roon ay maglalakad ako hanggang Amoranto Stadium, kung saan madadaan ko ang isang komunidad ng mga taong walang bahay. Natutulog sila sa lupa, sa ilalim ng mga puno. Isang beses, habang naglalakad, nagtama ang mga mata namin ng isang matandang kumakain ng kanin. Ang sabi niya sa akin, "Kain tayo." Kita mo nga naman, iyon pang walang bahay ang nag-aalok na pagsasalo. Bukas ang loob. Samantala, sa isang commercial ng Chowking, tinanong ng isang boses, "What do you get for someone who has everything?" Sagot ni Kris Aquino, "Everything!" Kung sino pa ang marangya, sila pa ang nagkukumahog na makakuha ng mas marami pa.

Ang bahay na walang banyo ay hindi tahanan, pauso raw ito ni Bayani Fernando. Sa aking utopia, kontra sa nangyayari ngayon sa Quezon City, walang tao na mapipilitang tumae sa lupa, sa kalsada, sa estero.

At kung nagtatae sila? Bibigyan sila ng libreng medisina (loperamide, sa kasong ito). Noong nagka-dengue ako, Disyembre ng 2003, umabot sa lampas isang daang libo ang aming ginastos (bumagsak kasi sa 4 ang platelet count ko, at kinailangan naming bumili ng gamot). Partida na, kamag-anak namin ang doktor at hindi humingi ng fee. Ang binawas ng PhilHealth? Limang libo. Ayos, 95,000 na lang ang bayarin! Samantala, ulat nga ni Michael Moore sa kanyang *Sicko*, sa Inglatera isang Norte Amerikano ang nabali ang braso dahil nag-hand stand walk sa Abbey Road. Isang banyaga ang nangailangan ng medical care dahil sa sariling katangahan, magkano ang inabot na singil sa kanya sa ospital? Zero. Wala siyang binayad. Sinasabi ko bang dapat pantayan ng Quezon City ang London? Oo, at higitan pa.

Ano ba naman ang sasabihin natin sa mga nagtatanggol di-umano sa LGBTQ rights, pero ayaw sa libreng gamot pang-HIV/AIDS para sa lahat ng Filipino? Ang librong ito ay koleksiyon ng mga sanaysay na suma ng aking pagtatangkang magtanghal ng isang

panlipunang ontolohiya. Kung ang pangunahing tanong ay paano natin babaguhin ang lipunan, kailangan munang sagutin ang tanong na, "Ano ang lipunan?" Sa iba't ibang bokabularyo ipinipresenta ang aking sagot sa tanong na ito, gamit ang "makina" nina Deleuze at Guatarri, ang konsepto ng "relasyon ng kapangyarihan," gayundin ang vaytalisim (kasiglahan at kultural na materyalismo. Iba-iba man ang taktika ng mga isinulat, iisa ang kanilang layunin, ang bigyang-diin ang pagiging malleable (malambot) ng mundo.

Sa huling analisis, hindi nga talaga Aklan ang bayan ko, at hindi nga yata Quezon City. Ang aking bayan ay ang kinabukasan. Ang aking bayan ay ang utopia, Utopia. Nga lang, sabi nga ni Rolando Tolentino, maaaring maging "uto" ang "utopia." Alam kong may malaking tsansang uto-uto lang talaga ako.

Ang librong ito ay pakikipagdiyalogo sa iba't ibang iskolar at manunulat na Filipino, kina Rolando Tolentino, Rosario-Cruz Lucero, Resil Mojares, Patricia Jurilla, Bienvenido Lumbea, at higit sa lahat kay Ramon Guillermo. Pinili ang mga manunulat na ito dahil sila ang may pinakamabigat na kontribusyon sa kritisismong Filipino, iyong umigpaw na sa "aplikasyon" at paneneroks ng banyagang teorya (kasalanang iniwasang gawin ng kasalukuyang koleksiyon). Kung hindi nga lang tiwalag sa batas ng akademya, sasabihin kong fan ako ng mga kritikong ito, at hater ng mga hindi nabanggit dito. Kritiko at kontribusyon din ang koleksiyon sa ideolohiya ng nasyonalismo. Sa huli, ang nabubuong lapit ay maaaring tawaging panlipunang semyotika, o semyotika lang, dahil wala namang semyotikang hindi panlipunan.

Sa kasalukuyang panahon, pinapatay ng rehimeng Duterte ang mga mamamayang Filipino, at pinapatay ng neoliberal na globalisasyon ang mismong daigdig natin. Ano ang mauuna, ang pagputol sa huling puno, o ang pagpugot sa ulo ng huling mamamahayag? Ang librong ito ay huling buga ng idealismo, ng romantisismo na meron ako. Kung hindi ako paluluhurin ng realidad, papagapangin ako ng lohika. Hayaan, kung gayon, mahal kong mambabasa, na maging huling kumpisal ito ng wirdong nakabasa ng kaunting Eagleton at Zizek at ang naging reaksiyon ay "Aba, oo nga ano! Pucha ang galin nun! Kamatayan sa kapitalismo!"

# PAGKILALA

Ang "Teksto at Interpretasyon: Ilang Tala tungkol sa *Translation and Revolution* at *Agaw-Dilim, Agaw-Liwanag* ni Ramon Guillermo" ay unang nalathala sa *Malay*, 29.2 (2017)

Ang "Katawan ni Guillermo" ay unang nalathala sa *Bright Sun, Bright Age: Critical Essays in Philippine Studies*, inedit ni Neil Garcia (Quezon City: University of the Philippines Press, 2017), at nagwagi ng 4th place sa UP Critical Essay Writing Contest noong 2016

Ang "Hindi Sinema" ay unang nalathala sa *Plaridel: A Journal of Communication, Media, and Society*, January - June 2017, Vol. 14, No. 2

Ang "Anyo at Diyalektika: Tungkol sa Future Fiction" ay unang nalathala sa *Philippine Humanities Review*, Vol. 18, No. 1 (2016)

Ang "Humanismo, Eksperimental na Pagsusulat, at mga Relasyon ng Kapangyarihan" ay unang nalathala sa *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, Tomo XXII, 2016

Ang "Tungkol sa Realismo sa Nobelang Filipino" ay unang nalathala sa *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, Vol. 21, No. 1 (2015)

Ang "Ang mga Bayan ni Rosario Cruz-Lucero" ay unang nalathala sa *Tomas: The Journal for the UST Center for Creative Writing and Literary Studies*, Volume 6, Issue 6, 2nd Semester 2014-2015

Ang "E Ano Ngayon?: Pagbabaybay, Wika, Pagsasalin" ay unang nalathala sa *Tomas: The Journal for the UST Center for Creative Writing and Literary Studies*, Volume 2, The Anniversary Issue, Issue 10, 2nd Term 2016-2017

Ang "Ang Bagong Humanismo ni Ramon Guillermo" ay unang nalathala sa *Filipinohiya: Journal sa Filipino ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas*, Taong 2016, Isyu 1

# KONTRA

MGA SANAYSAY SA METAKRITISISMO



# E ANO NGAYON?

PAGSASALIN, PAGBABAYBAY, WIKA

Maglalalatag sa papel na ito ng teorya ng wika na maituturing isang di-biyolohikal na anyo ng buhay. Mula sa perspektibong ito, mabibigyan ng bagong kahulugan ang buhay mismo, gayundin ang reproduksiyon, kamatayan, imortalidad, paggawa, at pakikipagtunggali. Ipepresenta ang teoryang ito sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng mga dominanteng pananaw tungkol sa pagsasalin sa Pilipinas.

May tatlong bahagi ang papel. Una, tatalakayin ang ugnayan ng pagsasalin at Filipino, ang wikang pambansa. Pangalawa, magbibigay ng mabusising pagbabasa sa librong *Translating the Sugilanon* ni Corazon Villareal. Pangatlo, isisiwalat ang kritisismo ng *Contracting Colonialism* ni Vicente Rafael ni Ramon Guillermo sa kanyang *Translation and Revolution*. Inilalantad ng politika ng pagsasalin ang kalikasan ng wika.

## 1.1 Pagsasalin ng Rehiyonal na Panitikan

Bilang bahagi ng seryeng Panitikang Pilipino mula sa dekada nobenta, kasama sa layunin ng mga antolohiyang *Dulaang Hiligaynon*, *Panulaang Cebuano*, at *Panulaan at Dulaang Leytehon-Samar* hindi lamang ang pagsasalin ng rehiyonal na panitikan tungo sa wikang pambansa, kundi ang paglikha ng wikang pambansa mismo. Tinangka ito ng mga editor at tagasalin sa iba't ibang paraan. Si Jaime Biron Polo, halimbawa, mula sa panitikan ng Leyte at Samar, tinangkang iabandona ang estruktura at bokabularyong Tagalog. Kaya hindi

Samantala, may dalawang dahilan si Don Pagusara sa pagpapanatili ng mga salitang Cebuano sa kanyang mga salin: sa interes ng tugmaan at retorika, at dahil teknikal ang mga salita (halimbawa: "kulilisi"). Gayundin, may klaster ng mga salitang pinanatili niya sa orihinal nilang anyo, pero hindi siya nagbigay ng dahilan para dito. Kasama rito ang mga salitang "gugma" at "kasingkasing" (Pagusara xxii).

Pinakahayag si Rosario Cruz-Lucero sa kanyang politika ng pagsasalin, ang pangunahing mga konsiderasyon para sa kanya, ang usapin ng kanon, pati na rin ang pagpapalawak ng estetika ng mga mambabasang hindi Ilonggo [i.e. iyong mga nasa sentrong Manileño/Tagalog] (Lucero 31). Tinutuligsa ni Lucero ang pagpasok ng mga salitang Ilonggo sa mga salin sa Filipino na "token" lamang ang estado, at ibinibida ang modernong tendensiya na magpasok ng mga salitang Ilonggo sa wikang Filipino kahit na hindi madulas (madulas para kanino?) ang salin, kahit may katumbas naman ang mga ito sa Tagalog. Sa pagdaragdag ng salita sa Filipino ito ay yumayabong. Estratehiya rin ni Lucero ang pagdaragdag ng salita sa salin na wala sa orihinal mismo. "Layon naman ng ganitong uri ng malayang pagsasalin ang pagpapaigting ng kontekstong kultural ng orihinal" (Lucero 34). Halimbawa ni Lucero dito ay ang pagsasalin niya ng "sanduco" (itak). Hindi lang sa hindi niya ginamit ang "itak," hindi rin niya ginamit ang "sanduco"! Ang ginamit niya ay "espading," itak na gamit sa pagputol ng tubo. Gayundin, pinanatili niya ang "tagbalay" imbes na isalin ito sa "tao po," at ang sagot ditong "saka" ay hindi niya isinalin bilang "pasok" kundi "panhik" (ikompara sa Villareal 114).

Gumagamit din si Lucero ng mga laping Ilonggo: "*ginakilala* sa halip na *kinikilala*, *nagahangad* sa halip na *naghahangad*, *nagakain* sa halip na *kumakain*, *ginsabi* sa halip na *sinabi*" (Lucero 38). Minabuti ring iniwasan ni Lucero ang pag-uulit ng mga pantig, katangian ng Tagalog pero hindi kinakailangang maging katangian ng Filipino. Itong huli ay rekomendasyon ni Teresita Maceda (167; para sa kritisismo ni Maceda sa mga salin ni Pagusara mula sa Sebuano, tingnan ang 169-171).

Nilikha at patuloy na nililikha ang wikang pambansa. Malay ang mga tagasalin sa seryeng Panitikang Pilipino na tereyn ng tunggalian ang pagsasalin (Polo 27). Sagot ni Lucero sa mga magtuturing na "katawa-tawa" ang uri ng Filipino na "naghahalo-

halo": "Naging kumbensiyong pampanitikan ... ang komikong promdi ... na halo-halo kung magsalita. Komiko din ang dating ng mga ita, bakla, at lahat na itinuturing ng 'urbanisadong' lipunan na naiiba sa kanila" (36).

## 1.2 Paglikha ng Wika

Sisimulan ni Villareal ang kanyang libro sa isang anekdota. Maling-salin daw o miskomunikasyon ang "Hiligaynon." Tinanong kasi ng mga Espanyol kung ano ang tawag sa taong kanilang naengkuwentro sa Ilog Panay. Sagot sa kanila, "manog-ilig sang kawayan." Inakala ng mga Espanyol na tumutukoy ito sa lahat ng tagaroon, imbes na sa mga nag-iilig lamang ng kawayan (3). Ang natutunan ni Villareal dito, minsan hindi ang "tamang" salin ang nabubuhay. Maaari pa nating palawigin: nililikha ang mga pangalan, nililikha ang mga salita. (Ang "manog-ilig sang kawayan" ay naging "iligaynon" na naging "Hiligueynes"). Maaari pang palawigin na ang pagsasalin ay paglikha. Sa mabusising pagbabasa sa *Translating the Sugilanon: Re-framing the Sign* ay mailalahad ang mga argumento sa likod ng kabatirang ito.

Alinsunod sa postkolonyal na teorya para kay Villareal, walang "English," ang mayroon lamang ay "english," o "englishes" (69). Gayundin, tinatanggihan niya ang tinatawag niyang "TagFilipino," i.e. iyong Filipino na Tagalog lang naman talaga (103). Kinuwento niya noong dekada 20 hanggang 40, may mga iskolar na ninais tanggalin ang mga salitang hiram mula sa Espanyol tungo sa Hiligaynon (118-119). Ang wika, "Filipino english" man o ang wikang pambansa, ay nililikha. Ano-ano ang mga hakbang natin sa prosesong ito ng paglikha ng wika?

Inirerekomenda ni Villareal na balikan ang ating mga ugat (kahit hindi "atin" talaga) sa ating pagbuo ng bagong wika (6). Tanong niya, paano magsasagawa ng pagtangi at subersiyon sa kapangyarihan gamit ang salin (22, 28)? Nasasalat ni Villareal ang potensiyal na kapangyarihan ng pagsasalin dahil, ayon nga kay Jakobson, pagsasalin ang lahat ng komunikasyon (27). Sa kanyang balangkas na gamit, ang semiotika, nauusig ni Villareal ang idea ng isahang tumbasan sa pagsasalin, gayundin naitutulak niya ang nosyong walang hanggan ang pagsasalin (28). Kung gayon, ang komunikasyon, ang wika mismo ay nananatiling bukas sa interpretasyon at pagbabago. Kung gayon, ang ginagamit sa pang-aapi

ay maaaring gamitin sa pagrerebolusyon laban sa pang-aapi. Para sa mga mananakop, ang maling salin ay "mahinang pagbabasa," pero para sa mga lumalaban sa pananakop, ang maling salin ay paglikha (Villareal 43).

Ang nais ni Villareal ay "mapanlikhang poetika ng pagsasalin" (31), na kanyang binigyang-kahulugan bilang "the translator's resistance to the colonial network of power through variations in the translation act" (90). Bakit kailangan nito? Ang pagsasalin para kay Villareal ay usapin ng kapangyarihan (5). Ginamit ito ng mga Espanyol sa kanilang pananakop (18). Binigyang-diin niya, halimbawa, na hindi isinalin ng mga pari ang mga susing salita ng kanilang relihiyosong literatura, tulad ng "Dios" at "Espiritu" (15; ikompara sa Rafael 20-21). Gayundin, ipinaliwanag ang wikang Hiligaynon sa pamamagitan ng mga kategorya ng balarilang Espanyol (Villareal 19, 42; ikompara sa Rafael 27). Sa ganitong paraan hindi naiintindihan ang mga katangian ng mga wikang katutubo. Binanggit ni Villareal na mas mabuting intindihin ang Hiligaynon sa lente ng "aspect" imbes na "tense" (tingnan ang Villareal 81). Ang mga usapin tungkol sa balarila ay nasa isip pa rin ni Villareal hanggang sa pagsasalin niya ng mga sugilanon papuntang Ingles. Ayon sa kanya, ang problema ng "dangling" at "misplaced modifier" ay hindi matatagpuan sa Hiligaynon (77; ikompara sa 32, 69).

Maiiugnay ang "pagbalot" na ito (ng Espanyol sa mga wikang Filipino) sa sinuring teksto ni Villareal, na nakasalin sa Hiligaynon pero ang simula't dulo ay nakasulat sa Espanyol (15). Binabalot ng Espanyol ang wika at literaturang Filipino, sa ganitong paraan ay kinokolonisa ito. Ganito naman ang proyekto ng mga kolonisador kahit sa iba nilang sinasakop. Ayon kay Villareal, nang matutunan ni Columbus ang salitang "cacique," itinanong niya kung ano ang katumbas nito sa Espanyol imbes na ano ang kahulugan nito para sa mga katutubo (25). Hindi lang iyon, ginamit pa nila ang wikang katutubong Nahuatl para pahinain ang ibang katutubong wika (25-26). Maaari kaya nating iugnay ito, ang kaso ng Tagalog, Filipino, at ang mga rehiyonal na wika sa Pilipinas? Babalikan ang isyung ito sa ibabang bahagi ng papel.

Ano ang mga katangian ng pagsasalin sa kolonyal na Espanya? Ayon kay Villareal, unidirectional ito (i.e. mulang Espanyol papuntang mga bernakular na wika, kasi tayo ang may matutunan mula sa kanila, at wala silang kailangan mula sa ating mga gawa), gayundin ay dumadaan sa censorship, at isa pa'y nalalathala sa

Maynila, na sentro ng kapangyarihan (21).

Ang proyekto ni Villareal ay pagsasalin ng mga sugilanon mula Hiligayon tungong Ingles at Filipino. Ano ang mga taktika niya sa gawaing ito? Bagaman nakapagtataka sa unang sulyap, may saysay ang sala-salabat na diskusyon ni Villareal ng kultura, politika, wika, ekonomiya, kasaysayan, at pagsasalin. Narito ang kanyang mga tanong sa pagsasalin: ano ang isasalin, papunta sa anong wika, ano ang tatanggalin, ano ang idaragdag (125)? Pero, bago ang lahat ng ito, ano nga ba ang pagsasalin?

Inilista ni Villareal ang anim na terminong Hiligaynon na mailalapat sa pagsasalin (32). Una, sa paggamit ng laping "gin" sa "ginbinisaya" (ginawang Bisaya), pangalawa ang "luad" (kopyahin, gayahin), pangatlo at pang-apat ang "hubad" at "lubad" (buksan), panlima ang "ginbiao" (ang "Biao" ay "spring"), at pang-anim ang "ginpahamtang" (matatag). Samantalang ang unang dalawa'y mas tradisyonal (i.e. isahang tumbasan) ang tingin sa salin, may espasyo para sa subersiyon sa pangatlo hanggang pang-anim. May potensiyal sa pakikipagtunggali. (Hindi na babanggitin dito ang "ginbulag" ng mga imperyalistang Tagalog.)

Paano pagaganahin ang subersibong potensiyal na ito? Rekomendasyon ni Villareal, kapag nagsasalin ng sugilanon, laging isipin ang mga espesipikong katangian ng wikang Hiligaynon, gayundin ang kasaysayan at kultura nito (32, 69). Kinonekta rin ni Villareal ang pagbabalik sa ugat na ito, ang historikal na pananaw, sa tatlong bagay. Una, sa pag-intindi ng nilalaman ng sugilanon, pangalawa, sa pag-intindi ng anyo ng sugilanon, at pangatlo, sa paglikha ng wikang pambansa, Filipinong hindi lang basta Tagalog.

Halimbawa, sa kanyang pagtingin sa mga "kamag-anak" na teksto ng sugilanon, naipapaliwanag ni Villareal ang aatakihin ng iba bilang "baduy" sa likha ni Jalandoni, ang "Si Anabella." Ang imahen dito ng matiising nanay ay maiuugnay sa mga dasal at relihiyosong literaturang bahagi ng pinagmumulang tradisyon ni Jalandoni (17). Ito ang kaso sa nilalaman, at ito ring ang kaso sa anyo ng sugilanon. Ang "sugilanon" ay may imahen o dating ng kumbersasyon o kuwentuhan (13). Usapan habang nakatambay, kumbaga. Ang pagiging maluwag nito o episodiko ay ikinabit ni Jalandoni sa mga novena, na binubuo nga ng mga episodyong magkakaugnay pero hindi maintindi ang kawsal na relasyon, imbes ay binibigkis ang mga ito ng tema (ikompara sa Villareal 40, 87).

Isa sa pinakaimportanteng pinag-ugatan ng sugilanon (kasama na rito ang komposo, Almanake, at panglet [Villareal 14]), ang korido. Ang mga unang nobelang Hiligaynon (na dati'y sugilanon din ang tawag, bago naimbento ang terminong "sugilambong"), ay mga korido sa anyong prosa (37-38). Binibigyang-pribilehiyo ni Villareal ang jeneyalojeng ito dahil mahalimuyak para sa kanya ang subersiyon ng anyo ng korido mismo (i.e. mas iigting ang pagiging palaban ng sugilanon kapag iniugnay ito sa palaban ding porma ng panitikan) (55).

Pero ano nga ba ang korido? Ito ang tinatawag na metrical romance. Sa Tagalog, hinati ito sa mga tulang may tiga-apat na taludtod bawat saknong, at tiglalabindalawang pantig bawat taludtod (awit), at ang tiglilimang taludtod bawat saknong, at tigwawalong pantig bawat taludtod (korido). Pero ayon kay Villareal, sa Hiligaynon ay walang ganitong paghahati. Pinapaksa nito ang mga bisyon, aparisyon, adventure, romansa, pag-ibig, pangingidnap, pang-aakit, at chivalry. Ilan sa mga batis nito ay kuwentong bayan at relihiyosong literatura; at kasama sa mga katangian nito ang kumplikadong banghay, stock na parilala, paulit-ulit na sitwasyon at naratibo, stereotyped na imahen, at iyon na nga, "leisurely narrative pace" (Villareal 39-40). Ang kasaysayan ng korido ay kasaysayan ng mapagpalayang salin at tunggalian para sa kahulugan. Tanong nga ni Villareal, nagkaproblema ba ito sa censorship dahil ito ay makasalanang, o dahil ito ay politikal (38, 48-51)? Bukas kasi ito sa pag-aangkop ng manunulat, pagbabago ng mga mambabasang nagpapasahan, ito ay pambabastos sa orihinal na teksto. Samantala, dalisay ang pagsasalin sa relihiyosong literatura (Villareal 42). Ang mga kopya nito'y kadalasang walang nakalistang naglathala, at nagsalin, at kung mayroon mang nakasulat na awtor, pseudonym ang gamit nito. Samantala, kailangan ng mga relihiyosong literatura ng patunay na ito ay tama pagdating sa doktrina (44-45). Ang mga korido ay pinasukan ng mga elemento ng lowa, at mayroon pa ngang pumapaksa sa isang kumain ng sobrang daming santol kaya natubol ang pagtae (47).

Bahagi rin ng pagtutol ng korido sa awtoridad ang pagbuwag nito sa hinuwa ng awtor. Ayon kay Villareal, mabibilang sa lumilikha ng korido ang mga sundalo, marino, pari, ladino, manunulat, at mang-aawit (48).

Sa ganitong lente natutuligsa ni Villareal ang pagtimbang sa

sugilanon gamit ang mga pamantayan ng Kanluran (36, 61). At sa kanyang pagtatanong sa pamantayan ng "magandang pagsusulat," itinatanong niya rin ang pamanayan ng "magandang pagsasalin." Bukod sa pagsubok sundin ang sintaks ng Hiligaynon sa kanyang pagsasalin dito sa Ingles, pinapasok din ni Villareal ang mga salitang itinuturing niyang hindi maisasalin, tulad ng "banig" at "kumpare." Kasama rin dito ang pagtangkang isalin ang mga idioma (isinalin ni Villareal ang "Nakasukad na ako" bilang "The rice is ladled out now"), kahit na hindi "magandang Ingles" ang resulta nito (66-67, 69, 71). Ang "magandang Ingles" ay hindi "Maganda" (malaking titik M), i.e. walang Platonikong ideal ng Ingles na ituturo kapag sinabing balikong anino ang mga pangungusap na likha sa salin ni Villareal. ("Polido for whom?" narinig kong inusal ng isang medyo may kaguwapuhan ding manunulat sa isang kakatapos lamang na writers workshop.)

Inusig din niya ang fetisismo para sa ekonomikong estilo, at ipinagtanggol ang pag-uulit-ulit (Villareal 85, 87). Malay sa kanyang layunin kung bakit nagsasalin. Naipagtanggol ni Villareal ang literal na pagsasalin (117; para sa hinuwa ng layunin at skopos sa pagsasalin, tingnan ang Vermeer 221-232).

Dahil nga't hindi niya tinitingnan na neutral na proseso ang pagsasalin, kinikilala rin ni Villareal ang politika ng Filipino. Halimbawa, binigyang-diin niya na humihiram ang *Diksiyonaryo ng Wikang Filipino* mula sa Ingles, pero hindi sa mga rehiyonal na wika (ang tinutukoy niya rito'y ang edisyong 1989; tingnan ang Villareal 101). Pinuri niya si Reynaldo Duque na nagsasalin mula Ilocano papuntang Filipino, na pinapalabas ang mga idioma, at salitang Ilocano, at hindi pinapaikli ang mga pangungusap para sundin ang batayan ng "magandang Filipino" (Villareal 106-107). Ilan naman sa mga estratehiyang ginamit ni Villareal sa pagsasalin mula Hiligaynon papuntang Filipino ay ang paggamit ng mga laping na sa Hiligaynon natatapugaan at hindi sa Tagalog, paggamit ng mga salitang Tagalog na pinakamalapit sa salitang Hiligaynon (halimbawa, "singhal" dahil "binghal" ang orihinal), paggamit ng noun phrase imbes na verb ("pag-unawa" vs. "naunawaan"), at pagpapanatili ng mga salita (kung "banig" ang nanatili sa Ingles, "handurawan" naman ang sa Filipino) (109, 113-115). Makapangyarihan ang pag-aaral ni Villareal, at ang mga implikasyon nito'y matatalakay sa kasunod na seksiyon.

### 1.3 Mula sa Wika, Tungo sa Wika

Noong 2015, inis na inis ako kapag nakakakita ng mga patalastas ng mga “suplementong produkto,” una dahil mapagsamantala ang mga ito (pampaputi ng balat, pampalakas di-umano ng sex drive), at pangalawa dahil nasa Ingles ang disclaimer nito sa dulo: “No approved therapeutic claims.” Dahil nga mapanlinlang, naroon ang disclaimer para babalaan ang mga mamimili tungkol sa mga produktong ito. Pero dahil nasa wikang Ingles (huwag nang isama pa ang lebel ng diskursong kailangan para maintindihan ang “therapeutic claims”), hindi rin nito napoprotektahan ang mga nanonood ng patalastas laban sa panloloko. Pero nitong 2016, ay nagkaroon na ng Filipinong babala sa dulo ng mga patalastas: “Ang \_\_\_\_\_ ay hindi gamot at hindi dapat gamiting gamot para sa anumang karamdaman.” Sa wakas ay may tamang babala na para sa mga insecure (ginawang insecure) tungkol sa kulay ng kanilang balat at tindi ng libog. (Kulang na lang, ipagbawal ang mga walang kuwentang produkto mismo.)

Habang wala pang nakalagay na babala sa Filipino, dahil nga inis, isip ako nang isipkung paano ko isasalin ang “No approved therapeutic claims.” Hirap na hirap ako sa “therapeutic,” pero hindi rin ganoong kadali ang “claims.” Ang solusyon pala, umigpaw sa lebel ng mga salita at isalin ang mensahe. (Ang naisip ko na kasing pinakamalapit ay: “Hindi ka gagaling dito.”) Narito kung gayon ang pinakasimpleng kabatiran ng Araling Salin, ang maaaring sabihin nating pundasyon ng pag-iral nito: hindi simpleng gawain ang pagsasalin. Kung maaaring humiram ng termino mula sa teoryang panliteratura, defamilyarisasyon ang Araling Salin ng pamilyar (di-umano) na penomena ng pagsasalin. Binubusisi nito ang pagsasalin, at hindi lang sa isyu ng tama ba o mali ang salin. Sa kaso ng halimbawa ko, ang isyu ay ang wika ng babala, ang orihinal nito ay Ingles. Hindi ito magiging problema kung marunong naman ang mga nakakapanood ng ad ng Ingles. Nakakapagtaka at nakakaasar nga na ang abisong magpapaalam sa kanila tungkol sa posibleng panganib ng produktong baka gugustuhin nilang bilhin ay nasa wikang hindi nila naiintindihan. Pumapasok na ngayon ang Araling Salin tila ba labas-sa-saling-paksa, ang bugsô (impetus) sa likod ng pagsasalin. Katulad din ng teoryang pampanitikan na hindi maiwasang paksain ang mga tila ba’y nasa labas ng literatura (pulitika, ekonomiya, kasarian, kapangyarihan), hindi maaaring pag-aralan ang pagsasalin nang hindi napapasok ang iba’t ibang usaping sa unang sulyap ay wala namang kinalaman dito.

Mula sa pagsasalin ng ad, pumunta naman tayo sa mas

seryosong usapin ng kolonyalismo (bagaman, kung iisipin, may pagkakalapit din sa pagkalunos-lunos ang modernong pagpapatalas at pananakop ng mga Espanyol). Mainam ditong banggitin ang pamumusong na matatawag (hindi ito ang ginamit na termino) ni Tomas Pinpin na inilarawan ni Rafael sa *Contracting Colonialism* (83). Iba ang estratehiya ni Pinpin sa kanyang librong di-umanong gabay para sa mga nais matuto ng Espanyol. Kaiba sa mga misyonaryong nagsisimula sa pagsasakategorya at pagpapakain sa Tagalog sa gramatikang Espanyol, imbes si Pinpin, nagsimula sa pagbibilang. Ang “isa” ay “uno,” ang “tatlo” ay “tres,” atbp. Ayon nga kay Rafael, posibleng walang hanggan ang paglilistang ito. Gayundin, sa ibinigay na awit ni Pinpin, alinsunod sa gawain ng mga ladino, may Tagalog na beryson at saling Espanyol, isinasakripisyo ni Pinpin ang “tapat” na pagsasalin para mailigtas ang tugmaan. Sa kaso naman ng isyu ng tamang laping (para sa “kasarian”) ilalagay sa salitang Espanyol, tiningnan ito ni Rafael sa lente ng “sugal.” Bahagi ito ng estratehiya di-umano na itinuturo ni Pinpin para bumalam (madelay) ang pagsindak (shock) at sapak ng mga Espanyol. Kung anuman ang epistemolohikal na estado ng interpretasyon ni Rafael (totoo ba ito o paglalaro lamang ng isang privileged na ilustrado mula sa Cornell?), maaari nating hugutin mula rito ang isangmapagpalayang insight, bahagi ang pagsasalin sa tradisyon ng paglaban sa kolonyalismo sa Pilipinas. Natratransforma nito ang ating kasaysayan mulang kasaysayan ng pagkaapi (panahon ng Kastila, panahon ng Amerikano, panahon ng Hapon...), tungo sa kasaysayan ng pakikipagtunggali.

Kaso'y hindi rin maaaring wag pansinin ang ilan pang pagsasaling nagaganap. Isa na rito ang pagsasalin ni Rafael ng kasaysayang Filipino para sa audience na Inglesero, na alinsunod kay Zeus Salazar ay pwede nating tawaging “pangkaming pananaw,” as in, “Tingnan n'yo kami, meron din kaming subersyon sa lebel ng wika, resisting subjects din kami!” (O, mas malala: “Resisting subjects din sila.”)

Isa pa ay ang puntong inusig ni Ramon Guillermo sa *Translation and Revolution*. Inatake ni Guillermo ang implikasyon ni Rafael, gayundin nina Reynaldo Ileto at Floro Quibuyen, na kinailangan ng mga Filipino ang bokabularyong banyaga para makapaghain ng kritisismo sa kolonyalismong Espanyol (209). Sa isang email na isinama sa mga talahuli ng *Translation and Revolution*

(256), sinagot ni Rafael ang kritisismo ni Guillermo at binigyang-diin ang mga estratehiya ni Pinpin na siya ngang diniskas ko sa mga unang talata. Tanggap naman ang punto ni Rafael tungkol kay Pinpin. Romantiko pa nga ang paglarawan niya sa gawain ng huli na maaari nga raw isipin bilang "unceasing guerilla warfare." Syempre pa, hindi niya masasagot sa isang email lamang ang makapangyarihang kritisismo ni Guillermo, na sinabing "the transcendentalizing impulse may in fact be more of an intellectualistic illusion. Sacrificing one's life for some great and glorious idea like 'God' and 'Nation' are presumably much more dignified and excellent options for most intellectuals than dying for a miserable sack of rice on a dirt road in the middle of nowhere" (201).

Ang pagsasalin at Araling Salin at kultural na kritisismo ay tereyn ng tunggalian, at ang pinaglalabanan nina Guillermo at Rafael ay ang magiging dominanteng pagtingin sa rebolusyon at bayang Filipino. Gustong ibalik ni Guillermo sa lebel ng katawan ang usapan, pagkain muna bago mga idea. Hindi sa hindi mahalaga ang mga idea para kay Guillermo. Ang punto niya'y kadalasan ngang ipinagkakait ang yaman ng mundo ng mga idea sa mga taong pinagkakaitan din ng pagkain.

Mainam nang ipasok dito ang diskusyon ng wika bilang di-biyolohikal na anyo ng buhay. May ikukumpisal ako. Hindi naman talaga buhay ang wika, biyolohikal man o hindi. Pero ang twist, di rin naman buhay ang buhay. Imbes, pareho silang makina. Konsepto nina Gilles Deleuze at Felix Guattari ang makina. Bahagi ito ng kanilang ontolohiya. Paliwanag ni Brent Adkins, naniniwala ang dalawa na hindi gawa sa magkakaibang bagay ang mga umiiral sa sansinukob (2). Walang saray sa metapisika nina Deleuze at Guattari. Ganito rin ang paliwanag ni Michael Hardt. Sabi niya, "The human, the machinic, and the natural are all one" ("Reading Notes on Deleuze and Guattari," walang pahina). Totoo ba ang pahayag na ito? Para kina Deleuze at Guattari, hindi iyon mahalaga. O, mas mahalaga sa pagiging totoo ng isang idea ang pagiging intersante o kamanghamangha nito (*What* 82). Sa bawat pahayag imbes na "Totoo ba ito?" ang tanong natin ay "E ano ngayon?" Tunghayan natin, kung gayon, ang mga pahayag nina Deleuze at Guattari sa *Anti-Oedipus*:

"Everywhere it is machines—real ones, not figurative ones: machines driving other machines, machines being driven by other machines, with all the necessary couplings and

connections. An organ-machine is plugged into an energy-source-machine: the one produces a flow that the other interrupts. The breast is a machine that produces milk, and the mouth is the machine coupled to it. The mouth of the anorexic wavers between several functions: its possessor is uncertain as to whether it is a eating-machine, an anal machine, a talking-machine, or a breathing-machine (asthma attacks). Hence we are all handymen: each with his little machines. For every organ-machine, an energy-machine: all the time, flows and interruptions" (*Anti* 1-2).

Kapag kinabit ang makinang Pinpin sa makinang Rafael, nagkakaroon ng makinang gerilya-ladino. Kapag kinabit ang makinang Rafael sa makinang Guillermo, ang produkto'y makinang polemiko. Kapag hindi kinabit ang makinang bibig sa makinang tao, ang resulta'y makinang bangkay. Kapag kinabit ang makinang manggagawa sa makinang kapitalismo, makinang pagsasamantala ang umiiral.

Nagiging madulas ang lahat gamit ang kategoryang ito. Ang makinang tagasaling Villareal, kapag kinabit sa Hiligaynon, ang produkto'y makinang "english," o di kaya'y makinang wikang pambansa na hindi lang TagFilipino. Nagbubukas din ito ng kritisismo. Sa kanilang introduksiyon sa espesyal na isyu ng Kritika Kultura tungkol sa sanaysay na Filipino, itinanong nina Guillermo at Martin Villanueva kung, nasabi na ngang kay husay-husay ng Taglish at ng englishes, bakit hindi ito ginagamit ng mga postkolonyal na iskolar at manunulat (623-624)? Ito rin ang maaaring itanong kay Villareal, dahil pino o mahusay na Ingles naman ang gamit niya sa kanyang *Translating the Sugilanon*. Kaso ba ito ng kontadiksiyon? Oo. Pero kailangan ding alalahanin na ang makinang si Villareal ay nakakabit sa makinang akademya, kung gumamit siya ng makinang Taglish para isulat ang kanyang makinang tisis masterado'y ang kinabit sa kanya'y makinang rejection, at tuloy nito'y kakabit siya sa makinang kawalan ng trabaho.

Hindi pa ito ang kaso ng makinang Filipino. Magpasahanggang ngayo'y nililikha at binubuo pa rin ang wikang pambansa. Bagaman mayroon na ring nagbabantay at tagapaghusga ng di-umano'y madulas na Filipino, hindi pa sila entrenched sa kapangyarihan tulad ng mga administrador ng Ingles. Ang oportunidad nina Lucero at Villareal noong dekada nobenta'y oportunidad pa rin natin ngayon. Syempre pa, maraming balakid.

Nariyan halimbawa ang WIKApedia Booklet, na mula sa Presidential Communications Development and Strategic Planning Office, na nagsasabing "kumusta" imbes na "kamusta" ang dapat gamitin dahil galing ito sa "como esta" na Espanyol. Dagdag pa: "Ang comadre ay naging kumadre, hindi naman kamadre" (59). E bakit hindi na lang "como esta" ang gamitin kung gayon? O, sa mas mahinahon na wika, walang batas sa korupsiyon (korapshon!!!) ng mga salita.

Ang nosyon ng tamang Filipino ay ipinaglalaban din ni Virgilio S. Almario, Pambansang Alagad ng Sining at nito lang ay kasalukuyang direktor ng Komisyon sa Wikang Filipino. Sa isang artikulong lumabas sa *Diyaryo Filipino* noong 1992, inatake niya ang suhestyon ni Teresita Maceda na, alinsunod sa paglalaping Bisaya, maaari nang sa Filipino wag na lang mag-ulit. Kaya, halimbawa, "pagmahal" na lang imbes na "pagmamahal" (Maceda 175). Problema para kay Almario ito, dahil nga iba ang ibig sabihin ng "pagmahal" (halimbawa, "pagmahal ng pagiging ina," "pagmamahal ng pagiging ina" [beinte pesos na ngayon ang rate ng una]). Ibinigay pa niyang halimbawa ang "pagpupugay" (na pagbibigay pugay) at "pagpugay," na ayon sa kanya ay nangangahulugang "pagwasak ng dangal at puri" (*Filipino* 33; ikinukumpisal ng inyong lingkod na ngayon lang niya narinig ang kahulugang ito ng "pagpugay"). Pero hindi naman ito problema sa lahat ng salita. Halimbawa na lang ang "pagmamaneho" at "pagmaneho."

Gayundin, inusig ni Almario si Consuelo Paz sa paggamit na "mey" at "kelangan," na ayon sa kanya'y hindi nababagay pag "ang isinusulat ay tipong seryoso, gaya nga ng isang pambungad sa isang pormal na pag-aaral sa akademya" (*Filipino* 29). Dalawang punto. Una, talamak ang paggamit ni Paz sa "mey" at "kelangan" sa kanyang *Ang Wikang Filipino: Atin Ito*, na pormal na pag-aaral sa akademya. Pangalawa, sa sanaysay ni Almario mulang 1992, ginamit niya ang "seryoso," pero noong 1981 ay ipinahayag niya ang kanyang agam-agam tungkol dito, na baka ito'y likha ng mga "edukado." Inilarawan niya ito bilang "kakuwanan," kasama na ang "bentahe" at "responsibilidad." Pagpapatuloy ni Almario, "hindi naman gaano gamitin ang mga ito sa ordinaryong usapan ng taumbayan at mas lumalabas sa sulatin ng mga edukado" (*Filipino* 6, may diacritics ang "gamitin" at "sulatin" sa orihinal [badge of honor para kay Almario ang paggamit ng diacritics, at, susmaryosep, madalas nga naman akong nalilito pag nasasabihang "bukas" ang zipper ko]). Labing-isang taon pagkatapos, ginagamit na rin ni Almario ang "seryoso." Marahil ay nakita niyang tanggap na rin ito ng mga karaniwang tao. At iyon

din ang magiging tadhana ng mga inusig ni Almario tulad ng "obhektibo," "panatisisimo," at "aspeto," isama na ang "konsistensi," "palisi," at "balyus" (40), at iba pang salitang inilagak niya sa impiyerno gamit ang katagang "siyokoy" (32, 44). Wala ngang batas ang korupsiyon, pwede ring sabihing ang meron lang ay myuteyshon. Dapat yata'y "shokoy" ang pagspel? At ano ang gagawin natin sa "nanaman," "niyo," at "iba't-ibang?"

Kumabit ang makinang "seryoso" at hindi ang makinang tamang Espanyol na "seryo" sa makinang wikang Filipino. Ang tanging standard sa katumpakan ng isang salita'y ang paggamit dito ng mga tao. Syempre pa, may kapangyarihan ang mga institusyon. Pero kahit mamula na ang lahat ng guro ng wika sa kakasigaw, pag "isa't-isa" ang ginagamit, "isa't-isa" ang tamang baybay. Isa pa, ang mga institusyon din ay nagbabago ng isip. Noon "tama" ang "anu-ano," ito ang itinuturo sa mga eskwelahan. Ngayon, "ano-ano" na (KWF 33). Alam ito ni Almario, kaya nga niya ipinagtatanggol ang paggamit ng "titser" (*Filipino* 41-43). Isang araw siguro'y iaabandona na niya ang "Filipinas" (16-17).

E ano ngayon ang tanong nina Deleuze at Guattari. E ano ngayon kung makina ang wika? Marami itong konsekwenzes. May tatlo akong iaanderlayn. Una, ang pagtingin sa wika bilang makina ay nagpapalabnaw sa petisisimo natin sa orihen. Ayon kay Almario, dapat, "kontemporanyo" imbes na "kontemporaryo" dahil galing ito sa "contemporaneo" (44). Pagkakamali rin ang "pesante" dahil mistep ito sa kadenang nag-iisip na dahil "'presidente' ang Ingles na 'president,' 'residente' ang 'resident,' at 'informante' ang 'informant,' puwedeng isunod na pa-Espanyol ang 'pesante,' bilang salin ng Ingles na 'peasant.' Ang masama, walang 'pesante' sa Espanyol" (45). Dahil "pesante" na gamit ng karamihan sa pagtukoy sa mga pesante, hindi na mahalaga kung ito'y mali-maling Espanyol/Ingles. Pwede pa ngang ipagdiwang ang pagiging-nagmula-sa-mali-mali nito. Ang mahalaga ay sa kung ano na ito ngayon maaaring gamitin. Kaya nga walang problema si Villareal na kasama sa jeneyaloji ng sugilanon ang korido't mga relihiyosong literatura. Ang mahalaga'y mahaylaytang subersibong potenshal nito. Gayundin, hindi problema ni Guillermo na "galing sa labas" ang diskurso ng paraiso ang inilalapat ni Rafael sa rebolusyonaryong kaisipan ng mga Filipino. Ang mahalaga sa kanya'y ang nababasang niyang nakapanghihinang resulta ng ganitong pagsipat, kundi man matatawag na nakapanlilinlang. Argumento nga ni Guillermo, alinsunod kay Lope K. Santos,

"the material superiority of the colonial/neo-colonial war machine [!] could not have been defeated by any amount of strenghtening of the 'loob' and inner 'liwanag' though interminable oraciones and the 'feeding' of anting-anting. This lesson has been taught from the machine [!] gunner's post many times already in Philippines history" (208).

Pangalawang konsekwenz ng pagtingin sa wikang Filipino bilang makina: naiigpawan na ang isyu ng "esensya." Ano nga ba ang ituturing nating salitang Filipino? Naigigiit ni Villareal ang pagpasok ng mga salitang Hiligaynon sa wikang pambansa dahil malay siyang maraming salitang Hiligaynon ang mula sa Espanyol, na naging salitang Hiligaynon na. Ang itinuturing na salitang Hiligaynon ang salitang Hiligaynon. Ang itinuturing na salitang Filipino ang salitang Filipino. Wala ibang espesyal na katangian na nagbibigay ng eleveyted status sa "dalubhasaan" kumpara sa "kolehiyo." Walang "pangit" na salita, walang "mali ang dating" o "nakakaasiwa." Hindi syempre ibig sabihin na gusto kong mas ginagamit ang "kolehiyo" sa "dalubhasaan" ay bawal nang gamitin ang "dalubhasaan." Ibig sabihin lang, kailangan ding tanggapin ang pagpasok ng "kalej" sa ating bokabularyo. Mas maraming salita, mas mainam.

Nakahugpong dito ang pangatlong punto: bilang makina, hindi komunikatibo ang wika. O sige, hindi *hindi* komunikatibo ang wika. Pero hindi komunikasyon ang pangunahin nitong layunin o fangshon. Napapatunayan naman ito sa pang-araw-araw na buhay. Madalas hindi nagkakaintindihan ang mga tao, kahit pa pareho sila ng kasarian, uri, etnisidad, edad, relihiyon, at edukasyon. Hindi ito dapat tingnan bilang pagkakamali ng tao o kakulangan ng wika. Imbes, dapat itong ipagdiwang bilang pagpapamalas ng kakayahan ng makinang wika na lumawak pa lalo't kumabit sa iba (i.e. hindi lang komunikasyon ang kaya nitong gawin). Ano nga ba ang kayang gawin ng wika? Ano ba ang hindi? Kaya nitong kumawala, magpaganda, maglaro, lumikha. Kaya nga kahit hindi (pa) naiintindihan ng mga Manileño ang "gugma" o ng mga Inglesero ang "banig," mahalaga na ipasok ito ang mga salitang ito. Ang brut fakt ng kanilang pagiral ang ipinararamdam. Naaalala dito hindi lamang ang likhang-sining, kundi ang tao mismo. Ang makinang tao, na hindi dapat sukatin sa antas ng yaman o lebel ng pag-aari, na hindi dapat gamitin hanggang mamatay, na hindi nasa mundo para lang magtrabaho at maghirap. Mapipigilan ba nila ang ating paghihimagsik? Sunugin ang lahat ng pwedeng sunugin.

## SANGGUNIAN

- Adkins, Brent. 2015. *Deleuze and Guattari's A Thousand Plateaus*. Edinburgh University Press
- Almario, Virgilio S. 2009. *Filipino ng mga Filipino*. Pasig City: Anvil Publishing
- Almario, Virgilio, editor. *KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat*. Komisyon sa Wikang Filipino, 2014, [http://kwf.gov.ph/wp-content/uploads/2016/03/MMP\\_Full.pdf](http://kwf.gov.ph/wp-content/uploads/2016/03/MMP_Full.pdf). Inakses Pebrero 20, 2017.
- Deleuze, Gilles at Guattari, Felix. 1995. *What is Philosophy?* Columbia University Press
- Deleuze, Gilles at Guattari, Felix. 2000. *Anti-Oedipus*. University of Minnesota Press.
- Guillermo, Ramon. 2009. *Translation and Revolution*. Ateneo de Manila University Press.
- Guillermo, Ramon at Villanueva, Martin. "Introduction." *Kritika Kultura*, tomo 26, pp. 618-625, 2016, <http://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/kk/article/view/KK2016.02632/2102>. Inakses Pebrero 20, 2017.
- Hardt, Michael. Reading Notes on Deleuze and Guattari, <http://people.duke.edu/~hardt/Deleuze&Guattari.html>. Inakses Pebrero 20, 2017.
- Lucero, Rosario. 1996. "Mga Tala sa Pagsasalin." *Dulaang Hiligaynon*, inedit ni Rosario Cruz-Lucero, Ateneo de Manila University Press, pp. 31-40.
- Maceda, Teresita. 2009. "Saling Pampanitikan sa Cebuano Tungo sa Pagpapaunlad ng Wikang Pambansa." *Salin-Suri: Panimulang Pagmamapa ng mga Larangan Pag-aaral ng Pagsasalin sa Pilipinas*, inedit ni Galileo Zafra, UP Sentro ng Wikang Filipino - Diliman, pp. 165-176.
- Quezon, Manuel III, editor. *WIKApedia: Balarila at Aralin sa Filipino*. Presidential Communications Development and Strategic Planning Office, 2015. [http://pcdsp.gov.ph/downloads/WIKApedia\\_Booklet\\_2015\\_ed.pdf](http://pcdsp.gov.ph/downloads/WIKApedia_Booklet_2015_ed.pdf). Inakses Pebrero 20, 2017.
- Pagusara, Don. 1993. "Ilang Paglilinaw sa Pagsasalin." *Panulaang Cebuano*, inedit ni Erlinda Alburo, Ateneo de Manila University Press, p. xxii.

- Polo, Biron. 1994. "Introduksiyon." *Panulaan at Dulaang Leytenhon-Samarnon*, inedit ni Jaime Polo, Ateneo de Manila University Press, pp. 1-36.
- Rafael, Vicente. 1988. *Contracting Colonialism*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Villareal, Corazon. 1994. *Translating the Sugilanon: Re-framing the Sign*. Quezon City: University of the Philippines Press.

# BAGONG HUMANISMO NI RAMON GUILLERMO

Ang papel na ito ay pangkalahatang presentasyon ng mapanghamong kaisipan ni Ramon Guillermo, iskolar, kritiko, tagasalin, polyglot, makata, nobelista. Bakit si Guillermo? Dahil isa siya sa mga kasalukuyang nagsusulat nang napaghahalong sopistikado at *cutting edge* na metodolohiya at pakikisangkot sa mga isyung pambayan at panlipunan. Naiiwasal ni Guillermo ang mga pertinente at interesanteng tanong, at hinahamon ang mga mambabasa na muling pag-isipan ang inaakala nilang sentido kumon at problemang "nasagot na."

Nakapokus ang pagninilay-nilay na ito sa mga kritikal na papel ni Guillermo, sa kanyang interdisiplinaryong lapit sa agham panlipunan at humanidades. Naglalalatag si Guillermo ng makapangyarihang lapit na sumasaklaw sa mga usapin ng epistemolohiya, pagsasalin, at kasaysayan. Sa kanyang pakikipagdiyalogo sa mga impluwensiyal na iskolar ng Araling Pilipino (Rizal, Zeus Salazar), at teorya (postkolonyalismo, Marxismo), gayundin sa pagtalakay ng mga kongkretong problema ng kontemporaryong lipunang Filipino (globalisasyon, neoliberalismo). Nakapaghahain si Guillermo ng orihinal na balangkas na tunay na kaakit-akit sa kahit sinong manananaliksik na naghahanap ng alternatibo sa tuyot na lupain ng empirismo at positibismo.

## 2.1. Halaga ng Datos

Mapapansin agad ng kahit sinong mambabasa ni Guillermo ang espesyal na lugar sa kanyang mga gawa ng pagbibilang. Sa "Sariling atin: Ang nagsasariling komunidad na pangkomunikasyon sa disilipinang Araling Pilipino," binanggit niya ang bilang ng mga nagsasisipi sa historyador na si Zeus Salazar sa mga tesis at disertasyon sa Asian Center at Kolehiyo ng Arte at Literatura ng Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, bilang pruweba ng lawak ng impluwensiya nito (Guillermo, 2016a, p. 31). Gayundin, nang may kasama pang table, isiniwalat ni Guillermo ang sobrang babang bilang ng mga nagsusulat ng kanilang tesis at disertasyon sa wikang Filipino sa Asian Center (12% lamang), at ang sobrang laking bilang ng mga tesis at disertasyon sa Asian Center na wala man lang isang sinisiping akdang nakasulat sa Filipino (66%) upang ilarawan ang kalunos-lunos na estado ng pananaliksik sa agham panlipunan sa Pilipinas. Samantala, sa "Pantayong Pananaw and the History of Philippine Political Concepts," nakasalalay sa impormasyong nahalaw mula sa Google Books, ipinakita ni Guillermo ang pagtaas at pagbaba ng paggamit ng mga salitang "himagsikan" at "rebolusyon" sa mga librong Filipino mulang 1900 hanggang 2009 (2009a, p. 115). Bagaman babalikan ang puntong ito sa ibabang bahagi ng introduksiyon, sapat nang sabihin ditong may dahilan ang pagbibilang na ito ni Guillermo. Sa kaso ng pagbibilang sa paggamit ng "himagsikan," para tuligsain ito ang argumento ni Salazar na magkaiba, para sa mga Filipino, hindi lamang ang mga salita kundi ang mga konsepto ng himagsikan at rebolusyon.

Sa kanyang "Moral Forces, Philosophy of History, and War in Jose Rizal," binilang ni Guillermo ang dami beses na ginamit ng Alemang pilosopo ng gera na si Carl von Clausewitz ang praseng "moralische Kräfte" (29 beses) para igiit ang posibleng ugnayan ng pananaw niya sa pananaw ni Rizal, na ginamit naman ang "fuerzas morales" (ang salin ng "moralische Kräfte") para ipaliwanag ang maaaring maging kalagayan ng kolonyang Pilipinas sa loob ng isang daang taon (2012a, p. 17). Nakahugpong ang paggamit ng mga parehong salita at prase sa pagkakatulad din ng retorika ng dalawang mangingisip (p. 28). Ang ugnayan ng pagbibilang at retorika ay muling mamamalas sa "Natural Law and Anticolonial Revolt: Apolinario Mabini's *La Revolución Filipina* at Isabelo de los Reyes' *La Sensacional Memoria*," kung saan ikinompara ni Guillermo ang paggamit ni de los Reyes ng mga salitang "inocencia,"

"inocentemente," at "inocentes" sa paggamit ni Mabini (19 kay de los Reyes, tatlo lang kay Mabini), gayundin ang "torturas," "torturados," at "torturaban" (21 kay de los Reyes, lima kay Mabini), upang ilunsad ang paglalarawan sa una bilang kronista at sa huli bilang historyador (2016b, p. 22-23). Talinghaga ni Guillermo: "Nakikinig si Mabini, umiiyak si de los Reyes."

Sa puntong ito mapaghihinalaang mayroon ding retorikal na silbi ang pagbibilang ni Guillermo. Ipinaliwanag niya ang kanyang lapit sa "Panunuring Leksikal at Kolokasyonal ng Apat na Nobela ni Lazaro Francisco": "Mas masinsin ditong napapalitaw hindi lamang ang relatibong pagkakahawig at pagkakaiba ng mga bokabularyo ng mga ipinangkat-pangkat na mga akda kundi ang relatibong pagkakahawig din at pagkakaiba ng mga ito sa isa't isa bilang mga indibidwal na akda. Halimbawa'y maiipapakitang may pagkakahawig ang akdang X sa akdang Y na naiiba naman sa Z samantalang mayroon namang pagkakahawig ang X at Z na naiiba at hindi makikita sa Y. Dito sa pinagsanib na pagkakaiba at pagkakahawig ng X kapwa sa Z at Y ay maitatakda ang isang aspekto ng kanyang identidad at pag-iral bilang indibidwal na akda" (2013, p. 75-76). Ang pagbibilang ay nagbibigay ng tiyak na tuntungan at empirikal na pundasyon para sa pagsusuri ni Guillermo. Sangkatutak ang kanyang mga graph (hal., 2009a, p. 115; 2013, p. 86-88) at *concordance table* (hal., Guillermo at Paluga, 2008/2009, p. 47; Guillermo, 2013/2014, p. 231, 234), hindi dahil gusto niyang lusawin ang indibidwalidad ng isang awtor o gawa, kundi para patingkarin ang pagiging indibidwal nito, layuning makakamit lamang kung makaagham ang lapit.

Bukod sa pagbibilang ni Guillermo, agad mahahalata ng kanyang mambabasa ang kanyang pagkiling sa empirikal na datos. Halimbawa, sa kanyang rebyu ng *The Promise of the Foreign* ng Amerikanong si Vicente Rafael, inusig ni Guillermo ang depinisyon ni Rafael ng "pagsasalin" dahil sa kawalan nito ng empirikal na katatagan ang argumento ni Rafael na nanatiling sarado ang mga banyagang salita sa mga komedya at awit, pero imposible nga naman ang ganitong sitwasyon, yaman na lamang, halimbawa, na mayroong 216 salita mula sa Espanyol sa Tagalog na *Florante at Laura* ni Balagtas (2007, p. 57). Punto ni Guillermo na bagaman tunog mahusay sa teorya si Rafael, sintunado ito sa praktika.

Kahit si Salazar, na hindi matatawaran ang impluwensiya kay

Guillermo, ay hindi pinapaligtas ng huli pagdating sa usapin ng realidad. Bukod sa pag-uyam kay Salazar dahil sa pagiging *inflexible* nito, at sa pag-abandona sa kasaysayan para sa etimolohiya, binigyang-diin din ni Guillermo ang kawalan ng historyador ng empirikal na pundasyon (2009a, p. 107-109). Ito raw ang dahilan kung bakit hindi nakikita ni Salazar ang kawalang-pagkakaiba (para sa mga Filipino) ng mga salitang "rebolusyon" at "himagsikan." Ang pagkiling ni Guillermo sa realismo ang siya ring dahilan kung bakit niya pinaparodiya ang kategorya ng "mentalidad" ni Salazar (2016a, p. 35-36), konseptong balakid sa pagtanggap ni Salazar sa kakayahan ng ibang historyador na mabigyang kabuluhan ang kasaysayang Filipino.

Ang katapatan ni Guillermo sa empirikal na datos ang dahilan, halimbawa, kung bakit niya hindi matanggap ang kawalan ng tekstwal na basehan ng analisis ni Epifanio San Juan Jr. sa pagiisip ni Rizal (2012a, p. 8-9, 28), partikular sa "Filipinas dentro de cien años" ng pambansang bayani. Para kay Guillermo, walang bentahe at may disbentahe pa nga sa pagsisinungaling tungkol kay Rizal, dahil nagreresulta ito sa maling paglalarawan sa mundong kinagagalawan ni Rizal (2011, p. 491). Nang may pagpuri sa librong *Ka Amado* ng manunulat na si Jun Cruz Reyes, binigyang-diin ni Guillermo na dapat isaalang-alang ang lahat ng gawa ng dakilang si Amado Hernandez, tulad ng ginawa ni Reyes, keso reaksiyonaryo pa ang mga ito at taliwas na nabuo nang imahen kay Hernandez, sa pagsusuri ng mga sulatin, *output*, at ideolohiya ng huli, imbes na burahin ang pag-iral ng mga teksong ito (2012b, p. xi). Sa ganitong paraan, nakakalikha/nakakadiskubre ng bagong Hernandez, iyong lampas sa establisadong imahen.

Kung kaya siya, si Guillermo, para masiguro ang kanyang mga argumento, ay kumukonsulta pa sa manuskritong nakasulat-kamay ng *El Filibusterismo* (2011, p. 473), gayundin sa "tagalische Verskunst" at "Arte métrica del Tagalog" (2010, p. 566). Kahit sa sarili ay walang patawad si Guillermo. Inamin niya sa kanyang "Rizal's 'tagalische Verskunst' Revisited" na mali-mali (2010, p. 565) ang kanyang naunang naisulat na sanaysay tungkol dito (2006a). Dahil sa pagiging estriktong ito ni Guillermo sa sarili, hindi na nakapagtataka ang ipinamalas nilang pagdurog ni Myfel Paluga sa *Deciphered Secrets* ng isang Quintin Oropilla sa kanilang "Barang King Banga: Isang Eksperimental na Pagbasang Bisaya sa Inskripsyon sa Banga ng Calatagan" (2008/2009, p. 29, 36, 42, 43, 59, 61; [malaya ang paglipad ng imahinasyon, idiosinkratiko, ilohikal, walang batayan, mali at

arbitrario]; bagaman kinikilala rin nila ang kontribusyon nito [49]). Kaakibat nito ang pagiging *cautious* at may pagka-*playing safe* pa nga nina Guillermo sa presentasyon ng kanilang pananaliksik (p. 35, 46, 74, 75), na minsan ay nakakainis na nga, sapagkat wala namang gustong magbasa ng papel na di-makabasag pinggan; ngunit kinikilala ang halaga, ang pagtitimpi sa proyektong maka-agham.

Hindi ibig sabihin nito'y *naive* na empirisista, o, susmaryosep, positibista si Guillermo. Malay siya sa impluwensiya ng mananaliksik sa sinasaliksik mismo. Siya na mismo ang nagbigay ng babalang ito: "... kailangang laging isaisip na ang mananaliksik na nagsisimula sa antas na "empirikal" ay lagi't laging may "teorya" at ang nagsisimula sa "teorya" ay lagi ring may pinagbabatayang "empirikal." Kahit sa usapin ng kolokasyon ay walang maituturing na "purong empirikal" na penomenong tekstwal" (2013, p. 76). Ang kanyang pagbibilang sa sanaysay tungkol kay Francisco ay kailangan pa ring may kaakibat na analisis (88). Binigyang-diin niya ang interbensyon ng mananaliksik: "Hindi dapat malinlang ang gumagawa ng analisis sa paniniwalang ang isang "korpus" ay isang penomenong dalisay sa interbensyon at pagpapakahulugan. Ang mismong pagpili at konstruksyon/rekonstruksyon ng isang korpus, halimbawa'y ang pagtatada kung ano ang kabilang at hindi kabilang dito, ay isang akto na ng interbensyon sa realidad nitong pangwika" (p. 77), (ipapamalas niya mismo ang interbensyong ito sa sanaysay mismo [79]). Taliwas sa epistemolohiya ni Guillermo ang petisismo sa *raw data* (2000a, p. 134, 137), at ayaw na ayaw niya sa positibismo (2002, p. 280). Ito rin naman ang pananaw nina Portia Reyes at Guillermo sa kanilang "Paraphrasing Europe: Translation in Contemporary Filipino History": "But sources merely provide details about a nation; sources do not make its history. To constitute a people's history, sources need to be woven into an intelligible narrative. A historian weaves sources into a narrative through her/his preferred philosophy of (change and development in) history. Such a theory organizes facts from historical materials and shape their interpretation and meaning, determining the flow of an exposition. It follows that every theory bring about a different history, for it provides a specific reading of a people's Dasein and development" (Guillermo at Reyes, 2009, p. 82).

Hindi lang iskolar kundi militanteng aktibista si Guillermo. Sa "Computers, Political Prisoners and Punk Music," isinalaysay ni Guillermo ang kanyang na pagkamulat sa panahong ng Batas Militar

(2016c, p. 227-231). Sa konklusyon ng kanyang sanaysay, sinabi niyang iniwan muna niya ang *computer programming* (bagay na ngayon ay muling kinahuhumalingan niya) para matutong makipag-usap sa tao. Mayroon, kung gayon, na *layunin* ang kanyang pagkakalap ng datos. Dahil dito, naipagkakabit-kabit niya ang iba't ibang fakt upang bumuo ng bagong larawan. Halimbawa, sa kanyang "Ang ISI at ang Alamat ng Internasyonal na Komunidad ng mga Syentista," pinaghugpong niya ang katotohanang paga-ari ng *Newsweek* ng multinasyonal na kompanyang Time Warner at ang epekto ng pagpopondo sa agenda ng pananaliksik sa mga bansang bahagi ng Ikatlong Daigdig (2000a, p. 140-141). Pagpapatuloy pa niya:

"Kapansin-pansin din na ang Institute for Scientific Information ay bahagi ng Thomson Corporation (\$6B ang kita bawat taon) na siya ring may hawak ng kilalang Jane's Information Group na nangunguna sa pagbibigay-informasyon hinggil sa mga usaping militar, depensa, balanseng-pulitikal, at detalye ng mga armas pandigma para sa mga mamimili" (142-143).

May kapansing-pansing katangian ang katotohanan: nababago ito. Kung kanina ay mayroong pader sa harap ng isang mason, pag minaso niya ito, nababago ang realidad. Hindi walang hanggang ang datos, hindi pwera fakt ngayon ay faktpa ring bukas. Sa puntong ito nais ko nang talakayin ang susunod na importanteng pinagkakaabalahan ni Guillermo: ang wika.

## 2.2 Kamo, Kako, Kanya

Dominante ang wikang Ingles ngayon sa mundo ng agham. Hindi ito ang kaso noong nakaraang siglo, kung kailan Aleman at Pranses ang namamayani. Argumento ni Guillermo, hindi tinanggap ng mga Inglesero ang sitwasyong iyon, kung kaya nga ngayo'y Ingles ang wika ng agham (2000a, p. 147). Ang aral dito: hindi kinakailangang tanggapin ang kasalukuyang dominasyon ng Ingles.

Sa katunayan, maaari pa ngang magkaroon ng mapinsalang

pekto ang paggamit ng Ingles. Lubos ang utang sa paglalarawan ni Salazar sa pagkakaiba ng pangkami at pangtayong pananaw, idiin nina Reyes at Guillermo ang pulitika ng pagsusulat sa Ingles at ang impikasyon nito hinggil sa tanong na "Sino ang iyong kausap?":

"By continuing to report and explain the archipelago and its peoples through documentary sources to an English speaking audience, these authors unwittingly prevented the rise of a truly meaningful discourse with the majority of the people in the country, that is, Filipino-speakers" (2009, p. 72; tingnan ang Guillermo 2016a, p. 33-34).

Para kanino, kung gayon, nagsusulat ang isang kritiko, pilosopo, o historyador? Dito na umiigpaw si Guillermo sa kinikilingan niyang empirisismo. Ang mga fakt ay nalilikha.

Mamamalas ang kanyang epistemolohiya *in action* sa kanyang pag-atake sa nosyon ng di-umano'y internasyonal ngang komunidad ng mga siyentista. Kaninong mga interes ang napagsisilbihan? Para saan ang agham ng mga siyentistang ito? Tanong ni Guillermo: "...sinu-sino itong mga colleagues na ito? Kung tutuusi'y ang pinakabatayang materyal ng pagiging "internasyunal" ng mga naturang dyornal ay ang napakalaking pondong itinatustos sa mga pananaliksik na nilalaman ng mga ito upang matugunan ang, sa malaking bahagi ay, lokal at etnosentrikong mga usapin ng lipunan, ekonomya, agham at kultura sa mga higit na maunlad na bansa sa daigdig" (2000a, p. 139). Imbes na mag-unahan, magsikuhan, at magbalyahan para malathala sa mga pinagpipitagan, di-umano, na mga journal at publikasyon, suhestiyon ni Guillermo na magtatag ng sariling journal ang mga bansa ng Ikatlong Daigdig (p. 145, 148). Hindi ito magresulta sa *echo chamber* o di kaya'y *isolated* na diskurso, kundi agham, agham panlipunan, at humanidades na tumutugon sa mga pangangailangan ng mamamayan ng mga bayan ng buong mundo, hindi lamang ng Kanluran.

Ang kakatwang pananaw ni Guillermo sa wika ay natutunghayan din sa kanyang praktika ng Araling Salin. Samantalang sintido kumon na sa pagsasalin ay kailangang tumbasan ang isang salita o parilala sa banyagang wika ng isa pang salita o parilala sa sinasalinang wika, hindi ganitong kasimple ang kaso para kay Guillermo. Sa kanyang "A Pouring Out of Words: *Das Kapital* in

Bahasa Indonesia Translation," bagaman binanggit niya ang ilang pagkakamali ni Oey Hay Djoen sa pagsasalin nito mula sa Ingles na salin ang obra maestra ni Marx (2013/2014, p. 224-225), hindi ito ang punto ng kanyang papel. Imbes, mas interesado si Guillermo sa mga tinaguriang niyang "indonesianizations" (p. 226), at mas lalo na sa iba't ibang estratehiya ni Djoen sa pagsasalin ng *Kapital*. Ganito rin ang kanyang atitud sa mga pagsasalin kay Rizal (2011, p. 478-479, 485, 487-489). Sinabi pa nga nila ni Reyes na ang mga parateksto tulad ng anotasyon, paunang-salita, talababa, at iba pang itinuturing na panggulo o balakid sa madulas na pagbabasa ay nagpapalakas sa isang salin (Guillermo at Reyes, 2009, 67-68, 75-77, 81).

Gayumpaman tinitingnan ni Guillermo ang *Kapital* bilang siyentipikong gawa, at kinikilala niya ang kumbensyon sa pagsasalin sa agham na dapat konsistent ang itinutumbas na salita sa sinasalinang wika para sa banyagang salita. Ngunit! Bukas din siya sa ideya na sa *diversification* (i.e. sa paggamit ng iba't ibang salita para irender ang isinasaling salita) ay maaaring makaaninag ng mga posibilidad at bagong kabatiran (Guillermo, 2013/2014, p. 238; tingnan din ang Guillermo at Reyes, 2009, 78, 94). Hindi lang ito nagaganap sa pagitan ng dalawang wika (Guillermo, 2007, p. 56, 58), kundi sa loob ng isang wika mismo (2009a, p. 109-110). May tunggalian sa kahulugan ng mga salita.

Sa paglalatatag na ito, maaaring ilarawan ang epistemolohiya ni Guillermo bilang pragmatista ("pragmatiko" ang paglalarawan niya sa atitud ni Rizal hinggil sa rebolusyon [2012a, p. 29; ikumpara sa 2002, p. 281]). Sa kanyang "Enabling Truths on the Verge of Pedagogy," tinalakay ni Guillermo ang pagagalugad ni Caroline Hau sa *Necessary Fictions* sa "crucial distinction between the notion that all action ought to be premised on a knowledge of the whole truth, and the contradictory idea that the impossibility of total knowledge does not prevent or forestall action, but serves rather as its enabling condition" (2002, p. 279). Hindi indibidwalistiko kundi kolektibo ang pragmatismo ni Guillermo (2002, p. 287; tingnan din ang 2007, p. 59). Hindi nahahagilap ng isang tao ang katotohanan, bagkus ay nililikha ito sa kolektibong praktika. Bagaman hindi niya direktang inaako ang sumusunod na deklarasyon, mahihinuha ang pagsang-ayon ni Guillermo sa itinuturing niyang tindig ng mga balagtasista sa katotohanan: "Gayunpama'y lumilitaw na pangunahing mga katangian ng balagtasan ang paniniwalang ang "katotohanan" ay makakamit lamang sa pagsasalungatan ng mga kaisipan habang sabay

na kinikilala na ang "katotohanang" ito ay "inaaabot-kaya" lamang hindi ganap na makakamit habang nagaganap ang pagtatagisan at pagtatagpuan ng mga diwa't kaisipan sa loob ng lipunan at kasaysayan" (2000b, p. 14). Ang iskolar ng agham panlipunan at humanidades ay hindi lamang nagrereport tungkol sa mundo. Sa mismong pagsasaliksik, pag-iisip, at pagsusulat niya tungkol sa mundo'y hinuhubog niya ito.

### 2.3 Tungo sa Bagong Humanismo

Minsan ay kataka-taka ang dating ng mga pananaw ni Guillermo. Sa kanyang "Ang Kanyang mga Tula ay Kanya rin Biograpiya," paunang salita sa nabanggit nang *Ka Amado* ni Jun Cruz Reyes, isinalaysay ni Guillermo ang isang karanasan sa writing workshop na mga manggagawa ang participant. Nakabasa siya ng gawa na halos pag-uulit lamang ng isang saknong mula sa "Kung Tuyo na ang Luha Mo, Bayan" ni Amado Hernandez. Pero panandali lang niya itong tiningnan bilang kaso ng plagiarism, at imbes ay itinuring na *homage* kay Hernandez, na sa pagsisilbi sa bayan sa pamamagitan ng mga salita'y naisapuso na ng anak-pawis (2012b, p. vii). Kaunting pagbabago lamang ng perspektibo'y nagiging papuri na ang pangongopya.

Nakatuntong sa tindig na ito ni Guillermo ang paglarawan niya sa kasaysayan bilang laging bukas. Sa siyentipikong pagsala sa datos, nagkakaroon ng malawak at malalim na saysay ang naratibo ng nakaraan (2009b, p. xi). May silbi ang pagturing sa kasaysayan bilang bukas: dahil dito'y nakapaglathala si Guillermo ng pag-aaral, nang may analisis ortograpiya, kung saan may bigat niyang mas lalong pinagtibay ang posibilidad na si Ladislao Diwa ang arkitekto sa pagkakatatag ng Katipunan (2015, 393-418). (E ano ngayon, maitatanong natin. Maraming asersyon ang maaaring mahugot mula sa deskripsyong ito. Halimbawa, pagpapaalala na kolektibong gawain ang rebolusyon, kontra sa kasaysayan ng *Great Men* na laging ibinibenta sa atin ng neoliberal na edukasyon.)

At hindi lang ang nakaraan ang bukas! Hindi lang bilang iskolar isinasagawa ni Guillermo ang kanyang mga interbensyon, kundi bilang pampublikong intelektwal. Isa sa mga palagiang tereyn

ng kanyang pakikipagtunggali ay ang Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, mismo, kung saan siya ang kasalukuyang Presidente ng All-UP Academic Union. Isa sa mga usaping bumabagabag sa Unibersidad ang pagdurog sa programa nitong General Education, na siya namang tinututulan nang mariin ni Guillermo, kasama na rin ang nakaparaming guro at estudyante. Sa kanyang "Interdisiplinarisasyon ng General Education (GE): Salungat sa Layunin ng GE mismo?", inugat ni Guillermo ang ideya ng paghuhubog ng tao gamit ang edukasyon sa pilosopong Aleman na si Wilhelm von Humboldt (2014, p. 54). Itong si Humboldt ay naglarawan ng pagkakaiba ng pangkalahatan at espesyalisadong edukasyon. Kinakailangan ng parehong uri ng pagkatuto. Para kay Guillermo, taliwas ang pagtulak para sa interdisiplinarisasyon sa pagtuturo ng GE sapagkat nakatuntong ang interdisiplinarisasyon sa matibay na pundasyon sa mga disiplina, na nangangailangan naman ng matibay na pundasyon sa mga predisiiplinaryong asignatura, na siya namang nilalaman nga ng GE (59). Sinusubukang buhatin ng mga nagbibida sa interdisiplinarisasyon ang bangko na kanila mismong kinauupuan, inilalagay ang karwahe sa tapat ng kabayo at umaasang ang karwahe ang hihila sa hayop. Inihuhugpong ni Guillermo ang mga pagbabagong ito sa polisiya sa UP sa neoliberalismo (p. 65). Isinasantabi ang mga asignatura sa agham panlipunan at humanidades dahil nais na lamang lumikha ng uri ng tao na espesyalisado at nagsisilbi sa interes ng mga multinasyonal na kompanya. Wala nang malawak na pag-intindi ang magiging gradwado sa UP dahil nakapokus na lang siya sa kanyang espesyalisasyon. Perbersyon ito ng bisyon ni Humboldt: "Ito ang "lifelong learning" ng kontraktwalisadong manggawa na maaaring magtrabaho sa isang call center, magprito ng hamburger sa isang fast food chain o maging security guard sa isang bangko bawat anim na buwan" (p. 67). Samantalang ito ang nangyayari sa estudyante-gradwado, naaapi rin ang mga guro. Gayundin, nagkakaroon ng pagyuyurak sa digdinad ng iba't ibang larang ng pag-iisip, ito "... ang modang "subordination service" kung saan ang isang disiplina ay nakapailalim sa isang herarkiya sa pagitan ng isang master o among disiplina at ang disiplinang nagsisilbi lamang dito. Halimbawa nito'y ang pangangailangan ng mga inhinyerong magtatayo ng isang dam ng mga sociologist o anthropologist upang mapigilan o mapahina ang paglaban at pagprotesta ng mga pamayanang maaapektuhan ng proyekto" (p. 63). Hindi nyutralang mga disiplina, nagbibigay ng walang-pagkiling na impormasyon sa mundo. Pareho silang mga

armas *at* tereyn ng tunggalian.

Wala namang *naive* na pagkapit si Guillermo sa luma. Hindi niya sinasabing perpekto ang lumang programa ng GE ng UP. Patuloy pa rin ang pagbibigay-diin sa bago, ang bisyon niya'y isang bagong humanismo. Ano ang pagkakaiba nito sa nakaraan? Aba, "...napakahalagangbagay na kailangan para sa bagong anyo ng GE ay ang pagpapalit ng eurosentriko, patriyarkal, at elitistang mga katangian ng klasikal na "kanluraning humanismo" (kasama na marahil si Humboldt dito) ng isang bagong humanismong seryosong humaharap sa mga usapin ng uri, kasarian, lahi, etnisidad, at kalikasan" (p. 66).

Interesanteng salita ang "kalikasan," sapagkat tila ba kakaibang matagpuan ito sa isang diskusyon ng "humanismo." Hindi ba't ang kalikasan nga ang iyong iba sa tao, ang kanyang pinangangasiwaan at dinodomina? Yaman rin lamang at bukas sa iba't ibang diskurso si Guillermo (masdan na lang ang kanyang maalwang engkuwentro sa postkolonyalismo sa rebyu niya ng *Clearing a Space: Postcolonial Readings of Modern Indonesian Literature* [2006b, p. 273]), nais ko ritong magbigay ng ilang tala tungkol sa tatawagin kong "vaytalisim," na bahagi naman ng binansagang "nonhuman turn." Alam kong may ironiya rito, dahil nga humanismo ang ipinagtatanggol ni Guillermo. Pero ang gusto nga niya'y *bagong* humanismo, at ang pusta ng paghugot ko mula sa batis at yaman ng vaytalisim ay mayroon ang isim na ito na maibibigay sa mga Filipinong kritiko at intelektuwal, mga instrumento sa pag-iisip at pagsusulat na siya namang magagamit natin sa pakikipagsapalaran sa lipunan at mundo.

Bago magpunta sa vaytalisim, kailangan munang mas pinuhin ang nakikita kong katangian ng bagong humanismo ni Guillermo. Nagsimula ang introduksyonna ito sa paglalarawan ng tila ba pagkahumaling ni Guillermo sa mga fakt. Pero, natuklasang hindi siya basta-basta emperisista at positibista, may pulitikal na katangian ang agham panlipunan at humanidades para sa kanya. Mula rito maaari tayong magdeklara, sa ngalan ni Guillermo, ng tatlong asersyon: (1) walang "natural"; (2) makapangyarihan ang kultura; at (3) nililikha ang tao. Ang mga ito ay implicit sa diskurso ni Guillermo sa agham panlipunan at humanidades, itinulak papalayo at papalaki (*projected*),

bilang mga pilosopikal na kawikaan (axiom). Limiin natin isa-isa ang mga puntong ito.

Pag sinabing "walang "natural"," hindi ikinakaila na mayroong kalikasan. Sino ba nga naman ang magtatatwa na napapaligiran tayo ng puno, aso, bituin, lamok, at buhok? Ang ibig sabihin dito'y may interbensyon ang tao sa pag-uuri ng mga itinuturing nating natural. Halimbawa, ang mga *system* tulad ng excretory system at reproductive system sa katawan. Kasama ang ari sa parehong sistema na ito, hindi natural ang mga sistema bagkus ay paraan ng pag-oorganisa. Isa pang halimbawa ang saging, na tinatawag nating puno pero sa "katotohanan" ay palumpong. Ang saging ba ay puno o palumpong? Depende ito sa kahulugan ng "palumpong" na tao at hindi kalikasan ang lumikha. Ito ang punto ni Guillermo kapag pinapaliwanag niyang walang natural na text. Ang mananaliksik na tao ang lumikha ng itinuturing na *text*, hindi ito natuklasan ng computer. Kapagsinabing "walang "natural"," sinasabing walang pagdiskubre bagaman mayroong paggawa sa mga diskurso ng agham panlipunan at humanidades, at, kung tutuusin, kahit sa agham pangkalisan (natural science).

Kaugnay nito ang ikalawang axiom ng bagong humanismo ni Guillermo, ay makapangyarihan ang kultura. Maitatanong nga, ba't ba nagbubuhos ng nakaparaming oras at lakas sa paggawa para sa pananaliksik? Sapagkat ang kasaysayan, antropolohiya, at pilosopiya ay tereyn ng tunggalian na hindi dapat isuko sa naghaharing-uri na nais lamang bigyang-lehitimasyon ang kanilang pagiging nasa poder. Hindi na kailangan pang ipagtanggol dito ang pananaw na nagbibigay-diin sa papel ng relihiyon sa panahon ng kolonyalismong Espanyol at edukasyon sa panahon ng imperyalismong Amerikano. Anong uri ng halagahan ang ipinapalaganap ng mga pelikula mula sa Hollywood? Anong uri ng Filipino ang nahuhubog pag nanonood ang isang dalagita ng pelikula ni Jennifer Lawrence imbes na kay Jennylyn Mercado, o, susmaryosep, Jackyln Jose? (Isa pang punto, patunay ng ugnayan ng materyal at kultural, kung magbabayad man siya ng buwis na galing sa kinita niya mula sa binayad ng mga Filipino sa sinehan, mapupunta ang pera ni Jennifer Lawrence sa IRS ng Estados Unidos imbes na BIR ng Pilipinas. Iyon ay kung walang off-shore account si Lawrence, at hindi niya agarang ipinapalit sa kanyang mga dolyar sa XMR.)

Kung pagdudugtungin ang una't ikalawang axiom nang may

pagtingin sa edukasyon, makikita ang saysay na sabihing nililikha ang tao. Laban sa mito ng ultraindibidwalismo ng tao bilang isla, pagpapaalala ito sa kolektibong katangian ng pagiging tao. Kapag tuturuan mo ang isang estudyante na mabuti ang kompetisyon at pagiging makasarili, lalaki siya nang iniisip na mabuti ang mga bagay na ito. Kung otomistiko imbes na holistiko ang edukasyon ng mga estudyante, magiging mamamayan silang makitid ang pag-iisip.

Ang bagong humanismo ni Guillermo kung gayon ay nagbibigay-diin sa kapangyarihan ng diskurso na hubugin ang kamalayan ng tao, ng human. Hindi nga natatagpuan ang taong ito sa kalikasan (wala ngang kalikasan), bagkus ay nililikha. Ang tanong, anong uri ng tao ang ating nais likhain? At, kung ang mga ito ang ating paniniwalaan, anong bago ang pwede nating gawin?

Maaari na nating ihugpong ang bagong humanismo sa vaytalisim. Sa kanyang "System and Things: On Vital Materialism and Object-Oriented Philosophy," ipinaliwanag ni Jane Bennett ang kanyang pilosopiya na inspirasyon ang mga sulatin nina Gilles Deleuze at Felix Guattari. Para sa kanya, ang sistema ay binubuo ng mga magkakaugnay na bagay (2015, p. 228). Ang mga bagay ay may hangganan, kundi naghugpong-hugpungan, nagkakabit-kabitan. "Vaytalisim" itong matatawag dahil itinuturing na buhay lahat ng bagay (i.e., hindi lamang ang tao). Kung gayon, ang mga tula mismo ay may buhay, gayundin ang ibang uri ng tekstong pampanitikan, at kultural na produkto. Buhay ang mga halaman, hayop, pati bato. Mayroon silang ahensiya, nangungulit sila't nambubulabog. Hindi lamang ang tao ang hari ng mundo. Hindi *one-side* at *top-down* ang relasyon ng tao sa kalikasan. Mahusay ang ganitong pananaw para magkaroon ng mga bagong idea tungkol sa mga bumabagabag sa atin sa kasalukuyang panahon, halimbawa na lang ang isyu ng climate change. Upang maipamalas ang husay ng kanyang pilosopiya, isinalungat ito ni Bennett sa pananaw ni Tim Morton, na binibigyan ng mabigat na timbang ang tinatawag niyang "hyperobjects":

"They are "mind-blowing" entities, because their ahuman scales and the extremely large or vastly diffused quality of their occupation of space unravels the very notion of "entity." It also becomes hard to see how it is possible to think hyperobjects by placing them within a larger "whole" within which we humans are a meaningful part, because hyperobjects render us kind of moot" (p. 231).

Napakalayo na ba nito sa mga pagninilay-nilay ni Guillermo tungkol sa bilang ng "katarungan" sa mga nobela ni Lazaro Francisco? Hindi, sapagkat pareho ngang nais nina Guillermo at Bennett na magbigay ng malawak na balangkas upang maintindihan nang mas malalim ang ating kapaligiran. Kung susundan si Morton, lutang na lang tayo, aligaga sa usapin ng climate change. Pero kung si Bennett ang sususugan, makikita natin ang ugnayan ng mga tao at ang malalaking pagbabago sa klima ng daigdig. Mabibigyang-diin ang relasyon, halimbawa, ng pagkahumaling lalo na ng mga Kanluraning bansa sa fossil fuel, at ang pagdurog sa kalikasan sanhi ng polusyon. Itong polusyon naman ay inderektang epekto (ang tinatawag ng mga ekonomista bilang "*externalities*," i.e. iyong kasama sa presyo pero imbes na kompanya ang nagbabayad ay *sa labas* ipinapasalo, iyon na nga, sa kalikasan; halimbawa, polusyon) ng walang habas na pagkakamal ng tubo. Sa pagtingin sa mundo hindi lamang bilang eksklusibong teritoryo ng mga tao, kundi bagay na buhay na mayroon ding karapatan at kalooban, matututunan ng sangkatauhan na hindi lamang ang ating mga pagnanasa at pangangailangan ang dapat na pinagtutuunan ng pansin. Kasabay nito, kapag titingnan ang tao bilang bahagi ng sistema ng climate change (tinatawag na ngang Anthropocene ang yugtong ito ng mundo, sapagkat panahon ito ng tao bilang malakas na puwersang humuhubog sa kinabukasan ng daigdig), matututunan nating tayo ang sanhi ng climate change, at mayroon tayong maaari at dapat gawin upang mapigilan ang mga mapamuksang manipestasyon nito. Ubod ng halaga ito para sa Araling Pilipino, at maka-Filipinong agham panlipunan at humanidades. Tayong nasa Pilipinas, tulad ng ibang mga bansang dati'y kolonya, ang tiyak na unang makadadama ng hagupit ng pandaigdigang pagbabago sa klima (tingnan na lang ang karanasan natin sa Ondoy at Yolanda).

Ito naman talaga ang bisyon ni Guillermo. Pag-iisip, pananaliksik, pagsusulat, sa madaling salita, edukasyon na militante, makaagham, at makabayan. Sa bagong humanismo, sa vaytalisim, ang bayan na ito'y binubuo hindi lamang ng mga Filipino, hindi lamang ng mga tao, kundi ng lahat ng bagay na bahagi ng sistema sa siyang ating pandaigdigang komunidad.

## SANGGUNIAN

- Bennett, J. 2015. "Systems and Things: On Vital Materialism and Object-Oriented Philosophy." Nasa R. Grusin (Ed.). *The Nonhuman Turn* (223-240). Minneapolis: University of Minnesota Press.
- Guillermo, R. 2000a. "Ang ISI at ang Alamat ng Internasyunal na Komunidad ng mga Syentista." *Asian Studies*, XXXVI (2), 133-152.
- \_\_\_\_\_. 2000b, Hulyo. "Ang Balagtasang Pangangatwiran ng Bayan." Papel na binasa sa Sixth Annual Philippine Studies Conference, Quezon City.
- \_\_\_\_\_. 2002. "Enabling Truths on the Verge of Pedagogy." *Philippine Studies*, 50 (2), 279-289.
- \_\_\_\_\_. 2006a. "Rizal's 'tagalische Verskunst' Essay: A Case of Self-Translation and Pseudotranslation." *Philippine Studies*, 54 (3), 452-472.
- \_\_\_\_\_. 2006b. Rebyu ng librong *Clearing a Space: Postcolonial Readings of Modern Indonesian Literature*, inedit nina K. Foulcher at T. Day. *Kurenai*, 44 (2), 270-273.
- \_\_\_\_\_. 2007. Rebyu ng librong *The Promise of the Foreign*. *Kritika Kultura*, 9, 55-60.
- \_\_\_\_\_. 2009a. "Pantayong Pananaw and the History of Philippine Political Concepts." *Kritika Kultura*, 13, 107-116.
- \_\_\_\_\_. 2009b. Paunang Salita mula sa isang Kaibigan. Nasa L. Abreu. *Agaw-Dilim, Agaw-Liwanag* (ix-xiv). Quezon City: University of the Philippines Press.
- \_\_\_\_\_. 2010. Rizal's "tagalische Verskunst" Revisited: Mistaken Conjectures and an Annotated Transcription. *Philippine Studies*, 58 (4), 557-585.
- \_\_\_\_\_. 2011. The Problem of Indio Inferiority in Science: Rizal's Two Views. *Philippine Studies*, 59 (4), 471-493.

- \_\_\_\_\_. 2012a. "Moral Forces, Philosophy of History and War in Jose Rizal." *Philippine Studies*, 60 (1), 5-32.
  - \_\_\_\_\_. 2012b. "Ang Kanyang mga Tula ay Kanya ring Biograpiya." Nasa J. Reyes. *Ka Amado* (vii-x). Quezon City: Univeristy of the Philippines Press.
  - \_\_\_\_\_. 2013. "Panunuring Leksikal at Kolokasyunal ng Apat na Nobela ni Lazaro Francisco." *Philippine Humanities Review*, 15 (1), 68-88.
  - \_\_\_\_\_. 2013-2014. "A Pouring Out of Words: *Das Kapital* in Bahasa Indonesia Translation." *Kritika Kultura*, 21/22, 221-240.
  - \_\_\_\_\_. 2014. "Interdisiplinarisasyon ng General Education (GE): Salungat sa Layunin ng GE Mismo?" *Philippine Humanities Review*, 16 (2), 53-69.
  - \_\_\_\_\_. 2015. "Ang Mañga Ualang Auang Jalimao": The First Katipunan Document and the Mysterious Letter "J." *Philippine Studies*, 63 (3), 393-416.
  - \_\_\_\_\_. 2016a. "Sariling atin: Ang nagsasariling komunidad na pangkomunikasyon sa disiplinang Araling Pilipino." *Social Science Diliman*, 12 (1), 29-47.
  - \_\_\_\_\_. 2016b. Natural Law and Anticolonial Revolt: Apolinario Mabini's *La Revolución Filipina* and Isabelo de los Reyes' *La Sensacional Memoria*. *Plaridel*, 13 (1), 16-30.
  - \_\_\_\_\_. 2016c. "Computers, Political Prisoners and Punk Music." Nasa J. Manzanilla at C. Hau (Mga ed.). *Remembering/ Rethinking EDSA* (227-231). Mandaluyong: Anvil Publishing.
- Guillermo, R. at M. Paluga. 2009. "*Barang King Banga*: Isang Eksperimental na Pagbasang Bisaya sa Inskripsyon sa Banga ng Calatagan." *Social Science Diliman*, 5 (1-2), 26-82.
- Guillermo, R. at P Reyes. 2009. "Paraphrasing Europe: Translation in Contemporary Filipino History." *Kritika Kultura*, 13, 64-99.

## ANYO AT DIYALEKTIKA TUNGKOL SA FUTURE FICTION

Layunin ng papel na ito na maglatag ng mga estratehiya sa pagbabasa ng mga kuwento tungkol sa kinabukasan. Argumento ng papel na nangangailangan ng espesyal na atensiyon sa mga pormal na aspekto ng isang teksto para mailantad ang historikal at politikal na puwersang kaugnay nito. May tatlong bahagi ang sanaysay. Una, ipapaliwanag ko ang pagsusuri na "Mula *ST Hanggang Histori: Ang Diskurso ng Kinabukasan sa mga Nagwaging Future Fiction* (Filipino at Ingles) sa Palanca mula 2000-2005" ni Alwin Aguirre. Pangalawa, magbibigay ako ng mabusising pagbabasa ng *Achaeologies of the Future: the Desire Called Utopia and Other Science Fictions* ng Marxistang si Fredric Jameson. Umiinog ang kanyang kritisismo sa dalawang lapit: formalismo, at diyalektika. Sa huling bahagi, gamit ang mga kabatiran ni Aguirre at Jameson, maglalahad ako ng interpretasyon ng mga gawa sa *The Best Philippine Speculative Fiction 2005-2010*, inedit nina Dean at Nikki Alfar, na binubuo ng science fiction at future fiction, at iba pang maikling kuwento mula sa iba't ibang genre. Dahil itinigil ng Palanca ang paggawad sa categoryang Future Fiction noong 2006, mainam na gamitin ang koleksiyon ng *Speculative Fiction* bilang pagtasa sa representasyon ng kasaysayan at kinabukasan, pati na rin sa agham at teknolohiya, sa literatura sa nakaraang mga taon.

Sa pagbabanggan, at hindi lamang aplikasyon, ng mga idea magiging mabunga ang diskurso. Ang papel nito ay halimbawa ng metakritisismo na sa tingin ko ay marapat na pagyamanin sa Pilipinas.

Unahin ko ang kritisismo ni Aguirre. Maikli lang ang diskusyon

ko nito, na marapat lang dahil 25 pahina lang ang kanyang sanaysay, samantalang isang buong libro ang akda ni Jameson. Nais banggitin na wala naman sa haba ang kapangyarihan ng isang teksto, lalo na't hindi lalampas sa 20 pahina itong akin.

Simple, pero hindi simplistiko, ang argumento ni Aguirre tungkol sa mga maikling kuwentong nanalo sa kategoryang future fiction sa Gawad Palanca mula taong 2000 hanggang 2005. Dalawang katangian ng mga kwento ang kanyang binigyang-diin. Ang pagtuon ng mga ito sa agham at teknolohiya (Aguirre 2009, 118), at ang obsesyon nila sa kapangyarihan ng kasaysayan (125). Marahil ay aasahan na ang paglalarawan sa pag-unlad ng agham sa mga kwento tungkol sa kinabukasan, ang ideya'y tataas nang tataas ang antas ng teknolohiya sa pagmartsa ng mga tao. Pero, at ito ang sinapul ni Aguirre, kasabay, para sa mga manunulat ng future fiction, ng pag-unlad ng agham at teknolohiya ang pagkalugmok at pang-aapi sa mga Filipino (121, 131). Kaugnay ito ng isyu ng moda ng produksyon, at kung sino ang may kontrol nito: "Bunsod din ng sarili nating karanasan bilang tagakonsumo lamang (at di tagalikha) ng teknolohiya ang negatibong pagtingin dito bilang siyang magiging hegemonikong tagapagtakda ng kaayusan sa hinaharap —hindi natin ito pagmamay-ari at hindi natin mapanghawakan. Samakatwid, hindi tayo ang nagtataglay ng kapangyarihang gamitin ito upang hubugin ang hinaharap" (132, kay Aguirre ang diin).

Kaparehas na counter-intuitive ang obserbasyon ni Aguirre tungkol sa kasaysayan. Bakit nga naman magiging preokupasyon ng mga kuwento tungkol sa kinabukasan ang nakaraan? Ipinaliwanag ni Aguirre ang kapangyarihan nito bilang kritisismo ng kasalukuyan: "Para sa mga kuwento, may kapangyarihan ang kasaysayan na muli tayong dalhin sa mga karanasan na malaki ang naging bahagi sa paghubog ng indibidwal at lipunan, ngunit palagi ang nasasadlak sa bingit ng alanganin dahilan sa tokenismo, debalwasyon o, ganap na pagbaon sa limot" (127). Ang pagkalimot sa nakaraan ay sarkastikong binansagan ni Aguirre bilang "utopia" (129), pero kakaibang utopia ito. Utopia ito ng mga may kapangyarihan, na dahil ang mga pinamamanginoonan ay walang kamalayan sa kasaysayan ay patuloy na nakakapamuno sa walang hanggang kasalukuyan.

Yaman na lang at nabanggit na ang utopia, maaari na tayong tumungo sa libro ni Jameson, na pangunahing paksa ang utopia at

science fiction. Higit sa lahat, para kay Jameson, para maintindihan ang utopia, kailangan itong maipaliwanag bilang *anyo*.

### 3.1 Formalismo bilang Pulitikal na *Pagbabasa*

Ang formalismo ni Jameson ay hindi ang formalismong inaasahan kapag unang nabasa ang salita. Dahil nga may diin sa anyo at hindi lang sa nilalaman, hindi simpleng "mabuting aral" ang hinahanap ni Jameson. Kontra sa mga kritikong walang pakialam sa anyo at puros nilalaman ang inaatupag, pinupuri niya ang kapangyarihan ng formalistang analisis para sa pulitikal na layunin (Jameson 2005, xiii, 85). Kaugnay din nito, hindi naniniwala si Jameson sa paggamit ng mga standard ng literatura para sa ebalwasyon ng mga gawang genre. Ang mga genre ay may sarili nilang standard, ganda, at kapangyarihan (316, 328). Maaari itong maituring na estratehiya ng panggigipit, pagkulong sa mga konsepto at kategorya ng "literary" ang sa katunayan ay lampas sa literaturang kapangyarihan ng mga gawang genre (317). Para sa kanya, mahalagang bigyang-diin ang pagkakaiba ng anyo ng science fiction, at ng utopia, sa mga tinatawag na Literatura. Kung nilalaman lang ang bibigyang-pokus, naisasantabi na ang espesyal sa science fiction at utopia. Inuuyam pa nga ni Jameson ang sikolohiya bilang metodong mas akma sa pananaliksik sa marketing at paggawa ng patalastas, at kinukwestyon niya ang halaga nito sa pagpapaliwanag ng panitikan (92). Isa pa, hindi ba't masasabing "aplikasyon" lang din ang realistiko at sikolohikal na pagbasa hindi lang sa mga gawang genre kundi sa panitikan mismo?

Kung kaya nga dapat markahan ang mga kawirduhan na specific sa anyo ng utopia (10). Pagpapatuloy pa dito, para kay Jameson magkaiba para sa kanya ang anyong utopia at hiling na utopia (1). Sa pamamagitan ng mga ganitong obserbasyon, mailalarawan ni Jameson ang pagkakaiba ng utopia sa pastoral (12). Ang teksto ng utopia ay hindi umiinog sa pagpapakita ng mga masayang batang nagtatampisaw sa paraiso. Ipinapaalala ng pagggawa ng utopia ang pagputok, ang pagnanasa sa radikal na pagbabago, saka na isipin kung ano ang susunod (231-232). Gayundin, iba ang utopia sa satirika, bagaman pareho silang mapanuligsa (23). Isa pa sa mga hindi katulad ng science fiction ay ang genre ng fantasy. Sa unang tingin,

nakakabigla ito dahil itinuturing na pareho lang ang science fiction at fantasy bilang mga eskapistang anyo ng panitikan. Pero para kay Jameson, kontra sa mga halagahang pang-utopia na mayroon ang mga gawang science fiction, ang fantasy ay perbersyon ng kultura ng mga pesante (60-61), tulad na lang ng *Lord of the Rings* ni J.R.R. Tolkien (67), at ng napakarami niyang manggagaya. Sa pangkalahatan, para kay Jameson reaksyonaryo ang pulitika ng fantasy (60). Kaugnay ng dalawang genre na ito, pinupuna rin ni Jameson ang ideolohiya ng "simpleng buhay" (162). Samantala, ihinuhugpong naman ni Jameson nang positibo ang utopia sa fairy tale, na itinuturing niyang pagpapahayag ng kolektibong pagnanasa (85). Pero hindi naman ito simpleng pagbibida lang ng utopia laban sa ibang genre. Sa totoo, aminado si Jameson sa mga pagkukulang ng manunulat ng utopia, sa usapin halimbawa ng kasarian at etnisidad (171). At para sa kanya, wala naman kasing tamang teksto ng utopia (171). Ang utopia ay nangangailangan pa rin ng diyalektikal na pagsusuri. Sa isa sa mga nakakatawang bahagi ng libro, nagbigay ng pagbasa si Jameson kung saan ang *We* ni Eugene Zamyatin, na dystopia, ay maituturing na utopia, samantalang ang *Utopia* mismo ni Thomas More ang nagiging dystopia, o anti-utopia pa nga (176-177). Sa ibang bahagi ng papel ay magkakaroon tayo ng pagkakataon para sa elaborasyon tungkol sa diyalektika.

Inuugnay ni Jameson ang utopia sa science fiction, na para sa kanya ay subset nito. Para kay Jameson, may halaga ang science fiction sa sarili nito, bilang science fiction, at hindi dahil katulad nito ang mga gawa ng Literatura (xiv). May nagaganap na paggawa ng mundo sa science fiction at utopia, paggawa ng mga institusyon, tradisyon, relasyong pulitikal at ekonomikal (101). Kontra emperisismo, sinusubukan ng science fiction at ng utopia, na magpakita ng hindi pa nararanasan (xiii). Ngunit, may kontradiksyon, dahil maituturing na bricolage, sapin-sapin, o chimera ang gawang *Utopia* ni Thomas More (24-25), ang akdang ama ng mga sumunod na utopia. Kamukha nga raw nito ang London (33). Hindi kakulangan para sa tradisyon ng utopia ang ganitong katangian, kundi oportunidad para sa diyalektikal na pag-iisip tungkol sa pareho at iba. Isa ito sa mga motif ng libro ni Jameson, ang pulitika ng Identidad at Pagkakaiba. Ayon sa kanya, ang pulitika ng utopia ay umiinog sa representasyon ng radikal na pagkakaiba (xii). Halimbawa rito ang pagsusuri ni Jameson sa pelikulang *Bladerunner* (1982, dir. Ridley Scott). Sa mga naunang pelikulang science fiction, ang iba ay iyong alien (i.e. iyong nilalang

mula sa ibang planeta), ang iba na siyang kinakatakutan at kinasusuklaman, ngunit sa *Bladerunner*, sa banghay nito tungkol sa mga "replicant" (mga robot na mukhang tao na nagpapanggap na tao), ang iba ay... ang tao na mismo (141). Ang maka-Utopia dito'y ang ideyang hindi na iba ang iba, dahil nga ang tao na ang iba. Wala nang iba, kung gayon. Kung isasalin natin sa wika ng geopolitics, pwedeng "Lahat tayo ay Palestino." Sa wikang Filipino, "Lahat tayo ay lumad." (May konsekwenzesito sa polisiya. Kung lahat tayo ay lumad, dapat tutulan ang pandarahas sa mga lumad.)

Sa pagtasa ni Jameson sa kasaysayan ng anyong ito, napansin niyang ang iba pang motif na namamayani. Mula lugar ng utopia (i.e. ang lugar kung saan walang paghihirap), ang nirerepresenta na ay panahon ng utopia (i.e. ang parating na panahon kung kailan wala nang naghihirap) (313; 1-2). Isa pang mutasyon ng pagturing sa panahon ay makikita sa pagsukat nito. Sa mga teksto ng utopia, ang kamatayan ay minamarkahan base sa henerasyon imbes na indibidwal (7). (Halimbawa, hindi "namatay si Pepe" kundi "wala nang natitirang Martial Law baby.") Bahagi ito ng diyalektika ng indibidwal at kolektibo na sinuri ni Jameson sa librong ito (137). Lampas sa indibidwal, kasama sa imbestigasyon ni Jameson ang pagtingin sa iba parang paraan ng pag-iral, ng pagiging simuno o subjectivity (168). Masyado na kasing nalibing ang ideya ng indibidwal sa ideolohiya ng lipunan ng kulang, itinuturing na itong pag-aari (174). Dahil kulang-kulang ang lipunan, pakikipagtunggali ang nasa puso nito. Walang pagtataka, kung gayon, ang pagdududa sa mga utopia sa paglalarawan na sobra-sobra (185). Ganito na lamang ba ang pagkamumaling natin sa kompetisyon? Pangungulila ba ito sa kapitalismo? May pagkamuhi rin sa tahimik pang-araw-araw na buhay, na titingnan ng mga mahilig sa ambisyoso bilang nakakabagot (190, 339). Ngunit, alinsunod sa pilosopiya ng Marxismo, ang kapitalismo ay hindi bagay kundi binubuo ng mga relasyon (157-158). Kung maaari pang makatuklas ng bagong paraan ng pagiging tao, kasama rito ang pag-imbento sa iba pang paraan ng pagiging lipunan. Para kay Jameson hindi makakaisip ng utopia na hindi kontra sa kapitalismo, kung ang papahalagahan sa utopia na ito ay komunidad, pagkakapantay-pantay, kapayapaan (196-197). Katulad lang ito ng pantasya (hindi fantasy), na para kay Jameson ay may mga batas na kailangang sundin sa lohikal na paraan. Kung halimbawa, may imortal sa kwento, kailangang maipaliwanag kung paano siya mabubuhay nang hindi nakikilala, saan siya

kumukuha ng pera at pagkain, atbp (342). Kung gusto natin *talaga* ng mundong walang nagugutom, lohikal na maging kontra kapitalismo tayo. At kung may lohika dapat ang hiling para sa utopia, may lohika rin ang mga naratibo tungkol sa utopia (369).

Bukod sa usapin ng panahon, isa pang matingkad na motif sa mga teksto ng utopia ay ang isyu ng iisang mali na hinahanapan ng iisang solusyon, na magdudulot di-umano ng pangkalahatang pagbabago (11, 39, 87). Halimbawa nito ang abolisyon ng pera sa *Utopia* ni More, na blang lolo ng tradisyong pampanitikan na ito ay muli't muling babalikan ni Jameson (12, 20, 40). Hindi na kailangang sabihin, pero hindi tinitingnan ni Jameson ang abolisyon ng pera bilang awtomatikong solusyon sa mga problema ng sangkatauhan (55). Konektado ang pagnanasa sa abolisyon ng pera ang pagnanasa sa abolisyon ng mga relasyong nakapaligid dito: pribadong pagaari, ang mercado, kapitalismo mismo (229-230). Ilan pang problema problema na sinolusyonan sa mga utopia ay ang pagbubuwis (wala nang buwis sa utopia) at imigrasyon (malaya nang maglipat-bayan sa mga utopia) (219-220).

Nakapagtataakang kahit ang "full employment" (i.e. iyong estado ng isang lipunan kung saan lahat ng maaaring magtrabaho ay may pagtatrabahuan) ay kinuwestyon ni Jameson bilang katangian ng isang utopia (147). Inusig niya ang itinuturing niyang pagpuri sa trabaho bilang asceticism o pagkaila sa sarap (151). Bahagi lang ito ng katapatan ni Jameson sa Marxismo at sosyalismo. Binanggit niyang elitista ang pilosopong si Martin Heidegger dahil sa pagkalikot nito ng utak, sa pag-iisip nito tungkol sa kalikasan ng pag-iral, hindi nito binabanggit ang mga kondisyon ng pamumuhay sa ilalim ng kapitalismo (154). Kasalungat nito, si Jameson ay umaatake sa pamamanginoon ng mga bangko, at ang International Monetary Fund (148). Laban sa pagnanasa sa full employment, na ayon sa kanya ay maaaring bitag ng kapitalismo sa mga pangarap ng uring manggagawa, binida niya ang utopia ng leisure time, na siguro'y maaari nating binyagan bilang "pabandying-bandying" (155).

Isa pang motif sa pagsusulat ng utopia na tinukoy ni Jameson ang defamilyarisasyon na nagaganap sa mga tekstong ito. Halimbawa, mababasa sa mga utopia ang pagpoprograma sa utak ng mga bata. Sa unang tingin, tila masamang bagay ito. Hindi dapat sinisira ang utak ng mga bata. Pero, ang diyalektikal na punto ni Jameson, sa

kasalukuyang pagsasaayos ng lipunan mismo ay may pagpoprograma sa utak ng mga bata na nagaganap (50). Hindi lang natin ito pinapansin. Para kumukha ng halimbawa mula sa ibang diskurso, pinapalaki natin ang mga bata na normal lang kumain ng mga hayop (manok, baka, baboy). Itinuturing na lang nating normal ang gawaing ito, imbes na natutunan. Sa isang bansang dominante ang Katolisismo, normal lamang na may maganap na pagdarasal sa mga eskwelahan. Samantala, ipinagbabawal ito sa mga paaralan sa Estados Unidos. Kung ano't ano man ang argumento laban sa pagkain ng mga hayop at relihiyon, ang hindi maikakailangan punto ay ito, na walang lipunang inosente sa pagpoprograma sa mga bata (at hindi lang sa mga bata). Hindi ito negatibong aspekto ng mga inilalarawan na utopia.

Isa pa sa mga tinutuligsa ni Jameson ay ang ideolohiya na "natural" sa mga tao, sa sangkatauhan bilang species, ang pagiging agresibo (52). Isa muli itong pamilyar na kanyang ginagawang dipamilyar, na ginagawang di pamilyar ng utopia. Nakapagtataka, pero hindi nakapagtataka, na kailangan pa rin nating itanong: ano ang utopia? Ito ang paksa ng susunod na seksyon.

### 3.2 Utopia Bilang Metodo

Para kay Jameson, ang husay ng teksto, at kritisismo, ay makikita sa kapangyarihan nitong magtulak sa iba na lumikha ng iba at bagong teksto (xv). Kaya nga siya, parating may pagpugay sa kanyang mga naging guro. Maraming pilosopo at manunulat ang inspirasyon ng teksto ni Jameson. Isa na rito si Ernest Bloch. Nakita ni Bloch ang utopia kahit sa pinakabasurang kultural na teksto. Kahit, halimbawa, ang mga patatalastas para sa laxative (6). Mabalik sa motif ng panahon, para kay Bloch, lahat ng tekstong tumutukoy sa kinabukasan ay may kaakibat na kalooban ng utopia (2).

Bukod sa mga patalastas, ang relihiyon din ay may halagahang utopia (65). Pati ang salamangka at mahika sa mga kwento ay may halagahang utopia (66). Ganito rin ang mga motif sa science fiction at utopia. Ang mental telepathy ang nagpapahayag ng pagnanasa sa utopia, ang magbalik mula watak-watak na lipunang kapitalista sa

isang komunidad na may pakikipagkapwa (300). Ang figura ng siyentipiko ay alegorya ng utopia para sa paggawang hindi alienated (341). Ganito rin ang binibida sa post-apocalypse na lunan ng mga gawa ni Philip K. Dick at ang pagbibigay-diin nito sa husay ng handicraft (347).

Ang lahat na ito'y kontra sa namamayaning kultura, na siya namang nakasandig sa kasalukuyang moda ng produksyon. Nagmuni-muni si Jameson, para bang walang alternatibo sa kapitalismo (xii). Pero, iyon na nga, sa loob ng kapitalismo nagmumula ang kritisismo rito. Ito ang hiling ng utopia.

Nakikita rin ni Jameson ang utopia bilang metodo. Para ito bagang paglalantad na maka-Freud. Pero imbes na "ang patalastas na ito ay tungkol *talaga* sa pagnanasa sa asawa nang may asawa," ay "ang patalastas na ito ay tungkol *talaga* sa pagnanasa natin sa lipunang walang nagugutom" (8-9).

Ito ang utopia bilang metodo ni Jameson. Sa kanyang *Valences of the Dialectic*, ipinaliwanag niya ang utopia bilang iyong nagpapalantad ng limitasyon ng imahinasyon tungkol sa kinabukasan (Jameson 2009, 413). Ang imahinasyon din ang gagamitin para sumuri:

"Kung gayon, ang kaloobang utopia'y nangangailangan ng paraan ng interpretasyon: para sa imbestigasyon at pagbabasa ng mga clue at bakas ng Utopia sa lupain ng tunay; ang pagteorisa at pag-interpretar sa mga di-malay na pagnanasang maka-Utopia sa maliit man o malaking realidad, na maaaring hindi naman maka-Utopia mismo. Ang pundasyon dito, kung gayo'y na kahit ang pinakanakakalasong bagay at pangyayari'y maaaring imbakan at taguan ng iba't ibang uri ng hindi inaasahang pangangarap na maka-Utopia; lagi ko ngang ginagamit ang halimbawang mapagkumbabang aspirin bilang di-malay na tagapagdala ng pinakamayabang na pagnanasa para sa imortalidad at pagbabanyuhay ng katawan"

["The utopian impulse therefore calls for a hermeneutic: for the detective work of a decipherment and a reading of Utopian clues and traces in the landscape of the

real; a theorization and interpretation of unconscious Utopia investments in realities large and small, which may in themselves be far from Utopian in their actuality. There premise here is then that the most noxious phenomena can serve as the repository and hiding place for all kinds of unsuspected wish-fulfillments and Utopian gratifications; indeed, I have often used the example of the humble aspirin as the unwitting bearer of the most extravagant longings for immortality and for the transfiguration of the body"] (415-416; tingnan din ang 423)].

Ang siste, itong pag-iisip ng utopia ay halimbawa lang din ng diyalektikal na pag-iisip, kung kaya't para ito maintindihan nang buo, kailangan natin nang tumungo sa diskusyon ng diyalektika.

### 3.3 Diyalektika

Isa sa mga inuusig ni Jameson ay ang binaryang pag-iisip, at ang relasyon nito sa etika (Jameson 2005, 58, 145). Komplikadong usapin ito. Para kay Jameson, ang mga paghuhusgang "masama" at "mabuti" sa etika ay bersyon lamang ng dikotomiyang ako/sarili at iba. Ang binaryang etika ay walang makaagham na basehan at isa pa ay mistipikasyon ng tunggalian ng uri. Tinawag ni Jameson ang burgis na moralidad bilang damdaming sa sobrang mura'y pwedeng ipabahagi sa lahat (250). Ito rin ang problema ng liberalismo (359). Isinasantabi ng binaryang pag-iisip tungkol sa masama at mabuti ang usapin ng labanan ng uri. Ayon ulit kay Jameson sa kanyang *Valences of the Dialectic*:

"The dialectic is an injunction to think the negative and the positive together at one and the same time, in the unity of a single thought, there where moralizing wants to have the luxury of condemning this evil without particularly imagining anything else in its place" (Jameson 2009, 421).

Nabanggit na nga sa itaas ang pagiging mahirap ng representasyon ng radikal na Iba, ito'y motif sa science fiction (Jameson 2005, 111, 113, 124, 128). Narito rin ang hamon, ang mag-isip ng bagong paraan para isipin ang bago. Halimbawa ni Jameson ang pag-imbento ng bagong kulay, na magbubukas ng daan tungo sa pag-imbento ng bagong mundo (120). Alinsunod sa iskolar na si Robert Elliott, tinitingnan ni Jameson bilang marka ng kahusayan ng isang utopia ang paglalarawan nito sa isang bagong anyong sining na sa lipunang iyon lang matatagpuan (124, 183, 406).

Isa pang halimbawa ng binaryang pag-iisip na dapat baklasin ay ang indibwalismo versus kolektibismo. Binanggit ni Jameson ang masamang reputasyon ng utopia (xi), at isang temang kontra-utopia ay ang pagkawala ng indibidwalidad (7). Pero ang indibidwalismong ito'y hindi lang ang maaaring maging anyo ng indibidwal. Lampas sa indibidwal-ayon-sa-kapitalismo, sinusuri ni Jameson ang posibilidad ng iba't ibang kolektibo, kasama na rito ang nasyonalismo (226). Halimbawa rin dito ang hindi sentralisadong grupo na pinagmuni-munihan ng pilosopong si Jean Paul Sartre (243-244).

Pinansin ni Jameson na hindi lang tungkol sa katarungang panlipunan ang mga nagsusulat ng utopia; matatawag din silang mga wirdona kakaiba ang interes (43). Pinuna ni Jameson na mistulang hobby ng mga intelektwal ang paggawa ng utopia (35). Maaari kayang may interes ng uri na hindi namamalayang namamayani dito? Isa sa mga laro ng mga nag-iisip tungkol sa utopia ay ang pagsulat ng konstitusyon, halimbawa, si Jean-Jacques Rousseau (16). Sa unang tingin, mabuting bagay ang konstitusyon. Pero, maituturing din itong dokumento na ang silbi ay pigilan ang, o igarantiyang hindi magkaroon ng, rebolusyon. Ngunit! Sa diyalektikal na pagbasa ni Jameson, iba ang silbi ng konstitusyon sa utopia ni More: ang pigilan ang pribadong pag-aari, na itinuturing ni More na sanhi ng maraming kakulangan sa kanyang lipunan (36).

Isa pang intelektwal na inspirasyon ni Jameson ay ang ama ng sikoanalisis na si Sigmund Freud. Diniskas ni Jameson ang sanaysay ni Freud na "Creative Writers and Daydreaming." Para daw kay Freud, may dalawang uri ng fantasya. Iyong pribado, at iyong nasensor na bersiyon, hayag at pampubliko (46). Ang estetiko sa sining ang "lagay" ng manunulat sa publiko para maging katanggap-tanggap ang kanyang pribadong fantasya (47). Ginalugad din ni Jameson ang

pagkakaiba ng Imahinasyon at Fancy, dikotomiyang unang ginamit ng romantikong makatang si Samuel Taylor Coleridge (44, 54, 56).

Ngunit, para kay Jameson, hindi lang simpleng wish fulfillment ang utopia. Sa katunayan may kaakibat itong takot o anxiety. Bagaman mawawala nga ang mga kinasusuklamang katangian ng lipunan, mawawala rin ang kilala na, kasama ang kilala nang positibo (palitan man ito ng bagong pakilalang positibo) (97). Ito rin ay halimbawa ng diyalektika. Ang isang bagay (konstitusyong naggagarantiya ng kalayaan, utopia-bilang-pagtupad-ng-pangarap) ay papunta sa kabaliktaran nito (konstitusyong nagpipigil sa rebolusyon, utopia-bilang-sanhi-ng-takot).

Katulad diyalektikal na pag-iisip, kinakain ng utopia ang oposisyon, ang mga debate (142). Modelo ng diyalektikal na pag-iisip, para kay Jameson, ang pilosopong si Theodor Adorno (172). Obserbasyon naman ni Jameson, madalas ang mga disaster at post-apocalyptic na pangyayari aypalusot lamang para maglarawan ng kaayusan na utopia (381). Dito kasi nakikita ang pagkakaisa ng mga tao, ang pagtutulungan imbes na pagpokus sa tubo. Kritikal (kung gayon ay maka-Utopia) ang mga kwentong post-apocalyptic, dahil post-capitalist ang mga lipunang inilalarawan nila.

Kawing-kawing ang relasyon ng utopia sa panahon. Sa isang banda, ibinibida nito ang kagandahan ng pang-araw-araw na buhay sa utopia, walang pagkukwento tungkol sa dakilang rebolusyon o pagsabog na siyang nagdulot ng utopia sa kasalukuyan ng salaysay (188, 213). Sa ibang banda, nariyan ang usapin ng kinabukasan. May mga ideolohiyang nais kolonisahin ang kinabukasan, nagtatangkang paamuhin ito, gawing hindi nakakatakot dahil sumusunod sa mga batas ng kapitalismo (228). Samantala, ang paglalarawan sa science fiction at utopia ng lipunan sa kinabukasan na may kasaysayan ay nagpapaalala sa ating nabubuhay sa kasalukuyan na ang kasalukuyan nga ay may nakaraan, at hindi lang nakaraan kundi kasaysayan (255, 286, 288-289). Ang narito at mayroon ay hindi noon narito, at maaaring mayroong ibang narito bukas. Samantala, sa kapitalismo, binubura ang kasaysayan, na para bang iisang tambak lang ang nakaraan (285). Iba ang pakikitungo sa panahon na hinihingi ng kapitalismo (284). Bagaman malayo ang kinabukasan, ang kasalukuyan ang hindi natin maintindihan (288).

Isa sa mga kahina-hinalang elemento ng kasalukuyan, ang pamilya, ay nakapagtatakdang nasa ilang utopia pa rin (206-207). Sa kanyang eksplikasyon ng pag-aaral ng sosyolohistang si Pierre Bourdieu ng photography, ipinaliwanag ni Jameson kung paano ang mga amateur photographer, sa kanilang paghahangad na maituring na "tunay" na sining, bukod sa pag-angkop ng mga kategorya at standard ng pagpipinta, hindi isinasama ang mga picture ng pamilya sa itinuturing nilang "seryosong" photography (207-208). Ipagpalagay nating tama ito, ano nga ba ang problema sa pamilya? Iugnay natin ang usapan sa mga feministang utopia, kung saan ang papel ng babae (halimbawa, sa kusina), ay hindi na ang "normal" (209).

Dahil sa kabiguan na ilarawan ang utopia, nagpapalit na ang kahulugan nito. Mula paglalarawan ng perpekto o kumpletong mundo, ang utopia na ay ang pagtatangka ng paglalarawan (217). Ito ang diyalektikal na estratehiya ni Jameson. Ang utopia mula pagiging noun ay naging verb, mula bagay ay naging aksyon. Isa pa, ang pagkabigo ng isang manunulat ng science fiction na maglarawan ng radikal na Iba, ng hindi nakabase sa kung ano ang mayroon, ay tagumpay din, dahil ibinabalik nito ang mambabasa sa kung ano ang mayroon, sa kasalukuyan na kailangan niyang harapin (256). Ang pagkabigong isipin ang utopiaang utopia na mismo (293-294). Bilang pagtatapos sa seksyon na ito, hayaan akong sumipi mula sa isa sa mga pinakamabangis na pagpapaliwanag ni Jameson ng diyalektika, na muli ay mula sa kanyang *Valences of the Dialectic*:

[You begin with Identity, he [Hegel] says, only to find that is always defined in terms of its Difference with something else; you turn to Difference and find out that any thoughts about that involve thought about the "identity" of this particular category. As you begin to watch Identity turn into Difference and Difference back into Identity, then you begin to grasp both as an inseparable Opposition, to learn that they must always be thought together. But after learning that you find out that they are not in opposition, you find rather, that in some other sense, they are one and the same as each other. At that point you have approached the Identity of identity and non-identity....] (Jameson 2009, 454-455)

[Magsimula ka sa Pagkakakilanlan, sabi ni Hegel, ngunit lagi mong matutuklasan na ang kahulugan mismo ng Pagkakaiba ay medyo naiiba sa Iba; humilig ka sa Pagkakaiba at

matuklasan mong anumang nasa isipanmong may kinalaman sa “pagkakakilanlan” sa partikular na katagoryang ito. Nang sinimulan mong tingnanang Pagkakakilanlanay bumaling sa Pagkakaiba at ang pagkakaiba ay bumalik sa Pagkakakilanlan, ng saka mo ngayon maunawaan na ang dalawang ito ay hindi hiwalay na magkasalungat, ngayon mo naunawaan na hindi ito mapaghiwalay na Salungatan, na kailangan mongmagkasabay na isipin. Pagkatapos mong malaman na hindi pala itong magkasalungat, ngayon mong matukalasan sa ibang dako na ang mga ito ay magkakapareho sa isa’t isa. Sa puntong itohalos magkatulad ang lapit mo sa Pagkakakilanlan ng pagkatulad atdi-pagkatulad....]

### 3.4 Semiotika

Kung ang diyalektika ay pelikula, ito iyong uri ng pelikula na mayroong twist. Dahil na rin ehersisyo ang papel na ito sa diyalektikal na pag-iisp, minabuti kong lagyan ito ng twist. Hindi lang dalawa ang lapit ni Jameson, kundi tatlo. Ang semiotika ang maituturing na nagpapaiba sa formalismo at diyalektika bilang mga metodo. Paborito ni Jameson ang semiotika, lalo na sa *Archealogies of the Future*. Makailang ulit niyang ginamit ang parisukat ni Greimas para ipaliwanag ang teksto ng utopia (Jameson 2005, 29-30, 37, 130-131, 178, 181, 354, 356, 373, 379, 382). Bukod sa *Archealogies*, ginamit din ni Jameson ang parisukat sa kanyang *Postmodernism* (Jameson 1991, 10) at *The Political Unconscious* (Jameson 2002, 154). Hindi rin naman banyaga ang metodong ito sa kritisismong Filipino. Ginamit ito ni Ramon Guillermo sa kanyang pagsusuri ng *Ang Bagong Cristo* ni Aurelio Tolentino (Guillermo 2015, 22).

Kinakailangan ng lapit na ito,ang semiotika at lalo na ang semiotikang parisukat, nang masinsinang paliwanag. Sa panimula, maaaring bigyang-diin ang kaibahan nito sa moralistikong pagpapaliwanag, at pati na rin sa tinatawag ni Jameson na “tematisasyon,” na siyang pag-ukit sa teksto ng sigurado na hindi nagbabagong kahulugan (Jameson 2005, 180). Gamitin nating halimbawa ang init at lamig sa pagkain: kung saan ang I ay init at L ang lamig, at ang + at - ay tumatayo sa oo at hindi. Kung gayon, ang

+I/-L ay sopas, ang -I/+L ay ice cream, ang -I/-L ay maligamgam na tubig, at ang +I/+L ay hot fudge sundae. Bagaman medyo katawa-tawa ang halimbawang ito, nagbibigay nang sapat na ideya sa mambabasa kung paano gumagana ang semiotikang parisukat. Ang punto rito'y hindi nagmamatigas ang semiotika bilang lapit, ito'y fleksible at *malikhaing* uri ng kritisismo na pinapasabog ang kahulugan imbes na kinukulong ito. Bagkus, nakakagawa ito ng tulay sa pagitan ng iba't ibang uri ng interes at layunin.

Alinsunod sa dalawang pangunahing katangiang binigyang-diin ni Aguirre kung gayon, maaari tayong mag-eksperimento gamit ang sumusunod na panukala/eskemata; kung ang K = kasaysayan at A = agham, at ang + at - ay tumatayo para sa pagbibigay-diin o hindi sa aspektong ito, magkakaroon ng sumusunod na semiotikong parisukat: +K/+A, +K/-A, -K/+A, -K/-A, kung saan ang +K/+A ay future fiction, +K/-A ay historikal na piksyon, -K/+A ay science fiction, at -K/-A ay, kabigla-bigla man sa unang tingin, fantasya (tingnan ang Larawan Bilang 1 sa pahina 17). Bagaman may hibo ng ebalwasyon sa pagsasakategoryang ganito, wala ritong paghuhusga at pagaatake. Ang kritisismo ay hindi lugar para sa moralistang terorismo, kundi pagpapaliwanag. Layunin ng ganitong pagsasaayos ang gawing sentral ang agham at ang pakikitungo ng panitikan sa agham sa kritisismo ng panitikan, gamit ang lente ng kasaysayan.

Kung isasakategorya natin ang mga maikling kuwento sa *The Best Philippine Speculative Fiction 2005-2010*, lalabas na ang mga sumusunod na gawa ay matatawag na fantasya: "The Secret Origins of Spin-man" ni Andrew Drilon, "The Singer's Man" ni Rebecca Arcega, "The Ascension of Our Lady Boy" ni Mia Tijam, "Feasting" ni Joshua So, "Pedro Diyego's Homecoming" ni Apol Lejano-Massebieau, "Six from Downtown" ni Dean Alfar, "Revenge of the Tiktaks" ni Noel Tio, "The Maiden's Song" ni Kate Osias, "Sink" ni Isabel Yap, "Frozen Delight" ni Margueritte de Leon, "The Flicker" ni Ian Casocot, "Bearing Fruit" ni Nikki Alfar, "Sidhi" ni Yvette Tan, "Mang Marcing and the Four Horsemen of the Apocalypse" ni Vincent Simbulan, "A League of Champions" ni Ronald Cruz, "All We Need is Five Meals a Day" ni Jose Bueno, at "Just Man" ni Rica Bolipata-Santos. Dalawang talaga bago tayo magpatuloy sa tatlo pang kategorya. Una, hindi diregatori ang paggamit ng "fantasya" ("pinagpapantasyahan mo na naman si Ramon Guillermo!" o "fantasya lang ang universal basic income!"), at pangalawa, walang manunulat sa listahang ito, at sa

buong libro mismo, ang magrereklamo kung malagay ang kanyang kwento sa categoryang ito, o siya bilang manunulat na fantasista. Babalikan natin ang puntong ito sa diskusyon sa ibaba.

Narito naman ang mga kwentong napapasailalim sa categoryang science fiction: "Parallel" ni Eliza Victoria, "A Retrospective on Diseases for Sale" ni Charles Tan, "Dino's Awesome Adventure" ni Carljoe Javier, "The Sparrows of Climaco Avenue" ni Kenneth Yu, at "Hopscotch" ni Anne Lagamayo.

Ang makakategorya naman bilang historical fiction ay tanging ang "The Sign of the Cross" ni Russell Geronimo lamang. Pero hindi ibig sabihin nito'y isinasantabi ng mga manunulat sa *Best* ang kasaysayan, dahil maituturing namang future fiction ang mga sumusunod: "An Introduction to the Luminescent" ni Pocholo Goitia, "Carbon" ni Paolo Chikiamco, "Reclamation" ni Angelo Lacuesta, "Sky Gypsies" ni Timothy Dimacali, "Keeping Time" ni FH Batacan, at "The Death and Rebirth of Nathaniel Alan Sempio" ni Alexander Osias.

Hindi kataka-taka na fantasya ang nagdodomina sa koleksyon. Sa unang pangungusap pa lamang ng paunang salita ng ko-editor na si Dean Alfar, idineklara niyang "the literature of the fantastic existed in these islands, long before the term 'speculative fiction' was used," idiniin pa niyang maunlad na ang mga kwentong fantasya sa Mindanao sa parehong talata (Alfar 2013, xi). Pero hindi ibig sabihin nito'y naiiwasan na ng mga fantasista ang kasaysayan. Malay man o hindang subukang iwasan ang kasaysayan, lagi itong nag-iwan ng tatak sa likhang-sining. Sa kanyang pagpapaliwanag sa speculative fiction bilang nakapatong sa tanong na "what if?", ito ang mga inilistang tanong ni Alfar para sa science fiction: "If OFWs existed in the future, what would their jobs be? What if aliens came to the Philippines—what would the first contact be like?" Ang lupit namang kinabukasan kung kailan kailangan pa ring umalis ng mga Filipino sa kanilang bayan para lang makapagtrabaho! At naganap na nga ang first contact natin sa mga alien, nagdulot ito ng tatlong daang taon sa ilalim ng kolonyalismong Espanyol. May sumunod pa ngang ibang alien e, at hanggang ngayoy dinodomina nila ang ating ekonomiya at kultura.

Gayundin, bagaman dominante ang mga kwentong fantasya sa koleksyon, hindi ibig sabihin nito'y hindi sila namarkahan ng kasaysayan. Tingnan na lamang natin ang pyesa ni Drilon, ang ubod nang husay na "The Secret Origins of Spin-man." Tungkol ang kwento sa isang batang may kapatid, na nakaaway ang kapatid, at pagkagising ay natagpuang wala na ang kanyang kapatid. Hindi lang nawala, kunwari nakidnap o namatay, kundi hindi man lang ito umiral, hindi man lang ito ipinanganak. Sa pangkalahatang tingin, para nga namang wala itong sinasabi tungkol sa lipunan. Pero sa mabusising pagbabasa, lumalabas ang mga katotohanan sa "Origins." Produkto ang magkapatid ng lipunang Filipino. Pareho silang hindi magkandugaga sa pagkonsumo ng mga imported na produkto, ang paborito nilang mga komiks. Pinapangarap nila ang mga bagong lathala, pero kailangan nilang magtyaga sa itinambak na basura sa mga bargain bin (Drilon 2013, 2). Ang pagkahumaling na ito para sa kulturang banyaga'y intergenerational. Nang tanungin nila sa kanilang lola kung sino ang mga hinahangaan nito, puro banyagang artista ang nailista ng pobre: "My heroes were movie stars, ballet dancers, and singers-Judy Garland, Irina Baronova, and Frank Sinatra. Those three were my favorites" (5). Ang kondisyong ito ng pagiging alipin pati ang imahinasyon at espiritu ang dahilan kung bakit kahit ang mga pangarap ng bida. Balak niyang iligtas ang kanyang kapatid mula sa hindi pag-iral, pero magagawa lang niya ito sa ibang bansa: "As soon as I finish college, I'll send off applications to the major comic book companies. I'll get a job in the States, and when I've saved up enough money, I'll look up Echo Comics and buy the rights to *Spin-man*" (2013, 14, akin ang diin). Na walang dominanteng publisher ng komiks sa Pilipinas ay marka ng kultural na pagkalugmok natin. Hindi man lang naisip ng bida, na sa katapusan ng kwento'y binata na, na sa Pilipinas siya maaaring magpakayaman, at mula rito niya mabibili ang copyright para sa komiks na naging mandurukot at bilangguan ng kanyang kapatid.

Pinapatunayan ng koleksiyon na hindi totoo ng sabihing walang science fiction sa Pilipinas. Kung para kay Jameson ay subset ng utopia ang science fiction, maaari nating sabihing ang future fiction ay subset ng science fiction. Ang future fiction ay iyong uri ng science fiction na hinaharap ang usapin ng kasaysayan. Tandaan ang "what if?" ni Alfar sa itaas. Mayroon pa bang OFW sa kinabukasan? Patuloy pa rin ang ekonomikong dominasyon sa Pilipinas, e sa larangan ng kultura? Para sa isang antolohiyang nakasulat sa Ingles, masayang mapapansin ng

mambabasa na sumusundot pa rin ang mga pangungusap (at hindi lang mga salita) sa Filipino sa diyologo ng ibang maikling kwento rito. Ito ang kaso sa future fiction na "An Introduction to the Luminescent" (Goitia 2013, 22) at "The Death and Rebirth of Nathaniel Alan Sempio" (Osias 2013, 272), pati na rin sa fantasyang "The Ascension of Lady Boy" (Tijam 2013, 75). Mas mainam sana kung sa kinabukasan, Ingles na ang sumusundot at Filipino ang nagdodomina, pero kahit papaano makakaramdam sa kwento nina Osias at Goitia na mahalagang irepresenta na hindi pa rin natatabunan nang todo-todo ang wikang Filipino. Kung hindi man ito wika ng kapangyarihan, wika pa rin ito ng paghihimagsik. Sa mga linyang throw-away na nagsisilbing bahagi ng world-building sumusulyap ang mga pagnanasang maka-utopia sa mga kwento. Sa "Carbon," halimbawa, matutuklasan nating mayroon nang diborsyo sa kinabukasan, ang kaso'y meron pa ring Catholic Bishops' Conference (Chikiamco 2013, 59, 69). At mas malala pa sa paglalarawan niya ng pasistang gobyerno ang swabeng paglalahad ni Goitia sa bangungunot na mayroon pa ring McDonalds sa taong 2056.

Hindi na kailangang sabihing ang mga gawang pampanitika'y hindi inosenteng entertainment lamang kundi bahagi ng pakikipagtunggali laban o para sa mga nang-aapi. Sa kwentong "Brigada," halimbawa, sasabihin ng isang pangunahing tauhan na "'More than a hundred years of history, all gone in the Flood. Including a room that General Douglas MacArthur loved so much, it was one his priorities in liberating the city of Manila,' the captain murmured'" (Nacino 2013, 210). Nakalimutan ata ng kapitan na binomba nang binomba ni MacArthur ang Manila dahil ayaw niyang isugal ang buhay ang mga sundalong mulang Estados Unidos, na siguradong itutumba ng mga Hapong hindi basta-basta susuko. Winasak ang Manila ng kunwaring liberator nito. Ang mga pagsisinungaling sa lebel ng kultura'y mas malala pa sa kahit anong baha sa pagbubura ng kasaysayan.

Sa bahaging ito nais kong balikan ang mga metodong diniskas sa itaas at magbigay ng ilang tala sa kapangyarihan ng mga ito sa pagapapaliwanag ng mga kultural na teksto. Sa unang tingin, tila magkatunggali ang formalismo at diyalektika. Pero hindi nga naman, dahil ang tunay na pag-aaral sa anyo ay ang patulak sa lohika ng anyo sa sukdulan nito, na siya nating tinatawag na kasaysayan. Gayundin, ang paggalaw ng diyalektika ay hindi sa larangan ng isip, kundi sa

materyal. Dinadala rin tayo nito pabalik sa kasaysayan. At pinapatunayan ng kaso ng mga fantasya at future fiction na *Best Philippine Speculative Fiction* na kahit ang mga kwento tungkol sa nilalang na hindi naman umiiral at kinabukasang hindi pa dumarating ay tungkol talaga sa kasaysayan.

Ano ngayon ang masasabi natin tungkol sa semiotikang parisukat? Isa itong makina na lumilikha ng kahulugan. Para itong lock, at ang mga likhang panitikan ang kaha-de-yero. Sa bawat pagpihit sa dial, iba't ibang kahulugan, iba't ibang yaman ang bumubulwak palabas. Isinasayos ng kritiko ang mga pormal na katangian ng teksto upang maisakatawan ng kritisismo ang diyalektika ng anyo.

#### SANGGUNIAN

Alfar, Dean. 2013. "Preface." Nasa *The Best Philippine Speculative Fiction 2005-2010*, inedit nina Dean Alfar at Nikki Alfar, xi-xiv. Quezon City: University of the Philippines Press.

Aguirre, Alwin. 2009. "Mula *ST Hanggang Histori*: Ang Diskurso ng Kinabukasan sa mga Nagwaging Future Fiction (Filipino at Ingles) sa Palanca mula 2000-2005." *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, Tomo XV, Bilang 1-2: 114-139.


Chikiamco, Paolo. 2013. "Carbon." Nasa *The Best Philippine Speculative Fiction 2005-2010*, inedit nina Dean Alfar at Nikki Alfar, 57-71. Quezon City: University of the Philippines Press.

Drilon, Andrew. 2013. "The Secret Origin of Spin-man." Nasa *The Best Philippine Speculative Fiction 2005-2010*, inedit nina Dean Alfar at Nikki Alfar, 1-15. Quezon City: University of the Philippines Press.

Eliserio, U. 2015. "Tungkol sa Realismo sa Nobelang Filipino." *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, Tomo XXI, Bilang 1. Lungsod ng Quezon: Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman.

Guillermo, Ramon. 2013. *Ang Makina ni Mang Turing*. Quezon City: University of the Philippines Pres.

Guillermo, Ramon. 2015. "Ang Dalawang Piging ng



Larawan Bilang 1

**Tala:** Interessanteng kaso ang steampunk, na historikal ang lunan pero may pokus sa agham at teknolohikal na pag-unlad (puro gadget at gizmo sa genreng ito). Sa unang tingin, maaaring sabihing science fiction lang din ang steampunk, dahil wala naman itong masidhing interes sa kasaysayan. Tulad lang din ng mga historical romance, palamuti lang ang nakaraan sa genreng steampunk. Maituturing na pampakyut lang pagnaengkwentro ng mga tauhan ang mga hari at reyna at "historikal" na pigura. Pero hindi rin naman maaaring maging padalos-dalos sa steampunk. Halimbawa ng mahusay na gawa sa genreng ito ang *Makina ni Mang Turing* ni Ramon Guillermo (2013), na 1800s sa Alemanya ang lunan at may mysteryosong gadget na naglalaro ng sungka (ang makina ng pamagat). Babad na babad ang nobela ni Guillermo sa kasaysayan, at ginagalugad ng *Makina* hindi lang ang sitwasyon ng kolonyalismo kundi ang posibilidad ng kosmopolitan ng globalisasyon, kung saan naghaharap-harap ang iba't ibang lahi nang magkakapantay-pantay (ang tatlong pangunahin niyang tauhan ay isang Hapon, isang Aleman, at sa isang Filipino), imbes na mananakop-sinasakop (para sa ibang tala, tingnan ang Eliserio 2015, 108-111).

Umuukopa ng liminal na posisyon ang steampunk sa pagitan ng science fiction at future fiction, dahil sa masalimuot na relasyon nito sa kasaysayan. Hindi naman ito balakid sa pagiging epektibo ng

parisukat na dahil pinapaitlog pa nga nito ng bagong kategorya ang analisis (i.e. ginagawang mas produktibo). Sa huli, hindi rin naman magkaiba ang pagtrato sa kasaysayan ang steampunk at science fiction at steampunk. Samantalang nagbibigay ng alternatibong kasalukuyan ang science fiction, nagbibigay ng alternatibong nakaraan ang steampunk. Subgenre lang kung gayon ang steampunk ng science fiction.

## TUNGKOL SA REALISMO SA NOBELANG FILIPINO

Ano ang gagawin natin sa realidad? Sapat na bang ilahad na mayroong kape sa kusina? Paglalantad ba kung ideklarang hindi buo ang pagkakabalat sa dalanghita? Kanino ipinapaalam ang mga sikretong ito? Syempre pa, hindi naman realismo ang paglilista ng utang. Hindi pwera may pagsisiwalat ng detalye'y realistiko na agad. Lumalabas na hindi pa natatanggap ng mga kritiko ang memo, pero alam na ng mga nobelista ang katotohanang ito. Sa kanyang paunang salita sa edisyong 1987 ng *Tutubi, Tutubi, 'Wag Kang Magpahuli sa Mamang Salbahe*, inamin ni Jun Cruz Reyes na may "limitasyon" ang kanyang "panggagagad" sa kasaysayan. Ibininigay niyang halimbawa ang "singkong bulaklak at commercial ng coke na 'Coke Is It' [na] hindi noong 1972 lumabas." Ang kanyang paliwanag sa manipulasyong ito: "nagagandahan ako kaya, ginamit ko na rin." Hindi ito pang-uusig kay Reyes kundi pagdiriwang na hindi siya nagpapatali sa realidad. Dagdag pa nga niya, "Marami pang ibang detalye, hindi ko na iisa-isahin" (iii). Sa ika-12 kabanata ng nobela, dahil sa gutom at iba pang problema, nagdidiliryong hinimatay ang bidang si Jojo sa bus. Buti na lang at may tumulong sa kanya, ang babaeng si Mamay, na inuwi siya sa bahay para painumin ng tubig at pakainin ng lugaw (133-144). Contrived bang maituturing ang pangyayaring ito? Hindi kapani-paniwala? Hindi... realistiko? Pero mahuhusgahan lang ang nobela na hindi umaabot sa standard ng realismo kung pagkarealistiko ang standard na gagamitin. Kung, halimbawa, titiningnan ang *Tutubi* bilang fairy tale, agad na makikilala si Mamay bilang donor, na ang silbi nga sa kwento ay tumulong sa bida.

Tatlo ang layunin ng papel na ito. Una, ilatag ang dominasyon ng realismo sa kritisismo ng nobela sa Pilipinas, may diin sa *Origins and Rise of the Filipino Novel* ni Resil Mojares. Pangalawa, magbibigay ng kontra-kasaysayan ng nobela sa kakatawanin ng *Tagalog Bestsellers* ni Patricia Jurilla. Sa bahaging ito rin magbibigay ng paglalarawan sa ituturing kong mas mainam na pagdadalumat sa materyalistikong pagsusuri ng panitikan. At pangatlo, magbibigay ng ilang tala tungkol sa mga nobelang Filipinong nalathala mula taong 2000 pataas, na ang kulminasyon ay mabusising pagbabasa sa gawang *Ang Makina ni Mang Turing* ni Ramon Guillermo.

#### 4.1 Dominasyon ng Realismo

Sa bahaging ito nais ko munang maglatag ng ilang tala tungkol sa realismo mismo. Mainam nang maghanap ng kahulugan mula sa Filipinong manunulat. Ang napili ko ay si Salvador Lopez, na bagaman hindi ang nagpauso ng realismo sa Pilipinas ay isa sa mga mas sikat na advocate nito, sa kanyang "Literature and Society" at "Proletarian Literature: A Definition." Tulad ng maraming diskurso, nakabase ang kay Lopez sa dalawang bagay, (a) binary opposition, at (b) naratibo ng pagbabago.

Ang kasalungat ng mahusay na uri ng literatura para sa kanya ay iyong mga gawa ng naniniwala sa "sining para sa sinig" (Lopez 1940, 180-181, 186). Ang mga manunulat na ganito ang prinsipyo'y gusto lamang ang tumalakay sa "magagandang bagay," samantalang nais baguhin ng manunulat na nakikita ang ugnayan ng literatura at lipunan ang lipunan. Ang nakapagtataka, iniiba rin ni Lopez ang literatura, kahit iyong nakikisangkot, sa propaganda, na ayon sa kanya ay hindi nagtatagal (183; tingnan din ang 223). Mangingitlog ang dalawahang ni Lopez, makakapulot tayo ng apatan: tekstong ganda lang ang pokus ("sining para sa sinig"), tekstong gamit lang ang pokus (propaganda), tekstong maganda at may gamit (literatura), at wala na ngang gamit ay hindi pa maganda (itong huli ay lohikal na konklusyon ng iskema ni Lopez, bagaman hindi niya ito binanggit at, syempre, pinangalanan).

Bukod sa binary oposisyon, gumamit din si Lopez ng kwento, ginamit niya ng retorika ng pagbabago. Sa simula, may hindi alam

ang manunulat. Pagkatapos, malalaman niya ito, kaya siya makikisangkot. Halimbawa niya rito si Teodoro Kalaw (177-179), at ang Pranses na si Emile Zola (185, bagaman may twist kay Zola, kasi magsisimula siyang nakikisangkot, magiging complacent, saka magbabalik-loob). Kaiba sa ebolusyong ito (i.e. mula pagiging walang alam tungo sa pakikisangkot) ang manunulat na magmumula sa pagiging walang alam tungo sa pagiging walang pakialam, na bininyagan ni Lopez bilang "indifferentism" (180). *Iba pa rin dito* ang manunulat na sinikal at namumuhi sa tao. Kung babalikan ang iskema ng apatan sa itaas, mapapansing maaaring ibilang ang manunulat na lulong sa "misanthropy" sa gumagawa ng propaganda at nakikisangkot sa lipunan (iyon nga lang, sa paraang hindi gusto ni Lopez). Kaya nga ang sanhing nakikita ni Lopez sa mga problemang ito ay "twisted point of view" at "faulty understanding of the basic principles that underlie human existence" (ibid). Kung kaya nga siya ang perpektong tagabenta ng realismo, dahil naniniwala siyang mayroong hindi baluktot na pagtingin sa "realidad." Sabi ni Lopez, "the truly sensitive writer is inevitably a child of his time, it follows that his work must *reflect* with more or less *accuracy* the conditions of the society in which he lives" (217, akin ang diin). Ang lahat ng ito ay iniuugnay ni Lopez sa kapakanan ng "proletariat," at binibigyang-kahulugan niya ang realismo bilang "a resolute search for the fact and its meaning" (222). Ang kanyang mga "proletarian writers" na "generally conservative in form" ay sumususog sa realismo at itinatakwil ang "literary expressionism, surrealism and dadaism as pathological aberrations" (225).

Para kay Lopez, kung gayon, hindi sapat ang pagkakaroon ng kamalayang panlipunan, ang makisangkot ang manunulat sa kanyang sosyedad. Hindi pwedeng maging pasistang manunulat ka, kailangan ikaw ay maka-proletaryado. Bukod dito, may estilo at ideolohiya ng literatura na sinusulong si Lopez, at iyon ang realismo. Bagaman may limitasyon ang epistemolohiya ni Lopez, may simpatya ako sa pulitikang kanyang kinakasigan. Ang simpatyang ito ang dahilan kung bakit pangkalahatan kong tinatalikuran ang kanyang estetika. Kung bakit ay siyang ipapaliwanag sa kabuuan ang papel na ito. Pansalamantala, maaari nang magsimulang sa diskusyon ng partikular na anyo na siyang paksa ko.

Ang mismong pagiging *amorphous* ng terminong "realismo" ang

tila ba'y argumento laban sa ideolohiya nito. Katulad din na walang iisang realidad na maaaring salaminin o ilarawan ang pagkakaroon ng hindi lamang iisang kahulugan ng salita. Sa konteksto ng Kanluraning teorya at literatura, nabanggit ng Marxistang si Fredric Jameson na hindi mapag-isipan ang paksa mismo, lagi lamang ang kamatayan o pagkawala nito (2015, 1). Lagi lang ding itong nabibigyang-kahulugan lamang sa isang dalawahang salungatan: realismo vs. romantismo, realismo vs. naturalismo, realismo vs. modernismo (2). Naalala ko rito ang joke tungkol kay Marcos. Itinanong daw ng diktador sa kanyang ministro kung ano ang mga problema ng Pilipinas. Inilista ng ministro ang sagot: imperyalismo, pyudalismo, burukrata-kapitalismo. "Iyon lang ba?" tanong ni Marcos.

Sumagot ang ministro, "Ikaw mismo, pati misis mo."

Hindi kaya't ang realismo mismo ang problema? Para lalo pang magpatawa, tingnan natin ang entrysa Wikipedia para sa "teoriya ng realismo": "Ang teoriya ng realismo ay tumatalakay sa katotohanan sa lipunan. Karaniwan nitong pinapaksa ang kalagayan na nangyayari sa lipunan tulad ng kurapsyon, katiwalian, kahirapan at diskriminasyon. Madalas din itong naka pokus sa lipunan at gobyerno. Mahalaga din sa nagsusuri ng mga akda na sinusuri sa teoriyang ito na maiugnay ang mga pangyayari sa akda o teksto sa lipunan. Halimbawa ng mga akdang masusuri sa teoryang ito ay ang *Iba Pa Rin Ang Aming Bayan*, *Ambo*, *Papel*, *Mga Ibong Mandaragit*, at *Maganda Pa Ang Daigdig*." Mali-mali nga ba ito? Humanap tayo, kung gayon, ng mas scholarlyna depinisyon. Narito ang diskusyon ni Crisanta Nelmid-Flores:

Bawat akda'y sinipat sa lente ng makatotohanang reproduksyon ng realidad, kungdi man, siyang ipinagkamalang *realidad* mismo. Pinagtibay ng *reflectionist theory* ang pagturing sa panitikan bilang *salamín ng realidad*, walang labis, walang kulang. ... Pinaigniting ang pamantayang *realismo* nang dumating sa mundo ng panunuring pampanitikang Pilipino ang Marxismo na siyang nagtakda kung ano ang mabuting [!!!] panitikan at matamang umurirat ng mahalagang ugnayan ng awtor sa teksto, teksto sa lipunan at ang pagsasalikop na ugnayan ng tao (awtor/mambabasa), panitikan at lipunan. Higit na pinahalagahan ang akdang may batikos sa katotohanan ng imperyalismo at ng tekstong may simpatiya sa uring api (2000, 35, kay Nelmid-Flores ang diin, akin ang mga tandang pandamdám).

Syempre pa, diskusyon ito ni Nelmid-Flores ng realismo at hindi

ang kanyang huling pananaw tungkol sa panitikan. Hindi rin niya posisyon ang pagturing na ito sa literatura at lipunan: "halos lahat ng nobelista ay naniniwala na ang kani-kanilang panitik ay buslo ng mga pangyayaring nakasandig sa kasaysayan. Sa madaling salita, bawat nobela'y larawan ng *realidad ng kasaysayang Pilipino*" (37). Wala nga namang kritiko o manunulat na maniniwala o magpapahayag man lang ng ganitong pananaw sa panitikan. Ang may ganitong teorya'y ang hindi naman talaga umiiral (at may tagabulag) na "iba." Sa ibang taong ito natin ina-*attribute* ang mga bulgar at simplistikong nang sa gayon ay makapaglatag tayo ng ating mas sopistikado at suplena paningin. Sang-ayon sa prinsipyong ito, ang kahulugan ng realismo na ipapalagay sa papel na ito ay mash upng mga diniskas ni Nelmidia-Flores at ng entrymula sa Wikipedia: ang realismo ay iyong pananaw na ang mabuting panitikan ay iyong tumatalakay sa katotohanan ng lipunan.

Kung paninisi ang magiging moda ko sa paghahanap ng dahilan kung bakit dominante ang pagpapahalaga sa realismo sa nobelang Filipino, pinakamainam nang magsimula sa kritisismo ni Bienvenido Lumbera. Sa kanyang diskusyon ng nobelang Tagalog sa ilalim ng kolonyalismo ng Estados Unidos, argumento ni Lumbera na naimpluwensyahan ng kamalayan ng mga nobelista tungkol sa kanilang mambabasa ang mga paksang kanilang tinalakay, dahil nga ang mga mambabasang ito'y sumuso sa "metrical romances that had remained popular as reading matter up to the outbreak of the Pacific War in 1941" (Lumbera at Lumbera 1997, 94). Pinuri ni Lumbera ang pag-igpaw sa "usual cardboard character types" (ibid) at pag-iwas sa cliché (95), at ang pagkakaroon ng "vivid character portraits" at "substantiating details" (100). Samantala, sa kanyang diskusyon ng nobela sa ilalim ng Republika, inusig ni Lumbera ang "sentimentality" at "escapism" (182). Habang tinutuya ni Lumbera ang "contrived" na banghay at "naive" na "resolution of the problem of colonial exploitation" ni Lazaro Francisco, ibinida naman niya ang "deft hand at characterization" at "supple prose style" (183). Lumalabas na hindi paninisi ang magaganap dito kundi pagpapaliwanag. Sa kanyang pagtatangkang maglatag ng tradisyon ng panitikang Filipino, dalawang ideya ang kanyang naging prinsipyo: (1) ang mga tula, kwento, at iba pang anyong gawa sa Pilipinas ay tumatalakay sa lipunang Filipino, at (2) maraming manunulat ang napagsasabay ang pakikisangkot sa mga isyung sosyal *at* masining na

istilo. Halimbawa, kung gayon, ng manunulat na naisasakatawan ang dalawang prinsipyong ito ay si Constante Casabar.

Ayon kay Lumbera, "literary training at UST had exposed Casabar to masters of modernist fiction in the West, and the *sophisticated craftsmanship* that rubbed off on him heightened his *social consciousness*, giving it a *near-documentary specificity* and pertinence rare in a novel written for the popular audience of weekly vernacular magazines" (185, akin ang diin).

Ang mga magazin na ito, tandaan, ay halimbawa ng mga peryodikong may maraming mambabasa na ayon kay Lumbera ay may negatibong epekto sa uri ng produktong naisusulat. Sa pamantayan ni Lumbera, ang mahusay na akdang pampanitikan ay iyong may kaugnayan sa lipunan. Pinapalagay din niya na may uri ng pagsusulat na maituturing na masining o "literary." Lahat nang ito ay hindi bagong balita, at hindi itinuturing na masamang bagay. Huling tala: kahit ang mga istilong maituturing na nasa labas ng "masining" na pagsusulat ay kinakain ng ganitong uri ng kritisismo. Halimbawa na lang ang pag-angkin ni Lumbera kay Jun Cruz Reyes. Ayon kay Lumbera:

"The dignification of the so-called 'language of the street corner' in literature is an achievement of the literary movement of the 1970s which concerned itself with giving voice to the grievances and protest of the Filipino masses. Jun Cruz Reyes ... reminds the reader of the writers of *Sigwa* (principally, Norma Mirafior) but he has introduced a very personal contribution to the development of the protest short story. His employment of colloquial Pilipino that borders on slang is not simply an experiment with language. It is also an expression of the author's political commitment and his effective stylistic device for understatement and restraint" (197). Ang paggamit ng wika ng kanto ay hindi lamang paggamit nito kundi "dignipikasyon." Ito ay "stylistic" (i.e. "masining") na "device" (i.e. gamit ito, parang palakol o silya). Hindi na katakatakang nang tukuyin ni Lumbera si Edgardo Reyes bilang isa sa ma pinakamahusay na batang nobelista, ganito rin ang bokabularyong gamit niya. Ayon kay Lumbera, nilabanan ni Reyes ang "lure of formalist experimentation in favor of *realistic documentation* of the plight of the exploited poor. He has written what is perhaps the most *artistically* wrought social novel so far by a Filipino author. ... its

impact as a *reflector* of grim socio-economic conditions is as telling" (sipi sa Mangahas 1986, xlix, akin ang diin).

Ang ganitong uri ng diskurso ang namamayani sa "Introduksiyon" ni Rogelio Mangahas sa *Sa mga Kuko ng Liwanag* ni Reyes. Ang kinakampyon ay ang pagiging masining ng nobela: "masining na paghawak sa wika" (I), "masining na paglalawaran" (II), o di kaya'y ang relasyon nito sa realidad: "makatotohanang diyologo" (I), "kombinasyong realismo-naturalismo" (III), at "pagkamakabuluhan" (IV). Ngunit ito na rin ang lugar para sabihing hindi lamang ang mga katangiang ito ang itunuring na kapuna-puna ni Mangahas. Isinama rin niya ang "inobasyon" (II) at "pag-iwas sa kombensiyon" (III) ng *Sa mga Kuko ng Liwanag*. Baka mas mainam na sabihing imbes na may dominasyon ng diskurso ng realismo ay may tensyon tungkol dito sa kritisismo ng nobela sa Filipino. Ang tensyong ito ay mapapansin sa dalawang sinoptik na pagbasa ng nobelang Filipino. Ang isa ay kay Romeo Dizon, na sinasaklawan ang mga produkto ng dekada 60 hanggang 80. Ang isa naman ay kay Ma. Crisanta Nelmida-Flores, na sumasaklaw sa mga nobela ng dekada 90.

Sa kanyang pagsusuri ng mga nobelang Ingles sa kanyang "Ang Nobela sa Kasalukuyang Panahon," tinukoy ni Dizon ang mga temang iniinugan ng mga ito: "krisis sa identidad," "alyenasyon," "dislokasyon," mga problema sa "kabuluhan" at "kahulugan" (70), sa madaling sabi, mga problemang burgis. Muli't muling aatekin ni Dizon ang pagdidiin nila F. Sionil Jose (sa *The Pretenders*), N. V. M. Gonzales (sa *The Bamboo Dancers*), at Bienvenido Santos (sa *The Man Who (Thought He) Looked Like Robert Taylor*) sa indibidwalismo. Ihinambing niya ang mga ito sa mga nobelistasa Tagalog, na pumapaksa "sa kalagayang panlipunan," umiiwas sa "mga paksang walang kabuluhan o makahulugang kaugnayan sa pang-araw-araw na buhay ng pangkaraniwang miyembro ng lipunan," at may "pagkiling" sa "mahihirap sa lipunan" (74-75). Sa kanyang maikling sanaysay (sampung pahina), mapupuna ang ilang bagay. Samantalang may tatlong pahinang ibinigay sa pagtatalakay sa tema ng mga nobela sa Ingles ay may paglalarawan din sa kanilang mga banghay, sa halos hindi pa nga umabot sa dalawang pahinang pagtalakay sa mga nobela sa Tagalog, tema lang talaga ng mga ito ang binusisi. Meron pangilang-ngilang papuri, halimbawa, sa mga gawa ni Efren Abueg na "punong-puno ng mga magkatotohanang paglalarawan, paglalantad, pagsusuri

sa sakit ng lipunang kasalukuyan" (75). Dapat bigyang-pansin na ang mga problema ng Pilipinas ay tinatalakay din naman ni Dizon sa unang bahagi ng kanyang sanaysay (66-69). Ito marahil ang dahilan kung bakit hindi na niya pinayaman ang diskusyon sa mga nobela sa Tagalog, uulitin lang niya ang kanyang mga nasabi na! At kung gayon napapaisip tayo rito tungkol sa relasyon ng kritisismo sa panitikan. Redundant ang kritisismong sasalaminin lang din naman ang pananalamin na ginagawa ng pinapahalagan niyang nobela. Baka naman mas makakatulong ang kritiko para magkaroon ng pagbabago sa lipunan kung magboboluntaryo siya sa Red Cross. O, kung ang trabaho niya ay sumuri, at ang kanyang mga sinusuri ay panunuri, baka naman mas mainam kung suriin niya ang paraan ng panunuri, imbes na purihin lang ang paglalantad at pagsisiwalat nito. Sadya nga bang tamad ang mga Filipino at gusto nilang ang akda na mismo ang magdala ng sarili nitong kahulugan? At mabalik tayo sa tensyong binanggit ko na nga kanina. isang talata lang ang ibinigay ni Dizon sa mga tinawag niyang halimbawa ng "modernismo" (73), ang mga gawa nina Alfred Yuson at Eric Gamalinda. Dito na siguro pinakaakmang ipahayag ang sentral na tisis ng papel na ito: kung ano kritiko ay maghahanap ng realismo, realismo nga ang kanyang matatagpuan. Sa proseso ng kanyang pamimili at paghahalaga, nagkakaroon din ng panunupil: ang panunuri ang salamin ng produksyon.

Mas malay na si Crisanta Nelmidia-Flores sa tensyong ayaw pakalimot sa papel ng realismo sa kritisismo ng nobela sa Pilipinas. Halos kontradiksyon na nga ang tensyon. Sa simula ng kanyang "Panitikan bilang Panunuring Panlipuna: Pagbasa sa Nobelang Tagalog sa Dekada 90,"binigyangpansin ni Nelmidia-Flores na naging "dominanteng pamantayan sa panunuring pampanitikan ang realismo" (35). Walang pag-aatubili niyang sinipi ang paghahati nina Ruby Alcantara at Lydria Garcia sa kanilang paga-aral sa "manunulat na may *kamalayang panlipunan*" at "mga nakalulunod na sentimental na panitik" (ibid, kay Nelmidia-Flores ang diin). Ganito rin ang kaso sa paghahati ni Helen Estacio Lopez sa mga "social conscious novels" at "love novels." Sa kaso ng mga nobela sa Tagalog noong 1990s, tinukoy ni Nelmidia-Flores ang pagtalakay nina Domingo Landicho, Carlos Etivac, Genoveva Edrosa-Matute sa mga sakuna sa kalikasan at ang kalupitan ng lungsod. Ngunit malay si Nelmidia-Flores, at malay siyang malay ang mga nobelista sa katotohanang ito, na hindi lang simpleng usapin ang realismo (53). Bukod dito, bukas nga siya sa kapangyarihan ng modernismo. Ayon kay Nelmidia-Flores, "Hindi na

lamang mistulang pagtatala lamang ng mga kaganapan sa paligid-ligid [isang napakahusay na depinisyon ng realismo], bagkus, isang aparato ng paglaya, ng pagbalikwas, ang pagturing sa panitikan. Hindi naging hadlang ang *indibidwalistikong* praktis at pananaw na dulot ng *modernismo* sa mga nobelistang may makabansang layunin. Nakipagniig ang mga teknik, estilo, at iba pang pamamaraang eksperimental ng *modernismo* sa nakapunlang mensaheng panlipunan" (36). Mapapansin sa siping ito, at sa pamagat ng kanyang sanaysay, na ang pinagpahalagahan ng kritiko ay ang nagagawa ng teksto (i.e. ang pakikisangkot), imbes na kung paano ito isinasagawa (i.e. ang istilo). Nagkakaroon tuloy ng pakikipagtalaban sa mga nobelista. Kapuri-puri ang ginagawa ng nobela, pero hindi ang pag-intindi sa sarili ng nagsulat nito. Pagkatapos sipiin si Landicho tungkol kina Derrida at Nietzsche, humigpit ang hawak ni Nelmidia-Flores sa teorya ng salamin: "Ang pagtuklas ng katotohanan ay isa nang gawaing walang saysay. Ano ang pangangahulugan ng lahat? Ano ang kahulugan ng lahat-ng pagiging tao, ng pag-ibig, at ng buhay? Ang pagtatagisan ng iba't ibang pananaw sa isang lipunang watak at wasak ay kaparaanang lalong naghihiwalay sa lipunang nangangailangan ng pagkabuo, ng pagkabansa. Tumatambad ang katagumpayan g nakapipinsalang epekto ng moderno o post-modernismo (na rin?) hindi lamang sa bawat himaymay ng lamang indibiwalistiko kungdi lalo na sa kaibuturan ng pagkatao at ng napapagod nang kaluluwa" (51).

At paano ang *Origins and Rise of the Filipino Novel* ni Resil Mojares? Unang-unaay kailangan itong purihin. Halimbawa ito ng mahusay na iskolarship at makapangyarihang pananaliksik. Pangalawa ay kailangan itong intindihin, bago pa man subukang kritikahin.

Ano ang mga konklusyon ni Mojares tungkol sa nobelang Filipino? Meron siyang apat (Mojares 1998, 367-368). Una, iba't iba ang pinagmulan ng anyong ito, i.e. malaki ang utang ng nobelang Filipino sa ating mga epiko, pati sa mga vida at korido. Pangalawa, "syncretic" ang anyong ito. Ibig sabihin, pinag-iisa ang mga katangian ng mga ninuno. Halimbawa nito ang *Ang mga Tunuc sang Isa ca Bulac* ni Magdalena Jalandoni, na ayon kay Mojares ay may elementong didaktiko (mula sa mga "conduct book") at romantiko (mula sa mga korido) (243).

Susi ang pangatlong katangian sa pag-aaral ni Mojares: estruktura ng nobelaang estruktura nito dahil sa pakikipag-ugnayan nito sa mga realidad ng lipunan at tradisyong Filipino kung saan ito umusbong. Ang pang-apat na konklusyon ni Mojares tungkol sa nobela ay dapat subsetlang ng ikatlo: kolonyalismo ang realidad na siyang humugis nang malaki sa nobelang Filipino.

Balikan natin ang ikatlong katangian, ito ang pinakamahalaga. Ayon kay Mojares, may diyalektikal na relasyon ang dalawang "prinsipyong nag-oorganisa," ang tinatawag niyang "impulse" (na tatawagin kong "udyok"), sa nobelang Filipino. Sa isang banda ang "didactic, romantic and aesthetic impulses: tending towards the subordination of narrative to ideas, the idealization of experience, and the cultivation of formal qualities. On the other hand are the fictional, realistic and empirical impulses: tending towards the cultivation of narrative values, empirical observation, and social meaning" (370). Sarado, ayon kay Mojares, ang una, at bukas ang huli.

Tulad ni Lumbera, may negatibong pananaw si Mojares sa relasyon ng nobela at komersyo. Ayon sa kanya, inuudyukan ang nobela ng

"earlier narrative forms, as well as ... 'popular' Western fiction.... This is one reason why it tends to gravitate towards a 'subliterary' plane. Such tendency is strengthened by the infusion, at an early stage of development, of 'commercial' values in literary production with the rise of popular journalism and publishing" (ibid).

Ito ang dahilan kung kaya'y may inaatake ang kritiko na "stereotyped" na banghay na kumakahon sa pagkamalikhain (244). Malay siya sa materyal na kondisyon kung bakit ang mga naging nobela ay mayroon lamang "standard, conventional story," kung bakit ang mga likhang ito ay "topical, harried and makeshift, episodic" at "spontaneous" (248).

At hindi kailangang mag-aalala, sabi ni Mojares. Kahit mula sa pag-uudyok na ito ay may mahusay na produkto, at sa pagpapalawak ng abot-tanaw nagkakaroon ng mas magaling pang nobela (370). Tulad ng nobelang Filipino, mistulang may dalawang nag-uudyok kay Mojares. Ang una'y ang siyentipikong nagtatala ng kasaysayan ng nobela, umiintindi sa konteksto ng mga ito at alam kung kailan dapat

maghusga. Ang pangalawa'y ang mapagmahal sa panitikan na hindi mapigilang humirit, ang tumawag na "manipulative" sa *At sa Wakas* ni Fausto Galaruan dahil nililibog [titillates] nito ang "common sentiments and panders to popular demands for wish-fulfillment" (277). Ang Mojares na ito ang, bagaman pumuri sa "supple prose style" ni Lazaro Francisco, ay may back-handed compliment bilang konklusyon:

"The novels of Francisco are a case in which positive talent is undermined by the regressive tendencies of literary production as well as of the intellectual tradition. These novels however show ... that in spite of a wave of commercialism during the period [1920 hanggang 1940], vital currents continued to course through vernacular literature" (323).

Hindi naman kailangang magpanggap kung alin sa dalawang nag-uudyok ang dominante sa *Origins*. Ang Mojares na mababa ang tingin sa komersyalisadong nobela ang parehong Mojares na pumuri kay Rizal, at tumawag sa *Noli me tangere* at *El Filibusterismo* bilang mga pinakaimportanteng gawang pampanitikan ng isang Filipinong manunulat (144), kahit na mas marami pa akong kulangot kumpara sa dami ng Filipinong kayang magbasa nito ngayon. Ang Mojares na ito ang nagbibida sa realismo ni Rizal (149), at siyang malilito sa ugnayan ng realidad, realismo, pakikisangkot sa mga isyung panlipunan, at mga moda tulad ng satire. Kontra sa Mojares na ito ang tradisyon ng kritisismo sa Pilipinas na materyalista ang lapit sa panitikan. Ang siste, bahagi rin si Mojares ng tradisyong ito. Ito kaya ang tinatawag nilang diyalektika?

#### 4.2 Tungo sa Materyalistang Kritisismo ng Kultura

Anong mayroon sa maiikling anyo at nalalapitan ito ng mga kritiko nang walang pag-iimbot? Nagawang ipaliwanag ni Lumbera kung bakit nagtatapos sa panaginip ang mga disin sana'y mapanuligsang tula laban sa imperyalismong Amerikano: umiiwas lang sa represyon ang mga makata (1997, 91). Sa maikling kwento naman, hindi lang pinahalagahan ni Rosario Cruz-Lucero ang isang melodramatikong pyesa, naipaliwanag pa niya kung bakit ito importante. Bagaman

nagsasalita rito si Lucero bilang tagasalin, pero maaaring kapulutan ng aral tungkol sa kritisismo ang kanyang punto. Para sa feministang kritiko, halimbawa ang maikling kwentong nguynguy ng panulat ng babae. Para sa kritikong historikal ang oryentasyon, kakikitaan ito ng mga kumbensyon ng anyo (Lucero 2007, 144-145).

Pag binabanggit ang "materyal," "materyalismo," at "materyalistiko" sa papel na ito, sumususo ng inspirasyon mula sa *cultural materialism*. Ayon sa entry sa Wikipedia, pinapahalagahan ng ganitong lapit sa literatura ang kontekstong pangkasaysayan ng akda, kasabay ng mabusising pagsusuri sa teksto. Pagpapatuloy pa ng paliwanag:

Cultural materialists seek to draw attention to the processes being employed by contemporary power structures, such as the church, the state or the academy, to disseminate ideology. To do this they explore a text's historical context and its political implications, and then through close textual analysis note the dominant hegemonic position. They identify possibilities for the rejection and/or subversion of that position.

Maaaring itanong, ano ang pinagkaiba nito sa "teoriya ng realismo" na inilarawan sa itaas. Sa materyalistang pagsuri sa panitikan, hinahanap ang *imprint* ng kasaysayan sa anyo imbes na sa nilalaman ng akda (tingnan ang Eagleton 1976 10-17; ikumpara sa Jameson 2015, 311).

Upang mas lalo pang luminaw ang tingin sa materyalismo, imbes na magdagdag pa sa depinisyon at paglalarawan, tingnan natin ito in action sa pagtalakay sa mga nangungunang kontemporaryong kritiko, lalo na si Patricia Jurilla.

Sa *Tagalog Bestsellers of the Twentieth Century: A History of the Book in the Philippines* ba ni Patricia Jurilla makikita ang kritisismong walang pagkiling sa realismo at naglalahad ng materyalistang pagkilatis sa nobelang Filipino? Hindi. Pero ito na ang pinakamalapit na mayroon tayo sa kasalukuyan. Sa pangkalahatan ito ay kamanghamanghang libro, puno ng kabatiran at nag-uumapaw sa dunong. Pero bakit pa kailangang tawaging "Tagalog" ang mga bestseller, gayong dalawa sa apat na uri ng diniskas (komiks at romance novel) ay sa Filipino na nakasulat? Isa pa, pilit bumabalik si Jurilla sa mga nobela sa Ingles na isinulat ng mga Filipino, na nagsisilbing multo at

demonyo sa mga bestseller (i.e. ang mga ito ay hindi isinulat para kumita, at may dating ng pagiging martir ang hindi nila pagiging mabenta). Isa pa'y may kahindik-hindik na pananaw si Jurilla tungkol sa "kalikasan" ng mga Filipino, at sinabi niyang tayo ay "masayang bayan" [happy people] (2008, 189).

Ano nga ba ang bestseller? Maraming tinalunton na depinisyon si Jurilla, pero sa huli ito ang kanyang definitibong kahulugan na ibinigay: ang bestseller ay iyong librong nabenta ang print-run [i.e. ang dami ng nilathalang kopya] sa loob ng isang taon (79). At anong klaseng mga libro ang bestseller sa Pilipinas? Ano pa nga ba kundi iyong stereotype ang mga tauhan, hindi kapani-paniwala ang mga banghay, masaya ang katapusan, sentimental, entertaining, at eskapista (78, 186). Nababasa ang mga ito sa loob ng isang upuan, at higit sa lahat sila ay mura (188-189).

Samantalang ang ibang kritiko ay nagsasalita lamang tungkol sa ugnayan ng teksto at konteksto, ipinakita talaga ni Jurilla ang konteksto ng bestseller na Filipino. Kaya ang bida (o ang anti-hero?) ng kanyang libro ay hindi ang mga awtor, kundi ang mga publisher. Ang apelyidong Roces, halimbawa, ang nag-uugnay sa nobelang Tagalog at komiks. Ano ang matutunan natin pag malamang isang pamilya ang may kontrol sa babasahin ng mga Filipino sa loob ng maraming dekada? Ano ang maituturo sa atin ng katotohanang subsidiary ng National Book Store ang Anvil Publishing (168)?

Sa unang pagbasa ay parang kataka-taka ang lapit ni Jurilla sa panitikan, at maaari pa ngang itanong kung panitikan nga ba ang kanyang tinatalakay. Oo ang sagot, pero meron ngang mawiwirduhan na lista siya nang lista ng laki ng mga libro (99, 107, 134, 161). Ang hindi maaaring kwestyunin ay ang paglista niya ng dami ng benta ng mga publikasyon (halimbawa, para sa *Aliwan*, nasa 115 at 127, para naman sa mga romance novel, tingnan ang 167). Kung ano ang tinatangkilik ng mga Filipino, iyon ang dapat basahin, pag-aralan, at ikritika ng mga iskolar dahil sila ang nakakapuno sa mga pagnanasa at hiling ng karamihan. Ang mga tekstong ito ang tunay na kumakausap sa mga mamamayan dahil kung hindi, hindi sila bibilhin. (Ito rin ang dahilan, halata na, kung bakit dapat pinag-aaralan ng kritiko ang popular na kultura.) Ito ang unang prinsipyo ng materyalistang kritisismo: babasahin ng kritiko iyong mga binabasa ng tao. Sa mga ito mahihinuha ang kamalayan ng mga Filipino, at hindi sa kung sinong paham, gaano man ka-supple ang kanyang prosa. Ito ang

kailangan para masapul ang puso ng bayan. Ang gawin ang kabaliktaran ay magreresulta sa kritikong kasing-alienated ng mga tauhan ni Bienvenido Santos.

Maaaring itanong, paano kung gustong ilapit ng kritiko ang isang partikular na manunulat sa mas maraming mambabasa? Pero ang gusto bang ilapit ay ang manunulat mismo, o ang kanyang mga ideya? Kung ideya, panatalihin na lang sa lebel ng ideya ang diskusyon, makakatipid pa ng pahinang mapupunta sana sa buod ng banghay. Ngayon, kung ang manunulat at ang kanyang teksto talaga ang nais ilapit, maaari tayong magtanong na maituturing na baryasyon (kundi man update) sa tanong na ayon kay Mao Tse Tung ay sentral na tanong sa sining at panitikan: imbes na "Para kanino?" ay "Para saan?" Para saan ilalapit ang nobelista at ang kanyang nobela sa masa? Kung para sa istilo, hindi ito *kailangan* ng mambabasa. Hindi nakakakain ang mga salita, at ang isa pa'y kumbensyon lamang ang nagtatakda kung ano ang ituturing na "masining" na pagsusulat. Sa mga nanlalait sa paraan ng pagsusulat ng mga nobelistang Tagalog, ito ang paliwanag ni Mojares,

"The practice of the novel in the early years of the century was governed by its own set of artistic laws, drawn from the critical precepts of the Spanish literature to which the early writers were exposed. Prolivity, extravagance of language, and digressiveness were traits held in a different light in these times. Amplification and variety, the ornamentation of language and character, the cultivation of *admirario* through ingenious turns of action, and others, were held to be legitimate principles in the writing of fiction" (1998, 249).

At hindi ibig sabihin ay "noon" ito at ngayon ay narating na natin ang bagong paraiso kung saan alam na natin ang tunay na marikit at magandang paraan ng pagsusulat. Lahat ito ay historikal lamang. Ang order ay dapat: (a) babasahin ng mga mambabasa ang teksto, (b) ipapaliwanag ng kritiko ang iba't ibang aspekto ng teksto, kasama na ang istilo nito; imbes na (a) makakabasa ang kritiko ng mahusay ang istilo, (b) irerekomenda niya na basahin ito ng mas maraming tao.

Sa ganitong paraan, maiiwasan, halimbawa, ang pagkakamali ni Lumbera sa kanyang "The Nationalist Literary Tradition," kung saan siya naglista ng mga awtor na tumalakay sa bayan (1995, 1-6) imbes na pinag-aralan ang mga tekstong tinatangkilik ng kanyang mga

kababayan (hindi ikinakailang may overlap ang dalawang set na ito). Ang nangyari, naipagpatuloy ang mabuting mito ng relasyon ng *Noli* at rebolusyong Filipino (3-4), samantalang naisantabi ang papel ng pasyon sa makabayang tradisyon. Baka naman dahil hindi bagay sa bayang nasa isip ni Lumbera ang bayang nabibigyan ng tinig sa pasyon?

At para naman sa mga naniniwalang mahalaga ang istilo para sa espiritwal na elebasyon ng mambabasa, sasagutin kong mas mabuti pang magsindi ang mambabasa ng kandila sa Quiapo. Mas mura ito nang hindi hamak.

Hindi ito pag-uutos sa nobelista kung ano ang dapat niyang isulat. Ang trabaho ng nobelista ay magsulat ng nobela. Ang trabaho ng kritiko, ng kritiko ngpanitikan at kritiko ng kultura, ay ipaliwanag ang kulturang Filipino. Hindi niya ito magagawa kung magpopokus siya sa mga walang relevance sa buhay sa Pilipinas.

May mga magsasabing ang konklusyon ng mga ideyang ito'y ang katapusan ng panitikan. Maaaring sang-ayunan ito. Ang libro ni Jurilla ay kasaysayan ng *libro*, at hindi ng nobela mismo. Ito ang ikalawang prinsipyo ng materyalistang lapit sa kritisismo: hindi maihihiwalay ang kultura sa lipunan. Kung pag-aaralan ang kultura, pag-aaralan ang lipunan, at kung pag-aaralan ang lipunan, kailangang pag-aralan ang materyal na kondisyon nito. Sino pa nga ba ang magiging ehemplo ng ganitong kritisismo kundi si... Resil Mojares. Kinain na ng ahas ang sarili nitong buntot.

Sa kanyang "The *History* in the Text," nagbigay si Mojares ng apat na paalala: (1) hindi kailangang *tungkol* sa nakaraan ang teksto para maging historikal; (2) nasa loob ng teksto ang kasaysayan, bilang likhang-sining; (3) hindi kinakailangang ang kasaysayang tinatalakay ng teksto ang kasaysayangpapahalagan dito; at (4) hindi kailangang tungkol sa malaking bagay ang kasaysayan, maaari itong maging kasaysayan ng pang-araw-araw (2003, 1-3, 5).

Ang mga ito'y isinapraktika ni Mojares sa kanyang "The Islands According to Pigafetta." Syempre pa, hindi niya pinaniwalaan ang mga pinagsasabi ni Antonio Pigafetta sa *First Voyage Around the World* tungkol sa mga islang naengkwentro nila ni Magellan, bagkus ay binigyan ni Mojares ng historikal na pagbasa ang teksto.

Alinsunod sa kanyang inilatag na mga konsiderasyon,

ihinugpong ni Mojares ang gawa ni Pigafetta sa mga pampanitikan kadugo nito, ang tradisyong "americanista" ng Italya, at ang "isolario" o Aklat ng mga Isla, uri ng Italyanong "travel writing" (2002, 23). Maikakawing niya sa huli ang teksto dahil sa mga pormal na katangian nito: (a) isla bilang paksa; (b) perspektibong unang panauhan; (c) palitang naratibo at pagpapaliwanag; at (d) kombinasyon ng naratibo at "cartography" (24). Mapapaliwanag naman niya ang koneksyon sa una dahil ang mga "trope" na ginagamit ng *Voyage* mula tradisyong americanista ay paraan para patibayin ang awtoridad ni Pigafetta bilang tagasalaysay (27). Para isiwalat ang halata na naman: hindi man pinapaksa ni Pigafetta ang mga bagay na ito, nakaukit pa rin sa kanyang teksto ang kasaysayang kinapapalooban niya at nito.

Sa ganitong paraan napapalutang ni Mojares ang sinusupil ng teksto. Halimbawa, sa simula ng naratibo ni Pigafetta, panay ang paglalarawan ng mga sobrenatural at mahikal na pangyayari at nilalang. Pero, pagdating sa paglalarawan ng mga isla, naging mala-makaagham ang kanyang pagsusulat (29). Mayroong ideolohikal na background ang pormal na pagbabagong ito. Nirerepresenta ang Pilipinas bilang lugar na maaaring at napapanahong sakupin (31). Ang pinapalagay, ng kanyang mga kontemporaryo, na makatotohanang kronika ni Pigafetta ay kwento. Tulad ng kwentomeron pa nga itong "foreshadowing" (39). At syempre nilagyan niya ito ng bida. Ang bidang ito ay si Magellan mismo (36). Iginiit ang karunungan at katapangan ni Magellan, kung paano ito nagsilbing tagabigkis ng misyon. At nirepresenta ang kanyang kamatayan bilang trahedya. Pagkatapos mamatay ni Magellan at tumakas sila Pigafetta, bumalik ang sobrenatural at mahika sa kanyang *Voyage*. Ang ideolohikal na background din nito ay naipaliwanag ni Mojares. Ang dahilan nito ay takot. "It is as though the fabulizing of the Other appears and increases in direct proportion to its threatening denseness and remoteness" (44). Ang ganitong pagbasa ni Mojares ang nararapat na hanapin sa mga interepretasyon ng mga nobela. Ang maka-Mojares na pagbabasa ng kasaysayan sa nobela ang matutunghayan sa *Necessary Fictions* ni Caroline Hau. Dito, ang *Sa mga Kuko ng Liwanag*, na tungkol sa mga manggagawa ay tinalakay ayon sa relasyon nito sa diskriminasyon laban sa mga Tsino sa Pilipinas (2000, 133-176), samantalang ang *Hulagpos* ay hindi na lang tungkol sa mga rebolusyonaryo kundi sa mga alternatibong moda ng produksyon ng panitikan (243-270).

Wala na ngayong nobelang-mag-isa, o nobelang-nagsasarili.

Kakambal na ngayon ng bawat isang nobela ang kritisismong nagpapaliwanag dito. Marapat nang hindi basahin, at imposible nga namang hindi ito gawin, ang mga nobela nang hindi iniisip ang kritisismo sa kanila. Ang pagpapasailalim ng mga indibidwal na nobela (at tula, maikling kwento, dula, creative non-fiction) ang tagumpay ng kritisismo, at, kung gayon, pagsibol ng panitikan.

#### 4.3 Imbes na Kongklusyon: *Tungo sa Pagbabasa*

Ano ang mangyayari sa kritisismo kung susundin ang dalawang prinsipyo ng materyalistikong pagsusuri? Maiwasan ang nagpapanggap na kritisismo pero sa totoo lang ay pagbubuod. Makikita na ngayong hindi sapat ang kaunting komentaryo. Hindi na tayo mahuhuli nilang mga halos-advertisement na nga. Wala na ang krititiko-bilang-endorser. Kung naniniwala talaga siyang dapat basahin ang nobelang kanyang pinakamamahal, magsulat na lang siya ng blurb para dito. Para hindi malabo, hindi ko sinasabing hindi na tayo dapat magpabasa ng nobela (bilang guro, halimbawa), o magrekomenda (bilang kaibigan, kunwari). Ang sinasabi ko ay hindi na tayo dapat magsulat ng kritisismong ang tangi lang namangsinasabi'y "Basahin mo ang nobelang ito."

Ipinapanganak dito ang noon pang nakikisalamuha sa atin: ang sanaysay na kumakain sa teksto. Sa kaso ng papel na ito, ang sanaysay na kumakain sa nobela. May dahilan para umiral ang ganitong uri ng sanaysay, hindi tulad ng iba na appendix lang ang peg. Nakakalason ang ganoong uri ng sanaysay, kaya nga kailangan ng appendectomy. Ang sanaysay na kumakain sa nobela, nagagawa ang hindi kayang gawin ng nobela, ang maging sanaysay. Sa ganitong sanaysay, babaklasin ang nobela, tataktarin sa pinakamaliit nitong yunit. Bibigyan ng mas malaking papel ang mambabasa, at ang proseso ng pagbabasa. Magtutunggali ang iba't ibang pwersa sa lipunan, maglalaban-laban ang mga uri, kasarian, etnisidad, edad, relihiyon, abilidad-disabilidad. Kung mali-mali ang sinasabi ng nobela tungkol sa problemang agraryo, hindi ito isasantabi sa ngalan ng nasyonalismo. At higit sa lahat, papahalagahan ang wika, na siyang punto ng lahat ng pagsusulat. Bilang pagtatangkang isabuhay ang ganitong uri ng kritisismo, magbibigay ako rito ng mabusising pagbabasa sa *Ang Makina ni Mang Turing* ni Ramon Guillermo. Kakainin ng aking sanaysay ang nobela.

Alinsunod sa mga tala ni Mojares, ang kasaysayang mahalaga sa nobela ni Guillermo ay hindi ang kasaysayang pinapaksa nito (huling bahagi ng 1800s), kundi ang kasaysayang nakaukit dito (i.e. ang kontemporaryong panahon). Ang nobela ay interbensyon sa usapin ng wika sa Pilipinas. Lumilikha ito ng posibleng maging anyo ng Filipino.

Sa lahat ng gawa ni Guillermo, lagi niyang binubusisi ang ating wika. Sa kanyang pagsusuri, halimbawa, ang *UP Diksiyonaryong Filipino*, bilang sirkular (Guillermo, Cajote, Logronio 2015, 54-71). Diniskas din niya ang mga kakulangan at potensyal ng maugnayin (Guillermo 2009c, 263-278). Sa kaso naman ng kanyang mas malaking proyekto, tinalakay ni Guillermo ang pagpasok ng ideolohiyang Marxista at sosyalista sa bokabularyo ng diskursong Filipino sa *Pook at Paninindigan* (2009a), at ang kapabilidad ng Tagalog na makapagbigay ng panloob ng pang-uusig sa kolonyalismong Espanyol sa *Translation and Revolution* (2009b). Tangkain man ng *Ang Makina ni Mang Turing* na magkwento, sa huli ang ginagawa lang nito ay nagwiwika. Hindi ito masamang bagay.

#### 4.4 Ilang tala tungkol sa metodo

Ginamit sa papel na ito ang computer program na Text Stat upang magbilang ng mga salita. Pinalad na makakuha ng soft copy ng nobela mula sa awtor mismo, ngunit kung hindi man ito available, simpleng scanning lang ng hard copy ang kailangan para magkaroon ng access sa isang format kung saan maaaring gamitin ang computer sa pagtipon ng datos tungkol sa mga salita. Hindi na kailangang sabihing hindi naman ang computer ang gumagawa ng pagsusuri. At muli, hindi man ganito binabasa ang isang nobela, isa itong paraan ng pagkikrita ng nobela.

Mayroong humigit-kumulang 40,000 salita ang *Makina ni Mang Turing*. Gumamit ito ng higit 6,000 salita. Bukod sa mga inaasahan nang "sa," "ang," "ba," at ang mga pangalan ng bida (ang mga ito at katulad nito ay hindi na papansinin sa paga-aral na ito), ang pinakamadalas gamiting salita ay "sigay," na lumabas nang 77 beses. Kaugnay nito ang "sungka," na 51 beses ginamit. Bilang tungkol sa paglalaro ng sungka ang *Makina*, hindi na ito kataka-taka.

Interesante ang "guerra," na 44 beses lumabas. Hindi "giyera" o "gera" ang ginamit ni Guillermo, kundi ang Espanyol para sa digmaan. Ganito rin ang kaso ng "ajedrez" (chess), na 30 beses

ginamit. Ang mga sumusunod ay ilan pa sa mga Espanyol na salitang ginamit, at ang dami ng beses na sila ay lumabas: "turno" [19], "pieza" [14], "solucion" [14], carruaje [16], universidad [13], bagaman sa 6 na beses ay bahagi ito ng proper name], ciencia [12], rebellion [12], Japon [10], direccion [9], novela [9], campeon [10], caso [7], cerveza [7], colonialismo [7], computacion [7], fraile [7], posicion [7], America [6, bagaman dalawang beses ay bahagi ng "America Latin"], cigarillo [6], exhibicion [6], filosofia [6], henio [6], historia [6], tarjeta [6, bagaman tatlong beses ginamit sa freys at hindi mag-isang salita], trabajo [6], acuarela (watercolor) [5], combinacion [5], concepto [5], informacion [5], instruccion [5], invencion [5], misteriosong [5], nieve [5], periodico [7], situacion [5], aleatorio (random) [4], anarquista [4], botica [4], cientifico [4], colegio [4], ejercicio [4], fisica [4], Japones [4], manuscrito [4], matematica [4], mecanismo [4], memoria [4], profesor [4], secreto [4], torre [4], abrigo (shelter) [3], aplicacion [3], azul [3], capitalista [3], civilizacion [3], colera [3], comercial [3], comercio [3], escuela [3], esencia [3], filosofo [3], gobierno [3], Holandes [3], mision [3], nacion [3], tecla [3], tecnologia [3], telegrafo [3], tradicional [3], victima [3], anarquismo [2], arquipellago [2], artilleria [2], atmosfera [2], cafe [2], calculo [2], campeonato [2], chorizo [2], cientifico [2], colleccion [2], comunismo [2], concentracion [2], curiosidad [2], economia [2], electromagnetico [2], especialidad [2], evolucion [2], exposicion [2], generacion [2], instruccion [2], leccion [2], lenguaje [2], logica [4, bagaman ginamit isang beses sa "logica dialectica"], matematica [2], matematico [2], negocio [2], opinion [2], poeta [2], profesional [2], propiedad [2], provincia [2], publico [2], revolucionario [2], sociologia [2], at traficante [2]. Bukod dito'y may higit sa tatlung salita na isang beses ginamit. Salungat sa unang pagtingin, ang mga mas madalang ang pagkakagamit ang susi sa akdang ito. Nakikilala ang isang wika sa mga salitang pinakamadalas nitong gamitin at, ito ang paradoha, pinakamadalang nitong gamitin. Anong wika ang ginagamit pag may isang salitang Espanyol sa pangungusap na puro Filipino? Syempre, Filipino.

Ang setting ng *Ang Makina ni Mang Turing* ay Hamburg, sa Germany, at ang mga tauhan nito, kundiman Aleman at Filipino ay Hapon. Hapon, halimbawa, habang nakikipag-usap sa isang Filipino, ang nagsabing "Nang kakatapos ko pa lamang ng aking curso sa matematica at filosofia sa Tokio ay pinili na ako ng estado ng Meiji upang maging bahagi ng unang pangkat ng Japones na mag-aaral ng ciencia militar sa Alemanya. Bahaging filosofico ng cienciang ito ang

ibinigay sa ain bilang pangunahing especializasyon" (Guillermo 2013, 9). Ang puso ng sipi na ito ay ang salitang "cienciang," na paglamon na nga ng balarilang Filipino sa salitang Espanyol. (Ganito rin ang nangyari sa "guerra" ["guerrang," "pang-guerra"], "carruaje" ["carruajeng"], "novela" ["novelang"], "cerveza" ["mag-cerveza"], at marami pang iba.) Sa buong nobela mapapanood ang pag-angkop na nagaganap sa wika, kung kaya nga, halimbawa, 12 beses na ginamit ni Guillermo ang "kabayo," 18 ang "kwento," siyam ang "kanyon," anim ang "pwera," at tatlong beses ang "serioso."

Dapat basahin ang *Makina* sa kontesktong pang-uusig sa wikang Filipino, at sa pangkalahatang lihis na kondisyon ng edukasyon sa Pilipinas. Malay sa mga isyung ito si Guillermo. Isa siya sa mga editor ng *Mula Tore patungong Palengke*, tungkol sa neoliberal na edukasyon sa Pilipinas. Sa antolohiyang ito lumabas ang atake ni Melania Abad sa anti-Filipinong palisi na lumabas sa ilalim ng rehimeng Arroyo, ang EO 210, pati na rin ang Gullas Bill (Abad 2007, 218-221). Ang mga kontra-wikang pambansang patakaran ay nagpapatuloy sa rehimen ni Aquino, pinakaobyus sa Ched Memorandum 20, na tiklo sa mga guro ng Departamento ng Filipino at Panitikang ng Pilipinas ng UP Diliman, kasama na si Guillermo (Pineda w.p.; para sa pangkalahatang tingin sa paksa, tingnan din ang Geronimo 2014). Ang programang K to 12 ng kasalukuyang gobyerno ay binalahura na rin ni Guillermo bilang nagpapaunlad sa ibang bansa imbes na Pilipinas (Reyes 2015).

Laban dito, pinapatunayan ni Guillermo ng pwedeng gamitin ang Filipino sa intelektwal na diskurso. Kaya nga mayroong kayraming palitan ng kuro-kuro at impormasyon sa *Makina*. Halimbawa, ipinaliwanag ng tauhang Hapon ang *Vom Kriege* ni Clausewitz (62-66). Samantala, ang isang tauhang Aleman, nagbigay naman ng ispekulasyon tungkol computer na maaaring maglaro ng chess (58). Kung maalam ang awtor tungkol sa pulitikal na pagkiling ni Guillermo, maaaring maisip na muestra itong tumatangkilik sa liberal na multikulturalismo. Ang totoo, nasyonalistang pagmamalaki ito sa wikang pambansa, na wika na rin ng mga dayuhan. Kung kaya nga ang bidang Filipino ay inalala ang rebelyon ni Dagohoy (36-39), dahil syempre ang kasaysayan ang isa sa pinakaimportanteng agham na dapat ay nakasulat sa sarili nating wika. Bahagi rin ng proyektong ito ang pagpapaliwanag ni Guillermo (i.e. ang implied author sa teksto) ng mga alituntunin ng sungka (32-33). Ang halaga nito ay matutunghayan sa pagprint ng mga alintuntuning ito sa back cover ng libro mismo (kung saan madalas ilagay ang mga blurb, i.e. mga sipi na

ang silbi'y ibenta ang libro). Ang anti-kapitalistang katangiang ito (imbes na maglagay ng ad ay naglagay ng paglalarawan sa laro) ay maaaring iinterpretar bilang papuri sa wika. Ang wika ay paglalaro din mismo, bagaman pilit itong nirerejus ng mga tao sa estado ng gamit lamang. Kung utilidad nga lamang ang mahalaga sa isang wika, bakit pa ito may kung ano-anong aspektong nagpapahirap lamang sa komunikasyon (halimbawa na lang ay ang irregular verbs sa Ingles, ang punyetang dative form sa Aleman, at pag-uulit sa Filipino)?

Hindi sinasabing walang silbi ang wika, kundi na hindi silbi ang kaloob-looban nito. Sa lente rin ng laro dapat tinitingnan ang panitikan. Hindi nito sinasalamang ang realidad (at tandaan natin, kabaliktaran ng realidad ang nakikita sa mga repleksyon), bagkus nilalaro nito ang sarili. Sa paglalarong ito, isinasakatawan ng panitikan ang siyang pinaka hindi dapat sinusukat nang ang standard ay silbi: ang tao.

Pag sumigaw ang isang nilalang sa kuweba, at bumalik sa kanya ang ingay na kanyang nilikha, ang tawag dito'y alingawngaw. Ito ang ginagamit ng mga paniki para hindi bumangga sa pader, at maaari ding gayahin ito ng tao, kung pagtyatyagaan, para matukoy ang kanyang lokasyon, sakaling nawala sa kweba. Isang napakaespisipikong sitwasyon! Itong alingawngaw, maaaring ituro sa atin ang limitasyon ng talinghaga ng salamin. Parehas din namannilang inuulit ang mayroon na. Ngunit, at ito ang punto ng materyalistang analisis, kailangang baguhin ang meron.

Sa materyalistang analisis ng panitikan, naipapaliwanag ang kahungkagan ng realismo bilang kategorya, ang pangangailangan na bigyang-prayoridad ang pagsusuri sa popular na literatura na tinutuya ng iba bilang "basura," pati na rin ang mga kakaibang likha tulad ng *Ang Makina ni Mang Turing*. Nagagawa ito ng materyalistang analisis dahil hindi ito nabibighani sa harap ng salamin, hinahanap kung sino ang pinakamahasag kumopya ng realidad. Alam ng materyalistang kritiko na hindi matatakas ng panitikan ang kasaysayan. Ang hinahanap niya'y ang kabaliktaran, anong epekto mayroon ang likhang sining sa lipunan? Anong pagnanasa ang pinakawalan nito sa mga mambabasa? Paano nito binago ang mundo?

Ang kritisismong ito ay maka-Jurilla, maka-Hau, at maka-Mojares. Ito ay maka-Lumbera at maka-Lucero. Sa madaling salita, bahagi ng mahabang tradisyon ng kritisismong Filipino.

## TALA

Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga nobelang lumabas mula taong 2000 hanggang 2015. Bukod kay Bob Ong, ang mga ito ay "literary" ang branding, pero makikitang hindi realismo ang dominanteng moda. Ang *Makinilyang Altar* ni Cleto, halimbawa, ay collage. Ang *Para kay B* ni Lee ay metafiction, samantalang ang kanyang *Amapola* ay alegoryang gumagamit ng figura ng manananggal. Ang *Etsa-Puwersa* ni Reyes ay may hibo ng magic realism kahit na historikal, at ang kanyang *Huling Dalagang Bukid* ay metafiction. Pinaghalo ang dalawang moda sa *(H)istoryador(a)* ni Nadera.

Eros Atalia, *Ligo na U, Lapit na Me* (Visprint, 2009)

Eros Atalia, *Tatlong Gabi, Tatlong Araw* (Visprint, 2013)

Abdon Balde, Jr., *Pangarap at Pangitain* (UST, 2001)

Abdon Balde, Jr., *Sa Kagubatan ng Isang Lungsod* (UST, 2002)

Abdon Balde, Jr., *Mayong* (UST, 2003)

Abdon Balde, Jr., *Hunyango sa Bato* (UST, 2004)

Abdon Balde, Jr., *Awit ni Kadunung* (UST 2008)

Luna Sicat Cleto, *Makinilyang Altar* (UP, 2002)

Luna Sicat Cleto, *Mga Prodigal* (Anvil, 2012)

Lourd de Veyra, *Super Panalo Sounds!* (UST, 2011)

Allan Derain, *Ang Banal na Aklat ng mga Kumag* (Cacho, 2013)

Ricky Lee, *Para kay B (o kung paano dinevastate ng pag-ibig ang 4 out of 5 sa amin)* (2008)

Ricky Lee, *Si Amapola sa 65 na Kabanata* (2011)

Victor Emmanuel Carmelo Nadera, Jr., *(H)istoryador(a)* (UP, 2000)

- Bob Ong, *Alamat ng Gubat* (Visprint, 2003)
- Bob Ong, *Macarthur* (Visprint, 2007)
- Bob Ong, *Kapitan Sino* (Visprint, 2009)
- Bob Ong, *Ang mga Kaibigan ni Mama Susan* (Visprint, 2010)
- Bob Ong, *Lumayo Ka Nga sa Akin* (Visprint, 2011)
- Bob Ong, *Si* (Visprint, 2014)
- Edgar Samar, *Walong Diwata ng Pagkahulog* (Anvil, 2008)
- Edgar Samar, *Sa Kasunod ng 909* (UST, 2012)
- Edgar Samar, *Si Janus Silang at ang Tiyanak ng Tabon* (Adarna, 2014)
- Jun Cruz Reyes, *Etsa-Puwersa* (UP, 2000)
- Jun Cruz Reyes, *Ang Huling Dalagang Bukid at ang Authobiography na Mali: Isang Imbestigasyon* (Anvil, 2011)
- Norman Wilwayco, *Mondomanila* (2002)
- Norman Wilwayco, *Gerilya* (2008)

SANGGUNIAN

Abad, Melania. 2007. "Neoliberalistang Pagpapaplanong Pangwika Tungo sa Komodipikado at Episyenteng Pagpapahayag," nasa *Bienvenido Lumbera, Ramon Guillermo, Arnold Alamon* (mga ed), *Mula Tore patungong Palengke: Neoliberal Education in the Philippines*. Quezon City: IBON Books.

Dizon, Romeo. 1991. "Ang Nobela sa Kasalukuyang Panahon (May Diin sa Nobela sa Tagalog at Ingles) *Lagda* Hunyo 1991, DFPP, Unibersidad ng Pilipinas.

Eagleton, Terry. 1976. *Marxism and Literary Criticism*. London: Routledge.

Geronimo, Jee. "No Filipino Subjects in College? 'Tanggol Wika' Opposes CHED Memo," *rappler.com*, Hunyo 21, 2014. Nasa <http://www.rappler.com/nation/61234-tanggol-wika-general-education-college>. Inakses noong Mayo 5, 2015.

Lopez, Salvador. 1940. *Literature and Society: Essays on Life and Letters*. Manila: University Pub. Co.

Guillermo, Ramon. 2009a. *Pook and Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw*. Quezon City: University of the Philippines Press.

\_\_\_\_\_. 2009b. *Translation and Revolution: A Study of Jose Rizal's* Guillermo Tell. Quezon City: University of the Philippines Press.

\_\_\_\_\_. 2009c. "Mga Suliranin sa Proyekto ng Maignaying Pilipino," nasa Galileo Zafra (ed), *Salin-Suri: Panimulang Pagmamapa ng mga Larangan ng Pag-aaral sa Pagsalin sa Filipinas*. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino-Diliman.

\_\_\_\_\_. 2013. *Ang Makina ni Mang Turing*. Quezon City: University of the Philippines Press.

\_\_\_\_\_, Rhandley Cajote, Aristeo Logronio. 2015. "UP Diksiyunaryong Filipino: Sinonismong Walang Hangganan," *Daluyan* No. 2 (2015).

- Jameson, Fredric. 2015. *Antimonies of Realism*. London: Verso.
- Hau, Caroline. 2000. *Necessary Fictions: Philippine Literature and the Nation, 1946-1980*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Jurilla, Patricia May. 2008. *Tagalog Bestsellers of the Twentieth Century: A History of the Book in the Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Cruz-Lucero, Rosario. 2007. *Ang Bayan sa Labas ng Maynila*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Lumbera, Bienvenido. 1995. "The Nationalist Literary Tradition," nasa Elmer Ordoñez (ed), *Nationalist Literature: A Centennial Forum*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1995.
- \_\_\_\_\_. 1997. *Revaluation* Manila: University of Santo Tomas Publishing House.
- \_\_\_\_\_ at Cynthia Nograles Lumbera (mga ed). 1997. *Philippine Literature: A History and Anthology*. Pasig City: Anvil.
- "Cultural materialism." Nasa [https://en.wikipedia.org/wiki/Cultural\\_materialism\\_%28cultural\\_studies%29](https://en.wikipedia.org/wiki/Cultural_materialism_%28cultural_studies%29). Huling inakses noong Oktubre 23, 2015.
- Mangahas, R. 1986. "Introduksiyon," nasa Edgardo Reyes, *Sa mga Kuko ng Liwanag*. Manila: De La Salle University Press.
- Mojares, Resil. 1998. *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel Until 1940*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- \_\_\_\_\_. 2002. "The Islands According to Pigafetta," nasa kanyang *Waiting for Mariang Makiling*. Pasig: Anvil.
- \_\_\_\_\_. 2003. "The History in the Text," nasa Victor Sugbo (ed), *Timuha: History in Philippine Literary Texts*. Manila: National

Commission for Culture and the Arts.

Nelmida-Flores, Crisanta. 2000. "Panitikan bilang Panunuring Panlipunan: Pagbasa sa Nobelang Tagalog sa Dekada 90," *Philippine Humanities Review*, Volume 4, 2000, pp. 35-55.

Pineda, Haidee. 2015 "Mga guro sa Filipino, tumutol sa utos ng CHED na tanggalin ang Filipino subjek sa kolehiyo," nasa <http://upd.edu.ph/~updinfo/jul14/articles/Mga%20Guro%20tutol%20sa%20utos%20ng%20CHED%20na%20tanggalin%20ang%20Filipino%20subjek.html>. Inakses noong Mayo 5, 2015.

Reyes, Jun Cruz. 1987. *Tutubi, tutubi, 'wag kang magpahuli sa mamang salbahe*. Quezon City: New Day.

Reyes,Ernie. 2015. "K to 12 to create more OFWs, not development of Philippines - UP Prof," nasa [interaksyon.com](http://interaksyon.com), Marso

## ANG MGA BAYAN NI ROSARIO CRUZ-LUCERO

Ang papel na ito ay presentasyon ng pangkalatahang teorya ng kultura ni Rosario Cruz-Lucero, manunulat, iskolar, guro, at tagasalin. Primaryang basehan ang kanyang koleksyon na *Ang Bayan sa Labas ng Maynila*, bagaman may reference ding kaunti sa kanyang doktoral na disertasyon ("Negros Occidental 1970-1986: The Fall of the Sugar Industry and the Rise of People's Theater"), at isang kalat na sanaysay. Kikritikahin ang depinisyon ng tayo ni Lucero, ang tayong tinatawag niyang bayan. Bago mangkritika, syempre, ilalatag muna ang mga posisyon ni Lucero.

Ano nga ba ang matutunan mula sa mga mito? Sa kanyang pag-aaral sa mga traki ng Manobo, nakitaan ni Lucero ito ng kanilang metapisikal na konsepto ng panahon (Lucero 2007, 200), at espasyo (201-202). Nirerekomenda ni Lucero na tingnan bilang batis ng mga manunulat at intelektwal ang sarili nating kwento, imbes na postmodernong teorya, na produkto rin naman ng iba at mahabang tradisyon (233). Malakas na pundasyon ang ating mga tradisyon (219). Para kay Lucero, sa kanyang pagbasa sa isang mitong pinagbibidahan ni Tuglibong, sa kulturang Filipino, kakambal ng katwiran ang sining (2). Minsan pa nga, tila sumusobra si Lucero, tulad nang sabihin niyang "it is only when we are deeply rooted in our own intellectual and creative traditions that we can create art and literature that will make a mark on our economic structures in a more profound and radical way than technological and political changes can ever do" (ibid). Pero patatawarin natin si Lucero sa eksaherasyong ito, tatal naman sinabi niya ito bilang keynote speech sa isang workshop para sa mga manunulat. Ang mahalaga rito'y ang pagsalungat ni Lucero,

gamit ang batis ng panitikan, sa alienation ng Kanluran. Mayroon pa nga siyang mapaglarong salitang ipinakilala, ang "buangst" (4), i.e. ang taong tila baliw dahil sa ennui. Para kay Lucero may pangangailan ang mga Filipino para sa kaayusan, at hindi ito maibibigay ng kultura ng Kanluran (ibid). Isa pa, naipagtatangol nga tayo ng mga tradisyong ito laban sa pwersang pagpataw ng mga tradisyong banyaga (5). Kahit ang pakikipag-usap nang mapayapa at bilang kapantay sa ibang bayan ay nakaangkla sa pagiging babad sa mga tradisyong atin (8-9). Itinuturing niyang tungkulin ng mga intelektwal at manunulat na maging tagapagsalita ng kanilang bayan (7). Sa pamamagitan lamang ng mga mito magkakaroon ng simpatya ang mga Filipino sa ibang tao, at kapwa Filipino (17). Kung ganoon na nga lang ang halaga ng panitikan at kultura, sa paanong paraan makipag-ugnay dito? At, mas mahalagang tanong, na dapat unang sagutin, ano nga ba ang panitikan?

### 5.1 Ang Materyal na Basehan ng Kultura

Bagaman sintido komun nang maituturing ngayon, mahalaga pa ring bigyang-diin na ang panitikan ay hindi magagandang salita lamang. Pinapaalala ni Lucero, halimbawa, ang gamit nito sa pagpapanatili ng diwang rebolusyonaryo at makabayan sa harap ng kolonyalismo ng Estados Unidos (62). Alam ni Lucero ang kapangyarihan ng naratibo. Alam niyang kahit na iyong itinuturing na kasaysayan ay maaaring urban legend lang (11-12). Ganito rin ang maaaring kaso sa kasaysayang pampanitikan, halimbawa ang dominanteng bersyon na walang makapangyarihang babae sa ating mga kwento (23). Maski si Rizal hindi ligtas sa pagkakamaling ito. Ginawa niyang Birheng Maria si Makiling, halimbawa (30). Sa totoo, maraming babae ang malakas at matalino kung kokonsultahin ang ating mga mito (3, 23-26), bagaman hindi ikinakaila na mayroon ngang mahihina (31-32). Ang tunggaliang ito'y hindi nagtatapos sa mga mito. Sa nobelang *Ang Dalaga sa Tindahan* (1935) ni Jalandoni, halimbawa, bagaman maikli lang ang parte'y iginigiit ni Tiya Nora ang kanyang mga karapatan (36). Samantala, sa dulang *Ang Babai nga Huaran* (1878), mas marami pang linya sa bidang si Consuelo ang kanyang tatay na si Don Fernando (45). Sa sobrang seksista ng dula, kahit ang paglaban nito sa karahasan laban sa kababaihan ay nakaangkla sa patriyarkal na pananaw ng kalikasan (47).

Para kay Lucero, may kakulangan ang formalismo bilang paraan ng pagbabasa. Maaaring maganda ang arkitektura ng isang dula, may foreshadowing at walang *deus ex machina*, klaro ang motibasyon ng mga tauhan, may pagbabagong naganap sa kanilang pagtingin sa sarili at aksyon, pero seksista pa rin (49). Sa kanyang doktoral na disertasyon, iniugnay pa nga niya ang formalismo, at ang ideya ng pagiging unibersal ng literatura, at ang ideolohiya ng indibidwalismo, sa pagiging stooge ng iskolar ng Kanluraning kapangyarihan (Lucero 1990, 15).

Kaya nga naman ng kanyang analisis sa isang ritwal sa Antique, halimbawa, binigyang-diin niya ang kahirapan ng rehiyon (Lucero 2007, 74). Isinalaysay din niya kung bakit naging Manila imbes na Cebu ang sentro ng kolonyalismong Espanyol (104-105), at kaugnay nito, kung bakit minamaliit ang sa pulitikal at kultural na lebel ang Cebu sa kontemporaryong kaayusan ng Republika. Binabasag niya ang ideolohiya ng indibidwalismo, halimbawa, sa pagtatala ng papel ng uri sa buhay ni Vicente Sotto (106-107), na hindi magkakaroon ng oportunidad na yumabong kung hindi galing sa maykayang pamilya. Samantala, nakapag-eksperimento si Angel Magahum sa anyo ng maikling kwento dahil sa swak na swak niyang pagkakapwesto sa Pilipinas sa panahong pumapasok ang kultural at pampanitikan ng impluwensiya ng imperyalistang Estados Unidos (125). Ang materyal na basehan ng kultura ay makikita rin sa mga traki ng Manobo, sa mga naratibo nila'y malaki ang papel ng tubig, bilang ito ang batis ng buhay (182). Pero kinikilala rin nila ang panganib nito (229). Dagdag pa, ang panukat nila sa panahon ay ang siklo ng kanilang pagtatanim (183). Ginagamit din ng mga pinuno ng mga Manobo ang ilang kwentong bayan para magbigay lehitimasyon sa kanilang mga batas (221). Mayroon pa nga silang maituturing na modernong mito na maaaring basahin kaugnay ng kasaysayan ng pag-angkin ng lupa nila ng mga makapangyarihan (187-189). Meron din silang mito tungkol sa Milkanong si Harry, na dahil sakapangyarihang sukatinang panahon at pagiging master ng teknolohiya ay sobrang yaman (204-205). Binigyang-diin ni Lucero na laging tungkol sa pagiging api ang mga traki ng Manobo (206), i.e. naipapahayag nila sa kanilang sining ang kanilang pagdaraing. Ang mga Bagobo naman, sa kanilang bolangbolang, pinag-iisa ang pagbabayo ng bigas at paglikha ng musika (2). At para sa modernong panitikan, kinikilala niya ang papel ng Roces Publishing sa pagpapayabong ng panitikan sa mga rehiyon (Lucero 2009, 293).

Bahagi rin ng pansasamantalagang materyal ang digmaan sa kultura. Sinusupil, halimbawa, ang mga tala, ang kasaysayan ng pandarahas ng Estados Unidos sa Pilipinas, minsan ng mga Filipino mismo (Lucero 2007, 137-140)! Kaya nga laging ipinapaalala ni Lucero, sa kanyang mga kwentoman o sanaysay, ang pakikipaglaban ng mga Filipino laban sa mananakop, at ang karumal-dumal na gawain ng mga kolonisador at imperyalista (5-6). Ito'y dahil may pakikipagtunggali na pisikal, halimbawa ang pangre-raid ng mga buyung, at merong sa lebel ng kultura, halimbawa ang pag-corrupt ng mga frayle sa mga salitang "buyung" (na tumutukoy sa mga datu) at yawa (naging demonyo ang babaylan) (13-14, 79). Gayundin, iba-iba ang nakikitang paraan ni Lucero kung paanong lumalaban ang mga sinasakop, ang tinawag niyang "sublatern," ilan lang dito'y ang mismong rebolusyon, duwelo, pababa sa panggagagad at pangaasar (74). Nag-imbento pa nga si Lucero ng scenario kung saan bagaman pinagmamatyagaan ang mga indio ay nagagawa pa rin nilang lumaban sa kapangyarihan kahit papaano, sa pamamagitan hindi naririnig na pagtatanghal ng sekswalidad (13). Isa namang kwentong bayan ang nagsasabing para iiwas ang kanilang mga anak sa mga mapang-abusong frayle, itinago ng mga magulang ang mga ito, kung kaya't nabigo rin ang katekismo at misyonaryong layunin sa bayan ng San Pedro (80). Hindi kailangan ng direktang pakikipagsalpuhan para lumaban. Pakikipagtunggali rin sa mananakop ang pagtakbo at paglayo (76-78).

Binibigyang-diin din ni Lucero ang papel ng sosyo-ekonomikong estruktura sa loob at labas ng mga teksto, ito ang materyalistang paraan ng kanyang pagbabasa na umiigpaw sa formalismo. Sa pagbabasa ng *Ang Babai nga Huaran*, pinatingkad niya ang impluwensiya ng sistemang hasyenda sa buhay, halagahan, kahit sa mga talinghaga ng mga tauhan (50-51). Hindi malayo sa utak ni Lucero ang materyal na kondisyon na siyang kambal ng kultural na praxis. Sa kanyang doktoral na disertasyon, halimbawa, bagaman may Leninistang filibusterismo (Lucero 1990, 47), makapangyarihan niyang nasuri ang kultura sa mga tubuhan sa Negros. Ang estrukturang nakasentro sa patronage at pagkaangkla ng magsasaka sa amo ay unti-unting nanghina dahil sa krisis pang-ekonomiya at pagbagsak ng industriya ng asukal, na siyang naging daan para umusbong ang kontra-hegemoniyang tumutugo sa pangangailangan ng mga magsasaka, na binigyan ng sistematikong kaayusan ng Basic Christian Communities at National Federation of Sugar Workers (69-145). Maiuugnay ito sa presentasyon ng relihiyon ni Lucero sa

Pilipinas. Ang relihiyon ay itinuturing na instrumento ng panloloko, pero ano ang masasabi ng simplistikong pananaw na ito sa Philippine Independent Church, na itinatag ni Gregorio Aglipay bilang suporta sa rebolusyon laban sa Espanya? (Lucero 2007, 82) Sa panghihina ng Simbahang Katolika sa panahon ng rebolusyon, ang PIC ang lumoob sa estruktura ng kapangyarihan na naabandona (83). Naging maigting tuloy ang labanan ng mga Katoliko at Aglipay (84). Hindi kaya ang malaking papel na ito ng relihiyon (hindi lang ng Aglipay, tingnan na lang ang pasyon ng mga Katoliko) sa rebolusyon ang susi sa bugtong ni Lucero? Pero pinangungunahan ng sanaysay ang sarili nito. Kailangan munang sagutin ang mas pundasyonal na tanong: ano ang ipinaglalaman ni Lucero. Masasagot ito pagnasagot na ang isa pang tanong (hindi ito mise en abyme, pangako): sino nga ba ang kanyang kalaban?

## 5.2 Ang Pagtatanggol sa Iba

Ano nga ba itong kinontra ni Lucero? Marami. Isa sa mga pinakamalupit at pinakakinamumuhang kalaban ni Lucero ang rehiyonalismo. Inuugat niya ito sa paglalabanan ng iba't ibang tribu. Kahit sa bansang buona'y nagpapatuloy ito, sa anyo ng racismo (68, 71, 140). Kahit si Vicente Sotto (117) at Angel Magahum ay hindi ligtas sa mga prehuwiso (128, 133-135). Tinukoy din ni Lucero ang hidwaan sa pagitan ng mga Ilonggo at Moro (130). Isa pa, ang rehiyonalismong ito mas lalo pang mararamdaman sa pagmamaliit ng pwesto ng rehiyonal na panitikan sa iskolarship tungkol sa kultura sa Pilipinas (103).

Ang rehiyonalismong ito ay nilalabanan ni Lucero bilang advocate ng rehiyonal na panitikan. Sa kanyang pagsasalin, nagagawa rin niyang isama sa kanon ng pambansang panitikan ang galing sa mga rehiyong isinasatanbi at sinusupil (142-143). Inaamin ni Lucero na may aktibong papel ang tagasalin, at naaapektuhan ang kanyang pipiliing isalin ng teorya at ideolohiya. Ibinibigay niyang halimbawa ang isang maikling kwentong "nguynguy," na hindi raw seseryosohin ng isang formalista o Marxista, pero kakikitaan ng halaga ng isang feminista at historyador (144-145), at pati na rin sa mga nasyonalista (Lucero 2009, 294). Samantala, ang pagkiling sa Marxistang ideolohiya ang magtutulak kay Lucero ni kritikahin ang salin ni Corazon

Villareal ng "imol" at "manggaranon" bilang "wala" at "pinagpala" (na dapat ay "mahirap" o "salat" at "mayaman"), dahil binubura ni Villareal ang labanan ng uri sa orihinal (154).

Kahit sa paraan ng pagsasalin ay hindi matatakas ang rehiyonalismo at tunggalian. Noong unang nagsimulang magsalin si Lucero, inisip niyang dapat sa madulas na Tagalog naisasalin ang mga akda mula sa rehiyon (Lucero 2007, 145). Ang Manila pa rin ang pamantayan. Pero sa kanyang pagtanda at paglublob sa pulitika ng panitikan, natanto niyang kailangan ay pagsalitin ang rehiyon sa pagsalin sa Filipino, para nga maging representatibo ang wikang ito (147; tingnan din ang Lucero 2009, 297-298).

Hindi pwera galing sa rehiyon ay mabuti na para kay Lucero. Kinikilala niya na may pang-aapi at panunupil ding nagaganap sa mga rehiyon mismo. Halimbawa, inilahad niyang ang kahulugan ng "manobo" ay "tao" (Lucero 2007, 19, 179). Tutol si Lucero sa terminong "lumad" para sa mga Manobo, dahil bahagi ito ng kapangyarihang "Bisayang unti-unti nang lumalamon sa kultura at pagkakakilanlang Manobo" (179). Patuloy din kasi ang pagkawasak ng kultura sa rehiyon (hindi sinasabing kasalanan lang ito ng mga Bisaya). Iniulat ni Lucero na samantalang ang mga Lebak Manobo'y maalam pa rin tungkol sa mga paniniwala ng kanilang mga ninuno, hindi na ito ang kaso ng mga Kulaman Manobo (180).

Ang paglaban sa rehiyonalismo ay bahagi ng pangkalahatang proyekto ni Lucero ng pagtatanggol sa inaapi, iyong mga "promdi," babae, bakla, at marami pang sinusupil bilang Iba (150; ikumpara ang Lucero 2009, 299).

Makapangyarihan ang pang-uusig ni Lucero sa patriyarkiya. Inilantad niya sa mga kanyang kritikal na pagbabasa ang pagturing na likas sa mga mapanupil na katangian ng isang seksistang lipunan (48-49). Ipinaliwanag niya rin kung paanong nagmamaskara bilang kapangyarihan ang mga aksyon na sa totoo'y pagtanggap ng kaapihan (54). Ang mga saunang tingin ay gasgas at mahinang teksto'y binibigyan niya ng kabigla-biglang pagbabasa, at nakikitaan niya ng anti-patriyarkal na potensyal (171). Bahagi ito ng paniniwala ni Lucero sa pagbabasa sa mga siwang ng teksto, na kanya nang isinasapraktika sa doktoral na disertasyon pa lang niya (Lucero 1990, 29).

Bukod dito, bininida rin niya ang mga babaeng manunulat na feminista rin, kahit na hindi nila binansagan ang sarili bilang ganito.

Halimbawa na lang ay si Magdalena Jalandoni, na ang hamon sa manliligaw ay sumulat ng singhusay ng *Noli me tangere* (Lucero 2007, 173). Pero hindi nagbubulag-bulagan si Lucero pagdating sa pagbabasa. Kung sa pagsasalin ay laban siya sa malayang pagsasalin dahil "may batayang materyal pa rin ang wika" (Lucero 2009, 298), hindi rin pwede ang imbentong interpretasyon. Kaya kung may capitulation sa patriyarkiya sa teksto, kahit na may feminista itong potensyal, inaamin ito ni Lucero (175). Kaugnay nito, wala siyang pag-aalinlangang sabihing patriyarkal ang lipunang Manobo, kahit na malaki ang simpatya niya sa kanila bilang inaapi (197-198).

Ang iba/Iba na ipinagtatanggol ni Lucero ay hindi kawawang nakahandusay sa lusak. Lumalaban ito, gamit ang iba't ibang sandata. Bukod sa mga estratehiyang nabanggit na sa itaas, nariyan di ang pamumusong.

Makapangyarihang figura si Pilandok, ang tusong trickster (15). Estratehiya ni Pilandok ang pagmatrona sa pagluwal ng mga kahulugan ng mga salita (ibid). Samantala, ang kalaban niya ay ang punong buwaya na walang imahinasyon (16). Maituturing din na trickster si Bebang Tulos ng mga Manobo, bagaman sinupalpal ng mga may kapangyarihan ang kanyang pagkuwestyon sa natagpuang kaayusan (191; tingnan din ang 229 para sa ibang trickster). Tila sinasaniban ni Pilandok paminsan, halimbawa sa kanyang kritikal na pagbabasa: kayrami na niyang nabungkal na interpretasyon sa racistang hirit ng isang tauhan sa Morong kaliwete sa "Si Montor" ni Angel Magahum (129). Nabigyan niya rin ng makapangyarihang pagbasa sa pagtanggì sa pagtutuli (bilang signifier ng labanang Muslim-Manobo) sa isang naratibo (197).

Kaugnay ang figura ng trickster ang konsepto ng carnivalesque. Isang halimbawa ng carnivalesque na praxis ay ang ritwal ng pagpapasabog ng ari ni Hudás sa San Pedro sa Antique (86-88, 90-91), kung saan kahit isang saglit ay nagtatambling ang "mataas" at "mababa," "makapangyarihan" at "walang kapangyarihan," nababaliktad ang estruktura ng kapangyarihan. Sa ritwal na ito, pinapayagan pa nga ang mga bata na haplusin ang ari ni Hudás (effigy, hindi ang tunay na Hudás). Ang aring ito ang representasyon ng kapangyarihan ng mga api, ang maduming dinadakila na simbolo ng pag-aangit ng mga nasa baba (91).

Ang pagmamahal ni Lucero sa pusong ang dahilan kung bakit marami siyang kabatirang sa unang tingin ay counter-intuitive. Halimbawa, inugnay niya ang tema ng pag-ibig (hindi lang sa bayan, kundi kahit romansa at pagmamahal sa pamilya) sa mga maikling kwento ni Vicente Sotto sa kritisismo ng awtor sa mga masamang epekto ng kolonyalismo ng Estados Unidos sa Pilipinas (109). Itinuturing ni Sotto bilang isang malaking pamilya ang bayan, at ang paghina ng institusyon na ito ay nangangahulugan ng paghina ng buong kapuluan (111-112, ikumpara sa isiniwalat na pananaw ni Cornelio Hilado [52]). Maipapaliwanag ang ganitong pananaw ni Lucero sa pagbabasa ng panitikan dahil sa kanyang pag-igpaw sa naive na realismo, sa pagtingin lamang sa surface ng teksto. Ang kinakampeon niya ay ang pagpasok sa mundo ng teksto, pero ito mismo'y may balakid. Sa pagbabasa, halimbawa, ng rehiyonal na panitikan, paano papaloob ang mambabasa at kritikong lubog sa Manila? (124) Kaya nga pag nagsasalin si Lucero, nag-iimport siya ng mga salita mula sa rehiyon (lampas sa token na "ti" at "gid"), at nagdaragdag ng detalye at parilala, para mapalabas ang itinuturing na intensyon ng awtor (149-150). Buti nga sa kasong ito, may tekstong pagbabasehan? Pero ano na ang gagawin ng kritikong ang tanging talento'y sa New Criticism pag naharap siya sa traki ng mga Manobo, na tulad ng ibang uri ng oral na panitikan ay nagbabago depende sa naalala at ekstemporanyong nililikha ng tagapagsalaysay? (181) Susubukan man lang ba niya itong intindihin, o magtatago siya sa kanyang toreng garing para magbasa ng *Sandman*? O, tulad ni Lucero, haharapin nila ang hamon ng pagbabasa sa panitikang inuusal, at ang pagsubok hanapin ang orihinal sa salin? (213)

Meron nga lang paradox, kahit na nais igpawan ni Lucero ang formalismo, ubod ng halaga sa kanya ang anyo. Mahalaga ang anyo para kay Lucero, at mahalaga ang nosyon ng genre. Isa sa mga pinapahalagan niyang genre ay iyong conduct book (55-57), na mararamdaman pa rin ang impluwensiya sa ating panitikan magpasahanggang ngayon. At hindi lang sa panitikan, kundi pati sa ibang kultural na praktis. May hugot sa diskurso ni Foucault, isiniwalat ni Lucero ang mga kontradiksyon ng institusyon ng Katolikong kumpisal sa ilalim ng kolonyalismong Espanyol. Sa paglilista ng frayle sa mga maduming gawaing nais niyang ipaamin at ikahiya ng indio, siya rin mismo ang nagpapasok sa utak ng kanyang inuusig tungkol sa maaaring sarap ng mga ganitong uri ng pagkilos (94). Sa kontemporaryong panahon, bagaman nase-censor ng MTRCB ang mga pelikulang Filipino, nakalarawan pa rin sa kanilang mga

nakapaskil na anunsiyo sa sinehan iyong mga eksenang "malaswa" na kinaltas (98).

Hindi nga kasi simpleng pagkatalo ang naganap sa mga ninuno natin, hindi simpleng dominasyon ang mayroon ang mga Espanyol. Sa larangan ng kultura, halimbawa, iba't iba ang pakikipagtunggaliang matutunghayan sa lebel ng anyo. Ang loa, halimbawa, ay pinarodiya (39). Inangkop din ng iba't ibang manunulat ang loa para sa mga makabayang layunin, halimbawa sina del Pilar, Bonifacio, at Segundo Lagos (63). Isa sa mga mutasyon nito ang luwa, na satirikal na bugtong (81). May ejemplo naman si Jose Chavez tungkol kay Rizal (64).

Alinsunod kay Bakhtin, minamarkahan ni Lucero ang realistang drama bilang monologic, may argumento nga, pero ang tisis nito pa rin ang magwawagi (46-47, 59). Talagang may duda si Lucero sa ideya ng realismo sa panitikan. Inilarawan niya, halimbawa, ang mga estratehiya ni Angel Magahum para magkaroon ng "reality effect" sa kanyang mga maikling kwento, halimbawa ang paggamit ng kwento-sa-loob-ng-kwento (127), at pagtukoy sa mga historikal na personahe (128).

Mahalaga ang anyo kay Lucero dahil mahalaga sa kanya ang tradisyon. Ang tradisyong kinabibilangan ng isang akda, halimbawa, ang magpapaliwanag sa mga katangian nitong maituturing na "baduy" (113). Pero higit pa rito, ito ang nag-uugnay sa kultural sa materyal. Pinakita ni Lucero na hindi lang putok sa buho ang panitikang rebolusyonaryo laban sa Estados Unidos, bagkus ay sumususo ito sa epiko, romansa, nobena, pananglet, pasyon, at lowa (63). Samantala, ang mga maikling kwento ni Vicente Sotto, pasaway laban sa kolonyalismo ng Estados Unidos, ay makikitaan ng ugat sa mga kwentong bayan at ballad (108). Ang mga maikling kwento ni Anghel Magahum, unang nakapagsulat ng nobela sa Hiligaynon, ay sumususo sa komposo, at may hibo rin ng vida (126, 132). Ang pagiging babad sa tradisyon ang kaso rin kay Magdalena Jalandoni, tulad ng nasabi na ni Corazon Villareal (163). Narinig naman ni Lucero ang alingawngaw ng pasyon sa "Si Anabella" ni Jalandoni (166), pati na rin ang siday sa pamalaye, na tula ng pamamanhikan na makikita rin sa epikong *Hinilawod* (167). Meron din siyang twist na napepresenta, halimbawa ang *Urbana at Feliza* ay hindi lang sa tradisyong Espanyol nabibilang, meron din itong etnikong ugat (216).

Mahalaga ring kilalanin kung saan galing ang mga tradisyon. Maaaring isipin na natural na ebolusyon ng panitikan ang paglipat mula fantastiko tungong realistikong mga kwento. Pero sa Hiligaynon, halimbawa, malaki ang papel ng patimpalak ng magazing *Hiligaynon*, na itinakdang dapat ay may temang "hustisya sosyal" ang mga entry (Lucero 2009, 294).

### 5.3 Ang Bayan Laban sa Maynila

Halata na pag sinasabi niyang "tayo," kahit sa Ingles, ang tinutukoy niya ay mga Filipino (Lucero 2007, 2, 8). Nagawa pa nga niyang sabihing ang *purong* Filipino ay makikita sa Mindanao (4). Pero wag na tayong tumambay sa puro, doon na lang tayo sa Filipino. Mahal ni Lucero ang Pilipinas. Ang ibig bang sabihin nito'y oo na lang nang oo si Lucero basta luma at oral? Hindi. Inaamin ni Lucero na hindi kapuri-puri ang bawat bahagi ng mga kulturang kanyang ibinibida, siya mismo ang umuusig sa mga aspektong ito. Kinikilala rin niya ang kontribusyon ng kolonyalismong Espanyol, ang mga dokumento ng barbarismo na kanilang mga nobena, vida, korido, sarswela. Aminado siyang gumagamit ng mga banyagang lapit, tulad na lang ng Marxismo, feminismo, at dekonstruksyon. Sa kanyang materyalistang pagtatanggol sa iba, payag siyang gumamit ng mga di-Filipinong kultural na sandata. Hindi kaya't ang bayan sa labas ng Maynila ay hindi nakakulong sa mga isla? Kung kinikilala naman ni Lucero ang kapangyarihan ng pasyon (63, 88), paano kung may kaparehong diskurso mula sa labas na mas maigting pa nga ang pwedeng maging epekto sa atin (kunwari, Maoismo)?

Alin nga ba sa dalawang pamagat ng libro ni Lucero ang orihinal? Kunwari ang Filipino, sabihin na nating dahil hindi naman taal sa Pilipinas ang wikang Ingles. Tama bang salin ng *Ang Bayan sa Labas ng Maynila* ang *The Nation Beyond Manila*? Ang mas literal na salin nito ay *The Nation Outside Manila*. May pagkapostmoderno ito, may pagkamaka-Lacan. Ika nga, ang pinakaloob-looban mo ay nasa iyong labas (Evans 1996, 59). Pero paano kung baliktad? Nakita na naman natin ang pagkiling ng libro sa Ingles. Kung ang orihinal na isinasalin ay *The Nation Beyond Manila*, mas tapat na rendering ang *Ang Bayan Lampas sa Maynila*. Ang sentralidad ng Maynila ay ideolohiyang kailangang igpawan sa paglikha ng isang bayan. Paano nga ba lalabas sa Maynila, paano ito lalampasan? Una, dapat wag tawaging Maynila ito, Manila kasi ang pangalan. Ang Maynila ay ciudad, ang Metro Manila ang yunit na tinutukoy ni Lucero, kundi'y mamimintisan ng kanyang polemiko, halimbawa, ang mga dekadente ng Quezon City. Pangalawa,

kailangan nating itigil ang pagkiling sa labas-papunta-sa-loob na oryentasyon.

Ang susi dito'y ang doktoral na disertasyon ni Lucero. Tulad ng nasabi sa itaas, inilarawan niya sa gawang ito ang sosyo-ekonomikong estuktura na pundasyon ng kultura ng "paternalism" na nanghina dahil sa pagbagsak ng industriya ng asukal sa Negros (Lucero 1990, 74-83, 133). Dahil dito, nagkaroon ng puwang para sa ibang estruktura, bagong kultura. Isa sa mga naging alternatibong paraan ng pagsasaayos ng komunidad at pagsasakatawan sa pagnanasa ng mga komunidad na ito ang Basic Christian Communities. Kumukuha ng inspirasyon mula sa *Populorum Progresso* ni Papa Pablo VI, sa Vatican II, at sa programang Alay Kapwa ng Simbahang Kalotika sa Pilipinas (112-113), binubuo ang mga BCC ng tatlumpung pamilya. Kasing halaga ng kanilang mga nakahayag na layunin ang katangian ng organisasyon ng mga BCC. Dahil hindi mula sa itaas ang desisyon kung magtatayo ba ang isang pari ng BCC, walang "standard church model that the priests could follow" (114). Bukod dito, at alinsunod sa ideya ng "decentralization, there are no traditional parish organizations (like the Legion of Mary) (115). Ang BCC ay programa para sa "economic self-sufficiency" (122). Bagaman kaiba sa ibang grupong Katoliko, sin embargo, relihiyoso pa rin ang uniberso ng signipikasyon nito. Bukod dito, bagaman "mula sa taas" ang inspirasyon sa pagbuo ng mga komunidad, mula naman sa ibaba ang naging anyo ng mga ito. Nasa mga komunidad na mismo ang pagnanasa at bokabularyo para organisahin ang kanilang mga sarili, kinailangan lang nila na magkaroon ng puwang sa sosyo-ekonomikong kaayusan. Maiuugnay ito sa karanasan ng mga grupong pangteatro na puso ng disertasyon ni Lucero. Isa sa mga grupong inilarawan ni Lucero ang Katilingban sa Katubuhan, na binubuo ng mga estudyante at pinamunuan ni Luisa Reyes-Howard, isang guro ng teatro. Sa kanilang pakikihalubilo at pagtatanghal para sa mga magsasaka, natutunan ng mga estudyante hindi lamang ang tungkol sa kalunos-lunos na kondisyon nila, kundi ang pundamental na pagkakamali ng epistemolohiyang top-down:

"In one instance, they learned in concrete terms the meaning of feudalism when, after seeing the appalling living conditions of the sugar workers, they asked, 'Why do you allow yourselves to be treated like this by your amo?' They were stunned by the workers complacent [sic] reply that this was how they actually wanted it, that the amo was not to blame. From the students'

middle class point of view, it was unthinkable for anyone to defend his own oppressor" (171).

Ang hindi halata agad ay ang ideolohiyang dala-dala ng mga estudyante mismo. Inilarawan ng grupong ito ang Komunismo bilang "walang diyos" (172, 181). Panay din ang sabi ni Reyes-Howard na wala siyang ideolohiya (173, 180). Mali si Reyes-Howard na sabihing wala siyang ideolohiya, pero mula lang ito sa paniniwalang masama ang magkaroon ng ideolohiya. Ang totoo, sapat na ang ideolohiya at bokabularyong mayroon siya para bigyang tinig ang kanyang mga pagnanasa at hinaing. Magiging mas klaro ang punto kung tutunghayan ang diskusyon ni Lucero sa isa pang grupo, ang Teatro Pangkatilingban na inorganisa ni Alan Abadesco, isang pari. Dahil hindi kasing available ang disertasyon ni Lucero kumpara sa *Ang Bayan sa Labas ng Maynila*, mainam na sipiin dito ang ilang susing paglalarawan sa mga katangian ng mga aktibidad ng Teatro Pangkatilingban. Una, kailangan itong community-based. Ibig sabihin, ang "needs of the communities determined the content, format, and method of presentation of their plays. There was an effort therefore to be constantly cognizant of those factors related to the locality in order to come up with activities that were deemed useful to their lives and appropriate to their level of consciousness" (201).

Bagaman may tono ng pagmamaliit at condescencion ang huling parilala, mahusay na bigyang-diin ang unang bahagi na mas bukas sa tinig ng komunidad. Kaya nga kahit na may lugar sila para sa mga tagalabas na magiging mitsa, "they were not meant to play a dominant role," nang sa gayon nga ang mga tao mismo ang magiging "able to handle the program of activities themselves" (202). Ang ganitong kaayusan ay sandata rin, dahil ang pagiging dependent sa tagalabas "for leadership was a characteristic of feudal behavior and therefore was to be discouraged" (ibid). Hindi ibig sabihin nito'y kanya-kanya lang, kinikilala ang halaga ng mga alyansa (199, 205). Anong materyalidad ang mabubuo ng ganitong uri ng ideolohiya? Mahihinuna natin ang sagot sa paglalarawan ni Lucero ng kulturang nabubuo ng ganitong uri ng ideolohiya: "People's participation may result in artistically crude productions -- 'rough at the edges' -- if measured against conventional theater but folk art and culture sets its own standards" (202). Hindi kinakaila na umigpaw sa BCC at mga maliit na teatro ang lipunan at kultura sa Negros na pinag-aralan ni

Lucero, o malaki ang naging kontribusyon ng National Federation of Sugar Workers at iba pang organisasyon sa pagpapaangat ng buhay ng mga magsasaka. Ang sinasabi'y maaaring mayroon ding matutunan sa ibang uri ng pag-oorganisa, sa ibang uri ng epistemolohiya at pulitika. Hindi na kinakailangan ng isang komunidad ang standards ng tagalabas dahil mayroon na silang angkop na ideolohiya at bukabularyo para maipahayag ang kanilang mga pagnanasa at pangangailangan. Kung meron mang nakikita sila mismong pagkukulang, sila mismo ang maghahanap. At kung meron mang may simpatyang tagalabas na nais tumulong (pero maaari nating itanong kung bakit hindi niya muna ayusin ang kanyang pinagmulan), dapat siyang matuto mula sa komunidad muna, bago ang kabaliktaran. Kung may tagalabas na huhusga kay Reyes-Howard dahil itinatakwil niya ang mga "walang diyos," isa itong pagkakamali. Imbes, kailangang intindihin kung bakit ayaw ng kanyang kinabibilangan sa mga "walang diyos." Hindi na rin bago ang lahat nang ito, kung kaya nga ito na ang perpektong sandali para iugnay ang mga kabatirang ito sa pang-uusig sa bayan, na siya namang bida ng teorya ni Lucero.

Sumasabog, nag-uumapaw ang tayo ni Lucero. Sa unang pagbasa, ito ang Filipino. Pero pag pinaglimian, lumalabas na ang kanyang "our" ay ang maliit na sirkulo ng mga akademikong Inglesero, o di kaya'y ang sangkatauhan. Maaaring iwasan ang dalawang mapanganib na tendensiyang ito, pero una muna'y kailangang pag-isipan.

May nakaririnding katangian ang libro ni Lucero na, bagaman hindi sinisira ang kanyang mga argumento ay tunay na nakakainis. Absurdo, syempre, na hingin sa isang iskolar na wag maghanap ng akademikong institusyon bilang tagapaglathala ng kanyang mga nasaliksik, kahit gaano natin iisipin na ipinamimigay dapat ang karunungan, at nasasalamain ang mapagsamantalang relasyon ng mga kolonisador at katutubo ng mananaliksik na humihigop mula sa balon ng dugo ng kulturang pinag-aaralan para ipresenta sa "mundo" ang mga datos na nakalap, kung kaya't hindi natin pupulaan si Lucero na sa Ateneo niya pinilang isumite ang kanyang koleksyon (tingnan ang Llana 2009, 333). Pero, nakakainisna sa blurb ng *Ang Bayan sa Labas ng Maynila*, kailangang ilagay ang komento ni Paul Sant-Cassia tungkol sa "Judas and His Phallus," na orihinal na lumabas sa *The Journal of History and Anthropology* kung saan editor si Sant-Cassia, na para bang hindi sapat ang endorsement nina Resil Mojares at Bienvenido Lumbera sakoleksyon, at kailangan pang idagdag ang

papuri ng banyaga. At isang pyesa lang naman ang kanyang binasa, hindi ang kabuuan ng gawa! Pwede na sanang palampasin ito, ang kaso'y kailangan pang gawing dalawa ang pamagat ng libro. Hindi lang ito *Ang Bayan sa Labas ng Maynila*, ito rin ay *The Nation Beyond Manila*. Ngayon, syempre, kailangang mang-akit ng mga mambabasa, at maraming kolonisadong Filipino ang mas gugustuhing magbasa ng Ingles kaysa Filipino. The more the manyer. Kaso sa loob, ang mga sanaysay sa Filipino ay may abstrak sa Ingles, ang punto'y ang pangunahing wika ng akda'y Ingles, kung di sana'y meron ding abstrak sa Filipino ang mga gawang Ingles. Pero bakit nga ba kailangan ang mga pyesa sa Ingles, gayong mahusay namang tagasalin si Lucero, at kung gayo'y maaari sana tayong magkaroon ng *Ang Bayan sa Labas ng Maynila* na hindi mga banyaga ang nais na mambabasa. Ito'y usaping mareresolba lang sa labas ng akademya. Kung ipapako natin sa krus lahat ng Filipinong iskolar na nagsusulat sa Ingles ay baka magkaroon pa tayo ng Bagong Kristo. Hindi na 'to dapat pinagsasayangan pa ng pahina.

Pero tutal nabanggit na natin, pwede na rin nating gamiting springboard. Kinakailangan nating hayaang umiral ang mga rehiyon sang-ayon sa kanilang sariling batas, at hindi silang laging sukatin ayon sa pamantayan ng bayan, sa kung ano ang maiaambag nila sa bayan. Dahil itong pagbibigay ng kahulugan sa rehiyon ayon sa bayan ay maaaring magdulot ng panganib doon sa itinuturing na parating maliit at kulang. Maaaring mabura ang identidad ng rehiyon pag naglaon dahil lalamunin ito ng bayan. Laging may panganib madulas ang representasyon ng mga rehiyon sa isang mapagsamantalang relasyon. Hindi si Lucero, pero tila pa nga may nararamdamang galak ang mananaliksik sa pagiging economically backward ng kanyang pinag-aaralan. Ang nasasalim dito'y ang relasyon sa tula ni Victor Sugbo na "Kan Margaret," na binasa ni Duke Bagulaya sa kanyang *Writing Literary History* bilang rekonsilasyon ng sentro at gilid. "The dominant ideologeme is: let the provincial return to the backward countryside and let them produce 'lakdan' for the city. The countryside must remain backward and be dependent on the city market" (Bagulaya 2006, 206).

Pag sinasabi ni Lucero na "tayo," ang tinutukoy niya ay mga Filipino, na ang dapat nga raw gawin ay kilalanin at isangkot ang mga sinupil na bahagi ng tayong ito. Halimbawa, pinapasok niya ang mga salitang Hiligaynon sa Filipino. Gayundin sa panitikan, nais niyang masama sa silabus ang mga gawa mula sa tinatawag na rehiyonal na

panitikan sa itinuturing na pambansang panitikan.

Ano ang problema na sa pananaw na ito? Maaari tayong muling humugot ng mga argumento mula kay Bagulaya, bagaman may maituturing sigurong malaking pagkakaiba ang pulitika at konklusyon niya sa ibinibida sa kabuuan ng papel na ito (Bagulaya 2006, 5, 183-184). Sa madali, ipinapalagay ng dikotimiya sa pagitan ng rehiyonal at pambansa ang isang saray. Hindi lang na bahagi ang rehiyonal ng pambansa, kundi na ito aysubordinate.

Dagdag pa rito, mapanganib ang ideya ng bayan dahil, at ito ay argumento na rin ni Lucero, kinakailangan nito ng Ibana itatakwil (tingnan din ang Hau 2000, 133-176).

Mula sa mga pahina sa itaas, maaari na tayong magbigay ng kongklusyon tungkol sa teorya ng kultura ni Lucero. Tatlo ang kanyang axiom: (1) makapangyarihan ang kultura; (2) materyal ang basehan ng kultura; (3) ang kultura ay maaaring maging sandata para o laban sa mga iba. Wala namang bago rito. Pero makapangyarihan ang presentasyon ni Lucero dahil sa ang artikulasyon niya ng tatlong puntong ito'y dumaraan lagi sa filter ng bayan. Ang kulturang ipinagtatanggol niya ay kulturang Filipino. Ang mga materyal na kondisyon ng buhay at lipunan na kanyang iniimbestigahan ay sa Pilipinas. Ang iba na kanyang ipinagtatanggol ay ang mga mula sa rehiyon ng Pilipinas. Kahit nga ang mga feminista niya ay *makapilipinong* feminista (Lucero 2007, 22).

Tatal naman bida ni Lucero si Pilandok, at mahilig siya sa figura ng trickster, susubukang mamusong dito. Sa dulo ng kanyang lekturang "Writing to the Music of Pestle-on-Mortar," nagpahayag ng disablist na sentimyento si Lucero. Sabi niya, "Not to love our own people and our own music is akin to being deaf in a land of musicians" (10), na pailalim na panunupil sa mga bingi (pinapalagay at pinapalabas na masamang bagay ang hindi makarinig). Baka ang "our" ni Lucero dito'y tumutukoy lamang sa "tayong nakakarinig" at isinasantabi ang mga bingi? Hindi ito eksaheradong pagbabasa kundi pagpapatuloy lang ng itinuro ni Lucero, na siya ngang naglalahad ng mga estruktura ng pang-aapi sa imahen ng "promdi" at "mabuting babae." Hindi ikakaila ni Lucero na ang kanyang payahag ay bahagi ng sistematikong pagtatrato sa mga persons with disabilities bilang hindi tao, at ang kanyang politically incorrect na talinghaga'y may

kaugnayan sa kawalan ng elevator sa mga foot bridge sa kalakhang Maynila, at kahit sa Faculty Center sa UP Diliman, kung saan siya matagal na nagpugad bilang guro. (Moot na ba itong huling bahagi ng pangungusap dahil natupok ng apoy ang FC noong 2016?)

Kaya kailangan nang kaunting pag-adjust sa mga axiom ni Lucero. Una, makapangyarihan ang kultura, ng mga bayan. Pangalawa, materyal ang basehan ng kultura, ng mga bayan. At pangatlo, nagagamit ang kultura para mang-api ng iba, ng mga bayan. Sa pagtatangkang pag-isahin ang mga bayan sa isang Bayan, kinakain ang kultura ng mga bayan, na halos na nga pagbubura rito. Ang panloloob ay pagnanakaw. Dagdag pa rito, nagkakaroon ng mapagsamantalang relasyon ang sentro at gilid, ang Maynila at ang nasa labas niya. Tangi lamang ang paggiit sa pagkakaiba ng mga bayan sa isa't isa ang magtatanggol sa mga iba, sa Iba. O, kung maaari tayong magdagdag ng ikaapat na axiom: alagaan ang Maynila, at aalagaan ng labas ang sarili nito. Ang mga bayan ay heograpikal, linggwistik, nakabase sa abilidad at disabilidad, sa kasarian at sekswalidad, sa etnikong grupo, sa uri, sa edad, sa edukasyon, sa relihiyon. Kung ganitong perspektibo ang gagamitin, mapagaaralan ang mga bayan ayon sa sarili nilang sukatan at pangangailangan, imbes na sa mga hiling ng Bayan. Sa labas ng Maynila? Walang hangganan ang mga bayang ito.

## SANGGUNIAN

Bagulaya, Duke. 2006. *Writing Literary History: Mode of Economic Production and Twentieth Century Waray Poetry*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Evans, Dylan. 1996. *An Introductory Dictionary of Lacanian Psychoanalysis*. London: Routledge.

Hau, Caroline. 2000. *Necessary Fictions: Philippine Literature and the Nation, 1946-1980*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Llana, Jazmin. 2009. "The Bicol Dotoc: Performance, Postcoloniality, and Pilgrimage," hindi pa nalalathalang doktoral na disertasyon. Aberystwyth University.

Cruz-Lucero, Rosario. 1990. "Negros Occidental 1970-1986: The Fall of the Sugar Industry and the Rise of People's Theater," hindi pa nalalathalang doktoral na disertasyon. University of the Philippines.

\_\_\_\_\_. 2007. *Ang Bayan sa Labas ng Maynila*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

\_\_\_\_\_. 2009. "Ang Pagsasalin ng Panitikang Rehiyonal Tungo sa Pambansang Panitikan," nasa Galileo Zafra (ed), *Salin-Suri: Panimulang Pagmamapa ng mga Larangan ng Pag-aaral ng Pagsasalin sa Filipinas*. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino. 293-300.



# KATAWAAN NI GUILLERMO

Tulad ng lahat ng pagmumuni tungkol sa kulturang Filipino, mainam na simulan ang isang ito sa pagbanggit kay Rizal. Sa kanyang "Kasaysayan sa Literatura," nagpatawa si Isagani Cruz tungkol sa pagtae ni Rizal:

[A]ng totoong si Rizal--kung mayroon ngang totoong Rizal--ay umiihi at umeebak, pero ang napapanood at nababasa natin ay hindi iyon ginagawa. Tatanungin ninyo kung bakit kailangan pang ipakitang umeebak si Rizal; tatanungin ko naman: bakit natin inaakala na mas importante sa buhay ng totoong Rizal ang pagsulat kaysa sa pag-ebak? Sa akin lang nga, kung sumasakit ang tiyan ko, huwag ninyo akong pasusulat at magkakapatayan tayo (229).

Isa sa mga kontemporaryong kritiko na nakikialam sa pagtae, at hindi lang sa pagtae, ng mga tao ay si Ramon Guillermo. Sa kanyang *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw*, habang dinidiskas ang kalikasan at pulitika ng pag-aangkop ng mga salitang banyaga sa Filipino, sinabi niyang ang isang magsasabing "nagrerebolusyon na ang aking tiyan!" ay "walang anumang pagkamuwang sa buong masalimuot na istruktura ng pagpapakahulugan na maiuugnay rito ng isang Kanluraning pilolohista o ng isang Pilipinong intelektwal" (*Pook* 28). Tinuluigsa rin ni Guillermo si Covar dahil hindi isinama ng antropologo ang pwet sa iskema nito ng pagkataong Filipino (129).

Pwede nga natin itong maugnay sa paggamit ni Guillermo sa salitang "pag-o-oo" (60) sa kanyang libro. Interasado talaga si Guillermo sa katawan, halimbawa, sa pagtatalik at "ngarat" ("Sinonimo" 63-64), at syempre pa, sa paggawa (*Pook* 77-124). Hindi nga nakakapagtaka na ang kanyang librong pinamagatang *Pook at Paninindigan*, bagaman ang tinatalakay ay kultura at kalinangan.

Dalawa ang pook para kay Guillermo:

Ang "pook" ay maaaring tumukoy sa kabuuang kontekstong pinagmumulan ng sinusuring penomeno o sa "pook" na kinalalagyan ng sumusuri ng penomenong ito. Nakaugat ang isang anyo ng konsepto ng "tayo" o "pagka-tayo" sa iisang "pook." Ang "paninindigan" naman ay tumutukoy sa makauring "tayo" [tinanggal ko ang diacritic] ng gumagawa ng pagpapakahulugan sa loob ng isang "pook" (128).

Dapat pala, *Pook at Pook* ang pamagat ng libro. Ang tao ay nakapook, dahil mayroon siyang katawan. Samantalang palulutangin tayo ng ibang kritika sa ulap kung saan panay kosepto at paglalaro ng salita lamang ang nagaganap, palaging pinapaalala sa atin ni Guillermo na mayroon tayong katawan, nagbabanat tayo ng buto at pinagpapawisan. Pag idinidiin na tumatae ang tao, paalala lang ito na kailangan ng tao ang kumain. Isinalin ni Guillermo ang "Diesseitigkeit" ni Marx sa "Hinggil kay Feuerbach" bilang "pagk-nariritong-panig" (158). "Naririto," ibig sabihin, wala sa dako paroon. Ibig sabihin, nasa mundo ng materya, wala sa mundo ng ideya. Pero sa ideya tayo kailangang magsimula.

Ano ang gagawin natin sa *Pook at Paninindigan*? Para kay Scheherazade Vargas, nagsusulat sa *Social Science Diliman*, bastos ito (135). Para naman kay Manuel Sapitula, sa website Harvard-Yenching Institute, importante ito. Para kay Guillermo mismo, pinapatunayan nito na ang diskurso ng loob ay humuhugpong "eventually also with notions of labor and production within the discourse of the early radical labor movements" ("Themes" 42). Para kay Guillermo ulit, nga lang, "may tendensiya[ng] isantabi, o kahit pa maliitin, ang "moral na ekonomiya" bilang ideolohikal na panabing sa dominasyong panlipunan ng kapitalistang mga relasyon" ("Piging" 185). Ano ang gagawin natin sa gawang pati awtor ay may pagsasalungatan ang pagturing? Walang ibang pwedeng gawin dito kundi basahin.

Ang unang bahagi ng papel na ito ay mabusising pagbabasa sa

librong *Pook at Paninindigan* ni Ramon Guillermo. Ieeksplika rito ang kanyang mga pangunahing punto sa pagkritika hindi lamang sa Pantayong Pananaw ni Zeus Salazar, kundi ang pagtatanggol niya sa Marxismo at sa indihinasyon ng diskursong ito sa lipunang Filipino.

Ang ikalawang bahagi naman ay pagmumuni-muni hinggil sa kalikasan ng kultura at identidad sa pamamagitan ng ilang tala tungkol sa *La India* ni Rosario Cruz-Lucero. Ang, sabihin na nating, "pagtatalik" ng diskurso ni Guillermo at Lucero ay magdudulot ng pagluwal ng perspektibong sa huling bahagi pa ng sanaysay bibinyagan. Abangan!

Bagaman madaling barahin ang ilang padalos-dalos na pagbabalang-wala ni Salazar sa Marxismo, ayon kay Guillermo, imbes ang dapat gawi'y pag-aralan ang kabuuan ng kanyang gawa, at sagutin ang pinakamakapangyarihan niyang pormulasyon laban sa itinuturing niyang halimbawa lang din ng pangkaming pananaw (3). Makikitang sa pundasyon pa lang ay may tunggalian na ang dalawang diskurso. Ang axiomatic para sa Marxismo, kung ang pag-uusapa'y lipunan at kasaysayan, ay uri. Paliwanag ni Guillermo:

Lumilitaw ang magkakasalungat na ideolohiyang panlipunan at ang kaakibat ng mga itong pagpapakahulugang pangkasaysayan alinsunod sa partikular na anyo ng pagkakahati-hati at tindi ng tunggaliang makauri sa loob ng isang panlipunang kaayusan. Ipinapalagay na magkakaroon lamang ng kabuluhan ang kasaysayan kapag pinag-uugnay-ugnay ang mga kaganapan at salik panlipunan sa isang kabuuang naglalarawan ng mga karanasan ng pakikibaka ng Pilipinong anakpawis (*Pook* 11-12).

Tinututulan in Salazar ang konsepto ng uri (17, 44). Para sa kanya, ang usapin ng pagiging elit ay ang masasagot sa pagtingin ng relasyon nito sa banyaga. Kung gagamitin natin ang terminong "colonial mentality," makikita natin ang saysay ng pagsabi ni Salazar na maaaring maging "elit" ang mula sa mababang uri (15). Pwede nga namang magkaroon ng manggagawang kolonyal ang mentalidad (i.e.

mahal ang banyaga at hindi ang Filipino).

Hindi lang sa hindi kayang sagutin ng pantayong pananaw ang mga tanong ng Marxismo, hindi man lang nito itinatanong ang mga tanong ng Marxismo (130). Isa pa, maaaring sabihing may hindi maaaring itanong ang pantayong pananaw, na kung itatanong nito sa sarili'y masisira ang pundasyon ng mismong diskurso. Iniugnay ito ni Guillermo sa relasyon ni Salazar sa *Tadhana* ni Marcos. Ipinoposisyon ng estado ang kanyang diskurso bilang hindi-mapupulaan dahil ginagawa niya itong mitolohiya.

Imbes na maging mapagpalayang batis ng pagkamalikhain ng mamamayan, nagiging mitolohiyang mapanupil at walang buhay ang kultura, at sapagkat "mitolohiya," hindi nila maaaring punahin o baguhin, tulad na rin ng kanilang lipunan.... Ang anumang "pambansang kalinangan" na itinataguyod ng estadong nasa kamay ng mga naghaharing uri ay laging tumutungo sa pagkaalamat at pagiging instrumentong ideolohikal ng lehitimasyong pangkapangyarihan nasa ibabaw ng mga pangkat panlipunan na isinasantabi't binubukod at ng mga uring panlipunang pinagsasamantalahan at inaapi (42).

Kahawig ng mitong ito ang isinusulong ni Salazar (122, talahuli). May naive na empirismo si Salazar (22), para sa kanya, nariyan lang ang bayan. Natatagpuan at hindi nililikha. Ito ang pundasyon ng kanyang pag-aaral, ang kanyang axiom (126). Kasi nga, ang batayang yunit sa agham panlipunan, ang "ethnos," "yaong mga pangkat na may sariling wika at kakanyahang pangkultura" (36).

Kung tutuusin, hindi ba't ang pagbibigay-depinisyon mismo ay mwestra ng mitolohisasyon? Hindi ba't wala namang ontolohikal na prayoridad ang "mga inaapi at binubusabos" ni Guillermo at ang "bayan" ni Salazar/Marcos? Wala naman kasing mga bagay, kaya't wala tayong pwedeng gawing pundasyon na hindi tayo mismo ang may gawa. Ang tanong dito ay: ano pa ang pwede nating gawin sakaling tatanggapin natin ang ganito at ganireng axiom? Masdan, halimbawa, ang unang talata ng *La India* ni Rosario Cruz-Lucero, na nagsisilbing "Henesis" nitong mga konektado niyang maikling kwento (ang kanyang "Bibliya"):

Noong unang panahong limang bituin ang nahulog sa isang lawa sa tabi ng bayan. O baka mga bulaklak sila, hindi ko alam. Wala akong masyadong alam tungkol sa bituin. Mas kaunti lalo tungkol sa bulaklak. Pero dahil

siguro sa pinanggalingan ko, pwede kong sabihing mga sampaguita sila (jasmine para sa mga walang pakialam tungkol sa maliit na pagkakaiba). At dahil ignorante rin ako tungkol sa swan, sasabihin ko ritong mga swan ang mga bituing ito, kahit wala namang swan sa kagubatan natin. Pero, kung may swan sa kagubatan natin, pwedeng naging swan ang mga bituin na ito. Pinili nila ang bayang ito, dahil dito, maaari nilang ilaan ang anumang panahong ibinigay sa kanila ng Panginoon ng Panahon (na siya ring Diyos ng Araw) para maligo sa lawa. Hindi ko alam kung paano sila naligo kasi bawat isa may sariling paraan ng pagligo. Maganda sanang sabihin dito, tula sa mito o alamat, na nawala ang mga mangingisda at nagkabanggan ang mga barko habang naliligo ang mga bituin sa lawa. Pero kung ang mga bitui'y bulalak o kahit na swan, nagpatuloy lang ang lahat. May dumaang mangangaso (maaaring Prinsipe ng Liwanag, o ng Kadiliman, meron bang pagkakaiba?) at binosohan sila sa lawa. Masaya siyapara sa kanila, ang ibig sabihin, nainggit siya. At dito uusbong ang hidwaan, pero dahil kani-kaniya silang paraan ng pagligo, sasanga ng lima ang banghay. Pwede kong sabihin na baka ninakaw ng mangangaso ang kanilang mga pakpak at itinago ang mga ito dahil gusto niyang manatili silang masaya sa ganoong paraan o dahil gusto niyang matulad sila sa kanya o dahil nahulog ang loob niya sa kanila o dahil wala pa siyang nahuhuli buong araw, gusto niyang hulihin sila at iuwi sa kanyang pamilya. Pero apat na sanga lang ito. Ano kaya ang nangyari sa panlima? (*La India* 1, malayang salin)

Ito ang tuntungan ni Lucero, na gawa sa mga salita. Nalilipat niya ang tereyn ng tunggalian tungo sa pagalingan ng kwento. Sa ganitong paraan nakukwestyon ni Lucero ang pundasyon ng mga diskursong kanyang natutuligsa. Gayundin, nabibigyan siya ng kalasag nitong kanyang katapatan. Samantalang nagpapanggap ang iba na may mahigpit na pagkahawak sa realidad, inaamin ni Lucero ang hubad na kapangyarihan ng loob na nagtutulak at nagpupumilit para ipanganak ang realidad na inilalarawan/nililikha. Ang pundasyon ng bawat bayang ay kwento (34-35).

Kaya bago natin tuloy-tuloy na tuligsain si Salazar, tunghayan muna natin ang kapasidad ng kanyang diskurso. Seryosohin natin ang

hamon ni Guillermo na harapin ang pinakamakapangyarihan anyo ng mga gawa ni Salazar.

Samantalang "para ba sa manggagawa o sa kapitalista?" ang "para kanino?" ng Marxismo, "para sa Filipino o para sa banyaga" naman ang sa pantayong pananaw (*Pook* 13-14).

Ayon kay Salazar, hindi mahihiwalay ang kultura sa pook (15). Halimbawa, hindi mapag-aaralan nang tama ang mga relihiyong Austronesyano kung mga kategorya tulad ng "Diyos" (na banyaga) ang gagamitin sa pagsusuri (24-25). Sa madaling salita, mahalaga sa pag-aaral ng signified ang eksaktong signifier.

May tatlong lebel ng pangkaming pananaw. Palawak ito nang palawak, hanggang sa mawala ang kaming nagsasalita.

Ang unang aspekto na direksyonal ay tumutukoy lamang sa *papalabas* na pakikipag-usap sa iba.... Ang ikalawang aspekto naperspektibal ay tumutukoy sa paggamit ng mga konsepto at kategoryang orihinal na nagmula sa "labas" upang unawain ang sarili.... Ang ikatlong aspekto naman ay ang pangkapangyarihang dimensyon. Tumutukoy ito sa pagtingin o pagturing sa sarili bilang obhetong kinukubabawan ng Iba na siya namang umiiral na suheto kaharap nito (*Pook* 74-75, kay Guillermo ang diin).

Samantalang ang "tayo" (ng pantayong pananaw) ay kolektibong suheto, ang "kami" ay kolektibong obheto (14). Nakabatay sa banyaga ang pangkaming pananaw (49). Reaktibo ito (51-53). Madali kasi itong uri ng iskolarship (54), kaya siguro kaakit-akit. "Pangkami" pareho ang "tulad ninyo, kami rin ay makaagham" at "hindi tulad ninyong makaagham, kami ay makakalikasan." Madali nga namang sang-ayunan ito ng Marxista o makabayang intelektwal. Dapat nga namang hindi natin sukatin ang mga sarili ayon sa standard ng mga banyaga (halimbawa na lang, pagdating sa depinisyon ng maganda). Pero may twist ang kwento ni Salazar, para sa Marxista, ang Marxismo rin ay pangkaming pananaw! Ayon pa nga kay Salazar, hindi kailangan ng mga ideya nina Marx at Engels dahil naisip na rin naman ito nina Bonifacio, at sa paraang mas akma pa sa kontekstong Filipino (83).

Nabanggit ni Guillermo sina Joaquin, Constantino at Mercado sa kanyang pagtalakay sa pangkaming pananaw. Mapaminsala si Joaquin sa kanyang pagbabaleng-wala sa katutubo at pagbida sa Espanyol (50). Kahit si Constantino ay hindi ligtas sa kritisismong ito, bagaman sa

diskurso naman niya ang lumalabas ay blangko ang katutubo bago dumating ang mananakop (51). Dinedekonstrak ni Guillermo ang binaryong pananaw ni Mercado (banyaga = binaryo mag-isip, Filipino = holistik mag-isip) (53).

Ang usapin ng wikang ginagamit ay tinalakay din ni Guillermo sa librong ito (61, 64-65), pero gugulo lang ang usapan pag tinalakay pa natin dito. At isa pa, nasagot ko na rin naman ang posisyon niya rito (15-16). Sa madaling sabi, sa puntong ito, tama si Salazar.

Balik tayo kay Guillermo. Mahirap ang kanyang tinatangka. Sa isang banda, ayaw niyang maging tulad ng unibersalitang tinutuligsa ni Salazar na sinusukat ang Pilipinas gamit ang standard ng banyaga. Pero, ayaw din niyang maging ultrapostkolonyal na nagsasabing lahat ng banyaga ay masama. Kaya nga, halimbawa, sa kanyang libro, matatagpuan ang kanyang pag-iiba sa dalawang uri ng unibersalismo.

Gayumpaman, masasabing ang tunay na kasalungat ng mapanakop na unibersal ay hindi ang makitid na pagsasara sa sarili "sa labas" kundi ang bukas, makatao, at mapagpalayang unibersal na laging kumikiling sa panig ng mga kasalukuyang inaapi, pinagkasamantalahan at ineetsa-puwera ng mga namamayaning dominanteng panlipunang sistema (*Pook* 22).

Gayundin, sinasabi niyang ang relatibismo ay uri lang din ng unibersalismo (36) (iyong ayaw niya na uri ng unibersalismo, syempre).

Bagaman Marxismo ang ipinagtatanggol na diskurso, may pagka-constructivist din si Guillermo (21), kontra sa nabanggit na ngang naive na empirismo ni Salazar. Hindi tulad ng mga ethnos, na natatagpuan, ang mga bansa ay nililikha (38). Ang kultura ng isang bansa ay hindi naririyang lamang na matatagpuan. Nagsasalimbayan ang mga diskurso't bokabularyo. Mayaman ang Marxismo, at pinapatunayan ito ng pagkakaroon ng iba't ibang bersyon nitong naisapraktika sa mga rebolusyong Ruso, Tsino, Byetnames (31). Kontra kay Salazar, maaari bang ilapat ang Marxismo sa Pilipinas?

May dalawang lebel ng panghihiram. Ang panghihiram na maaaring tawaging "popular," at ang panghihiram ng mga iskolar at intelektwal (17). Ang Marxismo, kontra kay Salazar na sinasabing

walang saysay, halimbawa, nasabi na nga, ang "uri" sa pagsusuri ng lipunang Filipino, ay may mga salitang hinihiraman sa lebel na popular at intelektwal, i.e. hindi lang ito kasangkapan ng mga akademiko. At hindi lang mga salita mula sa diskursong Marxismo ang hinihiraman.

Posible ang pagsasalin! (19) Ibig sabihin, walang hindi maaaring itawid mulang isang kultura papunta sa isa pa, mulang isang wika patungo sa isa pa. Tinatawag din itong "pagbibinyag" ni Enriquez (22). Halimbawa, kung kaligtasan o salvation ang pag-uusapan, matutumbasan ito, ayon sa malalim na pananaliksik ni de Mesa, ng salitang "ginhawa" (kasama ang mga kultural na dala-dala ng "salvation") (26). Isa pa, maaaring isalin ang konsepto ng "alienation" ni Marx sa idyoma ng loob (91). At sa pagsasalin at pagdidikurso, nagkakaroon na rin ng pagbabago sa salitang "loob" mismo (120). Hindi lang sa may Marxismong Filipino (80), kundi may mga Marxismong Filipino.

Panira daw ang milenaryanismo sa Marxismo sa Pilipinas, para kay Nemenzo, ang hindi hayag na katunggali ni Guillermo sa librong ito (syempre, si Salazar ang hayag). Laban dito, sinasabi ni Guillermo na (a) hindi lang naman Filipino ang milenaryanismo, (b) hindi lang naman milenaryanismo ang hindi-Marxistang (non-Marxist) rebolusyonaryong diskursong Filipino (9). Ang meron sa Pilipinas, sa unang yugto sa balangkas ni Guillermo sa indihinasyon ng Marxismo sa Pilipinas, ay kritika ng moral na ekonomiya (79). Kabilang sa diskursong ito ang "tuwid" at "lihis" nina Aguilar at Santos (111).

Kapansin-pansin na ang unang mga unyon sa Pilipinas ay parang pang-charity, imbes na may katangiang militante (86), pero mainam na iugnay ito sa pag-aaral ng ideolohiyang namamayani sa panahong ito. Para kina Aguilar at Santos, ang pagsasamantala ay maaaring masukat (93). Kaugnay ito ng usapin ng sahod, ng tamang sahod (95). Naririto pareho ang kahusayan at limitasyon ng kaisipan ng mga sinuri ni Guillermo na proponent na matatawag ng kritika ng moral na ekonomiya. Napapanatili sa kritika ng moral na ekonomiya ang estruktura ng uri (97-98). Minsan napipika na rin si Guillermo sa hindi-Marxista at moralistang diskurso na ito (99). Madalas nga siyang sumasangguni sa diskurso ni Marx para kritikahin ang mga ito, pati na rin ang mga kahalintulad na konsepto sa diskurso ng anarkismo. Ang nangyayari kasi sa pagkokonseptwalisa nina Santos, parabagang walang tunggalan ng uri. Kung makikita lang ng kapitalista ang

kamalian ng kanyang pagdaramot, magiging okey na ang lahat dahil mabait na siya (113). May namumuong kontradiksyon dito. Sa isang banda, sinasabing maaring angkinin ang Marxismo. Sa ibang banda, matatawag bang Marxismo ang ideolohiyang mali ang sagot sa mga itinatnong ng mga Marxista? Pero Marxismo na rin mismo ang may sagot dito. Syempre pa, nakaugat ang kamalayang ito sa panlipunang pag-iral.

Ang mga naunang unyon, kasama na rin ang diskurso nina Santos, ay nalimitahan ng kanilang posisyon sa kasaysayan (100). Gayundin, may kalituhan sila, at hindi lamang sila, sa kung ano ba talaga ang sosyalismo (109-110). Pero bagaman limitado sila, at pati ang pagkiling sa katutubong kaisipin, maaaring pumasok, at lumikha, ng bagong bokabularyo (117). Ito na nga ang nangyari sa ikalawang yugto ng indihinasyon ng Marxismo sa Pilipinas, maaaring ituring na sagisag ang pangalan ni Evangelista, sa simula, mulang pagdidiin sa "ekonomiya" napunta sa "rebolusyon" (119). Pero, punto ni Guillermo, hindi kailangang dumating ang ikalawang yugto para masabi, kontra kay Nemenzo, na mayaman ang Marxismo sa Pilipinas.

Ituloy-tuloy na natin, hindi lang sa walang iisang Marxismo, wala ring iisang kultura (halimbawa, "kulturang Filipino," tayong mga Filipino ay likas na malibog...) Kahit sa iisang pook, may pakikipagsapalaran para sa kahulugan (40). Walang diskursong buo, kahit diskursong banyaga, kahit iyong diskursong Filipino na pangkami ang pananaw (62, 130). Walang kapangyarihan ang pinagkukunan ng salita sa kung ano ang gagawin ng umangkin sa salitang inangkin (129).

Gayundin, walang pag-atras sa proseso ng indihinasyon (9). Halimbawa, nahugot na mula sa relasyon nito sa pag-inog ng mundo ang "rebolusyon," hindi na nababagabag ang "rebolusyon" ng bagahe ng etimolohiya nito (27). Hindi nananatili ang salitang "rebolusyon" sa pagpapakahulugan dito ni Salazar (bilang salungat sa salitang "himagsikan"), dahil hindi sa mga paham at henyong tulad niya nakabatay kung aling salita ang gagamitin sa pagdidikurso, at kung ano ang kahulugan ng mga salitang ito (34, 35). Dinamiko at hindi statik ang pagtingin ni Guillermo sa kultura at diskurso, taliwas sa pantayong pananaw. Ayon kay Guillermo, tinitingnan ng pantayong pananaw ang mga tao bilang tagapagdala imbes na tagapaglikha ng kultura (76). Punyetang kultura (74). Maaaring mayaman at buhay na

buhay ang kultura ng isang bansa, pero wala itong kasarinlan (73).

Taliwas ang ganitong paniniwala sa pananaw ni Rosario Cruz-Lucero. Para kay Lucero, hindi natin malulutas ang mga problemang pang-ekonomiya ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga banyagang teorya. Imbes, dapat tayong dumulog sa ating oral na panitikan:

O, para sabihin ito sa diskurso ng modernong poetikang Filipino, kapag nakaugat lamang tayo sa ating mga tradisyong intelektwal at malikhain tayo makakagawa ng sining at panitikan na mag-iwan ng marka sa aking mga estrukturang ekonomiko nang mas malalim at mas radikal kumpara sa mga teknolohikal at pulitikal na pagbabago (*Bayan sa Labas* 2).

Masdan na hindi magkaiba ng mitolohiya sina Guillermo at Lucero. Hindi sasabihin ni Lucero na mas mahalaga ang kultura kaysa pagkain. Ang sasabihin niya, para makatulong ang panitikan sa pagpapakain sa lahat, kailangan itong nakapook sa ating mga tradisyon. Hindi siya hihiritan ni Guillermo na "halos irasyunalista" (*Pook* 131). Malaki ang respeto ni Guillermo sa kung ano ang mayroon ang mga Filipino. Sa katunayan, sa kanyang pag-aaral sa salin ni Rizal sa *Guillermo Tell* ni Schiller, tinuligsa niya ang mga katulad nina Ileta at Rafael, dahil pinapalabas nilang kinailangan pa ang diskursong mulang Kanluran para maartikyuleyt ng mga Filipino ang pambubusabos na dulot ng kolonyalismo. Para kay Guillermo, patunay ang modipikasyon ni Rizal sa teksto ni Schiller na may kapasidad ang Tagalog para magbigay ng panloob na kritisismo [immanent critique] sa kanilang kinasasadlakan (*Translation* 196-200). Syempre pa, kung ganito rin naman ang kaso, i.e. may sapat na tayong intelektwal na balong pag-iigiban para mapatay ang apoy ng kolonyalismo, imperyalismo, kapitalismo, bakit pa natin kakailanganing kumuha ng tubig sa iba, sa banyaga?

Tingnan natin ang kaso ni Guillermo. Nasabihan siya ng kaibigan at kapwa-iskolar na tila ba "walang loob" at "produktibista" ang kanyang bersyon ng Marxismo ("Piging" 185). Bilang "solusyon," humugot siya sa konsepto ng "apat na etos ng modernidad" ni Rene Echeverria. Ang resulta nito, sa pagmumuni-muni ni Guillermo, ay pagpapahusay ng kanyang diskurso.

Lagi't laging humahantong ang nakaraang mga pagtatangka [kasama rito ang *Pook at Paninindigan*, pati na rin ang *Translation and Revolution*] sa dalawahang banggaan sa pagitan ng lohika ng

akumulasyon ng kapital at ng "romantisismong" anti-kapitalista na nahihirapang makatotohanang tumugon sa mabagsik na pag-iral ng di-industriyalisado at malapyudal na kalagayan ng Pilipinas sa panahon ng neoliberalismo. Dulot ng mas sopistikadong balangkas ng kasalukuyang analisis, masasabing isang positibong hakbang ito tungo sa "Marxismong may loob" sa kabila ng lohika ng kapital na "walang kaluluwa." Gayumpaman, hindi lamang ang pagkakaroon ng "loob" ang kailangan sa ganitong paninindigan kundi pati ng lakas at katatagan ng loob.... ("Piging" 221)

Tila nalilihis na si Guillermo sa landas na nagbigigay diin sa katawan! Tila!

Bukod sa pagtae, ano pa ba ang isa sa maraming ginagawa ng tao? Nagkakasakit. Sakit ang problema ng mga tauhan sa Negros sa maikling kwentong "Ang Himala ni San Roque" ni Lucero. May paparating na peste/salot, at bilang oportunista, kinumisyon ni Padre Duertas ang kanyang indiong eskultor na gumawa ng estatwa ni San Roque. Kaso nga lang, sa pagmalas sa larawan ng kanyang gagawan ng eskultura, nabasa ng tagaukit na si Amador ang vida ng santo. Nagustuhan niya ito, at ibinahagi sa asawa.

"Saan ko na narinig ang kwentong ito, Susana?"

Hinaharap siya ng yakap-yakap niyang si Susana, na bumulong nang sabik, "Pero iyon ang ating prinsipeng, Amador!" At sinimulan ni Susana ang malambing na pagkanta ng kwento ng kanilang Prinsipe Labaw Donggon, kwentong inawit sa kanya ng kanyang lola habang katabi siya nito sa habihan, ginagabayan ang mga kamay ng batang babae (*La India* 13, malayang salin).

Ang nangyari: mukhang indio ang ginawang eskultura ni Amador. Dinakip siya ng guardia civil at iniligtas ng mga buyung. Dumating ang salot at naganamatay ang mga bata. Nang magkasakit ang anak ng gobernador, dinala niya ito sa indiong San Roque ni Amador. Gumaling ang bata.

Nahahaylayt dito ang makapangyarihang paghahabi ni Lucero ng kasaysayan, oral na panitikan, at postmodernong pananaw sa realidad at tao. Hindi reaktibo ang postkolonyal na perspektibong ito, kundi aktibo, maiuugnay sa mito di-umano ng mga Manobo na ikinuwento ni Lucero sa isang panayam: pitong beses daw lumibot ng mundo ang

prinsipeng si Baybayan, inaawit ang kasaysayan ng kanyang bayan (*Bayan sa Labas* 9). Ito ang dahilan kung bakit pare-pareho ang mga kwento, mula dakilang baha hanggang prinsipeng nabilanggo. Ang natatagpuan natin lagi sa iba ay ang ating mga sarili. Natagpuan nina Susana at Amador kay San Roque si Labaw Donggon, i.e. signifier ng kanilang pag-asa. Ang indiong San Roque ang tunay o orihinal na San Roque. (Bueno, kung pagkagaling-galing ni Labaw Donggon, ba't hindi niya tayo napagtanggol sa mga Espanyol?)

Gayundin, batay sa kwentong ito mula sa *La India*, nabibigyan-diin ang papel ng pagkakataon sa binubuong mitolohiya ni Lucero. May malaking pagkakaiba ang kanyang pinakahuling libro sa kanyang disertasyong "Negros Occidental 1970-1986: The Fall of the Sugar Industry and the Rise of People's Theater." Ang pinaksa ni Lucero ay mga dula sa Negros. Para maturol ang signipikasyon ng mga ito, sinimulan niya ang kwento sa paglalalatag ng kasaysayan ng industriya ng asukal. Sa unang tingin, nakakapagtaka ang pagdidiskas ng industriya ng asukal sa isang disertasyon tungkol sa panitikan. Ngunit, base nga sa framework ni Lucero, Marxismo, hindi hiwalay ang ekonomiya sa kultura. Sala-salabat ang mga bahaging ito ng lipunan, at kung gayon para mapag-aralan ang panitikan ay kailangang pag-aralan ang estruktura kung saan ito sumibol.

Narito ang ilang pertinenteng impormasyon mula sa akda ni Lucero: Ang 68% ng asukal ng Pilipinas ay mula sa Negros Occidental. Noong kasagsagan nito, nagbigay ito ng trabaho sa 500,000 manggagawa. Nang bumagsak ang industriya ng asukal, naging sanhi ito ng displacement ng 83,000 hanggang 107,000 na manggagagawa.

Iba't iba ang naging sanhi ng krisis sa industriya ng asukal. Halimbawa, bumaba ang pagkonsumo nito dahil sa popularidad ng alternatibong pampatamis, tulad ng aspartame at saccharin. Mali-mali rin ang pamamahala ng Philippine Exchange Commission dito. Nagbenta ito nang mura noong pwedeng magbenta nang mahal, at nang magmura na ay sinubukan nila mag-hoard. Mayroon ding korapsyon sa Philippine Sugar Commission. Dahil sa mga rebolusyon sa teknolohiya, naging obsolete ang kagamitan sa industriya ng asukal sa Pilipinas. Hindi kasing epektibo at mas magastos ang paraan dito. Dagdag pa, tumaas ang standard para sa asukal, samantalang crude sugar (muscovado at pilon) ang gawa sa Pilipinas. Naging mas self-sufficient din ang Estados Unidos at Europa dahil meron na silang

sugar beet. Pinrotektahan nila ito sa pamamagitan ng restrictive tariffs at quota para sa sugar imports. Tunay na napakayamang resource ang disertasyon ito ni Lucero, at dapat na malathala.

Paternalistiko ang ugnayan ng mga asendero at manggagawa. Ilang aspekto ng ganitong relasyon: pagtrato sa amo bilang Diyos, hindi pagpapahalaga sa edukasyon. Ngunit nanghihina na ideolohiyang ito dahil nga hindi na mapanatili ng mga asendero ang dependence sa kanila ng mga manggagawa, na dulot naman ng paghina ng industriya ng asukal.

Malaking bahagi ng pag-aaral ni Lucero ang pagtukoy sa kung ano ang ideolohiyang pumalit sa "pagsamba" sa mga amo. Sa madaling sabi, ito ay bersyon ng Katolisismo o Kristyanismo na may makamanggagawang tendensiya.

Hindi nalalayo ang Lucero ng disertasyon sa Guillermo ng *Pook at Paninindigan*. Paulit-ulit, halimbawa, ang pagbigay-diin ni Lucero sa mga demand ng mga manggagawa sa hacienda: pagtaas ng sahod, health benefits, at iba pang halata namang pangangailangan ng tao (na siya namang ipinagkakaila ng mga asendero). Nagkaroon ng *malikbaing* tugon ang mga manggagawa sa kanilang mga suliranin. Sa ganitong konteksto umuusbong ang mga teksto ng sining at panitikan, pati ang kritisismo. Sa katunayan, iniugnay ni Lucero ang formalismo, at ang ideya ng pagiging unibersal ng literatura, at ang ideolohiya ng indibidwalismo, sa pagiging stooge ng iskolar ng Kanluraning kapangyarihan ("Negros" 15).

Ngayon, sa kanyang adherence sa Marxismo, hitik ang bahagi ng theoretical framework ng disertasyon ng diskusyon at sipi mula kina Jameson, Eagleton, Althusser, pati-susmaryosep-kay Marcuse!, tila nagmintis si Lucero sa isang importanteng elemento ng kasaysayan, at iyon ay ang pagkakataon. Sa kanyang disertasyon, bagaman hindi ikinaila ni Lucero ang papel ng ideolohiyang Katolisismo/Kristyanismo sa pag-usbong ng mga unyon at dula, pati ang ugnayan ng programang Basic Christian Communities at National Federation of Sugar Workers, hindi niya nabanggit na hindi naman kinakailangan [necessity, i.e. aksidente at hindi likas, e.g. hindi kinakailangang itim ang isang aso] maging ideolohiya sa Negros ang Kristyanismo. Pagkakataon lamang ang nagtakda, ang ibig sabihi'y walang nagtakda, na maraming Filipino ay Katoliko. Sa katunayan,

hindi nga ito ang tanging relihiyon sa bansa. Kung gayon, wala namang otomatik na pangyayari ang magaganap pag nangyari ang isang pangyayari, kung makrolebel ang pag-uusapan (na siya namang lebel ng kasaysayan, sosyolohiya, at mga engrangeng teorya ng nasyonalismo at panitikan). Dalawa ang maaaring nating isulong na ideya mula sa mga espekulasyong ito. Una, bilang pagsaludo kay Guillermo, pwedenating sabihing mahalagang bahagi ng katawan ang loob. At, pangalawa, mas mahuhusayan tayo sa pagbigay-diin ni Lucero sa elemento ng pagkakataon sa *La India*. Binigyang-empasis niya ang ugnayan ng salot at rebelyon:

"Hindi tayo pwedeng magkaroon ng isa na naman, Fernando," sabi ng gobernador sa padre. "Hindi pwedeng bumabagsak nang patay ang ating mga tao sa kalsada habang dumadami nang daan-daan ang mga bandido tuwing tumatama ang epidemya sa isla."

Ang mga yamangtao ng isla, katulad ng sa ibang isla sa kolonyang ito ng Espanya, ay tuwi-tuwinang dinudurog ng pagkalat ng bulutong at kolera. Pagkatapos ng una nilang takot na takot na engkwentro sa sakit, natutunan ng mga indio kung paano ito asikasuhin. Sa gitna ng gabi, habang tulog ang pari at guardia civil, susunugin nila ang kanilang mga kubo at tatakas pabalik sa mga bundok.

"Masama na nga," sabi ng gobernador, "na nawawalan tayo ng mga taong maglilinis ng kagubatan at mag-aararo ng lupa. Pero nagtitipon pa sila bilang mga rebelde, gumagapang pabalik sa ating mga rancheria para magnakaw ng baka." (*La India* 10-11, malayang salin)

Ang kultura, tulad ng mga hindi makontrol na bagay (halimbawa, peste, bagyo, at heograpiya [tingnan ang *La India* 2-4]), ang siyang bahagi ng kasaysayan na pagkakataon. Hindi dapat nilalang ang mga ito, dahil hindi nga mape-predictang maaari nitong maging papel sa pag-inog ng lipunan. Kung kaya nga, halimbawa, ang partikular na uri ng Marxismo nina Aguilar at Santos ang umusbong sa unang bahagi ng ika-20 sa Pilipinas. Bagaman hindi dapat condescending kundi makaagham ang trato sa penomenong ito, walang dapat ihingi ng paumanhin dahil ang sinasabi naman ni Guillermo ay hindi mali sila tungkol sa Marxismo, kundi na mali sila tungkol sa kapitalismo, i.e. mali ang pagsusuri nila dito't ang moral na ekonomiya'y malayong mapabagsak ang mga estruktura nito.

Uminog ang papel na ito sa usapin ng relasyon ng kultura at kasaysan. Kung ipapalagay na nasasadlak ang mga Filipino sa ekonomikong pagkabusabos, sa anong paraan makakatulong ang panitikan pati na rin ang kultural na kritisismo, agham panlipunan, at ang buong larangan ng matatawag nating *pagsusulat* para wasakin ang kaayusang ito? Malinaw pareho kina Guillermo at Lucero na kailangan ng palalim na pagsalok sa batis ng ideolohiya at kultura para magkaroon ng sapat na intelektwal na sandata laban sa mga mapang-aping estruktura. Madali nitong maipapaliwanag ang pagbibida nila sa tradisyon, Marxismo man para sa kanilang pareho, o feminismo at oral na panitikan kay Lucero, o pantayong pananaw kay Guillermo. Mahusay kung gayon na sumilip sa perspektibo ng mas batang manunulat para makita kung may saysay pa rin ang ganitong pagturing sa kultura. Sa kanyang "Becoming a Writer: The Silences We Write Against," idinetalye ni Monica Macansantos ang kakapusan sa pedagohiya na natanggap niya sa mga paaralan sa Baguio. Kapos nga lang din ang analisis ni Macansantos, dahil hindi naman niya ito inugnay sa sosyo-ekonomikong set up na nagpapakalat at nakadepende sa tinutuligsa niyang "rote learning." Pagkatapos pa, parang bangungot ng kasaysayan na gusto niyang takasan, ang ganitong uri ng pagtuturo ay natagpuan niya rin sa Unibersidad ng Pilipinas (pananatilihin ko sa Ingles ang sipi nang sa gayon ay maiwasan ang kritisismo ng maling interpretasyon via pagsasalin):

As I was writing my thesis, I grew disillusioned with my coursework, and with the education I was receiving at U.P. We were trained to depend heavily on literary theory when analyzing literary texts, and I oftentimes felt constricted by the theoretical frameworks I was forced to adopt. Writing literary criticism, in my theory and literature classes, meant finding a theoretical framework, which was either a school of theory or the ideas of a particular theorist, to use in our reading of a literary text. You were basically asking Foucault or Derrida to do your homework for you, and you weren't supposed to assist them in their work by sharing your ideas with them, because there was no such thing as an original idea, according to my professors: everything was borrowed, they said, even our very thoughts. It was better to be honest about our thoughts, to

admit that they originated from somewhere else, and it would be an act of plagiarism to even attempt to think on your own, because that was simply impossible. I was beginning to feel as if I hadn't really gone too far from the schools in Baguio from which I fled. Our learning methods essentially mirrored the methods of my teachers in my hometown, except that what we were committing to memory weren't mere terms, but entire chunks of ideas.

Nababanaag dito ang imahen ng paniniko ni Macansantos kay Derrida ("Sige na huy, gawin mo na 'yung paper ko" [may hibo ba rito ng homophobia at anti-semitism? Sa lahat naman ng post-estrukturalistang Pranses, bakit iyon pang bakla at Hudyo ang napagdiskitahan?]), pero mas mahalaga ay ang isyu ng orihinalidad na nabanggit. Para kay Macansantos, merong orihinalidad. Ito ang pakiramdam niya'y isa sa kanyang mga orihinal na ideya:

What surprised me was that many writers in the Philippines were quick to embrace these theories that negated the Self and challenged the notion of authorship, claiming that authorship and selfhood were cultural constructs that limited their creative powers. It must be freeing to think beyond the notion of Self, to surrender one's authorship of a work of art and expect others to do the same, but one worries if the freedom one earns from this is merely a liberation from the responsibilities of authorship, the duty one has to take ownership of what one has written and to stand by its vision. But there is also the freedom that comes with authorship, the liberation one earns when one takes ownership of one's words. It allows the author to assert her identity in the world through her work, to take a stand against those who seek to reduce her to a compliant follower. Writing is liberating precisely because it is an act of will.

Ito na nga siguro ang pagpapatunay na hindi lang mito ang kwento tungkol kay Baybayan. Lumibot ang prinsipeng sa mundo at kinalat niya ang pilosopiya ng mga indio. Tiyak na matutuwa si Lucero na ang

romantisismo nga talaga ay nagmula sa Pilipinas. Si Macansantos ang nag-imbento ng ugnayan ng pagsusulat at loob!

Marami pang matutunghayan sa diskurso ni Macansantos. Halimbawa na lang, ang kaisapang pang-alipin ng mga "tao ng sama ng loob o hinanakit" ni Nietzsche, i.e. iyong mga pakiramdam ay perpetwal silang biktima. Pero ang ating tatalakayin dito'y ang konsepto ng "sarili."

Ang sariling itong ibinibida ni Macansantos ay nakadepende sa iba. Kung identidad ang pag-uusapan, hindi mabibigyang-kahulugan ang ako kundi sa pamamagitan ng hindi-ako. Kung pagkain naman ang bibigyang-diin, hindi ako makakakain kung wala ang mga magsasakang nagtanim, nag-araro, nag-ani, at pinagsamantalahan, para magkaroon ng kanin sa plato ko. Paano ang bayan? Kung "bayan muna bago sarili" ang dapat, ayon sa kasabihan, ibig bang sabihi'y kabaliktaran ng bayan ang sarili? Ang bayan din mismo ay may sarili. Naiugnay na ni Lucero ang relasyon ng racismo sa nasyonalismo (*Bayan sa Labas* 68). Sa *La India*, panay ang banggit ng bidang si Susana na Pampango ang mga sundalo na uusig at umusig sa kanila (*La India* 17, 19). Mayroon ding pagsiko sa mga Tsino (29). Isyu ito ng identidad. Paano naman ang mga materyal na paksain? Syempre pa, bilang neokolonyal na bansa, ang Pilipinas mismo ang iba, kasama sa gilid na siyang pinagsasamantalahan ng sentro. Bukod dito, ang iba ng ating bayan-ay ang ating bayan mismo. Sa tunggalian ng mga uri, nakadepende ang karangyaan ng ilang Filipino sa pagiging aba ng karamihan sa Pilipinas.

Bahagi ang kultura sa proseso ng pagbabago ng lipunan, at hindi masasabi kung aling uri ng kultura ang pinakamakakatulong sa paglikha ng mga pagbabagong nais natin. Dapat tayong humugot sa kung ano ang maaari nating paghugutan, basta ba progresibo. Ito ang pragmatismong itinuturo sa atin ni Lucero. Sa *La India*, nang dumating ang salot, nagkasakit ang anak ng gobernador. Kahit na hindi puti ang San Roque ni Amador, dito siya humingi ng tulong: "Walang mawawala sa kanya kung iaalay niya ang kanyang namamatay na anak sa paanan ng estatwa ni Amador na may kasamang kalahating-aso, kalahating-buwaya. Hindi na mas mamamatay pa ang bata kung mas magalit man si San Roque" (*La India* 21). Gumaling ang bata, at wala nang ibang nagkasakit. Bilib ang mga tao, pwera ang paring kontrabida. Pero: "Walang paraan ang

padre para patunayang walang himala hanggang sa susunod na atake ng epidemya" (22). Hindi lang ito mitolohiya kundi epistemolohiya.

Kontra kay Lucero, na sinabing magagawa lang nating makipagtalastasan sa ibang bansa kung kilala natin ang sarili nating bayan (*Bayan sa Labas* 17), sasabihin ditong hindi natin makikilala ang ating sarili kung sarili lang natin ang ating kikilalanin. Bilang homage kay Guillermo at Lucero, tatawagin ang posisyong ito bilang "nasyonalismong nasa labas" o "labasismo." (Pwede ring "pagkamakabayang walang labas" [i.e. inclusive], kaso'y baka puro kagatan lang ng labi ang maatupag ng mga magsubok bumigkas nito.) Sa ganitong perspektibo, pwedeng sabihing pangkaming pananaw din ang pantayong pananaw. Para mahaylayt ang kaugnayan ng aking ismo sa diskurso nina Guillermo at Salazar, pwede rin itong tawaging "pangtaeng pananaw."

Hindi sinasabi rito na pwede nang magbasa tungkol sa rebolusyong Pranses at bigla'y tatalon na ang Pilipinas sa industriyalisasyon. Ang punto, hindi na mahalaga kung si Labaw Donggon ang ating bida basta ba may universal basic income. At, ang kabaliktaran, kahit ba may babaylan muli ay sigurado nang may universal health care. Malay naman dito si Lucero (*Bayan sa Labas* 7). Itinuturing ang mga likha niya, pati ang kay Guillermo, hindi lang bilang librong babasahin kundi mga proposal sa pagpapabuti ng abang sitwasyon ng mga Filipino. Hindi pagmamalabis sabihing kahit anong set up ng lipunan ay may kultura (oo pwedeng drab, pero basta ba may nakakain). Gayundin, hindi naman mapapabagsak ng abodo ang kapitalismo. Sa wakas, bumabalik na rin tayo sa pagtae ni Isagani Cruz (sadyang madaya ang pagsipi sa itaas).

Ang desisyon na isama sa kasaysayan ang pagsulat ni Rizal at ang hindi kanyang pag-araw-araw na pag-ebak ay desisyon ng isang historyador na nabubuhay sa kasalukuyan, kung kailan pinaniniwalaan na ang imahinasyon ay mas importante kaysa sa biyolohiya. Ang desisyon na isama sa isang tekstong pampanitikan ang relasyon ni Rizal kay Josephine Bracken at hindi kanyang relasyon sa guwardiya sa British Library o ang kanyang relasyon sa kartero sa Dapitan ay desisyon ng isang manunulat na may sariling pananaw tungkol sa kalahagahan ng mga tao ayon sa kani-kanilang mga papel sa mundo. Kung iisipin nga nating mabuti'y bakit ba natin pinapansin si Rizal at hindi ang nagtitinda ng tuyo sa Aparri noong panahon niya? (229)

Ang pagpokus sa ganito at ganireng paksa ay pag-oo sa isa at pag-hindi sa iba. Ang pag-subsume ng kultura para sa makauring ay pag-oo rin. Hindi ito simplistiko at bulgar na pagsasabing epekto lamang ng ekonomiya ang kultura. Imbes, sinasabi ritong kung aalagaan mo ang ekonomiya, aalagaan ng kultura ang sarili nito. Ang pagiging makauri *ang* kultura. (Gayundin, ang kultura ay makauri.) Kung, ayon nga sa mga pilosopo, ang "isip" ang siyang ginagawa ng utak, ang "kultura" ang siyang ginagawa ng makauring katawan. "Pagkakakataon" ang kultura, kung gayon, sa dalawang saysay: ang mga specifics nito'y aksidental, at ito mismo ay *oportunidad*. Ang sentral na tanong, kung gayon, sa ating panahon, tulad pa rin noon, ay ito, "Kultura para kanino?"

(Iiwasan dito ang impresyong walang kapangyarihan ang kultura. Makapangyarihan ito, makapangyarihang-makapangyarihan, nga ito kaya kailangang banggain ng pagpraprayoriti sa katawan. Ang pusta rito'y magiging mas produktibo ang pagsusulat, sa loob at labas ng pananaliksik, kung katawan ang uunahin.)

SANGGUNIAN

Cruz, Isagani. 2003.*Bukod na Bukod*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Cruz-Lucero, Rosario. 1990. "Negros Occidental 1970-1986: The Fall of the Sugar Industry and the Rise of People's Theater." Hindi pa nalalathalang doktorat na disertasyon. University of the Philippines.

Cruz-Lucero, Rosario. 2007.*Ang Bayan sa Labas ng Maynila*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Cruz-Lucero, Rosario. 2012.*La India, or Island of the Disappeared*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Eliserio, U. "Hinggil kay Guillermo." *Saliksik E-Journal* Tomo 3, Bilang 2 (Nobyembre 2014): 1-18.

Guillermo, Ramon. 2009.*Pook and Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Guillermo, Ramon. 2009.*Translation and Revolution: A Study of Jose Rizal's Guillermo Tell*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Guillermo, Ramon. "Themes of Invention, Help, and Will: Joachim Campe's *Robinson der Jüngere* in Tagalog and Bahasa Melayu Translations." *Southeast Asian Studies*, Vol. 3, No. 1 (April 2014): 3-47.

Guillermo, Ramon. 2015. "Ang Apat na Piging ng Kapitalistang Modernidad." Atoy Navarro at Vicente Villan (mga ed). *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan*. Quezon City: Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan/Bagong Kasaysayan, Inc., 183-226.

Guillermo, Ramon, Cajote, Rhandley, at Logronio, Aristeo. "UP Diksiyunaryong Filipino: Sinonimong Walang Hangganan." *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, No. 2 (2015): 54-67.

Macansantos, Monica. "Becoming a Writer: The Silences We Write Against." *tayoliterarymag.com*. Mayo 31, 2015. Huling inakses sa <http://www.tayoliterarymag.com/blog-2/2015/5/31/becoming-a-writer-the-silences-we-write-against-by-monica-macansantos> noong

Disyembre 30, 2015.

Sapitula, Manuel Victor. "Pook at Paninindigan: A Critical Appraisal of Pantayong Pananaw." [harvard-yenching.org](http://www.harvard-yenching.org). Pebrero 27, 2012. Huling inakses mula sa <http://www.harvard-yenching.org/features/pook-paninindigan-critical-appraisal-pantayong-pananaw> noong Disyembre 28, 2015.

Vargas, Scheherazade. "Ramon Guillermo: Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw." *Social Science Diliman* 5, blg. 1-2 (2009): 132-135



# TEKSTO AT INTERPRETASYON

Tatalakayin sa sanaysay na ito ang nosyon ng interpretasyon sa mga gawa ni Ramon Guillermo. Sa kanyang *Translation and Revolution*, pag-aaral ng *Guillermo Tell* ni Jose Rizal, kinukwestyon ni Guillermo ang mga nakasanayan na nating pagtingin sa interpretasyon. Manunulat na malay at hayag sa politikal na dimensyon ng kanyang kritisismo, muli't muling pinagmumunihan ni Guillermo ang kalikasan ng kritisismo, at ang lugar nito sa lipunan. Sa paghihimay na ito, gagamitin ang panulat ni Rolando Tolentino bilang ekspresyon at ekstensyon ng mga ideya ni Guillermo. Magkakaroon dito ng pagtatalaban ng mga konsepto. Magkaiba ng estilo ang dalawang manunulat, bagaman magkalapit ang pulitika. Hindi ko sila ituturing na Batman at Robin (si Batman ang bida, si Robin ay sidekick lamang), kundi bilang Dolphy at Panchito (nagsasaluhan tungo sa isang layunin, hindi nga lamang pagpapatawa ang layunin nina Guillermo). Ang nagaganap sa pagitian nina Guillermo at Tolentino ay genuine na diskurso. Ipapamalas ng papel na ito ang dayalog ng kanilang mga kaisipan.

Ito ang magiging daloy ng aking papel. Una, ipapaliwanag ko ang tatlong isyung pinagkakaabalahan ni Guillermo tungkol sa interpretasyon. Sa bahaging ito rin matutunghayan ang pagpapaliwanag at pagpapalawig ng kritika ni Tolentino sa mga isyung ito. Hindi sinasabing si Guillermo ang teorya at si Tolentino ang praktika, sapagkat may praktika rin si Guillermo at may pagteteorya rin si Tolentino. Imbes, ang mababasa rito'y isang bagong animal, maaari nating tawaging "Guillermo-Tolentino," na sabay na nagmumuni-muni at nag-aaklas.

Pangalawang bahagi ng papel ang pagtulak sa lohikal na konklusyon ng mga argumento ni Guillermo, na, bagaman sa unang basa'y nakapagtataka, mauuwi rin sa "mabusising pagbabasa." Hindi na ito ang "close reading" ng New Criticism, kundi pagbabasang malay sa mga kabatiran ng semiyotika hinggil sa interpretasyon, lalong-lalo na sa kalikasan ng signifier.

Ang pangatlong bahagi ng papel ay formalistang pagbasa sa mga tula ni Ramon Guillermo sa koleksyon niyang *Agaw-Dilim, Agaw-Liwanag*. Hindi na rin ito ang kinasanayan nating formalismo, kundi formalismong nagbanyuhay na. Makatwirang sabihing pag sineryoso ng formalismo ang sarili nito, i.e. sineryoso ang mga problema ng interpretasyon na siyang sineseryoso ni Guillermo, ang lalabas ay formalismong kinikilala ang sariling limitasyon nang hindi nakakalimutan ang angking kapangyarihan. Tumitindig kung gayon ang *Agaw-Dilim, Agaw-Liwanag* bilang ninuno at apo ng *Translation and Revolution*.

## 7.1 Ilang Pagninilay tungkol sa Teksto

Bagaman gumagamit ng mga sopistikadong computer-assisted teknik, pinoproblema pa rin ng *Translation and Revolution* ni Ramon Guillermo ang mga batayang isyu ng pagbabasa. Tatlo rito ang mahalaga para sa ating diskusyon: (a) ang kalikasan ng tekstos; (b) ang papel ng "di-sinabi"; at (c) ang kahulugan ng kahulugan. Sala-salabat ang mga paksang ito. Isa-isahin natin.

Hindi simpleng usapin kung ano ang itinuturing na teksto at hindi teksto. Halimbawa na lang ang mga teksto ni Rizal. Siya mismo ang naglabas ng *Noli me tangere* at *El Filibusterismo*, kaya wala tayong pag-aalinlangang ikabit ito sa pangalang "Rizal." Ganito rin ba ang turing sa ikatlong nobela ni Rizal, na isinalin pa nga ni Nilo Ocampo bilang *Etikang Tagalog* at *Makamisa* naman ni Ambeth Ocampo? Constructed na teksto ang mga ito, pinamanatnugutan ng mga nagsalin ang edisyong kanilang ininahanda dahil nga hindi natapos ni Rizal ang kanyang proyekto (baka may kinalaman ang kanyang kamatayan dito).

Pero paano ang salin niyang *Guillermo Tell* ng *Wilhelm Tell* ni Friedrich Schiller? Una, salin ito. Pangalawa, hindi naman nalathala o

itinanghal. Kaya nga sinuri ito ni Guillermo bilang "salin." Hindi bilang dula, kundi bilang salin. Ang inilahad ay ang "nawala" at "naidagdag" nang isalin ni Rizal mulang dayuhang orihinal ang *Tell* tungong Tagalog, at ang lumabas ay kung anong bokabularyo meron ang Tagalog na kayang magawa ang ideolohikal na kritisismong ginamit ni Schiller sa Aleman.

Paano naman ang mga liham ni Rizal? Hindi naman niya ito sinulat para basahin ng bayang Filipino. Pero dineploy ito ni E. San Juan, Jr sa kanyang sanaysay sa *Rizal: Contrary Essays* (175-195). Saan tayo titigil? Sa kanyang libro tungkol kay Nietzsche, ikinuwento ni Jacques Derrida ang maaaring mangyari kung makatagpo ng entri sa jurnal ni Nietzsche na "Nakalimutan ko ang aking payong" (123). Ituturing ba itong pilosopikal, paglalaro ni Derrida. Pag-iisip ba ito tungkol sa hindi kahandaan? Ang pag-iral ng tao'y walang hanggang pag-iiwan ng payong at pagkatapos ay aabutuan ng ulan. Tungkol ba ito sa alaala? Paano naman ang mga sinulat ni Nietzsche na postcard, mga gawa niya sa Latin at Griyego bilang pilolohista, mga liham noong nabaliw na, tanong nga ni Michel Foucault (24).

Matagal na syempreng tinatalakay ang iba't ibang teksto sa akademya, sa rigoros at iskolari, at mapaglarong paraan. Nariyan, halimbawa, ang analisis ni Chuckberry Pascual sa sinehan (139-170). Tila ba lahat na lang ay teksto, at kung gayon, hindi lang maaaring suriin, kundi karapat-dapat na suriin. Merong sinusuri, merong pagsusuri, pero ano ang sinusuri? Sa unang tingin, problema lang ito ng humanidades. Mahirap malaman kung ano ang tula (matagal nang hindi kailangang may tugma't sukat para masabing tula ang isang teksto), pero nariyan lang ang mga bato (kung geyolojist ka), aso (kung bayolojist ka), at tubig (kung kemist ka). Problema syempre kung pisisist, kasi ano nga ba ang materya? Pero kunin natin ang kaso ng aso (wala kasi akong alam sa bato). Ano nga ba ang aso? Ano nga ba ang hayop? Ano nga ba ang buhay?

Para kay Guillermo, malaki ang temptation sa computer-assisted na pagsusuri. Para ba kasing ang computer at hindi ang tao ang nagsasabi kung alin ang susuriin. Kung gayon, natatanggal ang mga bias. Syempre pa, ilusyon ito. (Makapangyarihang ilusyon!) Ang nananaliksik pa rin ang nagpapakain sa computer ng susuriin nito, ang nageset ng parameters ng bibilangin ng makina. Ayon kay Guillermo, "A text, therefore, represents an objective fact that is, however, never accessed 'in-itself' without the mediation of culture

and history. The 'automatic' construction of a 'first-level' semantic network, which is invariant in principle for all possible readers (for all times and places), is simply a myth" (*Translation and Revolution* 39). May kontradiksyon dito ang "represents" at "mediation." Sa isang banda, naroon na nga ang teksto. Sa isa pang banda, wala pa ito, parating pa lamang, hinihintay pang may mamagitan.

Nasa kamay ng mambabasa, kung gayon, kung ano ang kanyang babasahin. Pero hindi rin naman kahit ano pwede niyang basahin. Ito ang papel ng kultura at kasaysayan na binabanggit ni Guillermo. Halimbawa, nagawa niyang suriin ang *Guillermo Tell* kasi teksto ito ni Rizal. Katanggap-tanggap ang mga liham ni Rizal para kay E. San Juan, Jr., pero, kataka-taka, hindi naman gagawan ng sanaysay ni San Juan ang mga email ni U Eliserio. Dito na pumapasok si Tolentino, dito nag-iinterbensyon ang kanyang diskurso sa pinapalutang ng ng diskurso ni Guillermo.

Pinakamahusay na gawa ni Tolentino ang *Richard Gomez at ang mito ng pagkalalake, Sharon Cuneta at ang perpetwal na birhen at iba pang sanaysay ukol sa bida sa pelikula bilang kultural na teksto*. Ostensibli tungkol sa mga artista, inuurirat ni Tolentino sa pamamagitan nila ang iba't ibang isyu, mula mito ng gunless society hanggang People Power. Tila ba unang hakbang lang para kay Tolentino ang diskusyon tungkol kina Richard Gomez at Kris Aquino para sa mas malakawang kritisismong kultural. Noong dekada nobenta kung kailan lumabas ang *Richard Gomez*, sikat na sikat ang mga artistang tinalakay ni Tolentino. Ang mga pangalan ng mga bidang ito ang nagsisilbing sentral na signifier na ginamit niya para organisahin ang kanyang mga kabanata. Ang signifier na "Rosanna Roces" halimbawa ay konektado sa signifier na "bold star" o "sexy star," na konektado rin sa mga signifier na "Cristina Gonzales" at "Techie Agbayani." Kadena ito ng mga signifier at bahagi nga ng sarap na nararamdaman sa pagbabasa kay Tolentino ay ang anticipation sa kung ano pang signifier niya makakabit ang kanyang mga inisiyal na dineploy. Bagaman mistulang sikoanalisis ang kinabibilangang school of thought ni Tolentino sa kanyang paggamit ng mga konsepto tulad ng "constitutional bisexuality" (*Richard Gomez* 14-16) at petisismo (89-90), ang tunay na intelektwal na batis niya ay semiyotika. Kailangang tandaan na iba ang signifier sa sign, na siyang tumutukoy sa referent (ang "aso" gayon ay tumutukoy sa hayop na aso). Ang signifier naman ay ang imahen na tumutukoy sa signified (sa ideya) (ang salitang "aso" ay tumutukoy sa ideya ng aso, hindi sa aso mismo) (para sa

introduksyon dito, tingnan ang Eagleton, 79-80, 110-111). Ano, sa wakas, ang teksto? Ang teksto ay kahit anong may signifier. Kung gayon, nakadepende ito sa wika, kultura, at mga institusyon ng isang lipunan.

Sunod sa kalikasan ng teksto, hinaharap din ni Guillermo ang papel ng "di-sinabi" sa interpretasyon. Iyon ay dahil ang nagagagap lamang computer ay kung ano ang mayroon, hindi ang wala. Hindi kasi bahagi ng kultura natin ang computer, at kung makagawa ang mga tao ng ganitong uri ng computer, baka nga nasagot na natin ang problema ng Artificial Intelligence. Sa mas mahinahon na paliwanag ni Guillermo, "Indeed, it may even be the case that something that 'unsaid' throughout the whole text may in the end, in the context of some well-argued interpretations, be the most important 'statement' of all. The dependence on the frequency of occurrence as an indicator of lexical or collocational 'significance' seems to be the most serious hindrance to computer-aided text analysis" (*Translation and Revolution* 46-47). Pag paulit-ulit ang paggamit ng salita sa isang teksto, mabigat ang papel nito sa interpretasyon ng teksto. Ang siste, pag madalang ang paggamit ng salita, mabigat din ito (48)! At hindi malayong ang pinakamabigat ay ang hindi nakasulat mismo. Sa pag-aaral ni Guillermo sa *Guillermo Tell*, nailahad na ang susing salitang "Natur" sa *Wilhelm Tell* ni Schiller ay naisalin sa anim na salita sa teksto ni Rizal. Nagbago ang relasyon ng mga signifier: "The foregoing diversification of 'Natur' actually results in its 'erasure' as a centrifugal point of semantic concentration, which in turn also implies that the whole ideological microsemiotic structure of 'Natur' becomes transformed into something quite different" sa salin (174). Dahil nga ang mga teksto'y isinusulat sa lipunan, kinakailangan minsang hindi sabihin ang ibig sabihin.

Ano ang halimbawa nitong "di-sinabi" na maraming sinasabi? May munting diskusyon si Rolando Tolentino tungkol sa pulitika ng pagsusulat sa Ingles sa kanyang *Pag-aklas, Pagbaklas, Pagbagtas*. Pagkatapos sipiin ang isang pangungusap mula kay Jose Dalisay, Jr, sinabi niya, "Ipinahihiwatig nito [ng isinulat ni Dalisay] na may puwersa sa labas ng mga akda na nagbibigay-pribilehiyo sa panitikan sa Ingles; kung ano ang mga ito ay di naman binibigyang-pansin ng manunulat" (*Pag-aklas* 117). Ito ang tanging beses na tinukoy si Dalisay sa teksto, at dalawang beses namang tinukoy si Gemino Abad (nga lang, wala si Abad sa index ang libro). Kahit hindi nakabalandra

ang pangalan ng dalawa, maririnig ng mambabasa ang alingawngaw ng kanilang diskurso sa mga susunod na pahina ni Tolentino: sila ang kadebate sa pagsusuring ito ng papel ng Ingles sa panitikang Filipino (*Pag-aklas* 118; ikumpara sa *Richard Gomez* 126-128).

Inatake rin ni Tolentino si Fredric Jameson, dahil inusig ng Norte Amerikano ang *Perfumed Nightmare* ni Kidlat Tahimik e mali-mali naman ito: "When Jameson mentions that *Perfumed Nightmare* is not a direct intervention to Marcos's dictatorial regime because of its lack of connecting images to the regime, he is limited by his lack of 'native informant' position. In the film, the town's patron saint is St. Mark, known locally as San Marcos. The cultural regime of rituals can therefore be paralleled to the political culture of the Marcos dictatorship" (*National* 110). Pinalawig pa ni E. San Juan, Jr ang pulitikal na implikasyon ng pelikula: "In addition to the domesticated saint (his lion appears later in the decisive confrontation with the masquerade of Western rulers), I would cite other telltale signs: the posturing American 'boy scout' who rides Kidlat's jeepney (eventually pushed out to the carabao sled at the back, a revealing change), the figure of the policeman, the reference to 'discipline and uniformity' echoing a well-known slogan of the martial law regime, the Marlboro Country billboard in the barren landscape, the Voice of America propaganda, and others—all index the milieu of surveillance and control under the US-Marcos dictatorship" ("Kidlat Tahimik" 177). Syempre pa, hindi naman direktang makakaatake si Tahimik kay Marcos sa panahon ng diktatorya (at post-EDSA nga lumabas ang mga pagpapaliwanag nina Tolentino at San Juan). At hindi rin kagandahan ang mga likhang-sining na walang itinatago (isa pa'y mawawalan ng trabaho ang mga kritiko). Pero ang pinakamahalagang punto, hindi talaga maaaaring maging transparent sa awtor o kritiko man ang lahat-lahat nang mayroon sa isang teksto, dahil hindi transparent na midyum ang wika (bukod sa pagiging likas na metaporikal), nakaangkla ang signipikasyon sa hindi pagiging tumbas ng isang signifier sa iba pang signifier (kung gayon para may sabihin dapat may hindi sabihin), at dahil hindi pa tapos ang kasaysayan, lagi may nabubuong bagong signipikasyon.

Dahil hindi monolitik ang kahulugan ng isang teksto, lagi itong maaaring sundutin at pabulwakin. Bukod sa lagi niyang tinutukoy na siwang ng mga teksto, nariyan din ang kanyang pagkilala sa pagiging unstable ng mga ito. Natratransforma ang "di-sinabi" ng teksto tungo sa "sinupil" ng signifier: "Pinagmimistulang namamayani itong aspekto

ng pagkalalake dahil kung uukilkilin ang pinamamalatan nito'y matatagpuan ang sukdulan katapat nitong pagiging macho—ang kawalan ng maskulinidad, ang pagiging bakla o baklain na sa tradisyonal na paghahati ng kasarian ay mas pinaaangkop sa femininidad. Hindi mapag-uusapan ang machismo kung hindi mababanggit, tuwiran man o hindi, ang pagiging bakla o baklain, at gayundin ang kabaliktaran" (*Richard Gomez* 32). Dito nakakahanap ng pagkakataon ang mambabasa para bawiin, angkupin, distrongkahin, baklasin, himayin ang teksto. Ang wika ay mas makapangyarihan sa tao, at maski pa sa mga hukbo o multinasyonal na korporasyon. Kung sasabihin nang sarkastiko, maaaring pakahulugin ng isang tao ang "maganda" bilang "pangit," pero hindi kailanman bilang "matangkad." Gayundin, hindi pwedeng sabihin ng isang babae na "palom" (damdamin sa gitna ng "crush" at "mahal") niya ang isang lalake dahil wala namang salitang "palom" (at kung gayon, hindi natin kailanman nararamdaman ang pagiging palom). Dito'y mainam nang ipasok ang pagkakaiba ng "ibig sabihin" ("meaning") at signipikasyon. Walang ibig sabihin ang mga teksto, meron lamang silang signipikasyon. Mabuting alalahanin ito pagdating sa pagbabasa at pagsusuri ng mga likhang-sining, tulad ng mga pelikula at tula. Ano ang signipikasyon? Kunin nating halimbawa ang ilaw trapiko. Signipikasyon ng ilaw na pula ang tigil. Hindi ito ang "ibig sabihin" ng ilaw na pula, walang likas na kahulugan ang pula, kaya nga sa ibang konteksto'y pwede itong magsignifay ng galit, pag-ibig, katapangan. Muli, ang signipikasyon ay sa kultura't lipunan. Kaya nga siguro sa ating bayan, maraming hindi pumapansin sa lanes. Suhestyon lang na manatili ang mga drayber sa sariling lane. Walang signipikasyon ang puting pintura sa mga nagmamanehong Filipino. (Gayundin, ito ang dahilan kung bakit kailangang tukuyin ni San Juan bilang "Filipino" imbes na "film scholar" lang si Tolentino, dahil hindi kilala ng audience ng una ang huli ["Kidlat Tahimik" 177].)

Dito pumapasok ang ikatlong batayang isyu ng pagbabasa na pinoproblema ni Guillermo, ang kahulugan ng kahulugan. Sa kanyang *Translation and Revolution*, ipinaliwanag ni Guillermo na sumusunod siya sa dalumat ng "sociocriticism" ni Edmond Cros, na nagagawang pagsamahin kalitatibo at kantitatibong metodo (30). Bagaman may pagkiling sa empirikal na epistemolohiya, kinikilala ni Guillermo ang pagiging eksperimental at bukas ng sosyokritisismo ni Cros (80). Alinsunod kay Cros, dinidinig pa rin ni Guillermo ang boses ng mambabasa pagdating sa interpretasyon (85).

Ipinamalas din ni Guillermo ang pagkakaisa nila ni Tolentino laban sa formalismo sa kanyang "Panimulang Salita" sa *Pag-aklas, Pagbaklas, Pagbagtas* ng huli (*Pag-aklas* x). (Paunawa: ang formalismong ito ay hindi ang tatalakayin sa ikatlong bahagi ng papel na ito.) Ang nais ni Guillermo'y lumipat mula sa tereyn ng kritisismo tungo sa tereyn ng produksyon. Kulang ang pulitikal na pagbasa sa mga reaksyonaryong gawa. Ang pag-abandona ng mga radikal sa namamayaning moda ng produksyon ng panitikan at pagtaguyod ng sariling produksyon ng sining at panitikan ang magsisilbing binhi mula kung saan tutubo ang isang rebolusyonaryong estetika (xi-xiii). Pero hindi ibig sabihin nito'y wala nang halaga ang ginagawa ng isang kritiko tulad ni Tolentino (may kontradiksyon talaga kung sasabihin ito ni Guillermo, na akademiko rin naman). Imbes, mas kailangan pa nga ang mga tulad ni Tolentino, kung si Guillermo ang tatanungin: "Para maisulong ang ganitong mga alternatibong praktikang pampanitikan at pangkultura ay nangangailangan pa ng higit na maraming kritiko at manunulat tulad ni Rolando Tolentino na malay sa mapagpalayang tungkulin ng mga guro at intelektuwal sa lipunan, may malawak na perspektiba at pangkabuuang gagap sa mga suliranin, may matapang at matatag na paninindigang makamasa, at mapagkumbaba sa kanyang simpleng paghahangad na paglingkuran ang sambayanan" (xiv).

Binabalot ng makabayang kritiko ang mga signifler na iniluluwal ng kasalukuyang orden. Binabawi ang mga ito laban sa mga nasa poder mismo. Ang kahulugan ng kahulugan ay ang paglikha ng mga bagong signifler, na magbibigay ng bagong kaayusan sa mayroon na, nang sa gayonay mulang pagiging instrumento ng pang-aapi ay maging mapagpalaya. Kung paano ito eksakli nangyayari ay itatanghal sa susunod na seksyon.

## 7.2 Paano maging Mabusisi sa Pagbabasa?

Mapanghamon ang librong *Richard Gomez at ang mito ng pagkalalake*, tila ba nakaset up ito sa pagkontra sa mga nakasanayang imahen tungkol sa mga artista: si Robin Padilla ay "baklain," si Aga Mulach na wholesome ang branding ay "madumi" pala (sa pagiging bahagi nito ng pagpapabango sa mapaniil na labor policies ng Jollibee), at ang sexy star na si Rosanna Roces ang matatagpuan ng feministang potensyal. Maikukumpara ito sa pahayag ni Jonathan Chua sa kanyang interpretasyon sa *signifier* na "Jose Garcia Villa": "these more

"deconstructive" forms of theory enable one to *reread* Villa in ways too ingenious perhaps for immediate belief or even comprehension, but coherent enough to provoke a *rethinking* of accepted verities...." (25, akin ang diin). Hindi ako malay sa pulitika ni Chua, pero itong binabanggit niyang muling pagbabasa para sa muling pag-iisip, sa kamay ni Tolentino, at ni Guillermo, ay paraan para baguhin ang mundo.

Tila ba sinasabi ni Tolentino, kung wala rin namang isusulat na bago, tungkol sa mga artista at higit pa, wag na lang ding magsulat. Kung obyus din naman ang sasabihin, tumahimik na lang. Iyon lamang kailangang igiit, dahil ikinakaila o sinusupil, ang marapat na pagtuunan ng pansin at lakas-paggawang intelektwal. Maihuhugpong ito sa kanyang fiksyon, na panay ang paglalaro sa anyo. May pagkakaisa ang anyo at nilalaman sa prinsipyong ito: hindi mo masasabi ang isang bagong ideya sa lumang paraan.

Nagaganap sa pagsusuri ng Tolentino ang proseso ng defamilyarisasyon. Ang simpleng patalastas ay nagbabagong-anyo sa pamamagitan ng analisis. Sa ilalim ng signifier na "Richard Gomez," sinuri niya ang dalawang ad:

Ang agresyon ay ipinamamalas sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pisikal na tensyonadong pangangatawan. Ang mga mata ni Richard sa ad ng Bench ay diretsong nakatitig sa mambabasa kahit saanmang anggulo pumusisyon ang mambabasa, tulad ng pagkakatatig ng "The Eye" na imahen ni Hesus. Samantala, ang mga pinid na mata ni Richard sa Diet Coke ay nagpapahiwatig ng senswalidad dulot di lamang ng kasiyahan sa produkto kundi na rin ng nag-eendorso ng produkto ... Ang bote mismo ng Diet Coke ay isang simbolo ng ari... ang pangangatawan ni Richard ay laging inilalarawan bilang nakatindig dahil ang pagkalalakeng pangangatawan ay maaring gayahin ang nakatindig na ari (*Richard Gomez* 21-22).

Hindi matatawaran ang pagiging persuasive ng mga komento tungkol sa pagtingin. At maaarin man sabihing simplistiko ang pagtutumbas sa bagay at katawan na tindig sa ari ng lalake, nabababatas ito ng

pagsilip sa posisyon ng imaheng "pambabae" sa mga teksto: "nailalagay sa sekondaryang pwesto, naisasantabi, tulad ng bulaklaking disenyo ng polo at ng piano sa ad ng Bench, at naisasalikod, tulad ng libro at seramiko sa estante sa ad ng Diet Coke" (22). Sa katunayan, pinakamahusay si Tolentino sa paglalantad ng sinupil na feminine sa mistulang purong masculine na teksto. Narito ang kanyang pagbasa sa tauhang beteryaryong ginagampanan ni Aga Mulach:

"Bagamat may pagnanasa siya sa karakter ni Agot Isidro, di naman niya ito maipagtanggol sa harap ng ama ng babae. Dagdag pa, wala siyang kamuwangmuwang sa mga aksyong pagnanasa ng klosetang karakter ni Roderick Paulate. Ibig sabihin, hindi pa bihasa si Doc Aga sa sexual na kamulatan. Integral itong kawalan ng kamuwangan sa sex sa konstruksyon ni Aga bilang wholesome" (57).

Nakakabit ang mga signifier na ito sa iba pang signifier, na ayon kay Tolentino ay nasa "labas ng pelikula":

"bakit natameme si Aga nang kumprontahin ni Richard Gomez ukol sa panliligaw nito kay Dawn Zulueta, ang syota ng huli; bakit ganoon na lamang ang tuwiran at di-tuwirang panlalait ni Janice de Belen, ang ina ng anak ni Aga, ukol sa finansya at sustento, ukol sa pagpapalaki sa kanilang anak; bakit second choice lang si Aga bilang torch bearer sa 1993 Star Olympics, matapos umayaw ang unang pinili, si Richard" (55)?

Maitatanong ng mambabasa, bakit kailangang pagaksayahan ng tinta at papel ang mga ganitong bagay? Bakit mahalagang suriin ang imahen ng mga artista? May kapangyarihan ang mga signifier ng pagkalalake at pagkababae, ng malinis at wholesome. Bahagi sila ng mga aparato ng kontrol, at ang pag-usig sa kanila ay bahagi ng paghihimagsik (34). Sa pagtatapos ng kanyang diskusyon ng *Uubusin ko ang Lahi Mo*, napadpad si Tolentino sa pagtatanggol ng armadong pakikibaka:

Pasista ang naghaharing uri. Ang korte't hustisya'y angkop para sa kanilang pangangailangan. Kaya nga umaabot sa habampanahon ang mga kaso, kaya nga may warrantless arrest. Ang pasismo ng

naghaharing uri ay hindi masusugpo sa paggamit ng kaayusang nagtataguyod ng kanilang paghahari. Ang opsyon ng pinaghahariang uri ay ang paggamit ng dahas. Inaasahan sa mga malakas na estado na supilin ang anumang pagtiwalag sa status quo. Kung gayo'y nagiging lohikal para sa taumbayan ang pagpili sa dahas hindi lamang para makamantan ang hustisya sa kagyat pero para baguhin ang mapaniil na lipunan sa kalaunan. Sa isa pang banda, iba ang antas ng dahas ng inaaping uri, dahas bilang moral at materyal na karapatan sa mapanupil na kaayusan (45).

Hindi hiwalay ang mga institusyon ng kapangyarihan at ang kanilang diskurso. Binubuo silang pareho ng mga signifier. Ang pagsasalita at pagsusulat ay kapareho lang ng pagbubungkal at pamamaril. Pareho silang paggawa. Ang pagtatanggol ni Tolentino sa pag-aarmas ng mga inaapi ay bahagi ng pagrerebolusyon. Bagaman nagmumula sa ibang intelektwal na tradisyon, mainam ditong ikumpara ang programa ng pananaliksik na itinutulak ni Foucault sa *The Archaeology of Knowledge*:

"What, in short, we wish to do is to dispense with 'things.' To 'depresentify' them... To substitute for the enigmatic treasure of 'things' anterior to discourse, the regular formation of objects that emerge only in discourse. To define these *objects* without reference to the *ground*, the *foundation of things*, but by relating them to the body of rules that enable them to form as objects of discourse and thus constitute the conditions of their historical appearance" (47-48, sa orihinal ang diin).

Narito kung gayon ang sunod na hakbang sa pag-uulit ng tila ba'y (tila *lamang*) hungkag pahayag, "dapat iugnay ang teksto sa konteksto." Kung babalikan ang diskusyon ng signipikasyon sa itaas, maaalalang kahit iba-iba man ang pwedeng ipakahulugan sa pula, hindi ibig sabihi'y simpleng hirit lang ay hindi na dapat tumigil pag pula ang nakaon sa traffic lights. Kaya nga mabusising pagbabasa ang ibinibida sa papel na ito, at hindi lang madaliang pagbabasa. Hindi mahihimay ang teksto at hindi mapapasambulat kung hindi magiging mabusisi ang lapit. Kinakailangang intindihin ang panloob na batas ng isang teksto. Hindi mahahagilap ang kapangyarihan ng isang

ideolohiya kung hindi ito babaklasin, at hindi ito mababaklas kundi seseryosohin ito't puro panlabas na kategorya ang gagamitin para husgahan. Sa hinabahaha ng prosisyon, sa formalismo rin tayo natuloy.

### 7.3 Ang Lohikal na Kongklusyon ng Formalismo

Nais ko ritong balaan ang mambabasa na baka nagkaroon ng impresyong nakalutang ang kritisismo ni Tolentino at sinusulat lang niya kung ano ang gusto niyang isulat. Babad si Tolentino sa kasaysayan ng pelikulang Filipino, kaya nga niya nauugat ang wholesome na imahen ni Aga sa clean cut look nina Pancho Magalona at Jaime dela Rosa (*Richard Gomez* 49), gayundin nailulugar niya si Rosanna sa mahabang kasaysayan ng sex films, mulang orihinal na bomba hanggang TF (90-96). Progresibong manunulat si Tolentino, at maski nga iyong nakikisangkot sa pangkultural na rebolusyon ay hindi nagmamaang-maangan sa halaga ng anyo.

Kung seseryosohin ng formalismo ang sarili nito, hindi ito itatakwil kundi yayakapin pa nga nang ubod ng higpit ang kasaysayan. Hindi lang ito sa kaso ng pelikula at kritisismo sa pelikula, kundi sa panatikan dito, at, sa pinakamalawak nitong kahulugan, sa pagsusulat mismo. Ito ang dahilan kung bakit sinalungguhan ni Gelacio Guillermo ang iba't ibang instrumento ng rebolusyonaryong panulaan, kasama na rito ang tugma at sukat, ironiya, pati nga ang pormang Hapon na rengga ("Ibahin ang Paksa?" 127). Hindi lang din puro rah rah rah ang mga tulang pinag-aaralan ni Guillermo, maaari silang "humihyaw o mapaglimi" (ibid). May kalituhan kasi ang iba sa tinatawag niyang Tugong Taktikal ng Panulaan at Tugong Istratehiko ng Panulaan. Itong una'y may mas efemeral na pag-iral, umusbong sa isang specific na sitwasyon at may mas direktang layunin. Samantalang itong huli'y "mga tulang lumalampas sa pangangailangan ng partikular na okasyon at mangyaring may paulit-ulit na paggamit sa mahaba-habang panahon," isinama niya rito ang mga gawa nina Amado Hernandez at Emmanuel Lacaba na "hanggang ngayon ay nananatiling makahulugan para sa mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan" (128). Ibinibilang man ni Guillermo na "kaagapay" ng pulitikal na rebolusyon ang pangkultural na rebolusyon, inaamin pa rin niyang meron itong "sariling kaangkinan" (125).

Katulad din ng natalakay na "mabusising-pagbabasa" sa ikalawang bahagi ng papel, malay ang formalismong ito mga kabatiran ng semiyotika. Kung hindi na nga ito ang dating formalismo, at hindi rin naman pwedeng tawaging bagong formalismo, baka pwede itong bansagang semi-formalismo. Pero ito ay suhestiyon lang naman. Mas mahalaga sa pangalan ay ang operasyon ng formalismong ito.

Ang problema, ang pagbibigay-kahulugan sa teksto at ang pag-aaral ng kalikasan nito, ay sentral sa diskurso ni Guillermo. Ang kabatiran ng kanyang mga pananaliksik ay, paradoksikali, mananamnam na sa kanyang mga tulang nauna pa niyang isulat kaysa sa *Translation and Revolution*. Nakaangkla ang lahat ng ito sa konsepto ng *signifier*, na sumasaklaw sa usapin ng teksto at interpretasyon. Nagsusulat ang manunulat, hindi lahat ay kanyang maisusulat. Nagbabasa ang mambabasa. Sa kanyang pagbabasa ay nagsusulat din siya. Ano-ano ang mga proseso ng signipikasyon na nagaganap?

Ano pa nga ba ang gagawin natin sa *Agaw-Liwanag*, ang koleksyon ng mga tula ni Ramon Guillermo mulang 2004, kundi babasahin? Sa dalawang libro niya ngkritisismo, *Pook at Paninindigan* at *Translation and Revolution*, wala man lang banggit na nalathala ang librong ito sa author's bio ni Guillermo. Pero naisama naman ito sa listahan ng kanyang mga gawa (mali nga lang ang nakatalang petsa ng pagkakalathala) sa paglalarawan sa kanya sa PDF brochure nang parangalan siya sa Gawad Tsanlesor 2016 sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Hindi naman sa iniwan na ni Guillermo ang pagiging "malikhaing" manunulat at naging fulltime na kritiko na lang. Nito lang 2013 ay inilathala ang nobela niyang *Ang Makina ni Mang Turing*.

Inilalarawan ng High Chair, publisher ng *Agaw-Liwanag* ang sarili bilang "nonprofit small press." Patuloy pa nila, "We publish our poems and those of others we believe in, and initiate projects that promote poetry in general." Sa kanyang paglalathala ng kanyang koleksyon ng mga tula sa High Chair, ipinapahiwatig ni Guillermo ang kanyang simpatya, kundi man pagsang-ayon, sa pangkalahatang prinsipyong ito. Ang panulaang ito'y hindi tahasang nagtutulak ng espisipikong pulitika, bagaman wala namang pahayag na bawal ito, kundi nagtutulak ng panulaan sa pangkalahatan mismo. Bagaman hindi rebolusyonaryong publisher, siguradong sinusupportahan ni Guillermo ang independyenteng espiritu ng High Chair, na lumalabas sa homogenous at populist na komoditi ng mga mas mainstream na

publisher.

May kinalaman ba dito ang edad? Bagaman 2004 nalathala, mulang 1994 hanggang 2002 isinulat ang mga tulang kinolekta sa *Agaw-Liwanag*. Iwasan nating husgahan ang "maagang Guillermo" sa lente ng "Guillermong may dunong na," at imbes tingnan, meron pa bang nabubuhay sa batang Gulillermo sa Guillermong may gulang na. Tikman natin ang dalawang tula, ang "Kuto" at "Ang Conftant ng Grabedad, Capitulo XXXI."

Ikinukwentong "Kuto" ang isang lolang mahirap na wala nang pamilya. Samantalang nabubuhay at namamatay ang iba para sa "bayan," "kalayaan," o "Dakilang Pag-ibig," nabubuhay na lang ang lola para sa mga kutong nakakapit sa kanyang ulo.

Isigaw nating

*Mabuhay ang Pambansang Demokrasya!*

Pero

Sana'y

Huwag kalimutang

Ibulong

*Mabuhay ang mga Kuto!*

Dahil kung wala ang mga ito

Ay wala nang dahilan si lola

Na maglakad (32)

Samantalang sa sarfeys lumalabas na ang pagsigaw ng "Mabuhay ang Pambansang Demokrasya" ang prioridad (dagdag lang, "huwag kalimutan," ang *pagbulong* sa "Mabuhay ang mga Kuto"), ang relasyon ng mga kuto at ng lola naman ang nagsasara sa tula. Tila ba nagpapatawa ang tula tungkol sa mga kuto at kababawan nito, na hindi naman kamag-anak o hindi Dakilang Pag-ibig (malaking titik "D" at "P"), pero ang kuto ang nasa pamagat, at ito rin ang dahilan kung bakit nabubuhay pa ang lola (na siyang bida ng tula, kahit na hindi persona). Sinusubukan ditong mag-usal ng dalawang magkasalungat na bagay (kasabay ng pagsigaw ang pagbulong). Ang rebolusyonaryong pulitika ng Pambansang Demokrasya ang kuto ng

tula, maliit lamang (dalawang linya lang ang tumutukoy dito) pero mahigpit ang kapit. Kung nabubuhay ang lola para sa kanyang mga kuto, nabubuhay ang Pambansang Demokrasya para sa lola, na bahagi ng sektor ng mga aping ipinagtatanggol ng kilusan. Nabubuhay naman ang tula ni Guillermo para sa Pambansang Demokrasya, at kung gayon maaari nating sabihing ang "Kuto" ay para sa mga kuto.

Ang "Conftant" naman ay pastiche ng lumang Tagalog at matatawag na prose poem. Ikinuwento nito ang pagkakatali ni Balagtas sa isang puno, parang si Florante lang, at ang kanyang kritisismo sa paggawa ng tula:

O ano ang silbi nang manga tola at nang pagiging macata  
cung uala naman magagaua ang manga salita upang  
maghilom ang labindalauang sugat nang aquing puso? [Ano]  
ang dahil at silbi nang pagtola cong hindi naman mapapalis  
ang manga mang-aaping Dios na poti, hari, prayle at  
conquistador na silang nagpatali sa aquin dito dahil sa aquing  
tunay na pag-ibig? Ualang patotongohan ang pagtotola cundi  
cabaliuan! Ano ang gamot, ano ang lason para sa saquit na  
pagiging macata na pinsan nang saquit na aliponga! Ang  
panolaan ay aquing sinusumpa ngayon din! (2)

Sa wakas ay nakawala si Balagtas mula sa pagkakatali. Tumungo siya sa isang kastilyo na bago mapasok ay kinailangan niyang makipaglaban sa isang dambuhalang leon. Doon natagpuan niya ang isang bote ng grabedad, na kanyang ininom. Bakit?

Ang grabedad ang naninigurong iisa lamang  
ang cahologan nang bauat bagay at salita... Caya ang  
ominom nang grabedad ay hindi na cailanman  
maaaring maging macata. Mauauala sa cania ang  
ualang catuturang bisyo nang pagalaro sa manga  
salita sapagca iisa lamang ang maaaring cahologan  
nang manga ito sa caniya at uala nang maaaring iba  
(4).

Syempre pa, hindi lang iisa ang kahulugan ng mga salita, uminom man tayo ng grabedad o hindi. Ang kapangyarihan nga ng

tula ay nakasalalay sa pagkakaroon ng mga salita ng iba't ibang kahulugan, o sa bokabularyo ng sanaysay na ito, sa pagkakaroon ng mga signifier ng iba't ibang signipikasyon. Sinasabi ni Balagtas na hindi na tayo dapat tumula dahil wala namang silbi ang tumula., pero alam lang natin ito dahil sa tula kung saan si Balagtas ang tauhan.

Sa kanyang pagpa-pastiche ipinapamalas ni Guillermo ang pagbabago ng wika, materyalismo sa lebel ng pagbabaybay, nagpapaalalang ang may kasaysayan ay may kinabukasan (na maaaring bago). Nahilo si Balagtas sa pag-inom niya ng grabedad (ito ang "saydepek"), at nahihilo ang mambabasa sa ispelang ni Guillermo. At samantalang hindi na tumula muli ang Balagtas ni Guillermo, ang "Conftant" iyong uri ng teksto na hinahawakan tayo sa kwelyo, humihiling, namimilit na lumikha rin tayo ng teksto bilang tugon. Sinasalungat ng tula ang mismong "mensahe" nito ("Wag nang tumula!" - tula), kahit pa ang pwedenating kontraryong pagbasa nito ("Ang tula ay paglalaro lamang ng salita, wala itong ibig sabihin!" - tula). Hindi mapipigilan ang pagtula dahil ang pagka-matulain ay kalikasan ng mga tula. Ang unang tendensiya ng kahit anong inuusal ay kumawala ang signipikasyon, at kailangan ng kapangyarihan ("author function," kultura, lipunan, mga institusyon ng kapangyarihan) para mapako ito sa iisang lugar. Ang grabedad na tinutukoy sa tula, kontra sa grabedad na pundamental na pwersa, ay walang ontolihikal na prayoridad (i.e. may tumutula muna, saka siya pipigilan).

Kaugnay ng mga pagninilay-nilay na ito tungkol sa tula ang tila ba pang-iismol ni Guillermo sa buhay-intelektwal. Narito ang unang saknong ng "Pagsisisi ni B." (ang B. sa pamagat ay para sa Bomen, ang palayaw ni Guillermo):

Walang tagumpay ang aking paghahanap ng totoo,  
Sinikap kong gumamit ng katwiran at magpakatao,  
Kinahon ko ang mundo at sinukat ayon sa numero,  
Pero dumating ang gera at ang mga sukat ko'y di na  
wasto (26).

Ikumpara ito sa hirit mula sa "Ang Pinagdaanan ng Berdugo":  
"Inisip niyang hindi na siya makapag-isip... dahil wala na siyang

ulo" (27). May tila obsesyon si Guillermo (wag mong tawaging motif!) sa katawan. Kahit ang eksperimental na tulang "Talaarawan," na 15 sa 22 na taludtod ng unang seksyon ay binubuo lamang ng salitang "Ang," ay may linyang: "Bilang ng mga inilibing ang tunay na panukat ng aming mga oras" (29). Samantala, sa mahabang tulang walang pamagat at may marka lang na "2000," inilarawan niya sa seksyon VII ang isang berdugong sundalo na "Nilalabasan lamang/kapag may kinakatay" (17). Pero tulad ng sa lahat ng nirerestling na paksa ni Guillermo, merong twist sa kanyang pagturing sa katawan. Nagsisimula ang kanyang tulang "Ang mga Pangangailangan" sa ganitong paglalarawan:

Kapag nagugutom ako  
 Minsan  
 Kailangan kong kumain  
 Litson man o buto  
 Pare-pareho lang (28).

Magpapatuloy ito sa dalawang sunod na saknong ("Kapag nauuhaw ako," "Kapag naiinitan ako"), hanggang sa mauwi sa "buhay" at "kamatayan" ang treyn of tot. Pero imbes na ang korong "Pare-pareho lang" ang mabasa sa huling linya, ang mayroon ay "Kailangang-kailangang// MAIBA NAMAN." Ganito ang takbo ng marami sa mga tula ni Guillermo. Sa "Kung Ika'y Di Ikaw ay Narito Ka Pa Sana," ang "ikaw" na kausap ng persona'y "ikaw" (i.e. identidad) kaya "ika'y wala na rito" (6), i.e. hindi na siya dahil wala nang siya, at dahil ito sa pagiging siya niya. Pinaglalaruan sa "Nanginginig ang Aking mga Kamay" ang "malamang" at "malaman." Hindi malaman ng persona kung galit o takot ang sanhi ng kanyang panginginig, pangangatog, pamimilipit, pero malamang ay takot. Gayunman, matatapos ang tula na may hibo ng galit, nangangako ang persona na "Kapag kailangan nang malaman/ Kung alin talaga sa dalawa,/ Alam kong/ Malalaman ko rin" (7). Ang pagkakaroon ng karunungan sa tunay na nararamdaman ay sinususpindi, kailangan pang antabayanan ang pagiging sigurado. Ang katotohanan na ito'y katotohanan-na-paparating-pa-lamang, kung kaya't ang pagkilos din mismo'y paparating pa lamang. Ibinibida niya ang "kawalang katiyakan" sa

"Huwag Kang Pumikit Kasama" (9).

Umaalingawngaw ang paglalaro ni Guillermo sa buong koleksyon. Muli, mula sa bahaging markado lamang ng "2000," ngayon naman sa seksyon VIII, mababasa natin ang prose poem na ito, kung saan ang persona'y nagkukwento tungkol sa kanyang kabataan, kung kailangan pag nakakakita siya ng sanggol ay

namangha [ako] sa hayop na ito. Tinanong ko sa matatanda:  
 "Ilan na kaya? Sampu na ba ang kaniyang mga daliri?" Na para  
 bang pananda ng pagdaan ng mga taon ang pagtubo ng bawat  
 daliri sa kaniyang maliit na kamay (17).

Alusyon ito ni Guillermo sa unang tula sa *Agaw-Liwanag*, ang diniskas na ngang "Ang Conftant ng Grabedad, Capitulo XXXI," kung saan inilahad kung paano sinigurado ni Balagtas na wala siyang anak na maloloko ng pagtula: "Binilin niya sa caniyang asaua na potolan nang daliri ang sinomang anac niyang magnasang maging macata. Tanging ito ang dahilan cung baquit sasampu ang ating manga daliri" (4). Napakalayo na sa usapin ng *Revolution*, bagaman hindi ng *Translation*. At nasa puso ng tatlong batayang isyu ng interpretasyon na siyang tinalakay sa kabuuan ng papel na ito. Nagbabasa tayo sa pamamagitan ng pagsusulat, at nagsusulat tayo nang bukas.

Sa papel na ito, natalakay ang kalikasan at mga layunin ng interpretayon. Inilarawan kung ano ang itinuturing na teksto, ang papel ng di-sinabi, at ang kahulugan ng kahulugan. Inaasahang maging kontribusyon ito sa pagpapaliwanag ng tunguhin at limitasyon ng pananaliksik sa malawak na larangan ng humanidades, at pagtukoy sa kapangyarihan ng kultural na kritisismo. Nasabi sa simula na si Rolando Tolentino ang Panchito sa Dolphy ni Ramon Guillermo. Bilang pagbibigay-diin sa halaga at karangalan ng role na ito, ibibigay ko kay Tolentino ang huling salita: "Ang tanging kayang gawin ng panitikan ay mag-ingay tungkol sa panlipunan at historikal na kalagayan. At ang kritiko, hindi para lusawin ang panitikan-mahalaga pa rin ang ingay nito-kundi para iugnay ito sa politikal" (*Pag-aklas* 10).

## SANGGUNIAN

Chua, Jonathan. 2002. "Introduction." *The Critical Villa*. Ed Jonathan Chua. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1-34.

Derrida, Jacques. 1979.*Spurs: Nietzsche's Styles*. Chicago: The University of Chicago Press,.

Eagleton, Terry. 2008. *Literary Theory: An Introduction*. London: Blackwell.

Foucault, Michel.2010.*The Archaeology of Knowledge*. New York: Vintage.

Guillermo, Gelacio. 2006. "Ibahin ang Paksa? -- Ang Kasalukuyang Panulaang Makabayan sa Panahon ng Krisis at Rebolusyon." *Kadiliman: The Philippine Collegian Anthology of Critical and Creative Writing*. Ed. Jaime Doble. Quezon City: Philippine Collegian, 123-136.

Guillermo, Ramon.2004.*Agaw-Liwanag*. Quezon City: High Chair.

Guillermo, Ramon. 2009a.*Pook at Paninindigan*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Guillermo, Ramon. 2009b.*Translation and Revolution*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Pascual, Chuckberry. 2009. "Pagmamapa ng Sinehan bilang Espasyong Homoseksuwal sa Panitikang Bakla." *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* 15, blg. 1&2: 139-170.

San Juan, Epifanio Jr. 1968. "The Human Condition." *Rizal: Contrary Essays*. Ed. Petronilio Daroy. Quezon City: Guro Books, 175-195.

San Juan, Epifanio Jr. 1998."Kidlat Tahimik: Cinema of the 'Naive' Subaltern in the Shadow of Global Capitalism." *Communal/Plural* 6, no. 2: 171-185.

Tolentino, Rolando. 2000.*Richard Gomez at the mito ng*

*pagkalalake*. Mandaluyong: Anvil Publishing.

Tolentino, Rolando. 2001.*National/Transnational*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Tolentino, Rolando. 2009.*Pag-aklas, Pagbaklas, Pagbagtas*. Quezon City: University of the Philippines Press.

## HINDI SINEMA

Minsan iisipin ng mambabasa na isinasakatawan ni Rolando Tolentino, kwentista, guro, aktibista, kritiko, ang kapitalismong kanyang tinutuligsa. Pang-ilang libro niya na ba itong *Indie Cinema* (panlabingtatlo ang tamang sagot)? Kaso ba ito ng dominasyon ng kantidad sa kalidad (hindi)? Para ba itong iPhone, na kada taon ay may bagong modelong inilalabas, walang higanteng laktaw pagdating sa features/kabatiran, meron lamang incremental growth? Sa isang banda, binebenta naman ang librong ito para kumita. Sa isa pang banda, libre naman ang karamihan sa mga sanaysay na kinolekta rito sa [pinoyweekly.org](http://pinoyweekly.org) at [bulatlat.com](http://bulatlat.com). At hindi naman lahat ng komoditi, bagaman nilikha para tumubo, ay pantay-pantay. Mas mainam nga namang bumili ng gulay kaysa softdrinks.

Sa panloob na kritika, ginagamit ang mga kategoryang dinedeploy ng tekstong sinusuri para suriin ito. Paano nga ba husgahan si Rolando Tolentino—gamit ang mga standard ni Rolando Tolentino? Kailangang unahing sagutin: paano magkritika ng pelikula si Rolando Tolentino?

Una sa lahat, ikinakawing niya ang kanyang analisis sa kasaysayan. Gasgas nang sabihing walang likhang-sining na hiwalay sa lipunan nito, imbes kailangang i-appreciate ang yaman ng detalyeng inihahain ni Tolentino. Hindi lang si Aga Mulach ang unang clean cut na artista, kaya nga mababasa natin sa *Richard Gomez at ang mito ng pagkalalake*, *Sharon Cuneta at ang perpetwal na birhen*, at iba pang sanaysay ukol sa bida sa pelikula bilang kultural na texto ang tungkol kina Pancho Magalona at Jaime de la Rosa. Dito sa *Indie Cinema* at mga sanaysay sa *topograpiya ng pelikula sa Filipinas* (sic), suson-suson

ang genealogy ng indie cinema na ipinrisenta ni Tolentino. Tatlong nanay ang kinailangang para iluwal ito sa Pilipinas: pagdurog ng Hollywood sa industriya ng pelikulang Filipino, kamatayan ng mga makasining na direktor na nauna na sa programa ng internasyunalisasyong ng pelikulang Filipino, at ang mga proyektong nagbibida ng art cinema (Mowelfund, UP Film Institute). Ang pagyabong ng teknolohiyang digital ang komadrona. History itong genealogy, kasaysayan bilang pagkukwento. Malay sa kabatiran nina Carr, Iletto, Eagleton, atbp si Tolentino, ang historyador ang pumipili ng mga fakt na siyang hinahabi niya para ipagtanggol ang kanyang kaso. Dito sa *Indie Cinema* sa ikasampung pahina pa lamang binibgyang-diin na ni Tolentino ang ideolohikal na kapangyarihan ng pelikula. Ginawan ng mga Norteamerikano ng pelikula ang kanilang pamamaslang sa ating mga ninuno. Gumawa rin ng pelikula sina Macapagal at Marcos para maluklok at manatili sa poder.

Karugtong ng empasis ni Tolentino sa kasaysayan ang kanyang pagrespeto sa mga batas ng genre, sa kasong ito, ng pelikula. Mahusay na halimbawa nito ang kanyang anim na variation ng bomba sa *Richard Gomez*. Alam ni Tolentino na may dahilan kung bakit may kumbensyon. Imbes na simplistikong i-dismiss ang estruktura ng pagkabiktima-pagpapatawad sa mga pelikula ni Sharon Cuneta, ipinapaliwanag niya ang pulitikang pangkasarian nito (re: kasarian, tingnan sa ibaba). Ang paggalang sa genre nga ang wala sa *I Do BidooBidoo: HetonAPOSila!* Tolentino: "may look-and-feel na small screen... Walang grand panorama na inaasahan sa musical.... Ang scope ng mga Hollywood musical ay malawak at breathtaking." Genre at hindi genre ang camp, at bagsak ang *Zombadings* at *Ang Babae sa Septic Tank* kung ang pagsapul sa camp ang criterion: "Walang kagat ang mga pelikula dahil direkta ang referencing, citing, quoting at indexing. Paano magiging komentaryo ito kung ito naman ang kalakaran sa mismong mundong pinaghahalawan ng penomenon?" Samantala, sapul naman ni Tolentino ang "genre" ng "indie cinema": "neorealismong kwento at treatment ng napakabigat na panlipunang problema ng mga subalternong tauhan, na magtatapos sa day-in-the-life-of na mga pelikula, na ang panlipunang isyu ay hindi magtatapos kundi lohikal na magpapatuloy...." Itong pagbibigay-diin sa genre ay paalala na pangangailangan na sentral sa pagsusuri ang pagkonsider sa porma. Namnamin ang anyo kung nais tikman ang nilalaman (o wag na lang, wala rin namang silbi ito). Kay rami-raming kritiko ang nawalala dahil sa pakikipagkarera re "Ito ang kahulugan nito," "Ito ang mensahe nun." Maaari ngang mas mahalaga ang mismong

mansanas kumpara sa larawan ng mansanas, pero hindi ito ang kaso sa sining. Ang pelikula "tungkol" sa kahirapan/patriarkiya/pag-ibig ay kasing-halaga, kundi man mas mahalaga, sa kahirapan/patriarkiya/pag-ibig mismo.

Itong pagrespeto sa genre ang magpapaliwanag sa susunod na katangian ng kritika ni Tolentino, ang pagkiling pa rin sa direktor bilang isa sa paking analisis. Kung susulyap sa index (bagay na maaaring gawin ng reviewer na gahol sa oras at hindi na nabasa ang buong libro), matutunghayan ang naglipanang pangalan ng mga direktor. Dalawa hanggang tatlong linya ang entry para sa mga ito (lima ang para kay Lino Brocka), nahihigitan lamang ng mga teknikal na paksain (media, pelikula, atbp) at ni Gloria Macapagal-Arroyo (may limang linya rin). Kahit nga sina Cathy Garcia Molina at Joyce Bernal, sa rebyu ng kanilang mga obra, ay may semi-auteur treatment. Sa ating edad ng kamatayan ng awtor, hindi ba't atavistic itong pagtukoy sa iisang "lumikha" sa isang pelikula? Wala na namang aura dito sa panahon ng mekanikal na reprojusibiliti ng likhang-sining, hindi ba?

Tulad nga ng nabanggit, itong pagkiling sa direktor ay isa lamang sa maraming poki ng panunuri ni Tolentino. Siguro maaari nating binyagan ang kanyang taktika (hindi ito metodo) bilang "ilahas na semiotika." Layunin ni Tolentino na baguhin ang mundo. Ang sinabi niya sa *Pag-aklas*, *Pagbaklas*, *Pagbagtas* tungkol sa panitikan at kritiko nito: "Ang tanging kayang gawin ng panitikan ay mag-ingay tungkol sa panlipunan at historikal na kalagayan. At ang kritiko, hindi para lusawin ang panitikan--mahalaga pa rin ang ingay nito--kundi para iugnay ito sa politikal" ay siya ring tingin niya sa pelikula at kritika nito. Hinahabi ni Tolentino ang mga historikal fakt, kumbensyon sa genre, ang mga pelikula mismo, lahat ng ito'y signs lamang para sa kanya, para lumikha ng mas malaki pang sign (i.e. sa sign-kritisismo magkasama ang sign-fakt at sign-politika, ang sign-genre at ang sign-politika, ang sign-tsismis at ang sign-politika, atbp [ito ang dahilan kung bakit may virtual reprint ng Kris Aquino chapter mula sa *Richard Gomez* book, "Kris Aquino at ang Politika ng Showbiz at ang Showbiz ng Pelikula," dito sa libro na di-umano'y tungkol sa indie cinema]).

May pagkamacho ang kritisismong ito. Kinukubabawan ng kritiko ang teksto, binebend ito ayon sa kanyang kalooban. Gayundin, finefeminisa ni Tolentino ang mga "api" para isalungat sa matikas at matigas na nang-aapi, mapakapital, estado, o patriarkiya man ito. Sa

isang banda, baklaan din ang ganitong uri ng panunuri. Walang bagay o tekstong katumbas ang sarili nito. Ang lahat ay maaaring maging kahit ano, bukod, nga lang, sa kung ano ito ("talaga").

Dahil ang kadalasang gawi sa ideolohiya'y ikubli ang ideolohikal na katangian nito, madalas na kontraryo ang mga pagbabasa ni Tolentino (si Richard Gomez at Robin Padilla, paragon ng kalalakihan, ay queer; ang malinis na si Aga Mulach ay pantabing sa maduming praktika ng Jollibee; ang "putang" si Rosanna ay mabuting babae, atbp). Dito sa *Indie Cinema*, sa sanaysay na "Troika: Kris-James-Hope," ipinaliwanag ni Tolentino ang mga estratehiya ni Kris Aquino para manatiling "matayog ang posisyon": "Hindi siya ang cheapaz (may kababawang uri) na nagseseks habang nagpapa-facial sa makikitid na cubicle ng Belo clinic. Hindi siya ang defensibong asawa na nagsabing stalker ang babaeng kumakabit, ala fatal attraction kumbaga. Hindi rin siya ang lumantad para sabihing siya si "Hopia," ang lalake si "Big Bird" at ang asawa ay si "Kumander."" Si Kris ang babaeng "bituin na papasok sa politika sa malapit na hinaharap, at kung gayon, kailangang laging malinis at morally righteous. Sa kontrobersyal na troika, siya pa rin ang nasa tuktok."

Ikinuwento ni Tolentino ang isang kaibigang "bading na ayaw pumunta sa gay bar sa takot na mareyd ito. Natatakot... makuhanan ng crew ng telebisyon at masira ang pagkatao... Hindi pa man aktwal na ginagawa, nagtagumpay na ang internalisasyon ng ganitong rehimentasyon ng krimen. Pero ano ang krimen na nagawa at ayaw nang gawin pa dahil krimen nga ito? Wala. Pero dahil sa balita sa photojournalism at telebisyon, ang wala ay nagiging mayroon...." Mula rito ay maglulunsad ng kritisismo si Tolentino kay Macapagal-Arroyo: "Ang ebidensya ng kalabisan ay nagpapatong-patong na: \$130 milyon ang inaasahang ganansya sa korupsiyon sa broadband scandal, \$20 milyon ay naisuhol na raw; na nagdagdagan ng 700,000 pamilya o kabuuang 32.9 porsyento (isa sa tatlong pamilya) ng populasyon ang naghihirap sa loob ng tatlong taon; at ito ay nakabatay pa, ayon sa mismong National Statistical Coordination Board, sa napakababang P41.25 na arawang budget para mabuhay raw ang indibidwal nang maayos; at ang palitan ng pabor sa Spratly Islands. Bukod pa rito ang nakaraan nang pandaraya sa eleksyon, panunuhol, at iba pang katiwalian ng kasalukuyang administrasyon."

Ito ang aking kontensyon. Hindi naman libro ng mga sanaysay tungkol sa indie cinema itong librong *Indie Cinema* ni Rolando Tolentino. Hindi rin, man lang, ito koleksyon ng mga sanaysay

tungkol sa pelikulang Filipino. Imbes, koleksyon ito ng mga Tolentinismo. Genre ng pagsusulat na halong anekdota, genealogy, pang-uusig, propaganda (hindi "masamang" bagay ang propaganda). Iniluwal ni Tolentino ang genreng ito sa *Richard Gomez* (kung saan, sa sanaysay "tungkol" kay Robin Padilla, mapupunta ang mambabasa kay FPJ at ang mito ng gunless society, kung saan, sa sanaysay "tungkol" kay Aga Mulach, ididiskas si Gabby Concepcion at ang pag-arangkada ng labor export sa Pilipinas), at itong *Indie Cinema* ang latest offering/offspring. Hindi ito ang black sheep ng pamilya, imbes, manang-mana sa ina. Mahusay na installment sa Rolando Tolentino franchise. Magtiwala kayo sa akin. Myembro ako ng fans club.



# HUMANISMO, EKSPERIMENTAL

## NA PAGSUSULAT, AT MGA RELASYON NG KAPANGYARIHAN

Ano ang silbi ng eksperimental na pagsusulat? Bakit mahalaga na mag-eksperimento sa panitikan? Ano ang implicasyon ng pag-eksperimento sa pangkalahatang lagay ng ating lipunan? Tatalakayin ang mga tanong na ito sa loob ng dalawang seksyon: una, magbibigay ng mabusising pagbabasa sa dalawang libro ni Louis Althusser, ang *For Marx* at *Reading 'Capital'*, na magsisilbing lunsaran para sa kritisismo ng ideolohiya ng humanismo; pangalawa, magkakaroon ng maikling meditasyon tungkol sa humanismo at sa mga maaaring ideolohiyang alternatibo rito sa pamamagitan ng diskusyon ng mga poetika nina Erlinda Alburo, Adam David, at Michael Andrada. Ipapamalas sa papel na ito ang ideolohiya ng kapangyarihan, na mainam na magpapaliwanag sa mga kakulangan at panganib ng humanismo, gayundin sa ugnayan ng panitikan at lipunan. Pinupusta ng papel na ang terminong "relasyon ng kapangyarihan" ay may importanteng papel na maaaring gampanan sa pagbubuo ng bayan, gayundin sa bokabularyo ng mga manunulat, eksperimental man o hindi, at kritiko.

### 9.1 Althusser vs Humanismo

Sikat para sa kanyang sanaysay na "Ideology and Ideological State Apparatuses" (na nasa koleksiyong *Lenin and Philosophy and other essays*), mahalaga ring magkaroon ng mas malinaw na pagsipat sa dalawang naunang libro ni Althusser, ang *For Marx* at *Reading 'Capital'* (sa *abridged* na bersyong ginamit sa papel na ito, ko-awtor niya si Etienne Balibar). Sa dalawang ito matatagpuan ang mas

maagang pormulasyon ni Althusser tungkol sa ideolohiya, ang kanyang panunuligsa sa humanismo, gayundin ang kanyang pag-atake sa emperisistang epistemolohiya.

Kinikilala ni Althusser ang halaga ng historikal na pag-iisip sa pilosopiya. Hinihiling nga niya sa paunang salita ng *For Marx* na intindihin sana ang mga kinolekta ritong sanaysay ayon sa kanilang kontekstong pangkasaysayan (2005, 9). Ang mga gawa niya'y mga rebyu, analisis, pakikipagdiyalogo sa mga kapwa Marxista at hindi (21). Ang pagpapahalaga sa historikal na konteksto'y binibigyang-diin din ni Althusser sa kanyang pagtataya sa mga gawa ni Feuerbach (44-45), at ni Marx. Ang puntong ito ang nag-uugnay sa kasaysayan at sa pilosopiya at teorya. Para kay Althusser, ang Marxismo ang tanging pilosopiyang nagagawang magtuos sa kalikasan ng mga pormulasyong teoretikal, at sa kasaysayan ng mga ito (32, 39). Ang intelektwal na aktibidad sa kanya'y hindi kapalit ng pagiging militante, kundi anyo nito. May papel ang mga intelektwal sa kilusang manggagawa. Magbago man ang pinagmulang uri ng mga intelektwal, mga intelektwal pa rin sila (24). Ibig sabihin, importante ang intelektwal na aktibidad sa kilusang manggagawa, at mayroong tradisyong teoretikal ang Marxismo. Gayundin, natagpuan ng mga intelektwal ang kalayaan sa pag-iisip sa kilusang manggagawa (24-25). Hindi lang maliit na bagay ang mga pagtatalo sa teorya at pilosopiya, kundi-tunggalian ng uri. Impotante kay Althusser ang mga salita, lalo na sa pakikipagtunggali sa ibang salita (36).

May consequences ang mga salita, ang mga konsepto, ang mga salita tungkol sa mga salita. Magmimintis ang praktika kung mali-mali ang teorya.

Ang mga naunang isinulat ni Marx ay maka-Feuerbach. Ang problematiko ng mga ito, i.e. ang mga tanong na nais nilang sagutin, ang pundasyon na siyang dahilan kung bakit pwedeng matanong ang mga tanong na ito, ay maka-Feuerbach (2005, 45; tingnan din ang 2006, 53). Ang etikal na pagbasa kay Marx, ang humanistang interpretasyon kay Marx, ay maka-Feuerbach din. Hindi lamang sa ginamit ni Marx ang bokabularyo ni Feuerbach, ang mga salita at konsepto, kundi ang problematiko nito, kung kaya't kahit "tama" ang mga salita ay hindi pa rin Marxista ang mga ito. Nang tumiwalag na si Marx kay Feuerbach, nanatili pa rin ang ibang salita mula kay Feuerbach, pero ang mahalaga'y ang pagtiwalag sa problematikong maka-Feuerbach, iba na ang mga tanong na sinusubukang sagutin kahit pareho ang ilang salita (46-47). Nakalibing ang pilosopiya ni Marx (47). Kailangang hagilapin

si Feuerbach kahit doon sa mga tekstong hindi siya binanggit ni Marx (64-65, 203). Kahit may nagsasalita tungkol sa tunggalian ng uri, hindi ibig sabihin ay Marxista na siya, kahit si Marx pa mismo (68). Gayundin, kahit gumagamit si Marx ng mga terminong maka-Hegel, pag ito ang Marx ng madunong nang baitang ("*mature works*"), iba na ang kahulugan ng mga salitang ito (93-94, 110).

Napakahalagang konsepto ng problematiko. Halimbawa ay kaharap ng mambabasa ang isang tula. Mag-iiba ang tula depende sa serye ng tanong na kanyang ibinabato rito: iba ang "May kaisahan ba ang tula?" sa "Tama ba ang tugma?" sa "Ano ang pwesto nito sa tradisyong Filipino?" sa "Paano nito nirerepresenta ang kababaihan?" Posible lang na tanong itong huli pag sa problematiko'y hindi na nakikitang bilang nasa labas ng panitikan ang usapin ng kasarian. Syempre pa, pwede namang higit na isang tanong ang itanong sa isang tula. Pero nakadepende pa rin sa problematiko kung aling tanong ang uunahing sagutin, at kung aling tanong ang nag-oorganisa sa buong agenda ng pananaliksik.

Dapat matuto tayo mula kay Althusser tungkol sa pangangatwiran ni Marx sa kanyang pagtiwalag kay Feuerbach (2005, 47). Nag-aklas si Marx laban kay Feuerbach, dahil maka-Hegel pa rin ang problematiko nito (48). Esensyal ang Maxismo sa praktika, ang teorya sa pratika. Ito ang dahilan kung bakit nakikipaglaban si Althusser para sa tamang pagbabasa (2005, 166, 182). Ang etikal at epistemolohikal na pagbabasa sa librong *Capital* ni Marx ay nagpapaliit dito (155-156, 158). Ang teoretikal na praktika'y humahantong sa teknikal na praktika. Kung walang teoretikal na praktika, ang teknikal na praktika'y lumilikha ng sarili nitong teorya, na hindi nito kinukuwestyon, o maaaring kuwestiyonin (171). Ang librong *Capital* ay may teorya, ang rebolusyong Ruso ay may teorya, pero hindi naiiusal. Sa kaso ng rebolusyon, lumalaban ang realidad, dahil para magkaroon ng teoretikal na produksyon (175-176). Ang kailanga'y mga bagong problematiko, hindi lamang binaliktad (192-193).

Ang librong *The German Ideology* para kay Althusser ang punto ng pag-aklas (2005, 33). Isinasama rin niya rito ang mga tesis hinggil kay Feuerbach, na ayon sa kanya'y mga bugtong (36). Narito matutunghayan ang pag-aklas ni Marx kay Feuerbach, sa pagiging maka-F Feuerbach ng kanyang naunang isinulat, na, nabanggit na nga, ay nahuhulog sa bitag ng humanistang interpretasyon. Para kay

Althusser, hindi lang simpleng aplikasyon ng maka-Hegel na pilosopiya o humanismong mayroon na sa naunang naisulat ni Marx sa ekonomiya ang matatagpuan sa *Capital* (2006, 15). Magkaiba ang paraan ng pagbabasa ng batang Marx at madunong nang Marx (17).

Napakahalaga kung gayon para kay Althusser kung aling Marx ang ibinibida, at kung paano binabasa si Marx. Walang inosenteng pagbabasa. Sa bawat pagbabasa, binabasa ang pagdadalumat sa karununganang pinagbabatayan kung ano ang binibilang bilang karunungan (2006, 34). Babalikan natin ang mga pundamental na isyung pang-epistemolohiya na ito sa baba. Pansamantala, kailangang munang dumaan sa diskusyon ng humanismo.

Nakapasok na ang humanismo sa (ngayon ay wala nang) Unyong Sobyet (2005, 11), na inaasahang tanggulan ng Marxismo, kundi man ng sosyalismo sa panahon pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Tinutulisga ito ni Althusser (211). Ang humanismo, para sa kanya, ay burgis (212). Dagdag pa rito, ayon kay Althusser, ginagamit ng mga burgis na intelektwal ang mga naunang isinulat ni Marx laban sa Marxismo (10). Ang humanistang Marxismo ay pre-Marxista (13), sa madaling salita, hindi pa napapayaman ng mga kabatiran ng Marxismo. Politikal na paksa kung gayon ang estado ng mga naunang isinulat (51). Ang Marxismo mismo ang nakataya (53). Tuloy-tuloy lang mulang humanismo tungong idealismo (228). Salungat sa pangalan nito, hindi makatao ang humanismo (233). Inilalayo tayo ng humanismo kay Marx. Ang humanistang Marx ay pinaamong Marx (2006, 140). Ideyalista at emperisista ito, at pag sinunod ang lohika'y daan tungong oportunismo, rebisyonismo, at-susmaryosep!-repermismo (141).

Bukod sa humanismo, tinututulan din ni Althusser ang tinatawag niyang ekonomismo (2005, 108). Nakikita nga niya ang humanismo bilang reaksiyon sa ekonimismo ng Ikalawang Internasyunal (2006, 119). Dagdag pa, tinututulan din ni Althusser ang kahibangan sa orihen (2005, 198). Mas maganda sigurong sabihin, walang orihen, meron lamang estruktura (198-199). O: estruktura lamang ang nasa likod ng estruktura, at estruktura lang din ang nasa likod ng estrukturang iyon! Ang silbi ng orihen: para wag nang isipin ang hindi maisip, para maisip ang gustong maisip (2006, 63).

Madalas na matawag na estrukturalista ang Marxismo ni Althusser, o siya mismo bilang estrukturalistang Marxista (2006, 7). Marxismo pa ba ito, at Marxista pa ba siyang matatwag? Halimbawa,

importante sa kanyang idiin na walang unibersal na teorya ng kasaysayan. Walang mga batas ang kasaysayan. Walang "purong sitwasyon" (2005, 106), kung saan matutunghayan ang pagtakda ng ekonomikong base sa kasaysayan. Lagi ritong kasabwat ang super-estruktura:

the economic dialectic is never active *in the pure state*; in History, these instances, the superstructures, etc. = are never seen to step respectfully aside when their work is done or, when the Time comes, as his pure phenomena, to scatter before His Majesty the Economy as he strides along the royal road of the Dialectic. From the first moment to the last, the lonely hour of the 'last instance' never comes (2005, 113, kay Althusser ang diin).

Dagdag pa, para kay Althusser, hindi nauuna ang ekonomikong base sa super-estruktura. Nakasalalay ang base sa mga super-estruktura (2005, 205). Talagang tumiwalag na si Althusser sa tradisyonal (o bulgar) na Marxismo nang kanyang ipahayag ang *autonomy* ng mga bahagi ng super-estruktura sa ekonomikong base (2006, 99-100, 104).

Binubuo pa rin ang pilosopiya ng Marxismo (2005, 30-31). (Gayundin, pwedeng sabihin, binubuo pa rin ang Althusserianismo.) Nabubuhay pa rin ang Marxismo pagkatapos itong ipundar ni Marx (63). Kontribusyon ang mga isinulat ni Althusser sa pagpapayaman sa Marxismo. Ang mga bagong anyo, nagreresulta sa bagong abot-tanaw (85). Pero hindi ibig sabihin nito'y hibang na hibang si Althusser sa lahat ng konseptong bago kasi bago ito. Halimbawa, nananatiling Leninista si Althusser pagdating sa kanyang paliwanag kung bakit naging posible ang rebolusyon sa Rusya (95-96).

Pero ano nga ba ang bago kay Althusser? Laban sa nakasanayang pagpapakahulugan, hindi itinuturing ni Althusser ang ideolohiya bilang "masama" (2005, 11-12). Teknikal ang lapit ni Althusser sa konsepto, hindi niya ito isinasalang sa apoy ng moralidad. Kaiba sa agham, hunyango ang ideolohiya. Kaya nitong magbagong-anyo para bumagay sa sitwasyon (2006, 142).

Kung gayon, ano ang ideolohiya para kay Althusser? Inugnay niya ito sa konsepto ng estruktura:

they are usually images and occasionally concepts, but it is above all as *structures* that they impose on the vast majority of men, not via their 'consciousness.' They are perceived-accepted-suffered cultural objects and they act functionally on men via a process that escapes them (2005, 233).

Pagpapatuloy pa niya:

In ideology the real relation is inevitably invested in the imaginary relation, a relation that *expresses* a *will* (conservative, conformist, reformist, or revolutionary), a hope or a nostalgia, rather than describing a reality (2005, 233-234, kay Althusser ang diin).

Hindi pwera nagkaroon ng rebolusyon sa ekonomiyang base'y magkakaroon na ng rebolusyon sa super-estruktura at ideolohiya (2005, 115). Hindi pwera "nakilala" na ang ideolohiya ay matutunaw o mapapawalang-bisa na ito (230). Sa pagkilala lamang na kailangan at kinakailangan ang ideolohiya ito magagamit, nang malay, sa tunggalian ng uri (232).

## 9.2 Si Brecht ayon kay Althusser

Ngayon maaari nating tunghayan ang ilang obserbasyon ni Althusser tungkol sa panitikan, na may mahalagang relasyon sa ideolohiya.

Sa kanyang pagbabasa ng panitikan, hindi mahalaga ang intensyon ng awtor kay Althusser, kundi ang estruktura ng teksto (2005, 141, 143). Ito ang isa sa mga consequencesng kanyang pagtiwalag sa humanismo. Ginamit ni Althusser ang teatro ni Brecht para magpaliwanag ng isang pagdating sa dula na hindi humanista.

Paliwanag ni Althusser, gumagawa ng bagong relasyon si Brecht, sa kanyang mga dula, sa pagitan ng mga manonood at ng bida. Hindi na simpatya ang mararamdaman ng manonood sa bida, magkakaroon sila ng distansya. Ituturing nila bilang problema ang sitwasyon ng bida (2005, 146). Gayundin, maituturing din ng manonood ang kanyang sitwasyon mismo bilang problema, nagkakaroon siya ng

distansya sa kanyang ideolohiya (148). Lumilikha ang teatro ni Brecht ng bagong manonood, na aktor sa tunay na buhay (151). Sa ikalawang bahagi ng papel na ito, matutunghayan ang poetika ng mga Filipinong manunulat na maaari nating ituring na bahagi ng tradisyong maka-Althusser/maka-Brecht na ito.

Ibinabalik tayo nito sa relasyon ng anyo at nilalaman. Kahit ano man ang nilalaman, kung ang anyo ay panenermon, inilalagay pa rin nito ang mambabasa sa posisyong nakababa (at ang awtor sa posisyon ng madunong). Masasabing walang pinagkaiba ang dalawang teksto kung iisa lang ang anyo ng mga ito.

Ang mga meditasyong ito tungkol sa panitikan, sa teatro ni Brecht, ay maiuugnay natin sa epistemolohiya ni Althusser. Ang subtitle ng sanaysay niya kay Brecht ay "Notes on a Materialist Theatre." Nabanggit na ngang para kay Althusser ay madaling tumalon mulang humanismo tungong idealismo. Ang kanyang materalistang pagtingin sa panitikan, kaugnay ng kanyang materyalistang epistemolohiya, ay pakikipagtunggali at pakikipaglaban sa humanismo-idealismo. Para kay Althusser, ang karunungan ay produksiyon (2006, 24). Kaiba ito sa emperisismo, na tinitingnan ang karunungan bilang paghugot ng katotohanan tungkol sa bagay mula sa bagay, at hindi inanaaming magkaiba ang karunungan tungkol sa bagay at ang bagay mismo (35-37, 40). Walang isahang tumbasan ang tunay na bagay at ang bagay ng karunungan (47). Para kay Althusser, tinatrabaho ng pilosopo o intelektwal ang hilaw na materyales, para bang manggagawa sa minahan o pabrika (43).

Ibinigay niyang halimbawa ang politikal na ekonomiya:

What political economy does not see is not a pre-existing object which it could have seen but did not see -- but an object which it produced itself in its operation of knowledge and which did not pre-exist it: precisely the production itself, which is identical with the object. What political economy does not see is what it *does*: its production of a new answer without a question, and simultaneously the production of a new latent question contained by default in this new answer (2006, 24, kay Althusser ang diin).

Tinuligsa rin ni Althusser ang ilang bersyon ng kasaysayan. Nagpapanggap ang emperisistang kasaysayan na hindi nito kailangan ng teorya, na sapat na ang metodolohiya nito (2006, 109), na may direkta itong relasyon sa mga datos, sa mga fakt. Meron din silang teorya, di nga lang aminado (tingnan din ang Eagleton 2008, xiv, at Jameson 1990, 3).

Walang iisang praktika, kundi mga praktika. At mito lamang ang paghahati ng malinis na teorya at praktikang nasa putik, nagtatrabaho (2006, 58). Ang teorya, ang pagteteorya ay praktika, kaiba lang ang hilaw na materyales na tinatransporma nito (59). Tunghayan natin ang pagpapakahulugan ni Althusser sa praktika:

By *practice* in general I shall mean any process of *transformation* of a determinate given raw material into a determinate *product*, a transformation effected by a determinate human labour, using determinate means (of 'production'). In any practice thus conceived, the *determinant* moment (or element) is neither the raw material nor the product, but the practice in the narrow sense: the moment of the *labour of transformation* itself, which sets to work, in a specific structure, men, women, and a technical method of utilizing the means (2005, 166-167, kay Althusser ang diin).

Ano-ano ang iba't ibang uri ng praktika? Nakakagitla ang mga ibinigay na halimbawa ni Althusser:

political practice - which in Marxist parties is no longer spontaneous but organized on the basis of the scientific theory of historical materialism, and which transforms its raw materials: social relations, into a determinate product (new social relations); ideological practice (ideology, whether religious, political, moral, legal, or artistic, also transforms its object: men's 'consciousness')... (167).

Nabanggit na ngang walang fakt, walang datos na tila ba pupulutin lang sa kalye, o basta lang ba kailangang kilalanin nang hubad. Ito ang ibig sabihin ni Althusser pag sinabi niyang praktika ang teorya.

Tinatrabaho nito ang hilaw na materyales, samantalang nagkukunwari ang emperismo tungkol sa ontolohikal na estado ng katotohanan. Mayroon ditong walang hanggang pakikipagtalaban sa kinokontrang ideolohiya (2005, 184), tila ba isang permanenteng rebolusyon. Ang isa sa walang kapagurang inuusig ni Althusser ay ang ideolohiya ng humanismo. Hindi basta't natatagpuan ang tao, obyas na pipitasin na lang ang karunungan tungkol dito mula sa puno. Katulad lang din ng burgis na teatrong may binubuong isang tipo ng manonood, na kinakalaban ng epikong teatro ni Brecht, na iba ang binubuong tipo ng manonood (dahil ang panitikan, tulad ng karunungan, ay produksyon), mayroon ding burgis na pilosopiyang lumilikha ng tipo ng tao. Anong tipo ng tao ito? Taong nangangailangan, may likas na pangtaong pangangailangan (tingnan ang 2006, 165).

### 9.3 Mula Tao tungong Relasyon ng Kapangyarihan

Binubuksan ng pilosopiya ni Althusser ang pagturing natin sa tao. Sa anti-humanismo ni Althusser, maaari nang tingnan ang tao hindi bilang isang otonomus na yunit, kundi bilang bahagi ng isang estruktura. Nababago ang problematik, nagkakaroon hindi ng mga bagong sagot sa mga lumang tanong, kundi mga bagong tanong. Sa sanaysay na ito gagamitin ang terminong "relasyon ng kapangyarihan" para magkaroon ng teoretikal na kapinuhan. Ipapamalas ang gamit nito, ang husay at *pliability* ng terminong ito, sa pagpapaliwanag sa panitikan at lipunan, sa mga susunod na pahina.

"Walang masama at mabuti," sabi ng kontrabidang si Voldemort sa pelikulang *Harry Potter and the Sorcerer's Stone* (dir. Chris Columbus, 2001), "mayroon lamang kapangyarihan." Bagaman galing sa antagonistang kwento, maaari nating kapulutan ng aral ang pahayag na ito. Maaari nga kaya nating alpasan ang mga kategorya ng moralidad? At kung oo, bakit natin gugustuhing gawin ito?

Isipin natin ang kaso ng *same-sex marriage*. Isa sa mga walang bigat na argumento laban dito'y tumatakbo nang ganito: "Kung maaaring magpakasal ang lalake sa kapwa lalake, susunod niyan pwede nang magpakasal ang isang lalake sa aso." Sa hindi masukat na konsepto ng "mabuti" at "masama," "basta" na lamang ang maisasagot sakaling kwestyunin ang argumentong ito na hindi argumento. Pero kung ililipat

ang tereyn sa kategorya ng kapangyarihan (at kawalan nito), mailalantad ang kahungkagan ng "pagpapakasal sa aso." Samantalang parehong nasa tamang edad ang dalawang lalake (i.e. pantay sila ng kapangyarihan), may dehado sa pagpapakasal ng lalake sa aso (dahil mas makapangyarihan ang tao sa hayop, kung makikipagtalik ang lalake sa aso, ito ay panggagahasa).

Sa lente ng kapangyarihan, nawawaglit ang simplistikong pagtingin sa prostitusyon. Samantalang "basta" na naman ang dahilan ng maibibigay ng moralistang terorista kung bakit siya tumututol sa prostitusyon, naipapaliwanag ito ng kritikong gumagamit ng teorya. Sa lente ng kapangyarihan, nailalantad kung bakit *napilitan* ang isang babae o lalake na ibenta ang kanyang katawan (i.e. kung gayon, hindi ito makatarungang sitwasyon), at, kasabay nito, ay hindi tinutuligsa ang paglalako mismo ng pagtatalik. Ang puta kung gayon ay "masama" (sa ibang pagpapakahulugan, i.e. napipilitan lang siya sa kanyang trabaho) at hindi masama (i.e. hindi siya imoral). Nagkakaroon tuloy ng produktibong resulta itong pagbabago sa pag-iisip. Maaari na ngayong magkaroon ng ideolohikal na saysay ang dekriminalisyon (pero hindi legalisasyon) ng prostitusyon.

Maaari nating subukang isuma lahat sa isang pormulasyon: ang pagdeklarang imposibleng magkaroon ng pagkain para sa lahat ay kasama sa pagpapatibay sa sitwasyon ng pangkalahating gutom. Importanteng tereyn ang pag-iisip, at ang pagsusulat. At ano pang mas mayamang batis ng pagsasaliksik tungkol dito kundi ang panitikan?

Mahalaga ang lente ng kapangyarihan sa pagtingin sa panitikan dahil nabubuksan nito ang marami pang perspektibo pagdating sa kritisismo. Samantalang tinitingnan ang mga likha at katha bilang mga *isolated* na yunit, mas mainam na tingnan ang mga ito bilang bahagi ng mga network. Hindi lamang iisa ang kahulugan ng teksto, na para bang katangian ang kahulugan tulad ng dami ng salita. Hindi na lamang sapat sabihing nagbabago ang kahulugan ng teksto depende sa konteksto, tulad ng implikasyon ng talang ito ni Isagani Cruz:

Kung бага sa makakanang gobyerno ni Corazon Aquino, okey lang na bigyan ng pondo ng Cultural Center of the Philippines ang mga makakaliwang alagad ng sining, dahil nababawasan ang pagkamakamasa ng mga ito kung sila'y pinalalabas sa isang burgis na gusaling tulad ng CCP (2003, 287).

Dagdag pa rito, pwede na nating sabihing: walang teksto kundi konteksto. At higit pa: walang magkakarelasyon, kundi relasyon lamang. Tila ba mga ilahas na espekulasyon ang mga ito, kaya mainam na magpaliwanag. Ang papel na ito ay tila ba *cubist* na larawan. Samantalang ang mga nakasanayan nang larawan ay magpapakita ng taong nakaharap, sinusubukan ng *cubist* na isama sa iisang *painting* hindi lamang ang harap, kundi ang ulo, pati paa, pati gilid, at likod. Sa isang banda, hindi nga "mukhang" tao ang taong ito, pero sa isang banda rin, ito "talaga" ang tao. Sinusubukang bigyang-kaliwanagan dito ang tao, panitikan, at kultura, sa pamamagitan ng pilosopiya ni Althusser, ng poetika nina Alburo at David, at ng pratika ng pagsusulat ni Andrada.

#### 9.4 Alburo Vs Macapagal-Arroyo

Sa puntong ito ididiskas ko ang *proceeds* ng ikawalong Iligan National Writers Workshop. Mainam ang tekstong ito, sapagkat hindi lamang ang mga pyesa ng manunulat ang kasama sa libro, kundi ang proseso ng *workshop* mismo. Sulyap ito sa laboratoryo o di kaya'y pabrika ng panitikan, kung tutuusin. Imbes na tapos na "gawa," nakikita natin ang mga likha sa gitna ng pagkakaluwal, kumbaga. Paalalang ang panitika'y katha mula sa materya at hindi sa ideya.

Sa seksyong "Acknowledgements" ng *Return to the Native: The 8th Iligan National Writers Workshop*, pinasalamantan ni Christine Godinez-Ortega hindi lamang ang dating pangulong si Gloria Macapagal-Arroyo, kundi ang "Dunkin Donuts, Nature's Spring Mineral Water and the Pepsi Cola Bottling Co." (2001, V). Hindi ito personal na atake kay Godinez-Ortega (ako ang unang aamin na mahilig ako sa donut ng Dunkin, bagaman mas adik ako sa Coke), kundi materyalistang analisis. Ang katakata sa materyalistang analisis, lagi't lagi itong bumabalik sa kultura. Sa seksyong "Message" ng libro, narito mababasa ang isang *teorya ng panitikan*--ni Macapagal-Arroyo mismo!:

The literary art is a perfect avenue for the expression of the Filipino's innate creativity and talent. It is likewise an appropriate medium to bring to light our people's sentiments and aspirations for a better Philippine society as well as

encourage participation in efforts to realize our common goals (2001, VI).

Ang pagbabasa ng dalawang seksyong ito ang magpapatingkad ng ugnayan ng mapang-aping estruktura ng ekonomiya at ng humanistang konsepsyon ng panitikan. Nagpapasalamat si Godinez-Ortega kay Macapagal-Arroyo dahil nagluwal ng pondo ang gobyerno para sa *writers workshop*, kaya nga may paramdam ang dating pangulo sa *proceedsng workshop* (ito rin ang dahilan kung bakit nasa "Acknowledgments" ang Dunkin at Pepsi, buti na lang hindi rin sila humiling na makapagbigay ng "Message," at baka naparusahan pa tayo ng teorya ng panitikang *fastfood*). Gamit sa mensahe ni Macapagal-Arroyo ang pinakakahindik-hindi ka bokabularyong pangkritisismo: "expression" (imahen: *teenager* na galit sa mundo, o di kaya'y intelektwal na nabubuang sa pagkaagnas ng lungsod), "innate" (likas sa mga Filipino ang pagiging malikhain, oo, at pagiging masokista), "better Philippine society" (kamatayan, kung gayon, sa anarkistang pag-abandona sa estado, internasyunalistang polisiya ng *universal citizenship*, at pag-igpaw sa sangkatauhan sa pamamagitan ng paglikha ng *artificial intelligence*). Dinamay pa ang mambabasa na di umano'y mayroong "common goals" kasama ni Macapagal-Arroyo. Ito ang panitikan bilang *business as usual*, kompromiso sa kung ano ang nariryan na (i.e. kompromiso sa mga nang-aapi at nangungulimbat ng ating yaman), panitikang hindi panitikan dahil nagmamatigas na panitikan-lang. Hindi niya inilalarawan kung ano ang panitikan, kundi nililikha ang panitikang akma sa kanyang rehimen.

Bagaman maraming umaalingawngaw sa pananaw ni Macapagal-Arroyo tungkol sa panitikan, mayroon syempre iba pang konseptwalisasyon nito sa Pilipinas, at sa mismong *proceeds*pa nga matatagpuan. Ang tinutukoy ko ay ang *keynote speech* ni Erlinda Kintanar Alburo, ang "Return to the Native" na pinagmulan ng pamagat ng libro. Iisiping pangkaraniwan na ang poetika ni Alburo, ang pagyakap sa mga anyong taal sa Pilipinas. Pero may dagdag na kapangyarihan ang sa kanya, sa pagtataguyod nito sa konteksto bilang pagtakwil sa standards na banyaga.

Can we really appreciate a balitao piece without knowing that it was part of a game to lighten the funereal mood of the family of the bereaved? We need not subject it to rigid analysis for poetic devices that the poets were not even aware of,

considering the spontaneity attending its performance. From our study of the tradition we should learn both the spirit and the function with and for which such forms as the balitao were performed: the spirit of play and the functions of communality (2001, 11).

Narito matatagpuan kung gayon ang pag-abandona sa panitikan bilang "magandang pagsusulat." Sa kanyang "Introduction" sa libro (oo, may "Introduction," "Message," "Acknowledgments," keynote speech, at "Preface" ang libro, para bang ayaw nitong magsimula), ipinagtanggol pa nga ni Merlie Alunan, katulad ni Godinez-Ortega at Alburo, ang manunulat na itinuturing na "gilid" ng Pilipinas, ang mga "mali-mali" sa baralila ng Ingles (2001, 5-6). Oo nga naman. Ang "malinis na Ingles," tulad lang din ng "magandang pagsusulat," ay hindi natatagpuan sa kalikasan, kundi nililikha ng mga interesadong partido. "It's a crazy planets" daw ang huling mensahe ni Pepsi Paloma: pagtatawanan ba natin siya, o itatanong kung bakit siya ganoon magsalita, at kung sino ang nandahas sa kanya?

Hindi kaswal na pagmamaliit ng karahasan ang pagbanggit kay Paloma, kundi pag-uugnay sa mga itinuturing, o iginigiit, na magkahiwalay. Imbes na sabihing hindi magkapantay ang paniniil sa wika at ang pagpatay, kailangan nating limiin ang *relasyon* nila, tingnan ang dalawang penomenong ito bilang magkakaugnay sa iisang network, *mga relasyon ng kapangyarihan*. Hindi kailangang ipaalalang bahagi ng imperyalismong Amerikano ang pagtuturo ng Ingles sa mga paaralang Filipino.

Balik kay Alburo: naglatag siya ng tatlong terminong nakalap mula sa pag-aaral ng wikang Bisaya, at nagbahagi ng tatlong salitang sa tingin niya'y magbubukas ng mga bagong daluyan sa pagpapalawig pa ng panitikang Filipino (sa madaling salita, ang pagpapalakas ng sarili nating standard imbes na pagsunod na lang sa standard ng mga banyaga): ito ang bagay, at lagda.

Bagay would have us fit our writing to a specific instead of a generalized faceless readership at the same time already that is parts are made to cohere. Aesthetic standards then would not be limited to keeping within formal conventions alone but would address too the demands of social function. *Lagda* would have us consider loose boundaries instead of rigid ones, for the original cord used to rule the carpenter's work is

elastic, and the proverbs that go by the term are often, as we know, subject to different readings. With this concept in mind, we may not demand conventions of genre but may appreciate the spontaneous improvisations that have always marked our creativity. (2001, 14).

Mayroon na pala tayong bokabularyo para ilarawan ang ituturing pa ngang avant-garde ng mga nakakulong sa akademya. Higit pa rito, naipapaliwanag ng mga termino ni Alburo ang panitikang bilang paggawa. Hindi hiwalay ang manunulat sa tunggalian ng uri sa lipunan, kundi masidhing mandirigma sa kung alinmang panig na kanyang pinili. Pagbibigay-diin lang ito sa aral na ibinigay ni Godinez-Ortega sa kanyang pasasalamat sa gobyerno at mga multinasyonal na kompanyang *sponsor* ng *workshop*.

#### 9.5 David vs. Akademya

Maiuugnay natin ang mga ideya ni Alburo sa poetika ni Adam David. Sa unang tingin ay katawa-tawa ang paghahambing, yaman lamang magkaiba ang dalawa sa edad, kasarian, etnisidad, at tangkad. Pero magkaisa sina David at Alburo sa kanilang pagtuligsa sa meron.

Si David nga lang, inaatake pati ang itinuturing nating ligtas o di kaya'y malinis na sangkap sa institusyon ng panitikan, kasama na rito ang pagtuturo mismo ng malikhaing pagsulat, ang akademya bilang muog ng husay at galing, ang mga kontest na itinuturing na sukatan ng talino at pagiging tanggap sa komunidad, gayundin ang kapangyarihan ng mga editor ng journal at magazin, at mga *publishing house*. Hindi ito ang lugar para talakayin kung "sino si Adam David at bakit may sinasabi siyang masama tungkol sa napakadaming tao?", kundi pagpapaliwanag ng kanyang pagkwestyon sa nakasanayan na nating mga konsepto.

Sa simula pa lang ay pinaghahalo na ni David ang pormal at impormal na pagsusulat. Tunghayan itong sipi mula sa kanyang binasang papel (ito ang kanyang poetika, ang bersyon niya ng bagay ni Alburo) sa UP National Writers Workshop noong 2007, na pinamagatang: "Dazzle them with Brilliance, Baffle them with Bullshit":

"I figured out pretty early on that the Academic Literary Scene was being run mainly with cruel and dishonest practices by

cruel and dishonest people who, in efforts to preserve and proliferate their cruel and dishonest leanings, pass it down to their apprentices, so that they can be cruel and dishonest, too.”

Hindi inosenteng relasyon mayroon sa pagitan ng guro at estudyante ng pagsusulat, kundi *relasyon ng kapangyarihan*. Itinuring ang estudyante ng pagsusulat bilang blankong papel na susulatan ng kanyang guro ng karunungan. Ang tatawaging matalino ay iyong pinakamahusay umalingawngaw sa sinabi ng guro. Syempre pa, hindi naman ganito ang lahat ng paaralan at *workshop*: tunghayan na lang ang sagutan ng mga *fellow* at *panelist* sa seksyong "Commentaries" ng *Return to the Native* (2001, 121-202).

#### 9.6 Mga Relasyon ni Michael Andrada

Paano iigpaw kung gayon sa konseptwalisasyon ng panitikan na pangunahing katangian hindi lamang ang kompromiso kundi ang todo-todong pagkampi sa panig ng mga nang-aapi?

Isa sa mga pinakamahusay na kabataang manunulat ay si Michael Andrada. Hindi lang eksperimental ang anyo ng kanyang mga katha, gayundin mapanghamon ang proseso ng produksyon at distribusyon ng mga ito. Binabago ng mga teksto ni Andrada ang tatlong nakasanayan nang relasyon: (1) ang relasyon ng manunulat sa mambabasa, (2) ang relasyon ng manunulat sa paglalathala, at (3) ang relasyon ng manunulat sa kahulugan. Isa-isahin natin ang mga ito.

Una, tungkol sa relasyon ng manunulat at mambabasa: malay si Andrada sa limitasyon ng pagsusulat bilang daluyan ng progresibong mga ideya. Inamin pa nga niya, sa "Paunang Salita" ng kanyang *Apartment sa Dapitan at Iba Pang Maikling Kuwento* na ang 80% ng populasyon ng Pilipinas na nais niyang maabotay malamang hindi siya babasahin dahil "karamihan po sa kanila ay hindi marunong magbasa, walang hilig sa pagbabasa, walang pambili nitong chapbook" (2005, 4). Para kay Andrada, walang Mambabasa (malaking titik M), kundi mga mambabasa, at kailangang isaalang-alang ang kanilang posisyon sa network, ang kanilang relasyon sa pera, (halimbawa, na pambili ng libro), at ang relasyon nila sa likhang

-pampanitikan, *na mga relasyon ng kapangyarihan*.

Pero bukod dito, nagbubukas din si Andrada ng interaktibong relasyon sa mambabasa. Sa kanyang kwentong "Paolo Matalo," isang aktibista ang naging kaibigan ang janitor na si Mang Romy sa gusaling Vinzons Hall sa Unibersidad ng Pilipinas. Lagi siyang hinihiram nito ng pera, at nagkaroon sila ng mabuting rapport. Napansin ng aktibista na isa sa pinakapinanggagalaitan ni Mang Romy ay ang isang Kristyanong grupong makapangyarihan sa Pilipinas. Lagi niyang tinatanong kung bakit, at syempre pa, may nabubuong kuryosidad hindi lamang sa tauhan kundi sa mambabasa mismo. Sa wakas ay pumayag na rin si Mang Romy na ikwentoang tunay na dahilan ng kanyang masidhing pagkamuhi. Narito ang pagtatapos ng kwento ni Andrada:

Ikinuwento niya sa akin nang buo. Sa akin lang niya ikinuwento. Kung gusto n'yong malaman, bilangin n'yo muna kung ilang beses kong ginamit ang salitang "minsan" sa maikling kuwentong ito, tapos i-email n'yo ako sa puzong@gmail.com at saka ko sasabihin sa inyo ang sikreto (35).

(Minsan lang ginamit ni Andrada ang salitang "minsan" sa "Paolo Matalo," sakaling may naengganyong mag-email.)

Ang mga ganitong uri ng paglalaro ay maaaring iugnay sa palagiang paggamit ng panaklong sa mayorya ng mga kwento sa kanyang koleksyon (9, 25, 26, 29, 30, 31, 33, 50, 53, 55, 58, 67), na nagsisilbing paraan ng pagpipigil ng madulas na pagbabasa, pagpapaalala sa materyalidad ng pagbubuo ng mga pangungusap, gayundin ang walang hanggang pag-eksperimento (iwasan ang salitang "postmoderno") ni Andrada sa lahat ng kwento, ay pagsalunga sa mga kumbensyon hindi lamang ng anyong maikling kwento, kundi sa normalisadong paraan ng pagbabasa. Ang mambabasa ay aktibong myembro sa pagsusulat ng teksto.

Sa anong paraan binabago ni Andrada ang relasyon ng manunulat sa kahulugan? Hinulog na ni Andrada ang nilalaman para sa anyo. Kaugnay nito ang pagbabago ni Andrada sa relasyon ng

manunulat at mambabasa. Dahil aktibo na nga ang mambabasa sa proseso ng pagsusulat, wala na kay Andrada ang "susi" sa sarili niyang teksto. Kung kaya nga ang pokus niya'y ang materyal na pag-iral ng kanyang mga maikling kwento, ang anyo ng mga ito. Paboritong taktika ni Andrada ang paghahati ng kanyang mga teksto sa dalawang naratibo. Halimbawa nito ang "Apartment sa Dapitan" (7-13) at "Tala-Huli/Huling Tala: Si Manong, Sa Dyip, Ang Drayber, at Ako, Ako Lang Naman, Ang Kaniyang Pasahero" (47-56). May mahikal na realismong estilo ang una, kung saan naging totoo ang isang bangungot. Samantala, sa huli, pipiliin ng mambabasa kung alin ang unang babasahin, ang naratibo ng mga talahuli, o ang sa pangunahing teksto. Samantala, sa "Boy Scouting" (14-23), "Sa Pagitan ng Bangungot at Bungang-Tulog" (36-46), at "Tatlong Beinte Singko" (57-62), hinahati ang mga maikling kwento sa iba't ibang seksyon. Imbes na may kaisahan, mistulang pira-pirasong pyesa na pinag-iisa lamang ng pamagat ang tatlong tekstong ito.

Sa puntong ito maaari tayong magbigay ng papuri sa eksperimental na pagsusulat tulad ng kay Andrada, halimbawa ang siyang pinapraktis nina Vim Nadera (2000), Rolando Tolentino (1999), at Adam David (2008). Inuusig ng kanilang paglalaro sa salita, pangungusap, at naratibo ang humanistang imahen ng awtor, bilang panginoon ng kanyang teksto, at henyong batis ng karunungan. (Alalahanin ang aral ni Foucault tungkol sa gamit ng Awtor, paraan lang ito para kontrolin ang signipikasyon ng isang obra [tingnan ang Foucault 1977, 113-138].) Ang *The El Bimbo Variations* ni David, halimbawa, ay 99 pagsusulat-muli ng sikat na linyang "Kamukha mo si Paraluman, nung tayo ay bata pa" mula sa "Ang Huling El Bimbo" ng bandang Eraserheads, gamit ang iba't ibang teknik at *constraints*. Wala na ritong emosyong pinapahayag, walang pangarap na binibigyang tinig. Ang manunulat dito'y manlilikha, tila ba isang karpintero o mason. Katulad na rin ng semento at kahoy ang mga salita bilang hilaw na materyales na tinatransporma ng manggagawa ng kultura. Sa wala na ngayong Unyong Sobyet, tinawag ang mga manunulat bilang "inhenyero ng kaluluwa." Kagyat itong aatakihin ng mga humanista bilang mala-halimaw na pagbubusabos sa sangkatauhan at sining. Pero sa totoo'y *lumilikha* rin lamang sila ng tao sa kanilang pagtatanggol sa likas, di umano, na katangian ng mga tao. Mahalaga ang mga eksperimental na pagsusulat dahil nagbubukas sila ng landas tungo sa mga bagong uri ng pag-iral at pagiging simuno.

Mainam na tingnan ang panitikan bilang produksyon. Ang manunulat ay manggagawa sa maraming pagpapakahulugan (tingnan ang Eagleton 1976, 59-60, at Marx 1990, 1044). Tulad nga ng nabanggit, puntirya ni David ang pagiging hindi inosente ng mga *publishing house* sa pagbuo ng diskurso tungkol sa panitikan sa Pilipinas. Dinodomina ng iilan (*university presses* ng Unibersidad ng Pilipinas, Unibersidad ng Santo Tomas, Ateneo de Manila University, at ng Anvil Publishing Inc, isama na natin ang VisPrint) ang produksyon ng itinuturing na literatura sa Pilipinas. Mainam na alalahaning inilabas ang *Apartment sa Dapitan* ni Andrada bilang bahagi ng grupong Akdang Bayan (*defunct* na ngayon), at kung tutusin, ang librong ito'y halimbawa ng *self-publishing*. Ang manunulat na mismo, sa kasong ito si Andrada, ang pinagmumula ng lehitimasyon ng kanyang pagiging awtor, hindi na nakasalalay sa *aura* ng pagiging publikado ng "bigating" *publishing house*. Sa kanyang pagtanda, ipinagpatuloy pa ni Andrada ang ganitong independyenteng paghawak sa moda ng produksyon ng kultura sa kanyang pagsusulat ng mga artikulo sa pinoyweekly.org, pagsusulat ng iskrrip para sa pinoymediacenter.org, at pagiging myembro ng altermidya.net. Naging ko-editor na rin si Andrada ng *Subverso* (2006), na koleksyon ng mga teksto laban sa pulitikal na pagpatay (para mas espisipiko, sa ilalim ng gobyerno ni Macapagal-Arroyo, hindi sa wala nang ganito ngayon sa ilalim ng gobyerno ni Duterte).

Isa sa mga benepisyo ng ganitong pagkalas sa dominanteng *publishers* sa Pilipinas ay ang kalayaan ni Andradang maglarawan ng mga sekswal na sitwasyon. Hindi sinasabing likas na mapagpalaya ang erotikong pagsusulat. Pero sa konteksto ng konserbatibo-ipokritong lipunang Filipino, mayroon itong subersibong potensyal. Mahalagang kontribusyon ang gawa ni Andrada sa pagdidiskurso tungkol sa sekswalidad sa panitikan (14-23, 39, 46).

Katulad din ng panitikan, walang balitang hindi nakasalalay sa relasyon. Isipin halimbawa ang isang *mainstream* na *news program*, at ang *producer* na kailangang pumili kung aling balita ng panggagahasa ang paglalaanan ng dalawang minutong *screen time*: isang *stranger rape* na naganap sa eskinita, o isang *incest rape* kung saan lolo ang nandahas sa kanyang apo. Kung papatakbuhin ang lohika ng *sensationalism* ay pipiliin ng *producer* ang huli, sapagkat ito ang mas pupukaw ng atensyon ng mga manonood, at kailangan iyon nang sa gayo'y hintayin nila ang buong balita, at panoorin ang mga patalastas na nakapaligid dito. Kung aling "katotohanan" ang ilalantad ay nakadepende sa lohika ng tubo.

## 9.7 Kongklusyon

Sa isang silid-aralan, mistulang pinakamakapangyarihan ang guro. Siya ang nagsasalita, ang nagbibigay ng pagsusulit, ang nagpapagalit, ang pinagmumulan ng karunungan. Samantala, ang estudyante ang nakikinig, ang sinusukat, ang dinidisciplina. Pero paano kung walang pumasok na estudyante? Nasaan na ang kapangyarihan ng guro? Ito ang aking pinupuntirya sa pagsabing walang tao, kundi relasyon. Walang guro-sa-sarili-nito, lumulutang na yunit na may definitibong katangian. Walang estudyante-sa-sarili-nito, lumulutang na yunit na may definitibong katangian. Bagkus, mayroon lamang relasyong maaaring nating tawaging "guro-estudyante," at ito ay relasyon ng kapangyarihan. Ang tanong, kung gayon, maaari kayang magkaroon ng relasyon na may pagkakapantay-pantay imbes na dominasyon? Ganito rin ang kaso sa mga relasyong "amo-alipin" at "lalake-babae." Samantalang ang relasyong guro-estudyante ay bahagi ng network na edukasyon (sa Pilipinas, patindi nang patindi ang pribatisasyon nito), ang relasyong amo-alipin ay bahagi ng network na tinatawag na *slavery*, at ang relasyong lalake-babae ay bahagi ng network na patriarkiya. Walang yunit na babae, meron lamang ang relasyon, patriarkal na relasyon ng lalake-babae, kaya nga't tinatanggihan ni Monique Wittig ang kategoryang babae (Butler 1990, 111-128), wala nga raw siyang "vagina"! (ibid, 157). Absurdo sa unang tingin ang sinasabi ni Wittig. Pero hindi lamang nakakapagsalita ang pipi sa mundong walang *sign language*. Para bang may kapitalista sa pyudalismo!

Ang Tao ay parang Babae. Samantalang iginigiit ng mga humanista at seksista na may iisang Tao at iisang Babae, ipagtatanggol ng mga maka-Althusser at feminista ang pananaw na binubuo ang mga entidad na ito, bahagi sila ng estruktura, uri ng relasyon ng kapangyarihan, hindi mga bagay kundi mga proseso. Gayudin ang panitikan, gayundin ang kultura. Sa pagbibida ni Alburo ng bagay, lagda, at tagik, tinututulan niya ang Panitikan na may malaking titik P, ang Literature na may malaing titik L, na tinatawag na mahusay dahil tumutugma sa standard ng Kanluran. Binubuwag niya ang ideya na may *disinterested* na standard para sa estetika na unibersal, para sa lahat, Kanluranin man o Manileño o babae. Ang iniwasan niya rito'y ang reipikasyon ng kanyang mga konsepto, ang pagturing, halimbawa lang, sa tagik bilang Tagik, ang pagkalimot sa *specifics* nito, ng proseso nito. Ang pakikipagtunggali rin sa di-umano'y standard ng pagsusulat

ang inaatupag ni David. Hindi pala Literaturang may malaking titik L ang itinuturo sa mga kurso ng *creative writing*, mahusay mulang Big Bang hanggang Big Crunch, kundi literatura-ayon-sa-mga-establisadong-manunulat. Ang relasyon *mentor-protege* ay relasyon din ng kapangyarihan.

Sinusuportahan ng ganitong pagtingin sa pagsusulat ang anti-humanistang pilosopiya ni Althusser (totoo rin ang *vice-versa*). Walang yunit o entidad na hiwalay sa tunggalian. Walang Manunulat, at wala ring Tao. Hindi na pwede kung gayon na magpatong na lang ng paa ang, halimbawa, isang Palanca Hall of Famer, kontento sa kamalayang may kaganapan na ang kanyang pagsusulat. Ang hinahanap dito'y bagong paraan ng pag-iral, bagong paraan ng pagsusulat. Iyon bang hindi nagbebenipisyo mula sa self-orientalizing, iyon bang hindi nagpapalaganap ng mga neoliberal na mito ng indibidwalismo. Hindi ito paninira sa Palanca (si Andrada ay nanalo na sa patimpalak na ito), kundi pagmumuni-muni. Anong uri ng manunulat ang malilikha kung hindi "nanalo sa Palanca" ang gagamiting depinisyon ng manunulat? At mula rito: anong uri ng tao pa ang maaari nating likhain, bukod sa Tao ng humanismo?

Sa sanaysay na ito paulit-ulit na binanggit ang humanismo nang walang eksaktong pagpapakahulugan. Bagaman imposible ang konklusibong paglalarawan sa isang ideolohiya, narito ang tatlong pangunahing katangian ng humanismo:

(1) Sinasabi ng humanismo na ang Tao ang sentro ng mundo at sansinukob, at basehan ng pagsukat sa iba. Iniimahe ang Tao bilang malaya at *autonomous*, isla-sa-sarili-nito.

(2) Sinasabi ng humanismo na may esensyal na katangian ang Tao. Bagaman mayroong bangayan sa kung ano-ano ang mga ito, napagkakasunduang mayroon ngang likas na karakteristiko ang Tao, i.e., kung walang ganito o ganire, hindi tao. Ang itinatanggi ng mga humanista: sila mismo ang nagtakda ng mga katangian at rekisito na ito.

(3) Hinahati ng humanismo ang kaligiran ng Tao ayon sa masama at mabuti, nang walang kamalayan sa relasyon ng pagsukat na ito sa sitwasyon ng sumusukat. Pero, kasabay ng paghati sa mundo sa mabuti at masama, tumitindig ang humanismo (na para bang walang kontradiksyon sa sinasabi), na may kabutihan ang lahat ng Tao, gaano man kasama (tingnan ang Lumbera 2000, 380).

Anti-humanista ang mga akda ni Andrada dahil umiigpaw siya sa pagtatangkang ipahayag ang damdamin ng Tao, sa pagrepresenta sa Tao, at nakikibahagi sa produksyon ng iba pang uri ng pag-iral (e.g. ang pagbabasa bilang moda ng pag-iral at pagiging simuno na nasa labas o iba sa mambabasa-bilang-tao). Hindi siya naglalarawan ng iba't ibang katangian ng iba't ibang Tao. Gayundin, nakaangkla ang mga sulatin ni Andrada sa tunggalian ng uri, at iba pang tunggaliang panlipunan, at inaabandona ang moralistang terorismo na kakambal ng humanismo ("Masama kang tao, bobombahin kita!"). Nag-eksperimento si Andrada sa pagsusulat, maaari din tayong mag-eksperimento sa tao.

Sa pagtatapos ng sanaysay na ito, bumalik tayo kay Marx, hindi sa bata o maagang Marx, kundi sa Marx ng madunong nang baitang, sa *Capital*. Dito, inilarawan niya ang pagkakaiba ng relasyon sa mercado (kung saan lumalabas na may kalayaan ng pagpapalitan), at relasyon sa produksyon. Samantalang mistulang may pagkakapantay-pantay sa mercado, nasa anino naman nito ang brutal na pag-iral ng manggagawa-kapitalista. Bagaman may pagkabaduy, makapangyarihan pa rin ang nililikha ni Marx:

He who was previously the money-owner now strides out in front as a capitalist; the possessor of labour-power follows as his worker. The one smirks self-importantly and is intent on business; the other is timid and holds back, like someone who has brought his own hide to market and now has nothing else to expect but - a tanning (1990, 280).

SANGGUNIAN

Althusser, Louis. 2005. *For Marx*. London: Verso, 2005.

Bagaman *For Marx* ang pamagat, naka-dedicate ang libro kay Jacques Martin, at may kanya-kanya ring dedikasyon ang mga sanaysay na "On the Young Marx" (para kay Auguste Cornu) at "Contradiction and Overdetermination" (para kina Margritte at Gui). May mapaglarong aspekto rin, kahit papaano, ang pagsusulat ni Althusser.

Sa ganitong espiritu rin tinangkang isulat ang sanaysay na ito, at ang mga sanaysay sa kabuuan ng koleksyon.

Althusser, Louis. 2006. *Reading 'Capital'*. London: Verso.

Andrada, Michael. 2005. *Apartment sa Dapitan at Iba Pang Maikling Kuwento*. Quezon City: Akdang Bayan.

Andrada, Michael, Joi Barrios, Rolando Tolentino (mga ed). 2006. *Subverso: mga tula at kuwento laban sa pulitikal na pandarahas*. Quezon City: Alliance of Concerned Teachers, 2006.

Butler, Judith. 1990. *Gender Trouble*. London: Routledge.

Cruz, Isagani. 2003. *Bukod na Bukod*. Quezon City: UP Press.

David, Adam. 2008. *The El Bimbo Variations*. Quezon City: Youth & Beauty Brigade.

David, Adam. "Dazzle them with Brilliance, Baffle them with Bullshit." Papel na binasa sa Ika-46 na UP National Writers Workshop. Nasa <http://wasaaak.blogspot.com/2008/04/dazzle-them-with-brilliance-baffle-them.html>. Huling inakses noong Abril 13, 2016.

Eagleton, Terry. 1976. *Marxism and Literary Criticism*. London: Methuen.

Eagleton, Terry. 2008. *Literary Theory: An Introduction*. Oxford: Blackwell.

Foucault, Michel. 1977. *Language, Counter-Memory, Practice*. New York: Cornell University Press.

Godinez-Ortega, Christine, Jaime an Lim, Anthony Tan (mga ed). 2001.*Return to the Native: The 8th Iligan National Writers Workshop*. Iligan: MSU-Iligan Institute of Technology.

Jameson, Fredric. 1990.*Late Marxism*. London: Verso.

Lumbera, Bienvenido. 2000. *Pagkatha sa Bansa*. Quezon City: UP Press.

Marx, Karl. 1990.*Capital, Volume 1*. London: Penguin.

Nadera, Victor Emmanuel. 2000. *(H)istoryador(a)*. Quezon City: UP Press.

Tolentino, Rolando. 1999. *Sapinsaping Pag-ibig at Pagtangis: Tatlong Novella ng Pagsinta't Paghihinagpis*. Quezon City: UP Press.



# ANG MAY-AKDA

Si **U Z. Eliserio** ay mandudula, tagasalin, at eskultor. Nagtuturo siya ng Filipino at buhay at mga ni Rizal sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa College of Arts and Letters ng University of the Philippines, Diliman. Awtor siya ng Sa mga Suso ng Liwanag, Wala Tayong Sasantuhin, Kami sa Lahat ng Mataba, Apat na Putok, at Tungkol sa Aso. Nakatira siya sa Marilao kasama ang kanyang asawa at kanilang anak. Bisitahin siya sa [ueliserio.net](http://ueliserio.net).

"SA KASALUKUYANG PANAHO, PINAPATAY NG REHIMENG DUTERTE ANG MGA MAMAMAYANG FILIPINO, AT PINAPATAY NG NEOLIBERAL NA GLOBALISASYON ANG MISMONG DAIGDIG NATIN. ANO ANG MAUUNA, ANG PAGPUTOL SA HULING PUNO, O ANG PAGPUGOT SA ULO NG HULING MAMAMAHAYAG? ANG LIBRONG ITO AY HULING BUGA NG IDEALISMO, NG ROMANTISISMO NA MERON AKO. KUNG HINDI AKO PALULUHURIN NG REALIDAD, PAPAGAPANGIN AKO NG LOHIKA. HAYAAN, KUNG GAYON, MAHAL KONG MAMBABASA, NA MAGING HULING KUMPISAL ITO NG WIRDONG NAKABASA NG KAUNTING EAGLETON AT ZIZEK AT ANG NAGING REAKSIYON AY "ABA, OO NGA ANO! PUCHA ANG GALING NUN! KAMATAYAN SA KAPITALISMO!"

**MULA SA PAUNANG SALITA NI U Z. ELISERIO**



PALANGINANG

SENTRO NG WIKANG FILIPINO  
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS  
DILIMAN, LUNGSOD NG QUEZON

